# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Isang Pananalita Mula sa May-akda:

Paano Makakatulong ang Komentaryong ito Sa'yo? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya:

Isang Pansariling Paghahanap Para sa Mapapatunayang Katotohanan. . . . . . . . . . . iii

Komentaryo:

Panimula sa Aklat ng Hebreo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Hebreo 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8

Hebreo 2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Hebreo 3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 45

Hebreo 4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 65

Hebreo 5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 76

Hebreo 6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 83

Hebreo 7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 95

Hebreo 8 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 106

Hebreo 9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 114

Hebreo 10 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 133

Hebreo 11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 158

Hebreo 12 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 171

Hebreo 13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 185

Dagdag na Dahon Isa:

Mga Maiikling Kahulugan Ng Mga Griyegong Saltang Pang-Gramatika. . . . . . . . 202

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal Na Pagsusuri . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .213

Dagdag na Dahon Tatlo: Rabinikal na Hermenyutiko ng Apostolikong Panahon at ang Epekto Nito sa Sinaunang Iglesya. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 217

Dagdag na Dahon Apat: Pangdoktrinang Pamamahayag . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 226

# NATATANGING PAKSA PARA SA HEBREO


Ang Panahong Ito at Ang Darating na Panahon, 1:2 . . . . . 10

Pagbibigay Liwanag o Iliminasyon, 1:5 . . . . . 16

Panganay, 1:6 . . . . . 17

Magpakailanman, 1:8 . . . . . 18

Katuwiran, 1:9 . . . . . 18

Pagpapahid sa Bibliya, 1:9 . . . . . 21

Ang Griyegong Pandiwa na nga Pamanahon na Ginamit para sa Kaligtasan, 1:14 . . . . . 23

Garantiya o Panagot, 2:2 . . . . . 27

Mga Pangalan sa Pagkadiyos, 2:7 . . . . . 30

Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob, 2:9 . . . . . 35

May-akda/Pinuno (*Archēgos*), 2:10 . . . . . 36

Pagpapaging Banal, 2:11 . . . . . 37

Iglesiya (*Ekklesia*), 2:12 . . . . . 38

Walang Bisa at Walang Saysay, (*Katarge*o), 2:15 . . . . . 39

Satanas, 2:15 . . . . . 40

Hesus Bilang Punong Saserdote, 2:17 . . . . . 42

Mga Griyegong Salita para sa "Pagsusuri" at Kanilang mga Kahulugan, 2:18 . . . . . 43

Tinawag, 3:1 . . . . . 47

Pagpapahayag ng Kasalanan, 3:1 . . . . . 48

Pag-asa, 3:6 . . . . . 50

Ang Trinidad, 3:7 . . . . . 51

Ang Puso, 3:8 . . . . . 52

Araw (*Yom*), 3:8 . . . . . 53

Mga Termino Para sa Kapahayagan ng Diyos, 3:10 . . . . . 55

Inilarawan ang Diyos Bilang Isang Tao (Antromorpikong Wika), 3:11 . . . . . 56

Apostasya (*Aphistēmi*), 3:12 . . . . . 59

Kristyanong Katiyakan, 3:14 . . . . . 62

*Archē*, 3:14 . . . . . 63

Ang mga Langit, 4:14 . . . . . 72

Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, 4:14 . . . . . 73

Eternal o Walang Hanggan, 6:2 . . . . . 86

Binangong-Loob (*Anakainosis*), 6:6 . . . . . 89

Ang mga Banal, 6:10 . . . . . . . . . . 91
Ang Pamana ng mga Mananampalataya, 6:12 . . . . . . . . . . 92
Katapusan o Kaganapan (*Telos*), 7:11 . . . . . . . . . . 99
Walang Kasalanan, Inosente, Walang Sala, Walang Kasiraan, 7:26 . . . . . . . . . . 102
Anyo (*Tupos*), 8:5 . . . . . . . . . . 109
Tipan, 8:6 . . . . . . . . . . 110
Ang Arko ng Tipan, 9:4 . . . . . . . . . . 116
Ang mga Pangalan ng Pagkadiyos, 9:14 . . . . . . . . . . 122
Panubos/Tubusin, 9:15 . . . . . . . . . . 126
Pagiging Matapang (*Parrēsia*), 10:19 . . . . . . . . . . 140
Apoy, 10:27 . . . . . . . . . . 146
Anak ng Diyos, 10:29 . . . . . . . . . . 147
Pagtitiis, 10:35 . . . . . . . . . . 150
Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya, at Katapatan sa OT, 10:38 . . . . . . . . . . 152
Ang Dalawang Bayan, 11:10 . . . . . . . . . . 163
Pagsisisi, 12:17 . . . . . . . . . . 180
Ang Kaharian ng Diyos, 12:28 . . . . . . . . . . 183
*Koinōnia*, 13:16 . . . . . . . . . . 192
Magpakailanman, 13:20 . . . . . . . . . . 195
Ang Kalooban ng (*thelēma*) ng Diyos, 13:20 . . . . . . . . . . 197
Amen, 13:21 . . . . . . . . . . 198

**ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA:**
**PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?**

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.
Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa

pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nalilimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS$^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga

ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring

pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

## I. Mga Pagpapalagay

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:

1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

## II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa

bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
   1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
   3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
   4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
      a. Lumang Tipan
         (1) salaysay na Hebreo
         (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
         (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
         (4) Mga pamkautusan na koda
      b. Bagong Tipan
         (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
         (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
         (3) Mga liham/epistulo
         (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.

4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
   a. mga inuulit na parirala, Efeso 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
   a. mga pag-aaral ng Bibliya
   b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
   c. mga paunang salita ng Bibliya
   d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

## IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa

ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng

pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:

1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS$^4$)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay

mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
   1. pampanitikang konteksto
   2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
   3. impormasyong panggramatika
   4. mga pag-aaral ng salita
   5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
   1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
   2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
   3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
   4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
   1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
   2. mga pamalit na kahulugan ng salita
   3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
   4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

   Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA MGA HEBREO

## NAKAPAKAMAHALAGANG PAMBUNGAD NA PAHAYAG

Sa aking pag-aaral ng aklat na ito, naging mas maliwanag ang aking teolohiya ay hinubog ni Pablo. Napakahirap para sa akin na hayaan ang karamihan ng ibang NT na may-akdang ipahayag ang kanilang binigyang-diwang pag-iisip dahil mayroon akong pagkahilig na ilagay sila sa mga kauriang kay Pablo. Ito ay natatanging maliwanag sa pagbibigay-diin ng Hebreo sa pagpapatuloy sa pananampalataya. Sa aklat ng Hebreo ang pananampalataya ay hindi isang ligal na kalagayan (pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya), kundi isang matapat na buhay hanggang sa katapusan (mga kabanata 11-12).

Natatakot ako na marami sa mga tanong na aking ipinupunyagi sa loob ng Hebreo ay hindi kailanman tinanong ng kanyang may-akda (o ni Pedro, o Santiago). Ang Hebreo ay isang natatanging kasulatan, tulad ng lahat ng mga aklat sa NT. Dapat kong hayaang magsalita ang may-akda kahit na nagdudulot siya sa akin ng di-pagkapalagay; kahit na hindi siya gumagamit ng aking mga itinatampok na mga pag-uuri o kahit na lubusang ginulo itong mga pag-uuri. Hindi ko kayang palitan ang aking sistematikong teolohiya para sa isang kinasihang mensahe ng may-akdang NT.

Mas nais kong pagsisihan ang aking pangteolohiyang pagkakitid at mabuhay sa loob ng isang NT pag-igting hindi ko kabuuang naiintindihan o nagugustuhan! Natatakot ako na tinitingnan ko ang NT sa pamamagitan ng salaam ng makabagong ebanghelikal, mapagbagong-loob na pananaw. Gusto kong pagtibayin ang mga pangbibliyang pangako; mga pangako ng pagmamahal ng Diyos, pagtutustos, at pagpapanatili ng kapangyarihan; ngunit ako ay binilanggo ng mga makapangyarihang babala at utos ng mga NT may-akda. Lubhang kailangan kong marinig ang Hebreo, ngunit napakasakit nito! Gusto kong ipaliwanag ang pag-igting. Sa tingin ko, sa katotohanan, gusto kong pagtibayin ang malayang kaligtasan at isang buhay Kristiyano na ang halaga ay lahat ng bagay. Ngunit saan ako maglalagay ng hangganan kung ang batayan ay hindi nakamit? Ang walang hanggang ugnayan ba sa Panginoon ay isang tugon na panimulang pananampalataya o isang tugon na nagpapatuloy na pananampalataya? Ang Hebreo ay malinaw na nagpapahayag ng kautusan ng isang tugong nagpapatuloy na pananampalataya. Ang Kristiyanong pamumuhay ay tinitingnan mula sa huli, hindi sa umpisa (cf. kabanata 11)!

Hindi ito nangangahulugang ipahiwatig ang isang kaligtasang nababatay sa mga gawa, ngunit isang pagpapatunay na nakabatay sa mga gawa. Ang pananampalataya ay ang katibayan, hindi ang kaparaan (na sa biyaya). Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas <u>sa pamamagitan ng</u> mga gawa, kundi <u>para</u> gumawa. Ang mga gawa ay hindi ang mga kaparaan ng kaligtasan, kundi ang bunga ng kaligtasan. Ang Maka-Diyos, matapat, araw-araw na pagiging kawangis ni Kristo ay hindi isang bagay nating ginagawa, ngunit kung sino ang nasa Kanya. Kapag walang pagbabago, at nagbabagong buhay sa pananampalataya, walang katibayan ng ating kaligtasan, walang katiyakan para sa sumasampalataya. Ang Diyos lamang ang nakakaalam sa puso at sa mga kalagayan. Ang katiyakan ay dapat nakatalagang kasama sa isang buhay ng pananampalataya, hindi isang panimulang teolohikal na pagpapahayag na walang katibayan sa uri ng pamumuhay.

Ang aking panalangin ay hayaan natin itong kinasihang NT may-akdang malinaw na makapagsalita at hindi hayaang isantabi ang Hebreo sa isang teolohikal na pandagdag na salita lamang sa isang sistematikong teolohikal na balangkas, *Calvinistic* man o *Arminian*.

## PAMBUNGAD NA MGA PANANAW

A. Ang aklat na ito ay gumagamit ng mga OT talatang sinalin ng *rabbinical hermeneutics* upang ipahayag ang kanyang mensahe. Upang maintindihan ang hangarin ng orihinal na may-akda, ang aklat na ito ay dapat ipakahulugan sa pananaw ng unang siglong rabinikal na Judaismo, hindi sa makabagong pangkanlurang pag-iisip.

B. Ang aklat na ito ay nagsisimula katulad ng isang pangangaral (walang pagbating panimula o karaniwang pagbati) at nagtatapos tulad ng isang sulat (karaniwang pagtatapos ni Pablo sa kabanata 13). Ito ay maaaring isang homily pang-sinagogang ginawang isang sulat. Tinatawag ng may-akda ang kanyang aklat na "isang salitang pagtatagubilin" sa 13:22. Itong katulad na parirala ay ginamit rin ito sa Gawa 13:15 bilang isang pangangaral.

C. Isa itong puno ng kaalamang komentaryo sa Bagong Tipan sa Tipan ni Moses:
   1. isang kapanipaniwalang pananaw ng OT
   2. isang paghahambing ng mga luma at bagong Tipan
   3. ang nag-iisang NT na aklat na tumatawag kay Hesus bilang ating pinakapunong saserdote

D. Ang aklat na ito ay puno ng mga babala laban sa malalim na pagkahulog ("pag-urong pabalik" cf. 10:38), o pagbabalik sa Judaismo (i.e., mga kabanata 2,4,5,6,10,12; cf. *No Easy Salvation* ni R. C. Glaze, Jr., nilathala ng Insight Press).

E. Kahit na ito ay isang higit na pangpangalahatang salita, nakakatulong makita si Pablo sa kanyang pagbibigay-diin sa kaligtasan bilang isang natapos na gawain ng isang makapangyarihang Diyos (i.e. pinaging-banal sa pamamagitan ng pananampalataya) pagpapahayag sa katiyakan bilang isang panimulang katotohanan. Sina Pedro, Santiago, at ang mga sulat ng 1 at II Juan nagbibigay-diin sa patuloy na mga tungkulin ng Bagong Tipan at napapahayag na ang katiyakan ay pang-araw-araw, pinatibay ng isang nabago at nagbabagong buhay. Ang may-akda ng Hebreo, na nagbibigay-diin sa isang buhay ng katapatan (cf. kabanata 11), ay nagpapahayag na ang katiyakan mula sa pananaw ng katapusan-ng-buhay. Ang makabagong kanluraning rasyunal na pag-iisip may pagkahilig na kalabanin ang mga pananaw na ito, habang ang mga NT may-akda, sa pamamagitan ng isang banal na may-akda (i. e. ang Espiritu), gustong panghawakan silang may pag-igting at pagtibayin silang tatlo. Ang katiyakan ay hindi kailanman naging layunin, kundi ang bunga ng isang masiglang pananampalataya sa lahat ng mga pangako ng Diyos.

## ANG PAGKAMAY-AKDA

A. Bagama't ang pagkamay-akda ng Hebreo ay pinagtatalunan, ilan sa mga naunang Gnostikong gawain (i.e., *Gospel of Truth*, *Gospel of Philip* at *The Apocrypha of John*) ay simisip nito ng ilang beses, na nagpapakitang ito ay inaayunang bahagi ng mga mapagkakatiwalaang pang-Kristiyanong kasulatan sa ikalawang siglo (cf. ang kay Andrea Helmbold na *The Na Hammadi Gnostic Texts and the Bible*, p. 91).

B. Ang Silangang Iglesiya (Alexandria, Ehipto) ay tinanggap ang pagiging may-akda ni Pablo ayon sa nakita sa kanyang pagsulat ng Hebreo sa mga sulatin ni Pablo sa sinaunang papyrus na kasulatan $P^{46}$. Ang kasulatang ito ay tinatawag na Chester Beatty Papyri at kinopya sa katapusan ng ikalawang siglo. Nilalagay nito ang Hebreo pagkatapos ng mga Romano. Ang ilang pinuno sa Alexandria ay kinalala ang mga pampanitikang suliraning may kinalaman sa pagiging may-akda ni Pablo.
   1. Si Clemente ng Alexandria (A.D. 150-215, binanggit ni Eusebio) ay nagsasabing si Pablo ay isinulat ito sa Hebreo at isinalin ito sa Griyego ni Lucas.
   2. Si Origen (A.D. 185-253) ay pinanindigang ang mga kaisipan ay kay Pablo ngunit ito ay sinulat ng isang huling tagasunod, tulad ni Lucas o Clemente ng Roma.

C. Ang aklat na ito ay tinanggal sa talaang mga sulat ni Pablo na kinupkop ng Kanlurang Iglesiya na tinawag na Muratorian Fragment (isang talaan ng mga NT kanonikal na aklat mula sa Roma ng halos A.D. 180-200).

D. Ano ang ating alam tungkol sa may-akda
   1. Siya ay tila isang Hudyong Kristiyano sa pangalawang salin-lahi (2:3).
   2. Siya ay sumisipi mula sa Griyegong pagsaling ng OT na tinatawag na Septuagint.
   3. Siya ay gumagamit ng makalumang tabernakulong pamamaraan at hindi mga pangkasalukuyang mga templong ritwal.
   4. Siya ay nagsusulat gamit ang tanyag na Griyegong bararila at sintax (ang aklat na ito ay hindi mababaw. Ang kanyang pag-aangko ay ang OT, hindi Pilosopiya).

E. Ang aklat na ito ay di-kilala ang sumulat, ngunit ang may-akda ay kilala sa mga tumatanggap (cf. 6:9-10; 10:34; 13:7,9).

F. Bakit may mga pag-alinlangan tungkol sa pagkamay-akda ni Pablo
   1. Ang kaparaanan ay ibang-iba (maliban sa kabanata 13) mula sa iba pang mga sinulat ni Pablo.
   2. Ang talasalitaan ay iba.
   3. Mayroong mga munting pagkakaiba sa paggamit ng mga salita at parirala at pagbibigay-diin.
   4. Tuwing tawagin ni Pablo ang kanyang mga kaibigan at mga kamanggagawa ay "kapatid" ang pangalan ng tao ay laging nauuna (cf. Roma 16:23; I Corinto 1:1; 16:12; II Corinto 1:1; 2:13; Filipos 2:25) ngunit sa 13:23 mayroong "ang ating kapatid Timoteo."

G. Mga Pagpapalagay sa Pagkamay-akda
   1. Si Clemente ng Alexandria sa kanyang aklat na *Hypotyposes* (na sinipi ni Eusebio) ay naniwalang si Lucas ang nagsalin sa Griyego ng orihinal na sulat sa Hebreo ni Pablo (si Lucas ay gumamit ng napakagaling na Griyegong Koine).
   2. Si Origen ay nagsabing alinman kina Lucas o Clemente ng Roma ang nagsulat nito ngunit sumunod sa turo ni Pablo.
   3. Sina Jeromo at Augustino ay tinanggap ang pagiging may-akda ni Pablo upang padaliin ang pagtanggap ng aklat sa Canon ng Kanluraning Iglesiya.

4. Si Tertulliano (*De Pudic*. 20) ay naniwala na si Barnabas (isang Levita na inugnay kay Pablo) ang nagsulat nito.
5. Si Martin Luther ay nagsabing si Apolos, isang pantas na hinasa sa Alexandria ang inugnay kay Pablo (cf. Gawa 18:24), ang nagsulat nito.
6. Si Calvin ay nagsabing si Clemente ng Roma (ang unang nagsabi nito noong A.D. 96) o si Lucas ang may-akda.
7. Si Adolph von Harnack ay nagsabing si Aquila at Priscilla (tinuruan nila si Apolos ng buong ebanghelyo at inugnay kay Pablo at Timoteo, cf. Gawa 18:26) ang nagsulat nito.
8. Si Sir William Ramsey ay nagsabi na si Felipe (ang ebanghelista) ang nagsulat nito para kay Pablo habang si Pablo ay nasa kulungan sa Caesarea.
9. Ang iba ay iginigiit na si Felipe o si Silas (Silvano).

## MGA TUMANGGAP

A. Ang pamagat na "para sa mga Hebreo" ay tumutukoy sa mga Hebreong mga tao, kung sa gayon, ang aklat ay sinulat para sa lahat ng mga Hudyo (cf. Clemente ng Alexandria, sinipi ni Eusebio, *Eccl. Hist*. VI, 14).

B. Ang panloob na katibayang kasunod ng kay R. C. Glaze, Jr. na *No Easy Salvation* ay idinidiin na ang tiyak na pangkat ng mga sumasampalatayang Hudyo o isang sinagoga ay ang tinutukoy (cf. 6:10; 10:32-34; 12:4; 13:7,19,23).
   1. Sila ay inaakalang mga Hudyong mananampalataya dahil sa maraming OT mga sipi at ang paksang batayan (cf. 3:1; 4:14-16; 6:9; 10:34; 13:1-25).
   2. Sila ay nakaranas ng ilang pag-uusig ((cf. 10:32; 12:4). Ang Judaismo ay kilala bilang isang relihiyong ligal ng mga Romang namumuno habang noong huling bahagi ng unang siglo, ang Kristiyanismo ay ipinapalagay na iligal noong humiwalay ito mula sa pagsamba sa sinagoga.
   3. Sila ay mga mananampalataya nang mahabang panahon, ngunit hindi pa nagsilago nang lubas (cf. 5:11-14). Natatakot silang humiwalay ng lubusan sa Judaismo (cf. 6:1-2).

C. Ang malabong talatang 13:24 ay maaaring magpahayag na ito ay nasulat (1) mula sa Italya o (2) papunta sa Italya, maaaring Roma.

D. Ang lugar ng mga tumanggap ay kinakabit sa magkakaibang pagpapalagay patungkol sa pag-aakda.
   1. Alexandria - Apollos
   2. Antioch - Barnabas
   3. Caesarea - Lucas o Felipe
   4. Roma - Celemente ng Roma at ang pagbanggit ng Italya sa 13:24.
   5. Espana – Ito ang pagpapalagay ni Nikolas ng Lyra (A.D. 1270-1340)

## PETSA

A. Bago pa lamang ng pagkasira ng Herusalem ng Heneral na Romanong (na naging Emperador) si Tito, noong A.D. 70

1. ang may-akda ay binanggit ang kasama ni Pablo na nagngangalang Timoteo (cf. 13:23)
2. ang may-akda ay tumutukoy sa nagpapatuloy na mga pag-aalay sa Templo
3. ang may-akda ay bumabanggit ng pag-usig na maaaring umakma sa panahon ni Nero (A.D. 54-68)
4. ang may-akda ay humihikayat sa mga mambabasang huwag nang bumalik sa Judaismo at sa kanyang mga ritwal

B. Pagkatapos ng A.D. 70
1. ang may-akda ay gumagamit ng mga ritwal ng tabernakulo, hindi ng templo ni Herodes
2. ang may-akda ay bumabanggit ng pag-usig
   a. maaaring nasa ilalim ni Nero (cf. 10:32-34)
   b. Sa kinalaunan ay maaaring nasa ilalim ng Domitiano (cf. 12:4-13)

3. ang aklat ay maaaring may kaugnayan sa pagbabasigla ng rabinikal na Judaismo (mga sulatin mula kay Jamnia) sa huling bahagi ng unang siglo

C. Bago A.D. 95 dahil ang aklat ay sinipi ni Clemente ng Roma

## LAYUNIN

A. Ang mga Hudyong Kristiyano ay hinihikayat na umalis sa sinagoga at pampublikong magpakilala (nang lubusan) kasama ng iglesiya (cf. 13:13).

B. Ang mga Hudyong Kristiyano ay hinihikayat na tanggapin ang pang-misyong kautusan ng Ebanghelyo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

C. Ang mga Hudyong hindi mananampalataya na nakikipagsalamuha sa mga Hudyong Kristiyano ay ang pagtutuunan ng mga kabanatang 6 at 10. Pansining ang pagkakaroon ng tatlong pangkat, "tayo," "ikaw," at "sila." Sila ay pinapaalahanan sa pangsariling pagtugon sa masagana at malinaw na mga katibayan sa mga buhay ng kanilang Kristiyanong kaibigan at kasama sa pagsamba.

D. Itong inaakalagang muling pangkasaysayang pagkakatayo ay kihuna mula sa *No Easy Salvation* ni R. C. Glaze, Jr.

> "Ang suliranin ay hindi ang pag-igting sa gitna ng nakakaraming Kristiyano at ng iilang hindi-Kristiyano. Ang mismong kabaliktaran ang totoo. Ang mga Hudyong Kristiyano ng kapisanang ito ay lubhang isinawalang-bahala ang kanilang pananampalataya at kamalayang tagapangasiwa upang ang dalawang pangkat ay maaaring magkasamang sumamba bilang isang kapisanan. Wala sa dalawang pangkat ang lubhang liniligalig ang budhi ng kapwa. Hindi na nagbubunga sa pagsisisi at pagpapasya ang pangangaral ng Kristiyanong grupo sa bahagi ng mga hindi sumasampalatayang mga kasapi ng sinagoga. Ang mga Kristiyano ay nasa kalagayang kawalang-pagkilos dahil sa kanilang pagtangging tumanggap ng kabuuang

pangangailangan ng matapang na Kristiyanong pamumuhay. Ang mga hindi mananampalataya ay naging matigas dahil sa patuloy na pagtanggi hanggang sa yugto ng ganap na kawalang malasakit. Ang mga pangkat ito ay ngayo'y naging magkasundong magkasama.

Ang pag-aatubili ng mga Kristiyanong pangkat na 'magpunyagi tungo sa kasakdalan' (6:1) ay naudyukan ng dalawang pangyayari: ang mataas na pagtingin para sa mga kaugalian ng Judaismo at ang hindi kagustuhang magbayad sa buong halaga ng pagkilala sa Kristiyanismo, na mas nagiging isang maka-Hentil na pagkilos" (p. 23)

**MAIKLING BALANGKAS NG HEBREO**

| | |
|---|---|
| 1:1-3 | Ang pagiging mas higit ng Anak kaysa sa mga propeta |
| 1:4-2:18 | Ang pagiging mas higit ng Anak kaysa sa mga anghel |
| 3:1-4:13; 4:14-5:10 | Ang pagiging mas higit ng Anak kaysa sa Tipan ni Moses |
| 6:13-7:28 | Ang pagiging mas higit ng Anak kaysa sa pagka-Saserdote ni Aaron |
| 5:11-6:12 | Ang pagiging mas higit ng mga mananampalatayang Hudyo kaysa sa mga di-mananampalatayang Hudyo |
| 8:1-10:18 | Ang pagiging mas higit ng Anak kaysa sa mga pamamaraan ng Tipan ni Moses |
| 10:19-13:25 | Ang pagiging mas higit ng Anak na itinaguyod at inihayag sa mga mananampalataya |

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vi)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat
2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa pp. vi-vii.)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa.

# HEBREO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos ay Nagsalita sa pamamagitan ng Kanyang Diyos Anak | Ang Pinakadakilang Kapahayagan ng Diyos | Ang Paunang Salita | Ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak | Ang Kadakilaan ng ng Nagkatawang Taong Anak ng Diyos |
| 1:1-4 | 1:1-4 | 1:1-4 | 1:1-3 | 1:1-4 |
| Ang Anak ang Pinakadakila sa mga Anghel | Ang Anak ay Itinaas ng Higit sa mga Anghel | Ang Kalamangan ni Kristo sa mga Anghel | Ang Kadakilaan ng Anak ng Diyos | Ang Anak ay Higit kaysa sa mga Anghel |
| | | (1:5-2:18) | | |
| | | | 1:4-13 | |
| 1:5-14 | 1:5-14 | 1:5-14 | | 1:5-13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang talataang pagkakababahagi ang susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na intension ng may akda. Ang bawat na modernong salin ay hinati at binalangkas ang mga talata sa isang kabanata. Bawat talata ay may isang sentrong paksa, katotohanan o kaisipan. Ang bawat bersyon ay binabalot ang paksa na yaon sa kanyang sariling kakaibang kaparaanan. Sa iyong pagbasa ng teksto, tanungin mo ang iyong sarili kung aling salin ang tumutugma sa iyong kaunawaan patungkol sa paksa at talataang pagkakababahagi.

Sa bawat kabanata dapat muna nating basahin ang Bibliya at subukin kilalanin ang mga paksa nito (mga talata), pagkatapos ay ikumpara an gating kaunawaan sa mga makabagong bersyon. Tanging sa ating pagunawa sa orihinal na intension ng may akda sa papamagitan ng pagsunod ng kanyang lohiko at pagpapakilala lamang natin tunay na mauunawaan ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may akda lamang ang kinasihan- ang mga mambabasa ay walang karapatan na baguhin o ayusin ang mensahe. Ang mga mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na isapamuhay ang kinasihang katotohanan sa kanilang panahon at sa kanilang buhay.

**Pansining ang lahat na teknikal na salita at mga daglat ay lubusang ipinaliwanag sa Dagdag na Dahon Isa, Ikalawa at Ikatlo.**

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

A. Ang unang talataan ay isang patula/pahimnong pagpapakilala ng kosmiko at pagtutubos na natamo ni Hesus. Siya ang Panginoon ng lahat ng nilikha at higit sa lahat ay Panginoon ng planetang ito. Inilabas ito ng isa-isa sa pitong naglalarawang mga parirala. Isa ito sa pinakamataas na mga pag-aaral tungkol kay Kristo sa NT (cf. Juan 1:1-18; Filipos 2:6-11; at Colosas 1:15- 17).
   1. ang tagapagmana ng nilikha ng Ama (v. 2)
   2. ang kinatawan ng paglikha ng Ama (v. 2)
   3. ang kaningningan ng kaluwalhatian ng Ama (v. 3)
   4. ang tumpak na imahe ng kalikasan ng Ama (v. 3)
   5. tagapagpatuloy ng paglikha ng Ama (v. 3)
   6. ang mga paraan ng pagpapatawad sa mga nilikha ng Ama (v. 3)
   7. ang marangya at mala-saserdoteng Mesias na isinugo ng Ama (v. 3)

B. Ang mga talala 1-4 na may pangunahing kaugnayan sa kung paano ang Diyos ay nagsalita sa atin sa bagong kaparaanan sa pamamagitan ng anak, si Hesus ng Nazaret. Hindi na tayo nakakatanggap ng kapahayagan ng paunti-unti sa pamamagita ng mga tagapaglingkod (i.e., ang mga propeta ng OT), ngunit ngayon ay sa pamamagitan ng buong kapahayagan sa isang miyembro ng pamilya ("isang anak," cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

C. Ang ikalawang talataan (vv. 5-14) ipinagpatuloy ang tema ng pagiging superiyor ni Hesus. Sa vv. 1-4 Siya ay mas superiyor na kapahayagan kaysa sa mga propeta; sa vv. 5-14 Siya ay mas higit na superiyor na tagapamagitan kaysa sa mga anghel; ito ay pinatibayan sa pamamagitan ng sunod-sunod ng pitong OT na mga teksto mula sa Septuagint (karamihan ay mula sa Mga Awit): Mga Awit 2:7; II Samuel 7:14; Mga Awit 97:7; Mga Awit 104:4; Mga Awit 45:6-7; Mga Awit 102:25-27 at Mga Awit 110:1.

D. Pansinin na ang may-akda ay nagbabalangkas ng kanyang teksto sa napakaingat na mga paraan. (A. at C.). Pito ay ang bilang ng kasakdalan sa mala-Hudyong numerolohiya (i.e., ang pitong mga araw sa Genesis 1).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-4**
**[1]Ang Diyos, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, [2] Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan; [3] Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Diyos, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan; [4]Na naging lalong mabuti kay sa mga anghel, palibhasa'y nagmana ng lalong marilag na pangalan kay sa kanila.**

**1:1 "Ang Diyos, na nagsalita"** "Diyos" ay hindi una (pinauna) sa Griyegong pangungusap; samakatuwid, ang tekstong ito ay hindi nagbibigay diin sa doktrina ng kapahayagan, ngunit ang paraan ng kapahayagan sa nakalipas (AORIST AKTIBONG PANDIWARI).

▣ **“sa pamamagitan ng mga propeta”** Ang mga Hudyo ay naniniwala na ang mga propeta ang nagsulat ng Kasulatan. Ito ang dahilan kung bakit si Moses ay itinuturing na isang propeta (cf. Deuteronomio 18:15) at bakit ang mga Hudyo ay tinatakan ang mga makasaysayang mga aklat ng Josue hanggang sa mga Hari bilang ang mga “naunang mga propeta.” Samakatuwid, ang pariralang ito ay hindi tumutukoy sa ang OT mga propeta lamang, ngunit sa lahat ng mga OT na mga manunulat.

Ang pariralang “sa (*en*) mga propeta” (v.1) ay kahanay sa “sa (*en*)Kanyang anak” (v.2). Mayroong kapuna-punang pagkakasalungat sa pagitan ng dalawang mga paraan ng pagpapahayag. Ang isa ay ang tagapaglingkod at ang isa ay miyembro ng pamilya. Ang una ay bahagi lamang ngunit ang ikalawa ay buo at kompleto (cf. Colosas 1:15-17).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“iba't ibang paraan”** |
| **NKJV** | **“sa ibat-ibang panahon at ibat-ibang paraan”** |
| **NRSV** | **“sa marami at ibat-ibang mga paraan”** |
| **TEV** | **“maraming mga panahon at maraming mga paraan”** |
| **NJB** | **“sa maraming mga pagkakataon sa nakalipas na panahon at sa pamamagitan ng maraming mga paraan”** |

Ang OT na pagpapahayag ay pirasong-pananghalian sa anyo at nilalaman. Ang pariralang ito ay inilagay ng una (nasa unahan) sa Griyego teksto ng v. 1 upang ipakita ang pagdidiin ng may-akda. Bawat OT manunulat ay mayroong mahalaga, ngunit bahagi lamang na, mensahe.

**1:2 “sa mga huling araw na ito”** Ang periyod na ito ng panahon ay lumalakad sa ilang mga pangalan.

1. katapusan ng mga araw , Mga Bilang 24:14; Deuteronomio 8:16; Daniel 2:28; 10:14
2. sa huling mga araw, Jeremias 23:20; 30:24; 49:39; Ezekiel 38:8,16; Osea 3:5; Joel 2:28 (Mga Gawa 2:17); Juan 6:39,40,44,54; 11:24; 12:48; II Timoteo 3:1; Santiago 5:3
3. sa Huling Panahon I Pedro 1:5
4. sa huling mga panahon, I Pedro 1:20
5. sa panahon ng mga huling araw, II Pedro 3:3
6. ang huling oras, I Juan 2:18

Sa pagtatapos ng huling mga araw ay ang “araw ng Panginoon” (i.e., “ang kagananapan,” Mateo 13:39,40; 24:3; 28:20; Hebreo 9:26).

Ang mga Hudyo sa interbiblikal na periyod ay nakita ang dalawang panahon: ang pangkasalukuyang masamang panahon ng pagrerebelde at kasalanan (nagsisimula sa Genesis 3) at a ng paparating na panahon ng katuwiran na pinasinayaan sa pamamagitan ng pagdating ng Mesias sa kapangyarihan ng Espiritu. Ang OT ay nagbibigay diin sa pagdating ng Mesias sa paghatol at kapangyarihan na maitatag ang ang bagong panahon. Gayunpaman, sila ay nabigo na makita ng malinaw ang unang pagdating ni Hesus bilang (1) ang “Matiising Tagapaglingkod” sa Isaias 53; (2) ang mapagkumbabang Isa na nakasakay sa bisirong asno sa Zacarias 9:9; at (3) ang Isang ipinako sa Zacarias 12:10. Mula sa progresibong kapahayagn ng NT alam natin na ang Diyos ay nagplano ng dawalang pagdating ng Mesias. Ang periyod sa pagitan ng Pagkakatawang Tao (ang unang pagdating) at ang ikalawang pagdating na nagsasangkot ng pagkakapatong ng dalawang mala-Hudyong panahon. Ito ay itinalaga sa NT sa pamamagitan ng pariralang “ang huling mga araw.” Tayo ay nasa panahon na ng higit sa 2000 taon.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON**

Ang OT na mga propeta ay tinignan ang hinaharap bilang karugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikal na Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng

pagkakatapon) isang bagong paradaym ang nabuo sa Makahudyong intertestamental na apokaliptikong literatur (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na dinudumina ni Satanas at ang paparating na panahon ng katuwiran na dinudumina ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na "progresibong kapahayagan." Ang NT nagpapatibay sa bagong kosmikong realidad ng dalawang panahon (i.e., isang temporal na dualismo):

| **Hesus** | **Pablo** | **Hebreo** |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo13:22 & 29 | I Corinto 1:20; 2:6,8; 3:18 | 6:5 |
| Marcos 10:30 | II Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo 4:10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang makahudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing prediksyon ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa OT na mga propesiya ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap ( hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay NT na tension ng narito na, ngunit hindi pa!

▣ **"Kaniyang Anak"** Ang ANARTHROUS na pariralang "ang anak" ay hindi dapat may malaking titik sapagkat ang reperensiya dito ay ang pamamaraan ng kapahayagan, hindi isang titulo para kay Hesus (cf. 3:5-6; 5:8; 7:28). Si Hesus ay hindi tagapaglingkod na gaya ni Moses o ng mga propeta, ngunit isang miyembro ng pamilya (isang anak).

▣ **"na Siyang itinalaga"** Ito ay isang AOIRIST AKTIBONG INDIKATIBO, na nagpapahiwatig ng natapos na pagkilos (AORIST PAMANAHON) sa nakalipas na panahon (INDIKATIBONG PANAGANO). Kailan itinalaga ng Diyos si Hesus bilang tagapagmana? Ito ba ay sa Kanyang bautismo(cf. Mateo 3:17) o muling pagkabuhay (cf. Roma 1:4)? Ang katanungang ito ay nagdalala sa pagiging erehe na tinatawag na "adopsyonismo" (tignan sa Talahulunganan), na nagsasabi na si Hesus ay naging Mesias sa isang punto ng panahon. Ito ay, gayunpaman, ay sumasalungat sa Juan 1:1-18; 8:57-58; Filipos 2:6-7; at Colosas 1:17. Si Hesus ay laging ng Diyos (cf. Juan 1:1-2); samakatuwid, ang pagiging tagapagmana ay dapat mas nauuna sa pagkakatawang tao sa ontolohikong pagpapakahulugan.

▣ **"na tagapagmana ng lahat ng mga bagay"** Bilang ang "Anak ng Diyos," ang natatanging anak ng Diyos (cf. Juan 3:16), Siya ang tagapagmana (cf. Mateo 21:33-46; Mga Awit 2:8). Ang nakakamamanghang bagay ay makasalanang sangkatauhan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, ay nakikibahagi sa Kanyang pagmamana (cf. 1:14; 6:12; Roma 8:17; Galacia 4:7).

▣ **"na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan"** Laging napakahirap na maunawaan ng may katiyakan kung paano ang magkakaugnay na mga salita ay dapat mabigyan pakahulugan. Mayroon lamang isang tiyak na semantikong pagkakapatong sa pagitan ng mga magkakasingkahulugan. Ang teknikal na Griyegong salita para sa paglikha ng galing sa wala ay *ktizō*, ngunit ang salita sa tekstong ito ay *poieō*, na nangangahulugan na bumuo ng isang bagay mula sa naunang umiiral na materyal. Ang may akda ba ay gumamit ng mga salitang ito ng may magkasingkahulugang mga salita o isang partikular na pagkakaibang pananadya? Puno ng pag-aalinlangan na ang teknikal na pagtatangi ay sinadya sapagkat ang teolohikal na konteksto ay tumutukoy sa nilikha sa pamamagitan ng binigkas na salita (*ex nihilo*, cf. Genesis 1:6,9,16,20,24,26, ngunit sa 2:7 Diyos ay hinubog ang tao). Tignan ang bagong aklat ni Juan Walton, *The Lost world of Genesis One*.

Ang salitang "mundo"ay literal na"mga panahon" (*aiōnos*). Ito ay maaring tumukoy sa mundo (cf. Mateo 28:20) o sa mga panahon (i.e., oras). Si Hesus ay siguradong manlilikha ng pareho (cf. Juan 1:3; Colosas 1:16; I Corinto 8:6). Ang may akda ng Hebreo ay gumagamit ng parehong *aiōnos* (cf. 1:2; 6:5; 11:3) at *kosmos* (cf. 4:3; 9:26; 10:5; 11:7,38), tila bilang magkasingkahulugang mga salita.

**1:3**
**NASB** **"Siyang sinag ng Kaniyang kaluwalhatian"**
**NKJV** **"Siya bilang liwanag ng *Kanyang* kaluwalhatian"**
**NRSV, NJB** **"Siya ang panganganinag ng kaluwalhatian ng Diyos"**
**TEV** **"Siya ang nagpapaaninag ng liwanag sa kaluwalhatian ng Diyos"**

Ang salitang "liwanag" (*apaugasma*) ay ginamit lamang dito sa NT. Sa Philo ito ay ginamit sa ugnayan ng Mesias kay YHWH sa pakahulugan na ang *logos* ay ang naglalarawan ng pagka-Diyos. Ang sinaunang Griyegong mga ama ng iglesya ay ginamit ito sa pakahulugan kay Kristo bilang naglalarawan o kinang ng Diyos. Sa popular na pakahulugan ang makita si Hesus ay makita ang Diyos (cf. Juan 14:8-9), bilang isang salamin na nagpapakita ng liwanag ng buo na araw. Ang Hebreong salitang "kaluwalhatian" (*kabod*) ay madalas na ginamit sa pakahulugan na katingkaran (cf. Exodo16:10; 24:16-17; Levitico 9:6).

Ang pagbibigkas na ito ay maaring maiuugnay sa Kawikaan 8:22-31, na kung saan "karunungan" (ang salitang PAMBABAE sa parehong Hebreo at Griyego) ay nagbibigay katauhan sa unang nilikha ng Diyos (cf. *Sirach* 1:4) at kinatawan ng nilikha (cf. *Wisdom of Solomon* 9:9). Ang parehong konseptong ito ay nahubog sa apokripang aklat *Wisdom of Solomon* 7:15-22a at 22b-30. Sa Kawikaan 8:22 ang karunungan ang nag-ayos sa lahat ng mga bagay; sa v. 25 ang karunungan ay dalisay na pinagmulan ng kaluwalhatian ng Makapangyarihan; sa v. 26 karunungan ay naglalarawan ng eternal na liwanag, isang walang bahid dungis na salamin ng pagsasagawa ng Diyos; at sa 29 kumpara sa liwanag (i.e., araw at mga bituin) siya ay natagpuan na mas nakalalamang."

Sa OT ang pinaka karaniwang Hebreong salita para sa "kaluwalhatian" (*kabod*) ay orihinal na komersyal na salita (na tumutukoy sa isang pares ng timbangan) na ibig sabihin na "maging mabigat." Na anumang magigat ay napakahalaga o may likas na halaga. Madalas ang konsepto ng katingkaran ay idinagdag sa salita upang ipahayag ang kamaharlikaan ng Diyos sa Panahon ng Paglalaglag sa Ilang (*Shekinah* Ulap ng Kaluwalhatian). Siya lamang ang karapat-dapat at karangal-rangal. Siya lubhang makinang para sa pagmasdan ng makasalanang sanlibutan. Ang Diyos tunay lamang na makikilala sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang salitang "kaluwahatian" ay medyo may kalabuan: (1) ito ay maaring "ang katuwiran ng Diyos"; (2) ito ay maaring tumutukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos; o (3) ito ay maari din na tumutukoy sa imahe ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilalang (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay ay nabahiran sa pamamagitan ng rebelyon (cf. Genesis 3:1-22).

▣
**NASB** **"at tunay na larawan ng Kaniyang pagka-Diyos"**
**NKJV** **"ang ekspres na imahe ng Kanyang persona"**
**NRSV** **"ang tunay na bakas ng pagka-Diyos"**

**TEV** **"ang tunay na pagkakawangis ng sariling pagka-Diyos"**
**NJB** **"nagdadala ng bakas ng pagka-Diyos"**

Ang pariralang ito ay matatagpuan lamang dito sa NT ngunit matatagpuan ng madalas sa mga kasulatan ni Philo, na kumukumpleto at nagdadagdag sa naunang paglalarawan. Ang Griyegong salita ay orihinal na ginamit sa pang-ukit na kagamitan, ngunit ito ay naging ay nagrerepresenta sa mga markang ginawa nito. Si Hesus hindi lamang nagpapakita ng pagkaDiyos, Siya ay nagdadala ng natatanging selyo ng pagkaDiyos (cf. Juan 14:9).

Mayroong dalawang Griyegong mga salitang ginamit upang ilarawan ang ugnayan ni Kristo sa Ama: (1) *eikon*, na ibig sabihin ay imahe (cf. II Corinto 4:4; Colosas 1:15) at (2) *charaktēr* (cf. Hebreo 1:3). Ang nauna ay mas karaniwan sa NT ngunit ang nahuling salita ay mas malakas sa kahulugan (cf. KJV "ang eksaktong imahe"). Ano ang kagaya ng Diyos? Siya ay eksaktong kagaya ni Hesus ng Nazaret, na Siyang ganap at kumpletong kapahayagan ng di-nakikitang Diyos!

▣ **"umaalalay ng lahat ng mga bagay"** Ito ang karaniwang salitang "ang magdala o magtaglay" (*pherō*), ngunit sa kontekstong ito, ito ay may konotasyon ng "pagtibayin," "panatilihin," "pagpatuluyin." Ito ay naghahatid ng teolohikal na konsepto ng "Probidensya" (cf. Colosas 1:17 at isa pang posibleng pagkabanggit sa *Wisdom of Solomon* 8:1). Hindi lamang nilikha ni Hesus ang daigdig (isa pang posibleng kahulugan ng phero) sa pamamagitan ng binigkas na salita (cf. Genesis 1), ngunit Siya ay nagsusustena nito sa pamamagitan ng binigkas na salita!

▣ **"sa pamamagitan ng salita ng Kaniyang kapangyarihan"** Sa mala-Hudyong kaisipan ang kapangyarihan ng Diyos ay ipinakilala sa pamamagitan ng binigkas na salita. Si Elohim gumagawa sa pamamagitan ng binigkas na salita (cf. Genesis 1:3,6,9,14,20,24). Ang salita ni YHWH ay may nagsasariling puwersa upang tuparin ang Kanyang kalooban (cf. Isaias 55:11). Hindi sa pamamagitan ng aksidente na si Kristo ay tinawag na "ang Salita" sa Juan 1:1.

▣ **"nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PANDIWARI na nagbibigay diin sa simuno (PANGGITNANG TINIG) at naglalarawan sa isang natapos na akto (AORIST PAMANAHON, cf. 7:27; 9:12,28; 10:10). Si Hesus ay kumilos alang-alang sa makasalanang sangkatauhan (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21).

Ang salitang "pagdadalisay" ay ginamit sa NT sa ilang mga pakahulugan.

1. seremonyal na paglilinis(cf. Lucas 2:22; 5:14; Juan 2:6)
2. pisikal na pagpapagaling (cf. Marcos 1:44)
3. isang talinghaga para sa pagbabayad parusa (cf. Hebreo 1:3; II Pedro 1:9, kaya sinasabi ni William D. Mounce sa kanyang *Analytical Lexicon to the Greek New Testament*, p. 257)

Nakuha natin ang Ingles na salita "catharsis" mula sa Griyegong salitang ito.

Pansinin ang naglalarawang parirala "ng mga kasalanan." Mayroong dalawang posiblen mga paraan upang maunawaan ang pariralang ito: (1) ito ay OBHEKTIBO DYENITIBO "ng mg kasalanan,"hindi ABLATIBO "mula sa mga kasalanan." Ang kamatayan ni Hesus ay may kaugnayan sa suliranin ng kasalanan; (2) ito ay PANGMARAMIHAN na hindi lamang nagpapahiwatig sa makaAdan na kalikasan ng sangkatauhan, "ang suliraning kasalanan," ngunit indibidwal na mga ng kasalanan. Si Hesus ay inuugnay ang kasalanan ng pagrerebelde ng sangkatauhan (nakalipas at kasalukuyan).

Ang tekstwal na opsyon na ito ay tinanggap ng mga iskolar ng UBS[4], ngunit mayroong isa pang posibilidad. Sa Alexandrian tekstwal na pamilya na kinakatawan ng $P^{46}$ ang pariralang "sa pamamagitan ng kanyang sarili" (*dia heautou*) ay lumilitaw sa halip na "Kanya" (*autou*), na gumagawa nito upang tukuyin ang naunang sugnay. Ang kaparehong niton g tipo ng manuskritong mga baryante ay matatagpuan sa I Juan 5:18b.

Nakakawiling tignan na ang "sa pamamagitan ng kanyang sarili" ay nawalala sa ibang mga sinaunang Alexandrian tekstwal na pamilyang mga kinatawan (א at B). Ito ay tiyak na posible na ang mga eskribang

ortodoks ay natakot na ang pariralang "sa pamamagitan ng kanyang sarili ay ginawa ang pagpapadalisay sa mga kasalanan" ay maaring magdala sa gnostik na espekulasyon at binago ang "*di'heautou*" patungo sa "*autou.*" Para sa mas kumpletong talakayan ng mga inklinasyon ng mga eskribang ortodoks tignan Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, Oxford Press, 1993.

▣ **"lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan"** Ito ay isang matalinghagang paraan ng pagsasaad ng natapos na gawa at pagtataas kay Hesus (cf. Mga Awit110:1; Lucas 22:69). Ang Diyos ay walang kanang kamay. Ito ay isang biblikal na talinghaga (antropomorpiko) ng kapangyarihan, awtoridad, at preeminente. Walang OT na saserdote ang kailanman ang naupo! Ang gawain ni Hesus sa mundo ay tapos na. Sa pakahulugan ito ay isang makahari, maharlikang metapora (cf. Mga Awit2; 45; at 110:1-3) na nakadugtong sa pangsaserdoteng tungkulin (cf. Mga Awit110:4 at Zacarias 4). Ang komunidad ng Dead Sea ay umasa ng dalawang mga Mesias, isang makasaserdote (i.e., sa lahi ni Aaron, angkan ng Levi), isang makahari (i.e., lahi ni Jesse, angkan Judah). Si Hesus tumutupad sa lahat ng tatlong pinahirang OT na mga katungkulan: propeta (cf. Deuteronomio 18:18), saserdote (cf. Mga Awit110:4), at hari (cf. II Samuel 7:13,16; Mga Awit 2; 110:1-3).

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"ang Kamahalan sa kaitaasan"**
**TEV** **"ng Diyos, ang Pinakadakilang Kapangyarihan"**
**NJB** **"ang banal na kamahalan sa kaitaasan"**

Ito ay isang paliguy-ligoy. Ang mga Hudyo ay takot na gamitin ang pangalan ng Diyos baka magamit nila ang pangalan ng Diyos sa walang kapararakan (cf. Exodo20:7) kaya nagsingit sila ng maraming alternatibong mga salita at mga parirala (i.e., "Kaharian ng langit," "trono," atbp.) o gumamit ng PABALINTIYAK NA TINIG sa pagtukoy sa Kanya.

**1:4** Ang talatang ito ay waring isang transisyon sa pagitan ng vv. 1-3 at vv. 5-14. Ang Today's English Version (TEV) ay sinisimulan ang talakayan sa pagiging higit ni Hesus kaysa sa mga anghel sa v. 3. Ang pangalan na kung saan si Hesus ay ibinigay na mas higit sa mga anghel (cf. Roma 8:38-39; Efeso 1:21; Colosas 2:15) ay "anak" (cf. vv. 5 [dalawang beses] at 8) o "Panginoon" (cf. v. 10 at Filipos 2:9-11).

Para sa "higit na makabubuti " buong puna sa 7:7.

## TALATA SA NASB (BINAGO):1:5-14

[5] **Sapagka't kanino nga sa mga anghel sinabi niya kailanman,**
**"IKAW AY AKING ANAK,**
**IKAW AY AKING IPINANGANAK NGAYON"?**
**At muli,**
**"AKO'Y MAGIGING KANIYANG AMA**
**AT SIYA'Y MAGIGING AKING ANAK"?**
[6] **At muli nang dinadala niya ang panganay sa sangkalupaan ay sinasabi,**
**"AT SAMBAHIN SIYA NG LAHAT NG MGA**
**ANGHEL NG DIYOS."**
[7] **At sinasabi niya tungkol sa mga anghel,**
**"YAONG GINAGAWANG MGA ANGHEL NIYA ANG MGA HANGIN,**
**AT ANG KANIYANG MGA MINISTRO AY NINGAS NG APOY."**
[8] **Nguni't tungkol sa Anak ay sinasabi,**
**"ANG IYONG LUKLUKAN, OH DIYOS, AY MAGPAKAILAN MAN;**
**AT ANG SETRO NG KATUWIRAN AY SIYANG SETRO NG IYONG KAHARIAN.**
[9] **INIBIG MO ANG KATUWIRAN, AT KINAPOOTAN MO ANG KASAMAAN;**
**KAYA'T ANG DIYOS, ANG DIYOS MO, AY**

**NAGBUHOS SA INYO, NG LANGIS NG KASAYAHANG**
**HIGIT SA IYONG MGA KASAMAHAN."**

10 **At,**

**"IKAW, PANGINOON, NANG PASIMULA'Y INILAGAY MO ANG**
**KINASASALIGAN NG LUPA, AT ANG MGA LANGIT AY MGA GAWA NG**
**IYONG MGA KAMAY;**

11 **SILA'Y MANGAPAPAHAMAK; DATAPUWA'T IKAW AY NANANATILI:**
**AT SILANG LAHAT AY MANGALULUMANG GAYA NG ISANG KASUUTAN,**

12 **AT GAYA NG ISANG BALABAL SILA'Y IYONG**
**BIBILUTIN, AT SILA'Y MAPAPALITANG GAYA NG**
**KASUUTAN: NGUNI'T IKAW AY IKAW RIN, AT**
**ANG IYONG MGA TAON AY DI MATATAPOS."**

13 **Nguni't kanino sa mga anghel sinabi niya kailan man,**

**"LUMUKLOK KA SA AKING KANAN,**
**HANGGANG SA ANG IYONG MGA KAAWAY**
**AY GAWIN KONG TUNGTUNGAN NG IYONG MGA PAA."?**

14 **Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?**

**1:5 "IKAW AY AKING ANAK"** Ito ang una sa mga sunod-sunod ng pitong OT na mga sipi na binanggit mula sa Septuagint upang patunayan ang kalamangan ng Mesias kaysa sa mga anghel. Ang unang parirala ay nagmumula sa Mga Awit2:7, habang ang ikalawa ay mula sa II Samuel 7:14. Ang unang parirala ng ito ay ginamit ng ilang beses sa Ebanghelyo upang pantukoy kay Kristo:

1. sa Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Lucas 3:22)
2. sa Transpigurasyon (cf. Mateo 17:5; Marcos 9:7)
3. sa Muling Pagkabuhay (cf. Mga Gawa 13:33; Roma 1:4)

Ang salitang "anak," ay ginamit sa parehong mga sipi ng v. 5, ay mula sa OT kung saan ito ay maaring tumutukoy sa magkakaibang mga tao/grupo (tignan buong puna sa 2:7).

1. mga anghel (cf. Genesis 6:2,4; Job 1:6; 2:1; 38:7; Mga Awit29:1, palaging PANGMARAMIHAN)
2. ang bayan ng Israel (cf. Oseas 11:1)
3. ang hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Mga Awit 89:27)
4. ang Mesias (cf. Mga Awit2:7)

▣ **"IKAW AY AKING IPINANGANAK NGAYON"** Si Hesus ay lagi ng Diyos (cf. Juan 1:1-18). Samakatuwid, ito ay hindi maaring tumukoy sa esensya ng Kanyang kalikasan, ngunit sa Kanyang manipestasyon sa panahon (ang pagkakatawang tao). Ilang mga komentarista ay inuugnay ito sa muling pagkabuhay (cf. Roma 1:3-4). Ilang mga rabi ay nakita angMga Awit 2:7 bilang isang Mesias na muling ibinalik sa buhay matapos ang banal na pagdurusa (cf. Isaias 53). Ang PANDIWA ay isang GANAP AKTIBONG INDIKATIBO na ibig sabihin ay "ipinanganak ngayon." Ito ay maaring isang rabinikal na pagkabanggit sa Kawikaan 8:22-31, kung saan ang "karunungan" (na isang PAMBABAE sa Hebreo) ay unang nilikha ng Diyos at naging ahente ng Diyos sa mas malawak na paglilikha (tignan din *Wisdom of Solomon* 7:1-8:1). Ito ay ipinahiwatig sa, hindi upang magdala ng pambabaeng aspeto ng pagka-Diyos, o panindigan na si Hesus bilang isang nilikhang nilalang, ngunit upang paninindigan na si Hesus ng Nazaret bilang isang Diyos ang kinatawan ng Ama sa paglilikha (cf. v. 10; Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16 na siyang binanggit sa v. 2).

▣ **"AKO'Y MAGIGING KANIYANG AMA"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng II Samuel 7:14, na sa simula ay tumukoy kay Solomon. Ang may-akda ng Hebreo ay ginamit ito kay Hesus. Ang dalawahang reperensyang ito ay kahawig ng sa "birheng kapanganakan" na propesiya sa Isaias 7:14. Ang pareho ay mga halimbawa ng pangmaramihang katuparang propesiya. Ang mga NT na may-akda sa ilalim ng

pagkakasi ay ginamit ang OT sa na mga paraan, tipolohikal na mga paraan, at salitang paglalaro na hindi nararapat para sa kalaunang mga interpreter. Tignan ang talakayan sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY LIWANAG O ILUMINASYON**

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ang tinatawag na kapahayagan. Pumili Siya ng ilang mga tao upang isulat at ipaliwanag ang sariling-kapahayagn na ito. Sa teolohiya ito ang tinatawag na inspirasyon o pagkakasi. Isinugo Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ang tinatawag na pagbibigay liwanag o iluminasyon. Ang suliranin ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa paguunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon nito?

Bahagi ng suliranin ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng patunay na teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikal na parilya ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi simpleng ipantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng sentral na ideya sa isang talataan, ay hindi pag-interpret sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan na nagdadala na orihinal na sentral na katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o literaturang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang intensyon ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng interpretasyon ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). Mayroon laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga sentral na katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na interpretasyon sa loob ng hangganan ng intensyon ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon

**1:6**
**NASB "At muli nang dinadala Niya"**
**NKJV "Ngunit ng muli Niyang dinadala"**
**NRSV "At muli, ng kanyang dinadala"**
**TEV "Ngunit ng ang Diyos ay ipadadala"**
**NJB "Muli, ng dinadala niya"**

Hindi ito tumutukoy sa ikawalang pagdating ng anak. Ito ay isang literaturang paraan ng pagpapakilala sa isang bagong banggit (cf. v.5d; 2:13; 4:5; 10:30). Pansinin na ang NASB, NKJV, NRSV, at NJB ay mayroong "dalhin" habang TEV ay mayroong "ipinadala." Ang una ay maaaring pagbibigay diin sa asensyon ng niluwahating Kristo; ang ikalawa ay maaring tumukoy sa pagkakatawang tao sa Bethlehem. Sapagkat ang Ama-Anak na analohiya ay nagsisimula sa pagkakatawang tao ni Hesus, ang TEV ay mas tumutugma ng mahusay sa konteksto.

▣ **"panganay"** Ang pariralang ito ay ginamit sa

1. sa OT kung saan ang mga panganay na anak ay nakatanggap ng dobleng pamana upang alagaan nag mga magulang
2. sa Mga Awit 89:27 tumutukoy ito sa hari ng Israel

3. sa Rabinikal na Judaismo ito ay dumating upang maging parirala para sa pre-imenente (cf. Roma 8:29; Colosas 1:15,18; Pahayag 1:5).

Ang pariralang ito ay ang puso ng Arius/Athanasius na kontrobersiya. Pinagpipilitan ni Arius si Hesus ang pinakamataas na nilikha ng Diyos, habang binabanggit at siping ito at ang Mga Awit 89:27. Si Athanasius ay nanindigan na si Hesus ay ang ganap at buong Diyos at binanggit ang mga talata 2 at 3; (4) sa matalinghagang pakahulugan, Si Kristo ay " ang unang-ipinanganak sa bagong humanidad na iluluwalhati, gaya ng ang itinaas na Panginoon ay naluwalhati. . .isang nagmumula saDiyos na magtatatag ng panibagong komunidad ng mga banal" (mula sa *A Greek-English Lexicon* ni Bauer, Arndt, Gingrich, at Danken, p. 726); at (5) sa Greco-Romanong mundo ang panganay ay umaaktong saserdote ng pamilya (cf. *The Vocabulary of the Greek Testament* ni Moulton at Milligan, p. 557).

**NATATANGING PAKSA: UNANG IPINANGANAK O PANGANAY**

Ito ang ikalawa sa tatlong naglalarawang mga parirala. Ang salitang ito na "panganay" (*prōtotokos*) ay ginamit sa Bibliya ng ilang magkakaibang mga pakahulugan:

1. ang OT kinaligiran nito ay tumutukoy sa pangunguna ng mga unang ipinanganak sa pamilya (cf. Mga Awit 89:27; Lucas 2:7; Roma 8:29; Hebreo 11:28)
2. ang gamit nito sa Colosas 1:15 ay nagsasalita kay Hesus bilang una sa nilikha na posibleng OT na pagkabanggit sa Kawikaan 8:22-31, o kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:15-16; Hebreo 1:2)
3. ang gamit nito sa Colosas 1:18; I Corinto 15:20 (at dito) ay tumutukoy kay Hesus bilang unang ipinanganak mula sa mga patay
4. ito ay isang OT na titulo na ginamit ng Mesias (cf. Mga Awit89:27; Hebreo 1:6; 12:23). Ito ay isang titulo na nagsasama sa ilang mga aspeto ng pangunguna at sentralidad ni Hesus. Sa konteksto ito ang #3 o #4 ay tumutugma ng pinakamahusay.

▣ **"sa sangkalupaan"** Ito ay nagpapahiwatig ng paunang pag iiral ni Hesus, na siyang lagi ng Diyos, ngunit isang panibagong yugto ng Kanyang ministeryong pagtutubos ay nagsimula sa Bethlehem ng kinuha Niya ang makataong laman (cf. Filipos 2:6-8a). Hindi ito ang mas karaniwang salitang *kosmos*,ngunit ang *oikoumenē*, na siyang ginamit sa ibabaw ng mundo na pinamumugaran ng mga tao. Ang salitang ito ay ginamit rin sa 2:5 ng patalinghaga bilang pantukoy sa panibagong panahon.

▣ **"ay sinasabi, 'AT SAMBAHIN SIYA NG LAHAT NG MGA ANGHEL NG DIYOS"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng alinman sa Deuteronomio 32:43 o Mga Awit 97:7. Ang Hebreong salita para sa "mga anghel" ay ginamit sa Mga Awit 97:7 ay *Elohim*. Mula sa Yungib #4 ng Dead Sea Scrolls tayo ay mayroong pagkakatotoo ng saling ito ng Septuagint. Ang salitang *Elohim* ay maaring tumutukoy sa Diyos, mala-anghel na mga nilalang, mga taong hukom (cf. Exodo 21:6; 22:8-9), o maging mga namayapang espiritu ng tao(cf. I Samuel 28:13).

Ang siping ito ay hindi nagnanais na ituro na ang mga anghel ay hindi sumasamba kay Kristo hanggang sa pagkakatawang tao. Sa konteksto ito ay nagpapakita ng pagiging superyor ng Anak sa katotohanan na maging ang mga anghel ay sumasamba sa Kanya.

**1:7 "YAONG GINAGAWANG MGA ANGHEL NIYA ANG MGA HANGIN"** Ito ay nagsisimula sa paghahambing sa pagitan ng mga anghel bilang nababago (cf. LXX of Mga Awit104:4) na kasalungat kay Hesus na Siyang permanente at di-nagbabago (cf. vv. 8,11,12; 13:8). Ang mga rabi, na nagbabaggit sa Panaghoy 3:23 o Daniel 7:10, ay nagsabi na ang Diyos ay nilikha ang mga anghel ng bago sa bawat umaga.

**1:8 "ANG IYONG LUKLUKAN, OH DIYOS, AY MAGPAKAILAN MAN"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Mga Awit 45:6, na nagsasalita sa malaMesyas na Hari. Sa OT na konteksto ang PANGHALIP ay napakalabo at maaring tumukoy sa Diyos Ama o Diyos Anak. Gayunpaman, sa tekstong ito, ay wari na

ang isang ito ay may pinakamalakas na paninindigan sa pagkaDiyos ni Kristo na matatagpuan saan man sa mga Kasulatan (cf. Juan 1:18; 20:28).

Mayroong isang makabuluhang Griyegong manuskritong suliranin sa puntong ito. Ang ilan ay napakasinaunang mga manuskrito ($P^{46}$, א, at mayroong PANGHALIO (*autou*, i.e., "Kanyang luklukan") na nagpapadagdag sa kalabuan. Ang ikaapat na edisyon ng United Bible Society ay sumusuporta sa "iyong" na may "B" na marka (ang teksto ay halos tiyak). Ang anyong ito ay matatagpuan sa unsyal na mga manusktrito na A at D at ang eksaktong sipi mula sa Septuagint ng Mga Awit 45:6. Madalas ang sinaunang mga eksriba ay may pagkakiling na gawin ang mga teksto na mas maliwanag, lalo na kung sila ay nakaugnay sa Kristolohikal na debate ng kanilang panahon (cf. Bart D. Ehrman *The Orthodox Corruption of Scripture*, Oxford Press, 1993, p. 265).

Ang talakayang ito ay hindi nagnanaasi sa anumang paraan na pabulaanan ang buong pagkaDiyos ni Kristo, ngunit upang ipakita ang pagkakiling ng mga sinauang eskriba na baguhin ang mga teksto para sa teolohikal gayun na rin ang mga gramatikal na layunin. Ito ang dahilan kung bakit ang mga makabagong akademikong pag-aaral ng Tekstwal na Kritisismo ay hinahatulan ang mga baryanteng manuskrito batay sa mga sumusunod.

1. ang pinaka hindi karaniwang pagbabasa ay malamang ang orihinal
2. ang babasahin na nagpapaliwanag sa ibang mga baryante ay malamang na orihinal
3. ang babasahin na may malawak na heograpikal na distribusyon( hindi lamang isang pamilya ng mga manuskrito) ay malamang na orihinal

Ang aklat ni Bart Ehrman ay gumagawa rin ng punto na ang mga eskriba ay gumawa ng mga pagbabago sa Griyegong teksto para sa teolohikal na mga layuning, lalo na sa panahon ng labanan patungkol sa Kristolohiya at ang Trinidad (i.e., ikatlo at ikaapat na mga siglo).

▣ **"MAGPAKAILAN MAN** Ito ay halatang hindi tumutukoy sa milenyal na paghahari, ngunit ang walang hanggan na paghahari (cf. Isaias 9:8; Daniel 7:14,18; Lucas 1:33; II Pedro 1:11; Pahayag 1:15)

**NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (MGA GRIYEGONG KATAGA)**

Isang Griyegong idyomatikong parirala ay ang "hanggang sa darating na mga panahon" (cf. Lucas 1:33; Roma 1:25; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaring nagpapakita ng Hebreo na *'olam*. Tignan Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 321-319. Ibang kaugnay na mga parirala ay "sa darating na panahon" (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Thess. 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Corinto 9:9) at "sa panahon ng mga panahon" (cf. Efeso 3:21). Tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga idyomang ito para sa "magpakailanman." Ang salitang "mga panahon" ay maaring pangmaramihan sa matalinghagang pakahulugan ng rabinikal gramatikal na konstruksyon na tinatawag na "ang pangmaramihan ng kamahalan" o ito ay maaring tumukoy sa konsepto ng ilang mga "panahon" sa makahudyong pakahulugan ng "panahon ng kawalang-malay," " panahon ng pagkakasala," "panahong darating," o "panahon ng katuwiran."

**1:9 "INIBIG MO ANG KATUWIRAN, AT KINAPOOTAN MO ANG KASAMAAN"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Mga Awit 45:7 na naguugnay sa buhay ni Hesus Kristo sa mundo.

**NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN**

"Katuwiran" ay lubhang krusyal na paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamiang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit bilang konstruksyong kagamitan upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang

gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinuhusgahan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20)

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. pagdedeklara na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinintang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong literatura. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay konektado sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan it ay laging nakaistruktura sa tipanang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang karakter. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay nagreresulta ng bagong makadiyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakapokus sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng sekular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa English na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan ay muling

napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay libreng pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na umusbong sa pagiging makadiyos (ang posisyon ni Augustine, na nagpapakita ng parehong pagbibigay diin ng Repormasyon at sa kawalang bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay diin ng Romano Katoliko sa binagong buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga Repormers ang salita "ang katuwiran ng Diyos" ay isang OBHEKTIBO DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALI DYENITIBO, na proseso ng pagiging mas katulad ng Diyos [pangkaranasang progresibong pagpapaging-banal]. Sa realidad ito ay parehong totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa kaparehong tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang imahe ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang isadokumento ang nasa itaas na talakayan pansinin ang mga sumusunod na piniling sipi ng NT na nagpapakita ng Griyegong grupong salita.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas iuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. Roma 3:26
   b. II Tesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
   a. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo of Mesias)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran ay
   a. Roma 3:21-31
   b. Roma 4
   c. Roma 5:6-11
   d. Galacia 3:6-14
   e. Ibinigay ng Diyos
      1) Roma 3:24; 6:23
      2) I Corinto 1:30
      3) Efeso 2:8-9
   f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
      1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
      2) I Corinto 5:21
   g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
      1) Roma 5:21-31
      2) II Corinto 5:21
      3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
   a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
   b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
   c. I Timoteo 6:11
   d. II Timoteo 2:22; 3:16

e. I Juan 3:7
f. I Pedro 2:24

6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
   a. Mga Gawa 17:31
   b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. kautusan ng Diyos
2. regalo ng Diyos
3. isang pagkilos ni Kristo

Ngunit ito rin ay proseso ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*!

Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP

> "Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pangrelasyong aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang sala. Si Calvin ay nagbibigay diin sa kamangha manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto..

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay diin ni Augustine at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating tugisin ang pagiging wangis ni Kristo!

▣ **"AY NAGBUHOS SA INYO"** Ang Hebreong salitang "pinahiran o binuhusan" (*msh*) ay ang OT salita para sa Mesias (*masiah).* Sa OT ang mga propeta, mga saserdote, at mga hari ay pinahiran ng langis ng olibo bilang simbolo ng pagpili ng Diyos at pagtutustos para sa nakalaan ng tungkulin. Sa kontekstong ito rin ay tumutukoy sa kultural na pagkakagamit ng langis ng olibo sa panahon ng kagalakan at piging (cf. Isaias 53:11).

**NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPAHID SA BIBLYA (BDB 603)**

A. Ginagamit sa pagpapaganda (cf. Deuteronomio 28:40; Ruth 3:3; II Samuel 12:20; 14:2; II Chronika 28:1-5; Daniel 10:3; Amos 6:6; Mic. 6:15)
B. Ginagamit para sa mga panauhin (cf. Mga Awit23:5; Lucas 7:38,46; Juan 11:2)
C. Ginagamit para sa pagpapagaling (cf. Isaias 6:1; Jeremias 51:8; Marcos 6:13; Lucas 10:34; Santiago 5:14) [ginamit para sa kahulugang pangkalinisan sa Ezekiel 16:9]
D. Ginagamit para sa paghahanda ng paglilibing (cf. Genesis 50:2; II Chronika 16:14; Marcos 16:1; Juan 12:3,7; 19:39-40)
E. Ginagamit para sa kahulugang pang-relihiyon (ng isang bagay, cf. Genesis 28:18,20; 31:13 [isang haligi]; Exodo 29:36 [ang altar]; Exodo 30:36; 40:9-16; Levitico 8:10-13; Mga Bilang 7:1 [ang tabernakulo])

F. Ginagamit sa pagtatalaga ng mga pinuno:
  1. Mga saserdote
     a. Aaron (Exodo 28:41; 29:7; 30:30)
     b. Mga anak ni Aaron (Exodo 40:15; Levitico 7:36)
     c. pamantayang parirala o titulo (Mga Bilang 3:3; Levitico 16:32)
  2. Mga Hari
     a. ng Diyos (cf. I Samuel 2:10; II Samuel 12:7; II Mga Hari 9:3,6,12; Mga Awit45:7; 89:20)
     b. ng mga propeta (cf. I Samuel 9:16; 10:1; 15:1,17; 16:3,12-13; I Mga Hari 1:45; 19:15-16)
     c. ng mga saserdote (cf. I Mga Hari 1:34,39; II Mga Hari 11:12)
     d. ng mga matatanda (cf. Jdgs. 9:8,15; II Samuel 2:7; 5:3; II Mga Hari 23:30)
     e. ni Hesus bilang Haring Mesias (cf. Mga Awit2:2; Lucas 4:18 [Isaias 61:1]; Mga Gawa 4:27; 10:38; Hebreo 1:9 [Ps.45:7])
     f. mga taga-sunod ni Hesus (cf. II Corinto 1:21; I Juan 2:20,27 [*chrisma*])
  3. marahil ng mga propeta (cf. Isaias 61:1)
  4. mga kaparaan ng pagtubos ng Diyos mula sa di-mananampalataya
     a. Cyrus (cf. Isaias 45:1)
     b. Hari ng Tiro (cf. Ezekiel 28:14, where he uses Edom metaphors)
  5. salita o titulo sa "Mesias" na nangangahulugang "isang Pinahiran" (BDB 603)

▣ **"HIGIT SA IYONG MGA KASAMAHAN"** Ito ay ang pagpapatuloy sa sipi mula sa Septuagint ng Mga Awit 45:6-7. Ang bawat detalye ng Mga Awit ay hindi dapat pwersahin patungo sa isang teolohikal na paninindigan na may kaugnayan kay Kristo Hesus. Ang parirala ay maaring nakaugnay sa pagiging superyor ni Hesus higit sa (1) mga anghel; (2) mga hari ng Israel: (3) mga namumuno sa mundo; o (4) mga natubos na sangkatauhan.

**1:10 "IKAW, PANGINOON"** Tanging ang Septuagint na salin ng Mga Awit102:25 ay nagsasama sa salitang "PANGINOON" na tumutukoy kay YHWH, ngunit sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy kay Hesus. Ito ay isa na naman kontekstwal na kadahilanan kung bakit ang v. 9 ay tumutukoy rin kay Hesus bilang "Diyos."

▣ **"INILAGAY MO ANG KINASASALIGAN NG LUPA"** Ito ay pagkabanggit sa 1:2 kay Hesus bilang kinatawan ng Ama sa paglilikha. Tignan NATATANGING PAKSA: *Archē* sa 3:14.

Genesis 1 ay nagsasaysay ng paglilikha ng *Elohim* sa pamamagitan ng binigkas na salita (cf. 1:3,6,9,14,20,24,26), habang ang Genesis 2 ay naninindigan sa direktang personal na kaalaman ni YHWH, nagpapahiwatig ng "mismong gumagawa" sa pagsasaayos kina Adan at Eba mula sa putik (cf. 2:7,8,19,22). Ang siping ito (Mga Awit102:25) ay nagsasama sa personal na metapora sa lahat ng pisikal na nilikha.

**1:11 "SILA'Y MANGAPAPAHAMAK; DATAPUWA'T IKAW AY NANANATILI: AT SILANG LAHAT AY MANGALULUMANG GAYA NG ISANG KASUUTAN"** Ito ay muling nagpapakita ng pagiging walang hanggan ng Anak. Sa OT ang mga propeta ay madalas na gumagamit ng senaryo sa korte upang ipagbigay alam ang di-kaligayahan ni YHWH sa Kanyang suwail na asawa, ang Israel. Dinala Niya "siya" (Israel) sa korteng pang diborsiyo at tumatawag sa dalawang kailangang mga saksi (cf. Deuteronomio 19:15)—ang dalawang pinaka permanenteng mga saksi, "langit at lupa"—upang pagpapatotoo sa Kayang patotoo. Maging ang dalawang ito na pinaka permanenteng mga saksi ay lilipas. Ang siping ito ay nagmumungkahi ng dalawang posibleng mga senaryo: (1) ang unang pandiwa (*apollumi*) ay may konotasyon ng marahas na pagkawasak (cf. II Pedro 3:10) at (2) ang ikalawang parirala ay

nagpapahiwatig ng lumalaking matanda at lumulipas gaya ng isang piraso ng kasuutan.

Ito ay isa na namang paghahalintulad sa di pagiging matatag ng nilikhang pagkakasunod-sunod (mga anghel, nilikha) laban sa ang pagiging permanente at matatag ng luklukan ng Diyos at Anak!

**1:12 "NGUNI'T IKAW AY IKAW RIN"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Mga Awit 102:27. Ang kaparehong konseptong ito (kawalan ng pagbabago) ay ginamit sa 13:8 upang ilarawan ang di-pagbabago ni Hesus. Ang mga anghel ay nagbabago, ang langit at lupa ay nagbabago, si Hesus ay hindi nagbabago, narito ang pag-asa ng sangkatauhan (cf. Mal. 3:6; Santiago 1:17).

▣ **"AT ANG IYONG MGA TAON AY DI MATATAPOS"** Gaya ng sa naunang parirala na nagsasalita sa pagiging matatag ng karakter ni Hesus, ang isang ito ay tumatalakay sa pagiging permanente ng Kayang persona.

**1:13 "LUMUKLOK KA SA AKING KANAN"** Ang siping ito ay mula sa Septuagint ng Mga Awit 110:1. Ito ay kahanga-hangang malaMesyas na Mga Awit sinipi at ipinapahiwatid ng madalas sa Hebreo (cf. 1:3,13; 5:6,10; 6:20; 7:3,11,17,21; 8:1; 10:12- 13; 12:2). Ito ay nagsasama sa maharlika (vv. 1-3) at malasaserdote (vv. 4-7) ng aspeto ng Mesias (gaya ng sa dalawang puno ng olibo sa Zacarias 4). Pansinin na ang dawalang mga anyo ng "panginoon"; ang una ay si YHWH, ang ikalawa ay Adon (Panginoon). Ang Panginoon ni David (ang Mesias) ay nakaupo sa trono ni YHWH (PANGINOON), salugar ng awtoridad at kapangyarihan. Ito ay kailanman, kailanman, kailanman hindi nangyari sa mga anghel!

**1:14 "HINDI BAGA SILANG LAHAT AY MGA ESPIRITUNG TAGAPAGLINGKOD, NA MGA SINUGO UPANG MAGSIPAGLINGKOD SA KAPAKINABANGAN NG MANGAGMAMANA NG KALIGTASAN"** Ang mga anghel ay umiral upang paglingkuran ang Diyos at sangkatauhan. Ang mga tinubos na sangkatauhan ay mas mataas espiritwal na pagkakasunod-sunod kaysa sa mga anghel. Ang mga mananampalataya ay maghahatol sa mga anghel (cf. I Corinto 6:3). Si Hesus ay hindi namatay upang tubusin ang mga anghel (cf. 2:14-16).

**NATATANGING PAKSA: ANG GRIYEGONG PANDIWA NA MGA PAMANAHON NA GINAMIT PARA SA KALIGTASAN**

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Hindi ito nagtatapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito lamang ay nagsisimula! Hindi ito isang pansegurong patakaran para sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagkakawangins kay Kristo.

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA AKSYON (AORIST)**

- Mga Gawa 15:11
- Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- Roma 13:11 (sinamahan ng AORIST na may kasamang isang PANGHINAHARAP na oryentasyon)

**KALIGTASAN BILANG ISANG ESTADO NG PAGIGING (GANAP)**

- Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**

- I Corinto 1:18; 15:2
- II Corinto 2:15

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP NA KAGANAPAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PAMANAHON o konteksto)**

- Roma 5:9,10; 10:9,13 (ipinahiwatig sa Mateo 10:22, 24:13; Marcos 13:13)
- I Corinto 3:15; 5:5
- Filipos 1:28; I Tesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang desisyon (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13), ngunit dapat itong magbunga sa kalaunan ng proseso ng pamumuhay ng pananampalataya (cf. Roma 8:29; Galacia 2:19-20; Efeso 1:4; 2:10), na balang araw ay kitaang mararanasan (cf. I Juan 3:2). Ito ang huling yugto na tinatawag na pagluluwalhati. Ito ay maipapakita bilang

1. panimulang kaligtasan—inaring ganap (iniligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. progresibong kaligtasan—pagpapaging banal (iniligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. panghuling kaligtasan—pagluluwalhati (iniligtas mula sa presensya ng kasalanan).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang binibigyang-diin sa v. 1?
2. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng natural at natatanging kapahayagan?
3. Itala ang pitong mga aspeto ng persona at gawain ni Hesus sa mga talata 2-3.
4. Bakit ang paglalarawang ito ni Hesus ay lubhang mahalaga sa mga tagatanggap?
5. Paano nauugnay ang mga anghel sa gawain (ministeryo) ni Hesus?

# HEBREO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Dakilang Kaligtasan | Huwag Kaligtaan ang Kaligtasan | Babala Laban sa Paglayo | Ang Dakilang Kaligtasan | Masidhing Panghihikayat |
| 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 |
| Ang Tagapanguna sa Kaligtasan | Ang Anak na Ginawang mas Mababa kaysa mga Anghel | Ang Kahihiyan at Pagpaparangal kay Hesus | Ang Nagdala sa Atin Patungo sa Kaligtasan | Ang Pagtutubos ay Dinala ni Hesus, hindi ng mga Anghel |
| 2:5-9 | 2:5-9 | 2:5-9 | 2:5-10 | 2:5-8a |
| | Magdala sa Maraming mga Anak sa Kaluwalhatian | | | |
| 2:10-18 | 2:10-18 | 2:10-13 | | 2:10-13 |
| | | | 2:11-13 | |
| | | 2:14-18 | 2:14-18 | 2:14-18 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. vii)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

A. Ang mga kabanata una at ikalawa ay mga panitikang yunit. Ito ay nagpapatuloy sa pagiging higit ni Hesus ayon sa kapahayagan ng OT (cf. 1:1-3) at pagiging higit ni Hesus laban sa mga anghel (cf. 1:4-2:18).

B. Ang bagong pagbibigay-diin ng pangalawang kabanata ay ang kaugnayan ni Hesus sa Kanyang mga kababayan (ihambing sa 2:5,10-18) Si Hesus ay tunay na kumikilala sa kanila, at ang bunga nito, sila naman ay makikihati sa kanyang kaluwalhatian. Ang layunin ng mas nakahihigit na tipanan ay ang pagpapanumbalik sa nagkasalang sangkatauhan (ihambing 2:9-11,14-18) sa dati nitong katungkulan na nangunguna sa sangkalikhaan. (ihambing sa Awit 8). Si Hesus ang siyang ganap na tao, ang ating perpektong halimbawa. Ang ikalawang kabanata ang isa sa mga serye ng maraming babala. Ang unang babala ay tumutukoy sa mga tao na maaring magwalang bahala sa pahayag ng bagong tipan (ang ebanghelyo). Ito ay maaring tumutukoy sa mga taong namuhay na Hudyo na may maigting na paggalang sa tipan ni Moses, kaya nga ay kailangan ang paghahambing

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1-4**

**1 Kaya't nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na narinig, baka sakaling tayo'y**
**makahagpos. 2 Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay,**
**at ang bawa't pagsalangsang at pagsuway ay tumanggap ng matuwid na parusa na kabayaran;**
**3 Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan? na**
**ipinangusap ng Panginoon noong una ay pinatunayan sa atin sa pamamagitan ng mga nakarinig;**
**4 Na pawang sinasaksihan naman ng Diyos na kasama nila, sa pamamagitan ng mga tanda at mga**
**kababalaghan, at ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa**
**kaniyang sariling kalooban.**

**2:1 "Kaya't"** Ito ay tumutukoy sa mga katotohanan sa kabanata 1.

▣ **"nararapat nating"** Ito ang terminong "*dei,*" na ang ibig sabihin ay moral na pangangailangan. Ito ang una sa maraming mga babala sa aklat ng Hebreo na ibinigay sa grupo ng nanampalatayang mga Hudyo na sumasamba parin sa sinagoga kasama ang mga di-mananampalatayang mga Hudyo. Ilan sa mga babala ng aklat ay ibinibigay sa mga mananampalataya na makalublob, pampaublikong pag-anib sa iglesya at gumalaw patungo sa kaganapan at kahinogan ng buong mundong paglaganap ng misyon ng ebanghelyo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Iba pang mga babala ay sinalita ng direkta sa mga di-mananampalatayang mga Hudyong kaibigan at kasama sa pagsamba, ngunit tahasang tumanggi sa personal na pagtanggap kay Hesus bilang ang ipinangakong Mesyas at gumalaw ng higit pa sa kanilang rabinikal ng mga tradisyon (cf.mga kabanata 6 at 10).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"pagkatantuin ang mga bagay na narinig"** |
| **NKJV** | **"bigyan ng mas masugid na pansin"** |
| **NRSV** | **"ibigay ang mas higit na pagpansin sa"** |
| **TEV** | **"humawak ng mas buong higpit sa"** |
| **NJB** | **"ituon ang ating mga isipan sa mas higit na atensyon"** |

Ito ay isang malakas na Griyego KAPARIS at PAWATAS na ibig sabihin ay nagbibigay ng espesyal, kompletong atensyon at pag-aaruga sa isang bagay o isang tao (cf. Mga Gawa 8:6,10; 16:14). Ang Bagong Tipanan ng Anak (ang ebanghelyo) ay parehong mahalaga at mapanganib! Ang katotohanan ng Diyos ay dapat na dalhin ng nararapat.

▣ **"baka sakaling tayo'y makahagpos"** Ang terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT. Ito ay may literal na kahulugan na "dumaloy" o "makawala." Ito ay ginamit ng may talinghaga sa isang daloy ng hangin o tubIg na nagdulot sa isang tao na madala ng mabilis patungo sa ligtas na daungan.

Ang babalang ito ay inilahad bilang isang AORIST BALINTIYAK NA PASAKALI UNANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN. Mayroong elemento ng kawalang katiyakan ng anumang mangyayari na haitd ng di-inilahad na panglabas na ahente (BALINTIYAK NA TINIG) at ang PASAKALING PANAGANO. Ang matangay ng mabilis o palayo mula sa katotohanan ay tunay na may posibilidad. Posible rin na ang metapora ay idinirekta sa mga tagatanggap na nananatili parin habang ang katotohanan ay lumakad na. Ito ay marahil alusyon sa Kawikaan 3:21 sa Septuagint kung saan ang kaparehong pandiwa ay ginamit.

Mayroong tatlong mga paraan sa pagtingin sa babalang ito.

1. bilang tumutukoy doon sa mga tumanggi sa pagtugon sa ebanghelyo
2. (cf. v. 3) bilang tumutukoy doon sa mga naniwala (cf. "dapat bigyan nating ng nararapat na atensyon ang anuman ang ating narinig," v. 1), ngunit hindi lumago
3. Bilang tumutukoy doon sa mga naniwala at nasa panganib ng hindi pagkapit sa kanilang orihinal na propesyon/pag-amin ng pananampalataya kay Kristo.

Ang una ay maaring tumukoy sa di-nanampalatayang mga Hudyo, habang ang ikalawa at ikatlo ay maaring utmukoy sa mga nananampalatayang mga Hudyo. Ang gamit ng UNANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN ay waring nangangahulugan na ang may-akda ay iginugrupo ang kanyang sarili na kasama doon sa sinabihan at maaring nagpapahiwatig na sila ay mga mananampalataya o kamunti man ay nasa sinagoga kung saan ang ebanghelyo ay naibahagi (cf. v. 3). Gaynman, ang kaparehong gramatikal na PANGMARAMIHAN ay lumitaw sa isang literatura, hindi literal, na pagkakagamit sa 10:26.

**2:2 "kung"** Ito ay isang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang literaturang mga layunin. Ito ay madalas na isinalin sa Ingles bilang "yamang" o "sapagkat."

▣ **"ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel"** Ito ay tumutukoy sa Mosaik na Kautusan. Ang mga Hudyo ay naniwala na ang mga anghel ay gumagawa bilang tagapamagitan sa pagitan ni YHWH at Moses sa Mt. Sinai (cf. Exodo3:2; 14:19; 23:20-23; 32:34; 33:2; Awit 68:17; Mga Gawa 7:38,53; Galacia 3:19).

▣

**NASB** **"ay nagtibay"**
**NKJV** **"napatunayang matapat"**
NRSV "**ay mabisa**"
**TEV** **"ay nakitang totoo"**
**NJB** **"napatunayang mapanghahawakan"**

Ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita, parehong pagpapala at/o mga sumpa (cf. Deutronomio 27-28).

**NATATANGING PAKSA: GARANTIYA O PANAGOT**

Ito ang Griyegong termino na *bebaios*, na mayroong tatlong konotasyon.

1. na anumang sigurado, tiyak, o may kakayanang masasandigan (cf. Roma 4:16; II Corinto 1:7;

Hebreo 2:20; 3:6,14; 6:19; II Pedro 1:10,19).
2. Ang proseso na kung saan ang isang bagay na katiwa-tiwala ay naipakita at naitatag (cf. Roma 15:8; Hebreo 2:2, cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, Vol. 1, pp. 340,377,670).
3. sa papyri ito ay naging isang teknikal na termino para sa isang legal na garantiya o panagot (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, pp. 107-8).

Ito ay dapat na katumbalikan ng v. 14. Ang mga pangako ng Diyos ay sigurado!

▣ **"ang bawa't pagsalangsang at pagsuway ay tumanggap ng matuwid na parusa na kabayaran"** Ang Mosaik na Tipanan ay nakabatay sa pagsunod! Ang tahasang pagsuway ay may malinaw at dagliang mga konsikuwensya (cf. 10:28).

And dalawang terminong ito ay nabuo kasamang ng parehong PANG-UKOL; *parabasis* at *parakoē*, na na maaaring isang naging intensyonal na paglalaro ng salita (tunog).

**2:3 "Paanong makatatanan tayo"** Ang aklat ng Hebreo ay maraming matitinding mga babala patungkol sa pagpapabaya sa katotohanan ng Diyos (cf. 2:1-4; 3:7-4:11; 5:11-6:12; 10:19-39; 12:14-29).

▣ **"kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan"** Ang terminong "pabayaan" (*ameleō*) ay nangangahulugang "huwag magbigay ng atensyon sa" o "huwag mag-alala patungkol sa" isang bagay o sa isang tao. Ito ay ginamit sa NT para (1) sa pagpapaalala kay Timoteo na huwag pabayaan ang kanyang espiritwal na kaloob (cf. I Timoteo 4:14) at (2) sa paninindigan ni YHWH sa kakulangan ng atensyon sa Israel dahil nalabag nila ang Kanyang tipanan
(cf. Hebreo 8:9).

Ito ang pangunahing punto ng argumento na kuyng ang Mosaik na Tiipanan ay may matinding konsikwensya para sa pagpapabaya nito magkagayon gaano katindi ng higit na konsikwensya para sa pagpapabaya sa bago at mas mainam na Tipanang dinala ni Hesus (ang Anak). Ang mga resulta ng sadyang pagpapabaya sa isang mensahe ay may kaugnayan sa kamaharlikaan ng Nag-iisa na nagdadala ng mensahe (i.e., parabula ng malaharing kasalan, cf. Mateo 22:2-14).

Ang nagbibigay kahulugang mga katanungan ay magiging, "Ito ba ay tumutukoy sa (1) isang pagtakwil sa bagong tipanan (ang ebanghelyo) o (2) isang pagpapabaya sa bagong tipanan?" Ang pangkasalukuyang pagkakagamit ng termino ay nagpapahiwatig ng #2. Ilang mga komentarista ay maaring magdagdag ang gamit ng "tayo" bilang ebidensya ng may-akda sa pakikipagkilanlan kasama ng mga nananampalatayang grupo, ngunit sa 10:26 ang may-akda ay gumagamit ng kaparehong panghalip na ito (UNANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN) sa pagsasalita sa di-nananampalatayang grupo. Ang mga tagatanggap na ito ay hindi nagtatakwil sa ebanghelyo, ngunit minamaliit ang impluwensya nito sa kanilang mga buhay.

▣ **"na ipinangusap ng Panginoon noong una ay pinatunayan sa atin"** Si Hesus ay tinawag sa titulong YHWH sa OT tipanan "Ako na Ako nga" (cf. Exodo3:14, na sa kalaunay binasa na "Panginoon" [adon]). Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:7. Isa ito sa mga paraan ng mga may-akda ng NT na maipkaita ang pagkadiyos ni Hesus ng Nazareth. Si YHWH Mismo ang nagdadala ng patotoo ng pagiging totoo sa mensahe ni Hesus' message (cf. v. 4). Tignan NATATANGING PAKSA: *Archē* sa 3:14.

▣ **"sa pamamagitan ng mga nakarinig"** Parehong si Juan Calvin at Martin Luther ay nagsabi na ang pariralang ito ay tumutukoy sa ikalawang henerasyon ng mga Kristyano. Halatang hindi ito ang ibig sabihin ni Pablo (cf. Galacia 1:11). Si Pablo ay hindi ang taong may-akda ng Hebreo. Tignan puna sa

13:23.

**2:4 “Na pawang sinasaksihan naman ng Diyos na kasama nila, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan”** Ang mga tanda at kababalaghan ay parehong ninais na palakasin ang mga mananampalataya at upang tulungan ang mga di-mananampalataya na tanggapin ang katotohanan (cf. Mga Gawa 2:22). Ang Diyos ay patuloy (PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI) na nagdadala ng patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo. Mayroong pagpapatindi sa parehong masama at espiritwal mga tanda na pumapaligid sa unang pagdating ni Hesus, na siya ring papaligid sa Kanyang ikalawang pagdating.

▣ **“at ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo”** Ang bawat mananampalataya ay mayroon kahit isang espritwal na kaloob na ibinigay ng Espiritu sa panahon ng pagbabagong-loob (cf. I Corinto 12:7,11,18; Efeso 4:11,12). Ang espiritwal na pagkakaloob na ito ng mga mananampalataya ay isa napapanahong mga ebidensya ng katotohanan ng ebanghelyo, na ilan sa mga tagatanggap ng sulat ay itinatanggi o itinatakwil!

▣ **“ayon sa Kaniyang sariling kalooban”** Ang Espiritu ay pumipili at namamahagi ng mga kaloob (cf. I Corinto 12:7,11,18). Ang mga mananampalataya ay hindi pinagkalooban batay sa personal na merito o personal na pagpili! Kung ang espiritwal na kaloob ay nauugnay sa natural na talentom ito ay pinalalakas at upang direktang magbigay karangalan kay Kristo, hindi lamang sa indibidwal na Kristyano. Lahat ng kaloob ay naglilingkod sa katawan. Ang bawat mananampalataya ay dapat na mamuhay para sa kalusugan at paglago ng katawan!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:5-9**

**5 Sapagka't hindi niya ipinasakop sa mga anghel ang sanglibutang darating, na siya naming isinasaysay. 6 Nguni't pinatunayan ng isa sa isang dako, na sinasabi,**

**" ANO ANG TAO, UPANG SIYA'Y IYONG ALALAHANIN?**
**O ANG ANAK NG TAO, UPANG SIYA'Y IYONG DALAWIN?**
**7 SIYA'Y GINAWA MONG MABABA NG KAUNTI KAY SA MGA ANGHEL;**
**SIYA'Y PINUTUNGAN MO NG KALUWALHATIAN AT NG KARANGALAN,**
**AT SIYA'Y INILAGAY MO SA IBABAW NG MGA GAWA NG IYONG MGA KAMAY;**
**8 INILAGAY MO ANG LAHAT NG MGA BAGAY SA PAGSUKO SA ILALIM NG KANIYANG MGA PAA."**

**Sapagka't nang pasukuin niya ang lahat ng mga bagay sa kaniya, ay wala siyang iniwan na di sumuko sa kaniya. Nguni't ngayon ay hindi pa natin nakikitang sumuko sa kaniya ang lahat ng mga bagay. 9 Kundi nakikita natin ang ginawang mababa ng kaunti kay sa mga anghel, sa makatuwid ay si Hesus, na dahil sa pagbata ng kamatayan ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay lasapin niya ang kamatayan dahil sa bawa't tao.**

**2:5 “Sapagka't hindi niya ipinasakop sa mga anghel ang sanglibutang darating”** Totoo na ang mga anghel ay nasa lugar ngayon ng pre-eminensya(cf. Deutronomio 32:8 sa Septuagint at sa akalt ng Daniel, kabanata 10). Gayunpaman, sa mundong paparating, ito ay ang mga taong nilalang, sa pamamagitan ng kanilang nagkatawang tao, niluwalhati na Tagapagligtas, na Siyang ilalagay sa lugar ng awtoridad. Ito ay isa na namang paghahalintulad na nag-uugnay sa pagiging higit ni Hesus at ng Kanyang mga tagasundo laban sa mga anghel na tinitignan na kasangkot sa Mosaik na Tipanan (cf. 1:4-14).

**2:6 “Nguni't pinatunayan ng isa sa isang dako, na sinasabi”** Ito ay isang Hebreong idyoma para sa pagkakasi ng buong OT, hindi isang pagkalimot ng memorya na kung saan ang mga siping ito ay

natagpuan (cf. 4:4). Doon ay sumusunod ang mga serye ng mga sipi sa OT, na karaniwan sa Hebreo.

▣ **"ANO ANG TAO, UPANG SIYA'Y IYONG ALALAHANIN"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Awit 8:4-6 nakabatay ng teolohikal sa Genesis 1:26,28. Ang mga talatang 6, 7, at 8 ay hindi tumutukoy sa Mesyas ("ang Anak ng Tao"), ngunit sa sangkatauhan. Sa Awit ang terminong "anak ng tao" ay nasa kahanay na relasyon kasama nag terminong "tao" at dapat na hindi isulat sa malaking titik. Ito ay isang Hebreong idyoma para sa sangkatauhan, *ben adam*, ay napaka karaniwan sa Ezekiel (cf. 2:1; 3:1,3,4,10,17, atbp.).

**2:7 "SIYA'Y GINAWA MONG MABABA NG KAUNTI KAY SA MGA ANGHEL"** Ito ay ang pagpapatuloy sa sipi ng Awit 8:5-6 mula sa Septuagint. Ang katanungan para sa parehong salin at pakahulugan ay, paano dapat ang Hebreo na termino "*Elohim*" ay intindihin?

1. Ang Septuagint isinalin sa Awit 8:5 bilang "mga anghel," na ganun din sa Aramaic Targums at Pehsitta, Vulgate, at KJV na mga salin.
2. Ang Jewish Publication Society of America isinalin ito bilang "mababa ng kaunti sa diyos." Ilang mga Englis na mag salin ay mayroong "Diyos" (cf. ASV, NASB, RSV, NEB, NRSV, REB, JB, NJB, TEV). Ang termino, kapag ginamit sa Ot na may kasamang PANG-ISAHANG PANDIWA, gaya sa Genesis 1:1, ay tumutukoy sa Diyos. S i Hesus ay ginamit ito sa ganitong pakahulugan sa Juan 10:31-39. Ito rin ay ginamit bilang "mga diyos"ng paganong mga bansa. Ito ay maaring tumukoy sa mga anghel sa pakahulugan ng makalangit na konseho ng Diyos na binubuo ng Kanyang sarili at mga anghel na tagapaglingkod (cf. I Hari 22:19; Dan. 7:10).
3. Mayroon maging posibilidad na ito ay tumutukoy sa mga Hukom ng Israel (cf. Exodo21:6; 22:8-9,28; Awit 82:1,6). Sa kontekstong ito ang teolohikal na punto ay si Hesus at ang Kanyang mga tagasunod (cf. 1:14) ay mas superyor kaysa sa mga anghel. Mayroong isang Griyegong manuskritong mga pagkakaiba sa huli ng v. 7. Ilang mga sinaunang mga Griyegong manuskritong (א, A, C, D*,P ay patuloy na nagsipi mula sa Awit 8:7, ngunit ang ilan at tumigil sa "Ikaw ay nagputong sa kanya ng kaluwalhatian at karangalan" ($P^{46}$, B. $D^{c}$, K, L). Na gaya ng maraming mga pagkakaibang ito, ito ay hindi gumagawa ng pagkakaiba sa pagpapakahulugan ng teksto.

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKADIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
   2. Sa Canaanite napanteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
   3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos
   a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
   b. *El-Roi* ("Diyos na nakakakita" o "Diyos na ipinahayag ang Sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
   c. *El-Shaddai* ("Diyos na Makapangyarihan" o "Diyos ng Lahat ng Pakikiramay" o "Diyos ng mga Bundok," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
   d. *El-Olam* (ang Walang Hangang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay teolohikong naiuugnay sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
   e. *El-Berit* ("Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46

4. *El* katumbas sa
    a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
    b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El,* ang *Elohim* ng iyong ama"
    c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
    d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
    e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
    f. "matapat" sa Deutronomio 7:9; 32:4
    g. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
    h. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
    i. "ang aking matibay na kanlunagan" sa II Samuel 22:33
    j. "ang aking tagapaghigante" sa II Samuel 22:48
    k. "nag-iisang banal" in Isaias 5:16
    l. "malakas" sa Isaias 10:21
    m. "ang aking tagapagligtas" sa Isaias 12:2
    n. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
    o. "pagganti sa masama" sa Jeremias 51:56
5. Ang kombinasyon ng lahat ng OT na pangalan ng Diyos ay matatagpuan sa Josue 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginamit na kahanay na kahulugan sa ilang mga ibang pangalan/titulo ng Diyos.
    a. *Elohim* - Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
    b. *YHWH* - Genesis 14:22; II Samuel 22:14
    c. *El-Shaddai* - Awit 91:1,9
    d. *El* - Bilang 24:16
    e. *Elah* - ginamit ng madalas sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, inugnay sa *illair* (Aramaic para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay madalas na ginamit ng hindi mga Israelita.
    a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
    b. Balaam, Bilang 24:16
    c. Moses, nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
    d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng mga Griyego katumbas na *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim (PANGMARAMIHAN), Eloah (PANG-ISAHAN), ginamit ng unang-una sa mga tula (BDB 43, KB 52)*
1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Old Testament.
2. Ang salitang ito ay maaring magtalaga sa Diyos ng Israel o ang Diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). ). Ang pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josue 24:2).
3. Ito ay maaring tumutuko sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga esperitwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing

(teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Awit 104).

Ito ay kasingkahulugan sa *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa mga banal na pangalan.

6. Bagamat PANGMARAMIHAN ang ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay madalas na nagtatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit madalas ito ay mayroong PANG-ISAHANG PANDIWA nagpapahayag ng monoteistik na paggamit.
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, nang nakipagusap sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Isang hindi pangkaraniwan na ang pangunahing pangalan para sa nagiisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagamat wala katiyakan, narito ang mga teorya.
   a. Ang Hebreo ay maraming mga PANGMARAMIHAN, madalas na ginagamit upang magbigay diin. Ang malapit na may relasyon dito ay ang huling Hebreong gramatikal na katangian tinawag na "ang pangmaramihan ng katas-taasan," na kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palitawin ang isang konsepto.
   b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf.I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Maaring posible rin na ito ay nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay broods, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang ahente ng Ama sa paglilikga (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ang pangalan na nagpapakita ng pagkadiyos bilang tipanang Diyos; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang mga nilalang ay bumabali sa mga kasunduan, ngunita ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga salita, pangako, at kasunduan (cf. Awit 103).

   Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa kombinasyon ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang espesyal na manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa espesyal na kapahayagan patungkol sa isang importanteng posisyon at layunin ng tao, gayundin ang problem ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang posisyon.
2. Sa Genesis 4:26 sinabi na "ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon" (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El–Shaddai*. Ang pangalangYHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, vol. 2, pp. 409-11).
   a. mula sa Arabic na ugat, "magpakita ng taos na pagmamahal"
   b. mula sa Arabic na ugat "ihipan" (YHWH gaya ng sa bagyong diyos)
   c. mula sa Ugartic (Canaanite) na ugat "magsalita"
   d. sumusunod sa isang Phoenician na inskripsyon, isang PANDAHILANANG PANDIWARI na nangangahukgang "ang Nag-iisang nagpapanatili," o "ang Nag-iisang nagtatayo"
   e. mula sa ang Hebreo *Qal* na porma "ang Nag-iisa na Siyang," o "ang Nag-iisang na

pangkasalukuyan" (sa panghinaharap na kahulugan, "ang Nag-iisa na magiging")

f. mula sa Hebreo na *Hiphil* na anyo "ang Nag-iisa na nagiging dahilan"

g. mula sa Hebreong ugat "ang mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay "ang nananatiling buha magpakailanman, o "ang Nag-iisang buhay kailanman"

h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, "Ako ay mananatili sa kung ano Ako" o "Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan naYHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.
(1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
(2) *Yahu* ("iah" panghuling sa mga pangalan, e.g., Isaias)
(3) *Yo* ("Jo" pasimula sa mga pangalan, e.g., Josue or Joel)

3. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "pinuno," "asawa," "panginoon"—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang "panginoon." Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.

4. At sa *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay diin sa ilang mga katangian ng Tipanan Diyos ng Israel. Habang mayroon namang maraming posibleng kombinasyon na mga salita, narito ang mga ilan.

a. *YHWH - Yireh* (YHWH ay magtutustos, BDB 217 & 906), Genesis 22:14

b. *YHWH - Rophekha* (YHWH ang iyong manggagamot, BDB 217 & 950, *Qal* KATAGA), Exodo 15:26

c. *YHWH - Nissi* (YHWH ang aking damdana, BDB 217 & 651), Exodo 17:15

d. *YHWH - Meqaddishkem* (YHWH ang Siyang nagpapabanal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13

e. *YHWH - Shalom* (YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Jdgs. 6:24

f. *YHWH - Sabbaoth* (YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; often in the Prophets

g. *YHWH - Ro'I* (YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1

h. *YHWH - Sidqenu* (YHWH ang aking katuwiran, BDB 217 & 841), Jer. 23:6

i. *YHWH - Shammah* (YHWH ay naroon, BDB 217 & 1027), Ezek. 48:35

▣ **"Siya'y pinutungan mo ng kaluwalhatian"** tignan puna sa 1:3.

**2:8** Ito ay mula sa Awit 2:6, ngunit isang alusyon sa Genesis 1:26,28-30. Ang mga tao ay ginawa ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) na gumgawa bilang mga tagapamahala sa daigdig (bilang mga kinatawan ng Diyos). Ngunit ang pagbagsak sa Genesis 3 ang sumira sa layuning ito (cf. v. 9c).

**2:9 "Kundi nakikita natin Siya"** Ang NASB ay mayroon ang lahat ng PANGHALIP sa mga malilit na letra vv. 7 at 8 (i.e., ang may-akda ay nagsisipi ng Awit), ngunit ang v. 9 sila ay nasa malalaking titik (ang may-akda ngayun ay ginagamit ang Awit), magkagyon ay ikinukumpara ang makasalanang sangkatauhan sa ideyal na Tao. Ang Diyos ay inilagay ang sangkatauhan sa marangal na posisyon ng awtoridad, ngunit ang sangkatauhan ay nagkasala at nawala sa posisyon. Si Hesus ang Nagkatawang tao na Diyos ay tinupad ang tadhana ng sangkatauhan at sa Kanyang kamatayan ay pinanumbalik ang nananampalatayang sangkatauhan sa lugar ng karangalan. Si Hesus ay tunay na tao! Ito ay isa na namang Adan-Kristo na tipolohiya (cf. Roma 5:12-21; I Corinto 15:21-22,45-49; Felipos 2:6-11).

▣ **“ang ginawang mababa ng kaunti kay sa mga anghel”** Ito ay halatang isang pagkukumpara sa mga talata 6 at 7. Ito ay nagsasalita sa pagkakatawang tao ni Hesus at Kanyang buhay sa daigdig.

▣ **“Hesus”** Ang may-akda ng Hebreo ay katangi-tanging gumagamit ng “Hesus” na walang anumang idinadagdag na paglalarawan (cf. 2:9; 3:1; 6:20; 7:22; 10:19; 12:2,24; 13:12). Posibleng ito ay isang tipolohikal na paglalaro kay Hesus bilang ang bagong Josue. Ang mga pangalan ay eksaktong pareho. Ang may-akda ng Hebreo ay ginagamit ang materyal ng Exodo ng malawak. Tulad ng pagdadala ni Josue sa mga tao ng Diyos sa kapahingang ng Lupang Ipinangako, gayon din, si Hesus ay dadalhin sila sa langit (i.e., ang ikapitong araw ng kapahingahan).

▣ **“na dahil sa pagbata ng kamatayan”** Ito ay nagpapakita ng Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53. Siya ang kinatawan ng Diyos sa pagtutubos!

▣ **“ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Siya ay naging at nagpapatuloy na Nag-iisang nakoronahan! Tignan puna sa 1:3.

▣ **“upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos”** Ang saling ito (*chariti Theos*) ay matatagpuan sa lahat ng Englis ng mga Bibliya at sinusupurtahan ng mga sinaunang Griyegong mga manuskrito (P[46], א, A, B, C, D). Gayunpaman, ang mausisang pagbabasa ng “hiwalay sa Diyos” (*chOris Theos*), ay lumitaw sa maraming mga nahuling mga sinaunang mga teksto. Sa *A Textual Commentary On The Greek New Testament*, si Bruce M. Metzger ay nagsasabi na ito ay orihinal na isang marhinal na glosaryo na may kauganyan sa I Corinto 15:27, na hindi naunawang bilang isang pagwawasto sa “*chariti Theos*” (p. 664).

Ang United Bible Society’s *A Handbook on the Letter to the Hebrew* ni Paul Ellingworth at Eugene A. Nida ay nag-aalok ng isa pang opinyon, na ang “hiwalay sa Diyos” ay maaring alusyon sa Awit 22, na ginamit ni Hesus upang ipahayag ang Kanyang buong nararamdaman habang nag-iisa sa krus (cf. Marcos 15:34) p. 37. Ang kaparehong opinyong ito ay ibinigay ni Myles M. Bourke sa *Jerome Biblical Commentary* (p. 385).

Mayroon ding ikatlong opinyon (kinuha mula sa Bart D. Ehrman’s, *The Orthodox Corruption of Scripture*, Oxford Press, 1993, pp. 146-150) na ang mga eskriba ay intensyonal na binago ang “hiwalay sa Diyos” para sa teolohikal na mga layunin, partikular ang teolohikal na panganib ng gnostisismo. Ang baryanteng ito ay hayag kina Origen at Jerome. Gayundin ang salitang “hiwalay” (*chōris)* ginamit ng labingtatlong beses sa Hebreo, na nagpapakita na ito ay pagkahilig ng may-akda na gamitin ang terminong ito. Isa pa ayon kay Ehrman (p. 148), ito ay laging sinusundan ng isang ANARTHROUS (walang PANTUKOY) PANGALAN.

▣ **“lasapin niya ang kamatayan”** Mahalagang maunawaan na ang pagdurusa ay nasa kalooban ng Diyos para kay Hesu Kristo (cf. Genesis 3:15; Isaias 53:4,10; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ang temang ito ng pagdurusa ay nagpatuloy sa mga sipi ng OT na matatagpuan sa natitira ng kabanata 2.

▣ **“dahil sa bawa't tao”** Ang kontekstong ito ay tumutukoy sa pumapalit, naghahalili na pagbabayad-puri ni Hesu Kristo (cf. Isaias 53:6; Roma 5:6,8,10,17-19; I Corinto 15:22; I Timoteo 2:4,6; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9). Si Hesus ay namatay upang ayusin ang problema ng sankatauhan sa kasalanan. Ang natatanging bagay na pumipigil sa lahat ng mga tao na maligtas ay ang kanilang hindi pagpayag na tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang libreng regalo ng Diyos ayon sa natapos na gawa ni Hesu Kristo (cf. Juan 3:17-21).

**NATATANGING PAKSA: PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB**

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:10-13**

**[10]Sapagka't marapat sa kaniya na pinagukulan ng lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming anak sa kaluwalhatian na gawing sakdal siyang may gawa ng kaligtasan nila sa pamamagitan ng mga sakit. [11]Sapagka't ang nagpapapagingbanal at ang mga pinapapagingbanal ay pawang sa isa: na dahil dito'y hindi siya nahihiyang tawagin silang mga kapatid, [12] Na sinasabi,**

**" IBABALITA KO ANG IYONG PANGALAN SA AKING MGA KAPATID,**
**SA GITNA NG KAPISANAN AY AAWITIN KO ANG KAPURIHAN MO."**

**At muli,**

**" ILALAGAK KO ANG AKING PAGKAKATIWALA SA KANIYA."**

**[13]At muli,**

**" NARITO, AKO AT ANG MGA ANAK NA IBINIGAY SA AKIN NG DIYOS."**

**2:10 "Sapagka't marapat sa kaniya na pinagukulan ng lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay"** Muli, ang PANGHALIP ay may kalabuan. Ito ay marahil na tumutukoy sa Diyos Ama (cf. Roma 11:36) o ang Anak (cf. 1:2,3; Colosas 1:15-17). Sapagkata si Hesus ay tinukoy bilang isang "ang may-akda" sa huling bahagi ng talatang ito ang naunang PANGHALIP ay dapat na tumutukoy sa Ama. Gayunpaman, si Hesus ay ang kinatawan ng Ama sa paglilikha(cf. 1:2; Juan 1:3; I Corinto 8:6; 15:25-27) gaya ng Siya sa pagtutubos at ang magiging sa paghuhukom.

▣ **"sa pagdadala ng maraming anak sa kaluwalhatian"** Ang pampamilyang aspeto ng bagong tipanan ay lubusang naihayag sa natitirang mga talata ng kabanata 2. Pansinin ang bilang ng mga numero ng pampamilyang mga terminong ginamit. Ang tunguhin ng bagong tipanan ay ang pagpapanumbalik ng image ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan. Ang terminong "marami" ay hindi nangangahulugang "ilan" bilang pagsalungat sa "lahat" (cf. v. 9, "bawat isa"). Ang mga terminong "lahat" at "marami" ay ginamit ng magkasingkahulugan sa Bibliya (ikumpara Isaias 53:6 sa 11,12 at Roma 9:18 sa 19). Samakatuwid, ang Marcos 10:45 at 14:24 ay dapat tumukoy sa "lahat," hindi "ilan"! Hindi ito magagamit bilang isang pruwebang-teksto para sa radikal na Calvinismo (i.e., supra-lapsarian).

▣

**NASB "na gawing sakdal siyang may gawa ng kaligtasan nila"**
**NKJV "upang gawin ng may-akda ng kanilang kaligtasan ay maging ganap"**

**NRSV** **"dapat na nangunguna ng kanilang kaligtasan na maging ganap"**
**TEV** **"marapat na gawin si Hesus na ganap"**
**NJB** **"gawing ganap. . .ang pasimuno ng kanilang kaligtasan"**

Ang terminong "GANAP" (AORIST AKTIBO PAWATAS) ay nangangahulugang "maging kumpleto, ganap, handa para sa nakatalagang gawain" (cf. Efeso 4:12). Ang may-akda ng Hebreo ay gumagamit ng "GANAP" ng tatlong beses upang ilarawan si Hesus (cf. 2:10; 5:9; 7:28) at tatlong beses upang ilarawan ang Kanyang mga tagasunod (cf. 10:14; 11:40; 12:23). Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

Si Hesus ay tunay na tao (cf. Lucas 2:40,52). Siya ay lumaki sa pananampalataya at pagsunod (cf. Lucas 2:40,52). Siya ay sinubukan ng paghihirap (cf. 5:8-9). Nakaharap Niya at napagtagumpayan ang bawat espiritwal na hadlang (cf. 4:15). Siya ang naging dakilang halimbawa ng sangkatauhan (cf. I Pedro 2:21).

**NATATANGING PAKSA: MAY-AKDA/PINUNO (*ARCHĒGOS*)**

Ang terminong "may-akda" o "pinuno" ay ang Griyegong termino na *archēgos*. Ito ay nagmula sa Griyegong ugat na "simula" (*archē*) and "humayo" o "manguna" (*agō*). Ang tambalan ay naging gamit sa isang namumuno, prinsipe, o pinuno (tao o anghel). Ang termino ay ginamit lamang sa NT.

1. prinsipe o may-akda ng buhay sa Mga Gawa 3:15
2. prinsipe o pinuno (cf. Mga Gawa 5:31)
3. maging ganap ang may-akda ng kanilang kaligtasan, Hebreo 2:10
4. ang may-akda (o tagapanguna) at tagaganap ng kanilang pananampalataya sa Hebreo 12:2

Si Hesus ang tagasimula, ang tagatustos, at tagatapos sa kanilang kaligtasan.

▣ **"sa pamamagitan ng mga sakit"** Si Hesus ay ganap, sa makataong pananalita, sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 5:8-9). Si Hesus ay madalas na nagsalita patungkol sa mga pagsubok at persekusyon na makakaharap ng Kanyang mga tagasunod (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-19; 17:14).

Ang sinaunang iglesya ay humarap sa matinding pagsalungat mula sa mga Hudyo, mga pagano, at sa pamahalaan ng Roma, at sa nag-iisang masama, ngunit kinuha ito ng Diyos at ginawanag kasangkapan sa pagbuo ng pagtitiwala at pagiging wangis ni Kristo (cf. Roma 8:17; Felipos 1:29; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; and I Pedro 4:12-19). Ang katotohanan ay maaring mailalarawan mula sa (1) the OT (cf. Hebreo 11) at (2) sa ministeryo ni Pablo (cf. I Corinto 4:9-12; 6:4-10; 11:24-27).

**2:11**
**NASB, NRSV** **"Sapagka't ang nagpapapagingbanal at ang mga pinapagingbanal"**
**NKJV** **"para sa parehong nagpapabanal at yaong pinababanal"**
**TEV** **" Siya na nagpapadalisay sa mga tao mula sa kanilang mga kasalanan, at parehong siya at yaong mga ginawang dalisay"**
**NJB** **"Para sa paglalaan at inilaan"**

Ito ay isang paglalaro sa terminong "banal" o "pinagpaging banal" (cf. 10:10,14). Ang unang pagkakagamit ay ang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI (Hesus) at ang ikalawa ay ang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK PANDIWARI (Kanyang mga bayan, cf Juan 17:19). S i Hesus kinikilala ng Kanyang bayan (cf. 1:14 and 2:6-8,9-18). Ang mga mananampalataya ay pinagpaging banal ng Ama (cf. Juan 17:17; I Tesalonica 5:23); sa pamamagitan ng ahensya ng Anak (cf. I Corinto 1:2; Efeso 5:26; Hebreo 10:10,14,29; 13:12); ang mga aspetong ito ay nagkakaisa sa Hebreo 2:11.

1. isang Banal na Ama
2. isang Banal na Anak
3. mga banal na mananampalataya (cf. I Pedro 1:13-25)

Ito ay parehong totoo sa posisyon at karanasan. Tayo ay banal kay Kristo at tayo ay tinawag upang

maging banal gaya ni Kristo.

**NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGING BANAL**

Ang NT ay nagsasaysay na kapag ang mga makasalanan kapag lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, silay ay kagyat na inaring ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong posisyon kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay naiparatang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay idiniklarang matuwid at banal( isang legal na pagkilos ng Diyos.

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong na posisyon sa natapos na gawa ni Hesukristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay libreng regalo at magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

| **Paunang Pagtugon** | **Ang Progresibong Pagiging Wangis ni Kristo** |
|---|---|
| Mga Gawa 20:23; 26:18 | Roma 6:19 |
| Roma 15:16 | II Corinto 7:1 |
| I Corinto 1:2-3; 6:11 | I Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| II Thesalonica 2:13 | I Timoteo 2:15 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | II Timoteo 2:21 |
| I Pedro 1:1 | Hebreo 12:14 |
| I Pedro 1:15-16 | |

▣ **"ay pawang sa isa o galing sa Ama"** "Ama" ay wala sa Griyegong teksto (cf. NASB, NRSV, TEV). Ang PANGHALIP "Siya" sa kasunod na parirala ay tumutukoy kay Hesus (cf. NRSV, TEV, NIV). Samakatuwid, marahil ang salin sa NJB, "lahat sa magkaparehong angkan" o sa NIV "ay nasa parehong pamilya" ay tumutugma ng pinakamahusay sa konteksto. Kung magkagayon, ito ay isang pagbibigay diin sa pagiging tao ni Hesus (cf. v. 14).

▣ **"na dahil dito'y hindi siya nahihiyang tawagin silang mga kapatid"** si Hesus ay kinikilala ang Kanyang sarili ng kompleto sa mananampalatayang mga tao. Sa pamamagitan ng Kayang pagdurusa ang imahe ng Diyos ay ipinanumbalik sa kanila. Ang kasunod na tatlong sipi sa OT (cf. vv. 12-13) ay waring labas sa konteksto, ngunit sila ay mula sa Makamesyas na mga pasahe na gumagamit ng rabinikal na mga paglalaro sa salita. Ang konteksto ng vv. 10-18 ay kinikilala si Hesus ng lubusan na kasama ng Kanyang mga tagasunod:

1. sila ay parehong nagproproklama sa Ama
2. sila ay parehong nagpupuri sa Ama
3. sila ay parehong inilagak ang pagtitiwala sa Ama
4. Si Hesus (cf. the "I" of v. 13b) at ang Kanyang mga tagasunod ("mga anak" ng v. 13b) ay idinugtong ng Diyos Ama bilang regalo sa Anak
5. parehong si Hesus at ang Kanyang mga tagasunod ay nakikibahagi ng makataong kalikasan
6. parehong si Hesus at Kanyang mga tagasunod ay tinukso

**2:12-13** Ang seryeng ito ng sipi sa OT ay naglalarawan kung paano si Hesus nakikiayon sa mga mananampalataya sa paggamit ng mga OT teksto.

**2:12 "IBABALITA KO ANG IYONG PANGALAN SA AKING MGA KAPATID"** Ito ay mula sa Awit 22:22 na nag-uugnay sa panghuhula sa pagpapako sa krus.

▣ **"kapisanan"**

**NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (*EKKLESIA*)**

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, "na labas" at "tinawag," samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa "pagtitipun-tipon ng mga tao" ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na tao ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa:

1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Mga Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 and Ephesians
3. isanng lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Mga Gawa 7:38, in Stephen's sermon
5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Mga Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

**2:13 "ILALAGAK KO ANG AKING PAGKAKATIWALA SA KANIYA"** Ang pariralang ito ay isang sipi mula sa Isaias 8:17. Sa puntong ito hayaan ninyo ako na idagdag ang isang salita patungkol sa pagtuloy na paggamit ng may-akda sa Septuagint na naiiba, minsan labis na naiiba, mula sa Hebreong (Masoretic) teksto. Mayroon waring labis na kontrobersya sa ating panahon kaugnay sa magkakaibang mga salin sa Englis. Ang ilan ay mas ninanais ang isa higit sa isa, minsan ay nagtatanong sa motibo at pagiging Kristyano ng mga tagasalin. Kung ang Espiritu ng Diyos ay maaring gamitin ang Griyegong salin upang ipagbigay-alam ang ebanghelyo sa sinaunang silanganan, tiyak na maari Niyang gamitin ang ibat-ibang mga salin sa ating panahon ngayon. Hindi ito katanungan ng teorya ng pagkakasalin subalit sa kalooban ng Diyos na ang mga tao ay makarinig at maniwala sa mabuting balita patungkol kay Kristo.

▣ "**NARITO, AKO AT ANG MGA ANAK NA IBINIGAY SA AKIN NG DIYOS"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isa 8:18. Ang buong punto ay sa pagbibigay diin sa pakikiisa ni Hesus sa mga mananampalataya (cf. v. 17).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:14-18**

**14 Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo 15 At mailigtas silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan ay nangasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila. 16 Sapagka't tunay na hindi niya tinutulungan ang mga anghel, kundi tinutulungan niya ang binhi ni Abraham. 17 Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa mga kasalanan ng bayan. 18 Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso.**

**2:14 "Dahil"** Ito ay isang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo mula sa perspektibo ng may-akda o para sa kanyang panitikang layunin.

▣ **"ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, Siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito"** Ang pandiwa na "nakabahagi," (*koinōnia)* GANAP AKTIBONG INDIKATIBO]) nagsasalita sa

pasimula at nagpapatuloy na buong pagiging tao ni HesuKristo. Ang mga talata 14 at 17 ay nagbibigay diin sa tunay na pagiging tao ni Hesus na siyang teolohikal na problema ng sinaunang mga gnostik na erehe (cf. I Juan 4:1-6).

Ang parirala sa Griyego ay literal na "dugo at laman." Ito ay eksaktong kasalungat ng normal na gamit ng parirala. Ang mga rabi ay ginamit ang pariralang ito para sa kahinaan ng tao. Ang may-akda ng Hebreo ay posibleng binaligtad ang parirala upang ipakita na bagamat si Hesus ay tao, Siya ay hindi apektado ng kasalanan ng sangkatauhan (cf. Roma 8:3; Felipos 2:7-8).

Ang Hebreo ay nagbibigay-diin sa pareheong pagkaDiyos (cf. 1:1-3; 4:14) at pagiging tao ni Hesus.

1. 2:14 kinuha ang kalikasan ng tao
2. 4:15 tinukso sa lahat ng kaparaanan na gaya ng sa tao
3. 5:7 Nanalangin sa Ama ng may malakas na pag-iyak at pagluha
4. 5:8-9 pinahinog ng pagdurusa

▣ **"sa pamamagitan ng kamatayan"** Sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesus, ang kamatayan ay namatay! Ito ay isang makaHudyong pangkalahatang teolohiya ng sakripisyo (cf. Lev.1-7). Isang inosente ay namatay sa ngalan ng lahat (cf. Roma 5:12-21; II Corinto 5:14-15,21).

**2:15 "ay kaniyang malipol yaong may paghahari"** Ito ay isang napakaparehong termino (*katargeo*) na ang King James Version ay isinasalin sa "malipol" pareho dito at sa Roma 6:6. Ito ay tiyak na may konotasyon sa II Tesalonica 2:8. Ito ay madalas na mahirap, maging sa konteksto, na malaman kung ang pandiwang ito ay dapat na isalin sa "malipol/buwagin" o "gawing walang bisa at walang saysay (cf. I Corinto 15:24, 26; Efeso 2:15). Gayunpaman, ang termino at mayroon din konotasyon na "dalhin upang maging, walang bisa at walang saysay, gawing hindi gumagana" (cf. Roma 3:3, 31; 4:14; 6:6; I Corinto 2:6; 13:8; II Corinto 1:7).

**NATATANGING PAKSA: WALANG BISA AT WALANG SAYSAY (*KATARGEŌ*)**

Ang (*katargeō)* ay isa sa paboritong mga salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng mahigit dalawput-limang beses ngunit ito ay may mas malawak na semantikong sakop.

A. Ang pangunahing etimolohikal na ugat nito ay nangangahulugang
   1. Hindi kumikilos
   2. Walang ginagawa
   3. Hindi bihasa
   4. Walang gamit
   5. Hindi gumagana

B. Ang tambalang may kasamang *kata* ay ginamit upang ipahayag
   1. Kawalang pagkilos
   2. Hindi kagamit-gamit
   3. Na siyang kinansela
   4. Na natapos na sa isang bagay
   5. Sa isang lubusang hindi gumagana

C. Ito ay ginamit ng isang beses sa Lucas upang ilarawan ang kawalan bunga, samakatuwid walang gamit, na puno (cf. Lucas 13:7).

D. Si Pablo ginagamit ito sa matalinghagang pakahulugan sa dalawang pangunahing mga paraan:
   1. Ang Diyos ay ginagawa na hindi gumagana ang mga bagay na sumasalungat sa sangkatauhan
      a. Ang likas na kasalanan ng sangkatauhan – Roma 6:6
      b. Ang batas ni Moses na may kaugnayan sa pangako ng Diyos sa "ang binhi" - Roma 4:14; Galacia 3:17; 5:4,11; Efeso 2:15

c. Espiritwal na lakas - I Corinto 15:24
d. Ang "tao ng kawalang batas" – II Tesalonica 2:8
e. Pisikal na kamatayan – I Corinto 15:26; II Timoteo 1:16 (Hebreo 2:14)

2. Ang Diyos na pinapalitan ang luma (tipanan, panahon) para sa bago
   a. Mga bagay na may kinalaman sa Mosaik na Kautusan – Roma 3:3,31; 4:14; II Corinto 3:7,11,13,14
   b. Analohiya sa kasalan na ginamit sa Kautusan – Roma 7:2,6
   c. Ang mga bagay sa panahong ito – I Corinto 13:8,10,11
   d. Ang katawang ito – I Corinto 6:13
   e. Ang mga pinuno sa panahong ito – I Corinto 1:28; 2:6

Ang salitang ito ay isinalin sa maraming magkakaibang mga paraan ngunit ang pangunahing kahulugan nito ay gawin ang isang bagay na hindi kagamit gamit, walang bisa at walang saysay, hindi gumagana, walang kapangyarihan ngunit hindi kailangan na hindi umiiral, nawasak o nawala.

▣ **"yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo"** Si Satanas ay walang lubusang kapangyarihan sa kamatayan (cf. Job 2:4-6; I Corinto 5:5), ngunit siya ay may hawak sa kapangyarihan pagkatakot sa kamatayan (cf. v. 15) na siya ring humahawak sa lahat ng sangkatauhan (cf. I Corinto 15:54-57). Mayroong personal na puwersya ng kasamaan na naglilipana upang hadlangan ang kalooban ng Diyos sa mundong ito (cf. Juan 12:31; 14:30; 16:11; II Corinto 4:4; Efeso 2:2; I Juan 4:4; 5:19). Si Hesus nilupig ang kamatayan (cf.II Timoteo 1:10) at Siya ang may hawak sa mga susi sa hades at kamatayan (cf. Pahayag 1:18).

**NATATANGING PAKSA: SATANAS**

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga literatira sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya. Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismo ng Persia at Greco-Roman Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Chr. 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang serpyente ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanas (cf. *Book of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikal na katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

An g pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babylonia at Tyre) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tyre bilang Satanas (cf. Ezek. 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezek. 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv. 12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. Si Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ng Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang personal na pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Triune Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap!

**2:16**
**NASB "Sapagka't tunay na"**
**NKJV "Sapagkat tunay nga"**
**NRSV, TEV "Sapagkat malinaw nga"**
**NJB --tinanggal--**

Ang NRSV at TEV ay nagpapakita ng pinakamainam na ideya.

▣ **"hindi Niya tinutulungan ang mga anghel, kundi tinutulungan Niya"** Ang mga ito ay parehong PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG (deponent) MGA INDIKATIBO. Ang "hindi" ay inilagay ng una sa Griyegong pangungusap para sa pagbibigay diin. Ang PANDIWA ay *epilambanō*, na siyang nagmula sa ugat ng *lambanō*, "kunin" o "sunggaban" na alinmang positibo o negatibong mga layunin. Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa mga positibong mga aksyon ni Hesus (cf. 8:9) sa ngalan ng mga nananampalatayang mga tao, na kailanman ay hindi itinuturing sa mga anghel. Muli si Hesus at ang Kanyang mga tagasunod ay isinalungat sa malaanghel na mundo.

▣ **"ang binhi ni Abraham"** Ito ay literal na "ang binhi ni Abraham." si YHWH ay nangako sa walang anak na si Abram na siya ay magiging ama ng dakilang bansa na may maraming mga angkan (cf. Genesis 12:2; 15:2-6; 17: 4-7; 18:10, 18). Ang terminong "binhi" ay maaring PANGMARAMIHAN O PANG-ISAHAN. Samakatuwid, ito ay tumutukoy sa parehong bansa ng Israel at ang paparating na Mesyas. Mula sa ibang mga Kasulatan ng NT natanto natin na ito ay may kaugnayan sa pananampalataya, hindi lahi o pagsasagawa (cf. Juan 8:31-59; Galacia 3:7,9,29; Roma 2:28.29). Ang malaAbraham na mga pangako ay walang kondisyon (cf. lalo na ang Genesis 15:12-21; Roma 4), habang ang malaMoses na tipanan ay kondisyonal batay sa pagsunod.

**2:17 "Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid"** Ang pamamagitang tungkulin ni Hesus alang-alang sa sangkatauhan ay may kinalaman sa Kanyang kompletong pagkakaunawa sa ating kalikasan (cf. 2:11,18; 4:15) upang Siya ay ating maging dakilang punong saserdote.

▣ **"upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat"**

**NATATANGING PAKSA: HESUS BILANG PUNONG SASERDOTE**

Ang Hebreo ay natatangin sa NT sa pagtatawag kay Hesus bilang punong saserdote. Mayroong ilang mga lugar sa OT kung saan ang Mesyas ay inilarawan sa makasaserdoteng mga termino(cf. Awit 110:4; Zacarias 3-4). Ang temang ito ay mahuhubog ng lubusan sa mga kabanata 4:14-5:10 at 6:13-7:28.

Ang Hebreo ay naglalarawan sa gawain ni Hesus bilang Punong Saserdote sa ilang mga kaparaanan.

1. pagbabayad puri para sa kasalanan (cf. 2:17; 7:27; 9:14)
2. kalakasan para doon sa tinukso ng kasalanan (cf. 2:18)
3. biyaya sa panahon ng pangangailangan (cf. 4:15-16)
4. nagdadala ng buhay na walang hanggan (cf. 5:9-10)
5. tagapamagitan sa ngalan ng mga mananampalataya (cf. 7:25)
6. kompiyansa sa paglapit sa banal na Diyos (cf. 10:19-21)

▣ **"upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa mga kasalanan ng bayan"** Ang terminong

"pangpalubag-loob" ay ginamit saSeptuagint para sa luklukan ng awa (takip) sa taas ng arko ng tipanansa Banal ng mga Banal. Gayunpaman, ang Griyegong konotasyon nito suyuin ang nagagalit na Diyos, sa gayon ay nagtatanggal ng hadlang sa pagitan "ng Diyos" at sangkatauhan. Dahil sa pagkakagamit nito ng termino ang makabagong mga salin ay nababagabag patungkol sa konotasyon na ito na tumutukoy kay YHWH (cf. RSV at NJB) at isinalin ito bilang "kabayaran." Si Hesus ay dinadala ng sabay ang katarungan at awa ni YHWH (cf. I Juan 2:2; 4:10). Gayunpaman, hindi dapat natin itong tignan bilang isang galit na OT Diyos at isang mapagmahal na Hesus. Ang Ama ay isinugo ang Anak (cf. Juan 3:16). Ang Anak ang kumakatawan at gumagaya sa Ama.

**2:18 "Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso"** "Siya ay nagbata ng pagdurusa" ay isang GANAP AKTIBONG INDIKATIBO na nagsasalita sa nagpapatuloy na pagsubok na kinakaharap ni Hesus. Ang terminong "tinukso" (*peiraz*o) ay may konotasyong tuksuhin na patungo sa pagkawasak (cf. 4:15; Mateo 4:1). Ang kaaway ay sibukan Siyang lupigin sa Kalbaryo, ngunit ang Diyos ginawa itong dakilang katagumpayan ng pagtutubos.

**NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN**

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*
   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon. Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT
   a. lalaking baka - Lucas 14:19
   b. ang ating sarili - I Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya - Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos - Hebreo 3:9
   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. Roma 2:18; 14:22; 16:10; II Corinto 10:18; 13:3; Filipinos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na
   a. karapat-dapat
   b. mabuti
   c. dalisay
   d. mahalaga
   e. marangal
2. *Peirazō, Peirasmus*
   Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.
   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18)
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanasas sa Mateo 4:3; I Thesalonica 3:5. Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa

mga mananampalataya (cf. I Corinto 7:5; 10:9, 13; Galacia 6:1; I Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

▣ **"siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso"** Ang kaparehong katotohanang ito ay inulit-ulit sa 4:15. Si Hesus ay tahasang nakakakilanlan sa pangangailangan ng Kanyang bayan (cf. v. 17)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilista ang mga paraan ng na kung saan ang bagong tipanan ay mas higit sa Mosaik na tipanan.
2. Bakit ang may-akda ito ay nagsipi ng madalas mula sa the Mosaik na tipanan?
3. Para kanino ibinibigay ang mga babala sa kabanata 2?
4. Ang 2:6-8 ay tumutukoy ba sa sangkatauhan o kay Hesus?
5. Bakit kailangan na magdusa ni Hesus at paano ang isang Kristyano ay maaapektuhan ng pagdurusa?
6. Ayon sa 14 si Satanas ba ay may kapangyarihan ng kamatayan laban sa Kristyano?
7. Ilista ang mga dahilan kung bakit si Hesus ay dumating.

# HEBREO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus na Mas Higit kay Moses | Ang Anak ay Matapat | Si Kristo ay Mas Higit kay Moses | Si Hesus ay mas Higit kay Moses | Si Kristo ay mas Mataas kay Moses |
| 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 |
| | | | 1:2-6 | |
| Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos | Maging Matapat | Babala at Paghimok | Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos | Paano Makakamit ang Kapahingahan ng Diyos |
| (3:7-4:13) | | (3:7-4:13) | (3:7-4:13) | (3:7-4:13) |
| 3:7-11 | 3:7-15 | 3:7-19 | 3:7-11 | 3:7-11 |
| 3:12-19 | Ang Kabiguan ng Paglalakbay sa Ilang | | 3:12-15 | 3:12-19 |
| | 3:16-19 | | 3:16-19 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. vii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

**MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO: HEBREO 3:1-4:13**

A. Ang seksyon na ito ay tumatalakay sa pagiging superyor ni Hesus laban sa kambal na mga pinuno ng Mosaik na Tipanan, si Moses at si Aaron, na pawang magkapatid at mga Levites. Ito ay magdadala sa atin sa praktikal na diskusyon ng Melchizedek na pagkasaserdote ng Hebreo 4:14-7:28.

B. Ang seksyon na ito ay isang rabinikal na paglalaro sa dalawang mga konsepto: (1) “ang tahanan ng Diyos,” sa 3:1-6 (cf. Bilang 12:7-8; II Samuel 7) at (2) ang “kapahingahan” sa 3:7-4:13 (cf. Awit 95:7-11).

C. Ang argumento ay nahuhubog sa mga sumusunod.
   1. Si Moses ay parte ng tahanan/sambahayan ng Diyos, ngunit si Hesus ang tagapagtayo ng tahanan/sambahayan
   2. Si Moses ay ang tagapaglingkod sa tahanan, habang si Hesus ay isang miyembro ng pamilya
   3. Si Moses ay nabigong dalhin ang kapahingahan ng Diyos, habang si Hesus ay hindi nabigo.

D. Ang teolohikal na pagtulak ng panitikang yunit ay isang babala na maging masunurin at matapat. Si Hesus ay masunurin at matapat, ngunit ang mga Israelita ay hindi. Ang Mosaik na tipanan ay may mga konsikuwensya sa di-pagsunod na maaring marahas. Gaano pa kaya ang mga bunga ng pagtanggi o pagsuway sa bagong tipanan (cf. 2:1-4)?

E. Ang seksyon na ito ay tipolohikal. Tinitignan nito ang NT bilang bago, espiritwal na exodo!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB : 3:1-6**

**[1]Kaya, mga banal na kapatid, mga may bahagi sa pagtawag ng kalangitan, inyong isipin ang Apostol at Dakilang Saserdote na ating kinikilala, si Jesus; [2]Na siya'y tapat sa naglagay sa kaniya na gaya rin naman ni Moises sa buong sangbahayan niya. [3]Sapagka't siya ay inaring may karapatan sa lalong kaluwalhatian kay sa kay Moises, palibhasa'y may lalong karangalan kay sa bahay yaong nagtayo ng bahay. [4] Sapagka't ang bawa't bahay ay may nagtayo; datapuwa't ang nagtayo ng lahat ng mga bagay ay ang Diyos. [5] At sa katotohanang si Moises ay tapat sa buong sangbahayan niya gaya ng lingkod, na pinakapatotoo sa mga bagay na sasabihin pagkatapos; [6] Datapuwa't si Kristo, gaya ng anak ay puno sa bahay niya; na ang bahay niya ay tayo, kung ating ingatang matibay ang ating pagkakatiwala at pagmamapuri sa pagasa natin hanggang sa katapusan.**

**3:1**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **“mga banal na kapatid”** |
| **NRSV** | **“mga kapatid na lalake at babae”** |
| **TEV** | **“aking mga Kristyanong kaibigan”** |
| **NJB** | **“banal na mga kapatid na lalake”** |

Kanino ipinarating ang aklat na ito? Ang terminong “mga kapatid” ay ginamit ng paulit-ulit (cf. 2:11; 3:1,12; 10:19; 13:22) na (ng paksang pinag-uusapan) ay nagpapahiwatig ng mga mananampalatayang Hudyo

▣ **“mga may bahagi sa pagtawag ng kalangitan”** Ang konseptong ito ay ginamit sa ilang mga paraan sa Bibliya.

1. Ang Israel ay tinawag ng Diyos upang maging kaharian ng mga saserdote na magdadala sa mundo pabalik sa Diyos (cf. Genesis 12:3; Exodo19:5). Sa OT ito ay tinatawag na paglilingkod, hindi indibidwal na kaligtasan, at isang pangkalahatang pagtawag (pambansang Israel) sa isang nakatalagang gawain (buong mundong ebanghelisasyon).
2. Ang indibidwal na mga mananampalataya ay tinawag (cf. Juan 6:44,65) para sa walang hanggang kaligatasan.
3. Ang bawat indibidwal na Kristyano ay tinawag upang maglingkod sa katawan ni Kristo sa pamamagitan ng espiritwal na kaloob (cf. I Corinto12:7,11).

**NATATANGING PAKSA: TINAWAG**

Ang Diyos ay laging nagpapasimula sa pagtatawag, paghihirang, at panunuyo sa mga mananampalataya patungo sa Kanyang sarili (cf. Juan 6:44, 65; 15:16; I Corinto 1:12; Efeso 1:4-5,11). Ang terminong "pagtatawag" ay ginamit sa ilang teolohikal na pakahulugan:

A. Ang mga makasalanan ay tinawag sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng natapos na gawa ni Kristo at sa kombiksyon ng Espiritu (i.e., *klētos*, cf. Roma 1:6-7; 9:24, na teolohikal na kapareho sa I Corinto 1:1- 2 at II Timoteo 1:9; II Pedro 1:10).

B. Ang mga makasalanan ay tumawag sa pangalan ng Panginoon upang maligtas (i.e., *epikaleō*, cf. Gawa 2:21; 22:16; Roma 10:9-13). Ang pananalitang ito ay makaHudyong idyoma sa pagsamba.

C. Ang mga mananampalataya ay tinawag upang mamuhay na gaya ng buhay ni Kristo (i.e., *klesis*, cf. I Corinto 1:26; 7:20; Efeso 4:1; Felipos 3:14; II Tesalonica. 1:11; II Timoteo 1:9).

D. Ang mga mananamplalataya ay tinawag upang magministeryo ayon sa nakatalagang gawain (cf. Gawa 13:2; I Corinto 12:4-7; Efeso 4:1).

▣ **"inyong isipin si Hesus"** ito ay isang AORIST AKTIBO PAUTOS. Ito ay nangangahulugan na ikonsidera ng mabuti (cf. 10:24). Sa konteksto ito ay nagpapahiwatig ng pagkukumpara sa Kanyang persona at gawa sa mga pinuno ng Mosaik na tipanan.

▣ **"ang Apostol at Dakilang Saserdote"** Ang dalawang mga titulong ito ay tumatalakay sa pagiging superyor ni Hesus laban kay Moses bilang opisyal na mensahero at kay Aaron bilang ang Levitikal na punong saserdote. Ang mga Kabanata 3 at 4 ay tumatalakay sa pagiging superyor ni Hesus higit kay Aaron. Dahil sa ang Griyegong mga termino para sa "mensahero" at "anhel" ay magkapareho, "apostol," na isang Griyegong termino "ipadala," ay maaring may kinalaman sa dalawang anghel na ipinadala ng Diyos upang maglingkod doon sa mga ililigtas (cf. 1:14) at kay Hesus na isinugo ng Diyos upang tubusin yaong mga ililigtas (cf. Juan 3:17). Ito ang tanging lugar sa NT na si Hesus ay tinawag na "ang Apostol," bagamat si Juan ay gumagamit ng PANDIWA ng paulit-ulit upang tukuyin Siya na bilang ang "isinugo" mula sa Ama (cf. Juan 3:17,34; 5:36,38; 6:29,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,18,21,23,25; 20:21).

▣ **"Apostol"** Ito ay dumating mula sa PANDIWA "ipadala" at ginamit ng mga rabi upang magpakahulugan na ang isa ay ipinadala bilang isang opisyal na kinatawan ng iba. Si Moses ay nagsailbi sa tahanan ng Diyos bilang tagapaglingkod habang si Hesus ay bilang "isang anak," isang miyembro ng pamilya. Ang Diyos ay tinawag si Moses upang maglingkod, ngunit isinugo si Hesus mula sa langit.

▣ **"Dakilang Saserdote"** Ang Hebreo ay ang tanging aklat sa Bibliya na tumawag kay Hesus bilang punong saserdote. Nangangailangan ng isang ekstensibong rabinikal na argumentasyon upang himukin ang mga unang siglong mga Hudyo na si Hesus, ay nagmula sa tribu ng Judah, tunay na isang saserdote. Ang komunidad ng Dead Sea Scrolls ay nag-aasam ng dalawang Mesyas, isang maharlika (tribu ng Judah) at isa ay malasaserdote (tribu ng Levi, cf. Awit 110; Zacarias 3-4).

▣ **"ating kinikilala"** Ito ang Griyegong termino *homologia*, na isang tambalan ng "upang sabihin" at "ang kapareho." Ang mga mambabasa ay gumawa ng pagkikilala ng kanilang pananampalataya kay Hesukristo. Ngayon dapat nilang hawakan ng mahigpit ang pagpapahayag/pagpapakilalang ito (cf. 4:14; 10:23). Ito ay isa sa pangunahing isyu ng aklat.

**NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALALANAN**

A. Ito ang dalawang mga anyo ng kaparehong Griyegong ugat na ginamit para sa pagpapahayag ng kasalanan o pangungumpisal, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang termino na ginagamit ni Santiago ay mula sa *homo*, ang kaparehong; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang pangkaraniwang kahulugan ay sabihin ang kaparehong bagay, sumangayon sa. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya na publikong deklarasyon.

B. Ang Ingles na mga salit ng grupong salita na ito ay
   1. magpuri
   2. sumangayon
   3. ideklara
   4. ipakita
   5. ihayag

C. Ang grupong salita na ito ay parang mayroong dalawang magkasalungat na pagkakagamit
   1. purihin ang (Diyos)
   2. aminin ang kasalanan

   Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. The NT usages of the word group are
   1. ang mangako (cf. Mateo 14:7; Gawa 7:17)
   2. ang sumangayon o magparaya sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
   3. ang magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11; 15:9)
   4. ang paniwalaan ang
      a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; Roma 10:9; Felipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
      b. isang katotohanan (cf. Gawa 23:8; II Corinto 11:13; I Juan 4:2)
   5. ang gumawa ng publikong deklarasyon ng ( legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
      a. ng walang pag-amin sa konsensya (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
      b. na may pag-amin sa konsensya (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

**3:2 "Na Siya'y tapat sa naglagay sa Kaniya"** Sa konteksto ang pagbibigay diin ay sa (1) pagpipili at paghahanda ng Ama kay Hesus para sa nakatalagang pagtutubos na tungkulin (cf. Marcos 3:14) at (2) sa pagpapakita ni Hesus ng pananampalataya (PANGKASALUKUYANG PANDIWARI) sa Ama gaya ng sa mga mananampalataya ay dapat na magpakita ng pananampalataya. Siya ay tunay na kaisa ng sangkatauhan. Gayunpaman, isang posibleng etimolohiya para sa "naglagay" ay "lumikha." Si Arius ay ginamit ang PANDIWA "naglagay" sa kanyang kontrobesya kay Athanasius upang panindigan na si Hesus pinakamataas na nilikha (cf. Prov. 8:22) ng Diyos, ngunit hindi mismo Siya Diyos (cf. Gawa 2:36; Roma 1:4; Colosas 1:15). Ang ikaapat na siglong kontrobersya na ito ay nagbunga ng malinaw na katuruan ng isang banal na esensya, ngunit tatlong walang hanggang personal na mga manipestasyon, Ama, Anak, at Espirity (ang Trinidad). Ang tatlong mga banal na personang ito ay may walang hanggang bumubuo ng iisa at tunay na Diyos (cf. Juan 1:1-18). Para sa isang mabuti at maikling pagtatalakay ng Arianismo, tignan *Christian Theology* (2nd ed.) ni Millard J. Erickson, pp. 711-715.

▣ **"sa buong sangbahayan Niya"** Ito ay isang reperensya sa Bilang 12:7,8. Ang sambayanan ng Diyos na tahanan ng Diyos ay isang malimit at paulit-ulit na biblikal na metapora (cf. v. 6, "sambahayan," Galacia 6:10; I Timoteo 3:15; "espritwal na tahanan," I Pedro 2:5; "sambahayan ng Diyos," 4:17).

“Tahanan” ay ginamit ng anim na beses sa talataang ito, minsan ay may kasamang konotasyon ng isang gusali at minsan ay isang pamilya. Ang argumento ay waring tumakbo ng sa sumusunod

1. Si Moses ay parte ng tahanan/sambahayan ng Diyos, ngunit si Hesus ang tagapagtayo ng tahanan/sambahayan
2. Si Moses ay ang tagapaglingkod sa tahanan, habang si Hesus ay isang miyembro ng pamilya
3. Si Moses ay nabigong dalhin ang kapahingahan ng Diyos, habang si Hesus ay hindi nabigo

**3:3 “sa lalong kaluwalhatian kay sa kay Moises”** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK INDIKATIBO. Ito ay maaring naging isang tiyak na nakakagigimbal na pananalita para sa mga Hudyo (cf. II Corinto 3:7-11).

**3:4 “Sapagka't ang bawa't bahay ay may nagtayo”** Ito ay ginamit para sa pilosopikal/teolohikal na argumento ng “sukdulang pinagmulan” sa pagtatangka na patunayan ang pag-iral ng Diyos (cf. Thomas Aquinas). Gayunpaman, ang linyang ito ng pagdadahilan (“unang pinagmulan”) ay kailanman hindi makakarating sa kapahayagan ng Diyos bilang Ama at Panginoon ni Hesukristo, o maging sa Diyos bilang kaibigan ng mga makasalanan.

▣ **“datapuwa't ang nagtayo ng lahat ng mga bagay ay ang Diyos”** Ang Ama ang manlilikha ng lahat (cf. Roma 11:36; I Corinto 15:25-27). Si Hesus ang kinatawan ng Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2).

**3:5-6 “Datapuwa't si Kristo, gaya ng anak ay puno sa bahay Niya”** Si Hesus ay anak (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28) ay isinalungat kay Moses, ang tagapaglingkod (cf. 1:2; 3:5; 5:8; 7:28; Exodo 14:31; Bilang 12:7). Si Moses ay isang matapat na tagapaglingkod (cf. Bilang 12:7), ngunit si Hesus ay isang miyembro ng pamilya!

**3:5** Si Moses ay nagsalita kay Kristo sa Deuteronomio 18:18-19 (cf. I Pedro 1:11). Ito ay umuulit sa katotohanan ng 1:1.

**3:6 “na ang bahay niya ay tayo”** Ito ay pamilya ng pananampalataya na inilarawan bilang isang bahay (cf. Galacia 6:10; I Timoteo 3:15; I Pedro 2:5; 4:17). Ang kaparehong tipo nito ng pinagsamang gusaling talinghaga ay ginamit ng ang iglesya ay tinawag na templo(cf. I Corinto 3:16). Ang pokus ay sa (1) pagmamay-ari ni Hesus at (2) sa sambayanan ng Diyos bilang pangkalahatang entidad.

Hindi karaniwan na ang iglesya ay sabihin bahay ni Hesus. Sapagkat ang ilang mga sinauang mga Griyegong manuskritong ito ay binago ang PANGHALIP ng sa gayon ito ay tumutukoy Ama (cf. MSS $P^{46}$ at $D^{*}$).

▣ **“kung”** Ito ay isang IKATLO KLASE KONDISYONAL na nangangahulugan ng potensyal na aksyon (*ean* at isang PASAKALI). Ito ay nagbibigay ng pananalita ng elemento ng anumang mangyayari (cf. 3:14; 4:14; Roma 11:22; I Corinto 15:2).

▣ **“kung ating ingatang matibay ang ating pagkakatiwala at pagmamapuri sa pagasa”** “Ingatang matibay” ay isang nagpapatuloy na pagbibigay diin sa pagsusumigasig (AORIST AKTIBO PASAKALI, cf. 3:14; 4:14, tignan NATATANGING PAKSA sa 4:14). Ang natirang sa kabanatang ito at kabanata 4 ay isang patuloy na babala (1) para sa mga Hudyong mananampalataya na kumilos patungo sa pagiging ganap at (2) para doon sa mga nakarinig ng ebanghelyo at nakita ito ng may kapangyarihan sa buhay ng mga nanampalatayang kaibigang Hudyo na matanggap ito sa lubusan sa kanilang mga sarili.

▣ **“pagmamapuri sa pagasa natin”** Ang pagbibigay-diing ito ng pag-asa ay katangi-tangi sa Hebreo

(cf. 3:6; 6:11; 7:19; 10:23; 11:1). Ang pag-asa ay tumutukoy sa tiyak na katuparan ng ating pananampalataya!

**NATATANGING PAKSA: PAG-ASA**

Ginamit ni Pablo ang terminong ito ng madalas sa ilang magkakaibang ngunit magkakaugnay na mga pakahulugan. Madadalas ito ay isinasama sa katuparan ng pananampalataya ng mga mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maaring ipakilala bilang kaluwalhatian, buhay na walang hanggan, sukdulang kaligtasan, Ikalawang Pagdating, atbp. Ang katuparan ay tiyak, ngunit ang elemento ng oras ay panghinaharap at di-alam. Ito ay madalas na sinasamahan ng "pananampalataya" at"pag-ibig" (cf. I Corinto 13:13; I Tesalonica. 1:3; II Tesalonica. 2:16). Isang bahagi ng listahan ng ilang mga pagkakagamit ni Pablo ay

1. Ang Ikalawang Pagdating, Galacia 5:5; Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, Colosas 1:22-23; I Tesalonica. 2:19
4. Ang pag-asa ay inimpok sa langit, Colosas 1:5
5. Magtiwala sa ebanghelyo, Colosas 1:23; I Tesalonica. 2:19
6. Sukdulang kaligtasan, Colosas 1:5; I Tesalonica. 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II Corinto 3:12; Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil ni Kristo, Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica. 5:8
10. Buhay na walang hanggan, Tito 1:2; 3:7
11. Mga resulta ng Kristyanong pagkahinog, Roma 5:2-5
12. Pagtutubos sa lahat ng nilikha, Roma 8:20-22
13. Katuparan ng adopsyon, Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo para sa mga mananampalataya, II Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga NT na mananampalataya, Roma 15:4

▣ **"hanggang sa katapusan"** Ang pariralang ito ay hindi lumitaw sa sinaunang Griyegong mga manuskrito $P^{46}$ o B at, samakatuwid, posibleng ito ay hindi orihinal. Gayunpaman, ito ay kasama sa ibang mga sinaunang mga unsyal na Griyegong mga manuskrito (א, A, C, D, K, at P). Ito ay kasama sa v. 14 at posibleng inilipat dito ng isang eskriba alang-alang sa pagbabalanse. Ito ay tiyak na tumutugma sa teolohiya ng konteksto. Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11

**TALATA SA NASB : 3:7-19 (ang kumpletong talataan ay naglalaman ng 3:7-4:13)**

[7]**Gaya nga ng sabi ng Espiritu Santo,**

**"NGAYON KUNG MARINIG NINYO ANG KANIYANG TINIG,**
**[8] HUWAG NINYONG PAPAGMATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO,**
**NA GAYA NG SA PAMUMUNGKAHI, GAYA NANG SA ARAW NG PAGTUKSO SA ILANG,**
**[9] NA DOON AKO TINUKSO NG INYONG MGA MAGULANG SA PAGSUBOK SA AKIN, AT APAT NA PUNG TAON NA NANGAKITA ANG AKING MGA GAWA**
**[10] DAHIL DITO'Y NAGALIT AKO SA LAHING ITO, AT AKING SINABI, LAGING SILA'Y NANGAGKAKAMALI SA KANILANG PUSO: NGUNI'T HINDI NILA NANGAKILALA ANG AKING MGA DAAN, LAGING SILA'Y NANGAGKAKAMALI SA KANILANG PUSO: NGUNI'T HINDI NILA NANGAKILALA ANG AKING MGA DAAN ';**
**[11] ANO PA'T AKING ISINUMPA SA AKING KAGALITAN,**
**'SILA'Y HINDI MAGSISIPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN.'"**

**[12]Magsipagingat kayo, mga kapatid, baka sakaling mayroon sa kanino man sa inyo ng isang pusong masama na walang pananampalataya, na naghihiwalay sa inyo sa Diyos na buhay.**
**[13]Nguni't kayo'y mangagpangaralan sa isa't isa araw-araw, samantalang sinasabi, " Ngayon," baka papagmatigasin ang sinoman sa inyo ng daya ng kasalanan. [14]Sapagka't tayo'y nagiging kabahagi ni Kristo, kung ating iniingatang matibay ang pasimula ng ating pagkakatiwala hanggang sa katapusan, [15] Samantalang sinasabi,**

> **" NGAYON KUNG MARINIG NINYO ANG KANIYANG TINIG, HUWAG NINYONG PAPAGMATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO, NA GAYA NG SA PAMUMUNGKAHI."**

**[16]Sapagka't sino-sino, na pagkarinig ay namungkahi? nguni't, hindi baga yaong lahat na nagsialis sa Egipto sa pamamagitan ni Moises? [17]At sino-sino ang kinagalitan niyang apat na pung taon? hindi baga yaong nangagkasala, na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang? [18]At sa kani-kanino isinumpa niyang hindi makapapasok sa kaniyang kapahingahan, kundi yaong mga nagsisuway? [19]At nakikita natin na sila'y hindi nangakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya.**

**3:7 "Gaya nga ng sabi ng Espiritu Santo"** Ito ay pagpapalagay sa pagkakasi ng OT sa Espritu Santo. Sa konteksto ito ay napakahalaga sapagkat ang kasulatan ay ipinapalagay sa Ama sa 1:5,13; 2:6,11; 4:3,4; 10:9; 13:5. Samakatuwid, ito ay isang malakas na sipi sa pagkaDiyos at personalidad ng Espirityu (cf. 9:8; 10:15).

**NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD**

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay is malaganap.

1. ang mga Ebanghelyo
   a. Mateo 3:16-17; 28:19
   b. Juan 14:26
2. Gawa – Gawa 2:32-33,38-39
3. Pablo
   a. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   b. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
   c. II Corinto 1:21; 13:14
   d. Galacia 4:4-6
   e. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   f. I Tesalonica 1:2-5
   g. II Tesalonica 2:13
   h. Tito 3:4-6
4. Pedro – I Pedro 1:2
5. Jude – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*pluralidad*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

1. Gamit ng PANGMARAMIHAN para sa Diyos
   a. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHAN PANDIWA
   b. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7
2. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   a. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   b. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   c. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22

d. Zacarias 3:1-2

3. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
4. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
5. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
6. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monoteistiko*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga kagamitan

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noongA.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na pagpapahayag.

▣ **"NGAYON KUNG MARINIG NINYO ANG KANIYANG TINIG"** Ang mga talata 7-11 ay isang mga sipi mula sa Septuagint ng Awit 95:7-11, na isang babala sa Israel sa panahon ng paglalagalag sa ilang laban sa kawalan ng pananampalataya. Ang Hebreo 3:17 hanggang sa 4:13 ay batay sa paglalahad sa siping ito. Ito ay isang IKATLO KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay nagkaroon ng oportunidad na makita at marinig (cf. v. 9)ngunit tahasang tumanggi at pinatigas ang kanilang mga puso.

**3:8 "HUWAG NINYONG PAPAGMATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO, NA GAYA NG SA PAMUMUNGKAHI,"** Ang makasaysayang alusyon ay sa panahon ng paglalagalag sa ilang ng Israel. Ang Masoretic Hebreong teksto ay inilista ang heograpikal na mga lugar ng rebelyon ng Israel bilang ang *Meribah* (cf. Exodo17:7; Bilang 20:13) at *Massah* (cf. Exodo17:7; Deuteronomio 6:16). Ang Septuagint isinasalin sila sa pamamagitan ng kanilang mga etimolohiya (*Meribah*–lugar ng awayan at *Massah*–pagtutukso, cf. v. 9).

Ang terminong "puso" ay tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Deuteronomio 6:4-5). Ang mga Israelita sa panimula ay may pananampalataya, ngunit sa kalaunay hindi umakto sa pananampalataya (i.e., ang ulat ng 12 mga espiya). Bilang resulat sila ay hindi pinahintulatan na makapasok sa Lupang Pangako.

**NATATANGING PAKSA: ANG PUSO**

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang sentro ng buhay espirituwal (i.e., moral)

a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Tesalonica. 2:4; Rev. 2:23)
b. ginamit sa espirituwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)

3. ang sentro ng buhay pangkaisipan (i.e., intellect, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Rev. 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 and Felipos 4:7)
4. ang sentro ng pagpapasya (i.e., will, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang sentro ng mga damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Felipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating mga puso, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Hosea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
   e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

▣ **"GAYA NANG SA ARAW"** Narito ang isang halimbawa ng Hebreong termino "*yom*" ginamit sa matalinghagang pakahulugan (cf. Juan 8:56; Hebreo 8:9), hindi sa literal na pakahulugan na 24 oras na periyod.

**NATATANGING PAKSA: *YOM***

Ang mga teorya ng kahulugan ng *yom* (araw) ay kinuha at hinalaw mula kay Dr. John Harris' (Dekano ng School of Christian Studies at Propesor ng OT sa East Texas Baptist University) ng OT Survey I Notebook:

1. Ang Literal na Dalawamput-Apat na Oras na Teorya
   Ito ay isang tapatang paglapit (cf. Exodo 20:9-11). Maraming mga katanungan ang lumabas mula sa paglapit na ito:
   a. Paanong nagkaroon ng ilaw sa unag araw kung ang araw ay nilikha sa ikaapat na araw?
   b. Paanong ang mga hayop (lalo na yaong orihinal na galing sa ibang mga bahagi ng mundo) ay napangalanan ng mas mababa sa isang araw? (cf. Genesis 2:19-20)?
2. Ang Araw-Panahon na Teorya
   Ang teoryang ito ay nagtatangka na pagkasunduin ang agham(partikular ang heolohiya) sa kasulatan. Ang teoryang ito ay nagsasaad na ang "mga araw" ay mga "heolohikal na mga panahon" sa haba. Ang kanilang haba ay hindi magkakapareho, at sila ay aproksimasyon ng ilang mga patong na inilarawan sa magkakatulad na heolohiya. Ang mga siyentipiko ay may pagkahilig na sumang-ayon sa pangkalahatang paghuhubog ng Genesis 1: ang halipawpay at ang matubig na masa ay nauna sa paghihiwalay ng lupa at dagat bago pa ang paglitaw ng buhay. Ang mga halamang buhay ay dumating bago pa ang mga buhay ng hayop, at ang sangkatauhan at kumakatawan sa pinakabago at pinakakomplikadong anyo ng buhay. Ang mga katanungan na sumibol mula sa paglapit na ito ay:

a. Paanong ang mga halaman ay nabuhay sa "mga panahon" ng walang araw?
b. Paanong ang polinasyon ay nangyari sa mga halaman kung ang mga insekto at mga ibon ay hindi nagawa hanggang sa "mga panahon" kinamamayaan?

3. Ang Alternatibo Araw-Panahon na Teorya

Ang mga araw sa katotohanan ay dalawamput-apat na oras na mga periyod, ngunit ang bawat araw ay pinaghiwalay ng mga panahon na kung saan ang nilikha ay nahubog. Ang mga katanungan na lumitaw mula sa paglapit na ito ay mga.

a. Ang parehong problema na sumibol gaya ng sa Araw-Panahon na Teorya.
b. Ang teksto ba ay nagpapakita ng "araw" na parehong ginamit ang dalawamput-apat na oras ng gaya ng sa kapanahunan?

4. Ang Progresibong Paglikha-Sakuna na Teorya

Ang teoryang ito ay tumatakbo ng sa sumusunod: sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2, mayroong hindi tiyak na periyod ng panahon na ang heolohikal na panahon ay naganap; sa panahon ng periyod na ito, ang nauna sa kasaysayan na mga nilalang ayon sa pagkakasunod-sunod na ipinahihiwatig ng mga fossils ay nilikha; humigit kumulang sa 200,000 nakalipas na taon, isang supernatural na sakuna ang nangyari at nasira ang halos lahat ng buhay sa planetang ito at ginawa ang maraming mga hayop na mawala; pagkatapos ang mga araw sa Genesis 1 ay nangyari. Ang mga araw na ito ay tumutukoy sa isang muling-paglilikha, kaysa sa isang orihinal na paglilikha.

5. Ang Eden-Lamang na Teorya

Ang tala ng paglikha ay tumutukoy lamang sa mga nilikha at sa mga pisikal na aspeto ng Harden ng Eden.

6. Ang Pagitan na Teorya

Batay sa Genesis 1:1, ang Diyos ay nilika ang isang perpektong mundo. Batay sa Genesis 1:2, Si Lucifer (Satanas) ay inilagay na tagapamahala ng mundo at nagrebelde. Ang Diyos magkagayon ay hinatulan si Lucifer at ang mundo sa pamamagitan ng pagwasak. Sa loob ng milyong mga taon, ang mundo ay iniwang mag-isa at ang heolohikal na mga panahon ay lumipas. Batay sa Genesis 1:3-2:3, sa 4004 B.C.E.., ang anim na literal na dalamput-apat na mga araw ng muling-paglilikha ay nangyari. Bishop Ussher (A.D.1654) ay ginamit ang talaangkanan ng Genesis 5 at 11 upang kalkulahin at petsahan ang paglikha ng sangkatauhan ca.4004 B.C.E. Gayunpaman, ang mga talaangkanan ay hindi kumakatawan sa kumpletong kronolohikal na mga kumbinasyon.

7. Ang Sagradong Linggo na Teorya

Ang manunulat ng aklat ng Genesis ay ginamit ang konsepto ng mga araw at isang linggo bilang isang panitikang kasangkapan upang ilatag ng malinaw ang banal na mensahe ng Diyos sa paglikha. Isang istruktura na nagpapakita ng kagandahan at mahusay na proporsyon ng gawang paglilikha ng Diyos.

**3:9 "NA DOON AKO TINUKSO"** Ang terminong "pamumungkahi" sa v. 8 at ang terminong "tinukso" sa v. 9 sa Masoretic Text ay mga "*meribah*" at "*massah,*" dalawang heograpikal na mga lokasyon na binanggit sa Exodo17:1-7 kung saan ang Israel nagrebelde laban sa Diyos.

Sa Griyegong salin dalawang magkaibang mga termino para "tuksuhin" o "subukin" ang ginamit. Ang una (*peirazō*) ay karaniwang mayroong konotasyon na "subukin na may kasamang pananaw ng pagkawasak" at ang ikalawa ay (*dokimazō*) "subukin na may kasamang pananaw patungo sa pagtanggap" ngunit sa kontekstong ito sila ay magkasingkahulugan. Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:18.

▣ **"NANGAKITA ANG AKING MGA GAWA"** Ang mahimalang pakikitungo ng Diyos sa mga anak ng Israel sa panahon ng apatnapung taong panahong sa paglalagalag sa ilang ay hindi nagdala sa kanila sa kompletong pagtitiwala. Ang parabula sa Lucas 16 ni Lazarus at ang mayamang lalake na sinamahan ng Mateo 24:24 ay nagpapakita na ang mahimala ay hindi kailangan na tanda ng Diyos, o ang pinakamahusay na kagamitan para sa pag-aakit ng mga tao sa pananampalataya (cf. ang pagtutukso ng demonyo kay Hesus sa Mateo 4:3,6).

▣ **"APAT NA PUNG TAON"** Ang numerong ito ay madalas na ginamit sa Bibliya. Ito ay dapat na Hebreong idyoma ng isang mahaba, di-tiyak na panahon. Ang totoo, sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa 38 na mga taon (cf. Bilang 14:34).

Ang may-akda ng Hebreo ay binago ang parehong Hebreo at Griyego teksto ng Awit na ito(e.g., ang sipi ni Pablo sa Awit 68:18 sa Efeso 4:8) sa pamamagitan ng pagdudugtong sa "apatnapung taon" sa mga Israelita na nakikita ang mga himala ni YHWH sa panahon ng paglalagalag sa ilang. Gayunpaman, ang Masoretic Text at Septuagint ay inuuganay ang parirala sa galit ni YHWH sa mga tao sa panahon na ito (cf. Awit 95:10). Ang mga may-akda ng Bagong Tipan sa ilalim ng inspirasyon ay madalas na nagbibigay kahulugan ang OT sa pamamagitan ng mga rabinikal na paglalaro. Ito ay waring sumusuway sa ating modernong pangako sa intensyon ng may-akda bilang ang nararapat na paraan ng pag-iinterpret sa Bibliya. Dapat nating hayaan ang mga may-akda ng NT na magkaroon ng karapatan na gamitin ang OT sa mga paraan na hindi nararapat para sa makabagong tagapagbigay kahulugan. Hindi natin muling magagawa ang herminyutikal na paglapit sa mga kinasihang may-akda.

**3:10 "NAGALIT AKO SA LAHING ITO"** Isang magandang halimbawa ng galit at paghuhukom ni YHWHay matatagpuan sa Bilang 14:11,22-23,27-30,35.

▣ **"KILALA KO"** Ang Hebreong termino ay may isang elemento ng personal na pakikipagrelasyon (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5),hindi lamang impormasyon patungkol sa isang tao o isang bagay. Ang Biblikal na pananampalataya ay may parehong kognitibong elemento (katotohanan) at isang personal na elemento (pagtitiwala).

▣ **"AKING MGA DAAN"** Mayroong maraming kasingkahulugan sa Hebreo na tumutukoy sa Kautusan ng Diyos (cf. Awit 19:6-9; 119). Ang kalooban ng Diyos ay malinaw sa kanila (i.e., OT Israelita), ngunit sila ay tahasang tinanggihan ito. Ito ang problema ng mga di-nananampalatayang mga Hudyo na tagatanggap ng Hebreo. Ang mensahe ni Hesus ay nagbago sa "mga paraan ng Diyos" (i.e., Mateo 5:21-48; Marcos 7:19; 10:5-6). Napakahirap sa mga Hudyong mananamba na iwanan si Moses at magtiwala sa Apostolikong mensahe ng "bagong tipan" (i.e., Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) na lubusan ng hiwalay mula sa makataong pagsasagawa!

**NATATANGING PAKSA: MGA TERMINO PARA SA KAPAHAYAGAN NG DIYOS (sa paggamit ng DEUTERONOMIO at AWIT)**

I. "Mga Kautusan," BDB 349, "isang pagsasagawa ng batas, atas, o ordinansa"
   A. Panglalake, תק – Deuteronomio 4:1,5,6,8,14,40,45; 5:1; 6:1,24,25; 7:11; 11:32; 16:12; 17:19; 26:17; 27:10; Awit 2:7; 50:16; 81:4; 99:7; 105:10,45; 148:6
   B. Feminine, תקת – Deuteronomio 6:2; 8:11; 10:13; 11:1; 28:15,45; 30:10,16; Awit 89:31; 119:5,8,12,16, 23,26,33,48,54,64,68,71,80,83,112,124,135,145,155,171

II. "Kautusan" BDB 435, "tagubilin"
   – Deuteronomio 1:5; 4:44; 17:11,18,19; 27:3,8,26; 28:58,61; 29:21,29;

30:10; 31:9; Awit 1:2; 19:7; 78:10; 94:12; 105:45; 119:1,18,29,34,44,51,53,55,61,70,72,77,85,92,97,109,113,126,136,142,150,153,163,165,174

III. "Mga Testimonya" BDB 730, "mga banal na batas"

A. PANGMARAMIHAN, ערת – Deuteronomio 4:45; 6:17,20; Awit 25:10; 78:56; 93:5; 99:7; 119:22,24,46,59,79,95,119,125,138,146,152,167,168

B. ערותor ערת – Awit 19:7; 78:5; 81:5; 119:2,14,31,36,88,99,111,129,144,157

IV. "Panuntunan" BDB 824, "isang tungkulin"

– Awit 19:8; 103:18; 111:7; 9:4,15,27,40,45,56,63,69,78,87,93,94,100,104,110,128,134,141,159,168,173

V. "Commandments" BDB 846

– Deuteronomio 4:2,40; 5:29; 6:1,2,17,25; 8:1,2,11; 10:13; 11:13; 15:5; 26:13,17; 30:11,16; Awit 19:8; 119:6,10,19,21,32, 35,47,48,60,66,73,86,96,98,115,127, 131,143,151,166,176

VI."Pagpapasiya/mga ordinansa" BDB 1048, "mga kapasiyahan" o "katarungan"

– Deuteronomio 1:17; 4:1,5,8,14,45; 7:12; 16:18; 30:16; 33:10,21; Awit 10:5; 18:22; 19:9; 48:11; 89:30; 97:8; 105:5,7; 19:7,13,20,30,39,43,52,62,75,84,102, 106,120,137, 149,156,160,164; 147:19; 149:9

VII. "Kanyang mga paraan" BDB 202, mga patnubay ni YHWH para sa pamumuhay ng Kanyang sambayanan

– Deuteronomio 8:6; 10:12; 11:22,28; 19:9; 26:17; 28:9; 30:16; 32:4; Awit 119:3, 5,37,59

VIII."Kanyang mga salita"

A. BDB 202 – Deuteronomio 4:10,12,36; 9:10; 10:4; Awit 119:9,16,17,25,28,42,43, 49,57,65, 74, 81,89,101,105,107,114,130,139,147,160,161,169

B. BDB 57

1. "salita" – Deuteronomio 17:19; 18:19; 33:9; Awit 119:11,67,103,162,170,172
2. "pangako" – Awit 119:38,41,50,58,76,82,116,133,140,148,154
3. "utos" – Awit 119:158

**3:11 "AKING ISINUMPA SA AKING KAGALITAN"** Ang matinding galit ng Diyos ay kasing totoo ng Biblikal ng gaya ng sa pag-ibig ng Diyos. Dapat na sabihin; gayunpaman, na ang pareho ay mga antromorpikong talinghaga na gumagamit ng pantaong emosyon at mga terminolohiya. Sila ay mga tiyak na katotohanan patungkol sa Diyos ngunit hindi panghantungan. Ang Diyos ay may kasapatan na ipinahayag ang Kanyang Sarili sa atin, ngunit mayroon paring higit na hindi pa natin matatanggap habang tayo ay nasa bahagi parin ng ating temporal, pisikal, makasalanang relaidad.

**NATATANGING PAKSA: INILARAWAN ANG DIYOS BILANG ISANG TAO (ANTROPOMORPIK NA WIKA)**

I. Ito ay tipo ng wika na napakaraniwan sa OT (ilang mga halimbawa)

A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
   1. mata - Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
   2. kamay - Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
   3. braso - Exodo 6:6; 15:16; Deuteronomio 4:34; 5:15; 26:8
   4. tainga - Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Kgs. 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
   5. mukha - Exodo 33:11; Bilang 6:25; 12:8; Deuteronomio 34:10
   6. daliri - Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
   7. boses - Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
   8. paa - Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
   9. taong anyo - Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
   10. ang anghel ng Panginoon- Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Jdgs. 2:1; 6:22-23; 13:3-22

B. Pisikal na mga aksyon
   1. pagsasalita bilang mekanismo ng paglilikha - Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
   2. paglalakad (i.e., tunog ng) sa Eden - Genesis 3:8; Levitico 26:12; Deuteronomio 23:14
   3. pagsasara sa pintuan ng arko ni Noah - Genesis 7:16
   4. pagsasamyo ng sakripisyo - Genesis 8:21; Exodo 29:18,25; Levitico 26:31
   5. pagdating pababa - Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
   6. paglilibing kay Moses - Deuteronomio 34:6

C. Pantaong emosyon (ilang mga halimbawa)
   1. panghihinayang/pagsisisi - Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Jdgs. 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
   2. galit - Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:15; 7:4; 29:20
   3. pagseselos - Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josh. 24:19
   4. pananawa/masuklam - Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19

D. Pampamilyang mga salita (ilang mga halimbawa)
   1. Ama
      a. ng Israel - Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; Isaias 1:2; 63:16; 64:8
      b. ng Hari - II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
      c. metapora para sa makaamang pag-aksyon - Deuteronomio 1:31; 8:5; Awit 27:10; Pro. 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Hosea 11:1-4; Malakias 3:17
   2. Magulang - Hosea 11:1-4
   3. Ina - Awit 27:10 (analogy to nursing mother); Isaias 49:15; 66:9-13
   4. Batang tapat na mangingibig - Hosea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng ganitong tipo ng wika
   A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
   B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
   C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)
   D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan 1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan 1:1-18).

▣ **"ISINUMPA"** Ang Diyos ay madalas na nanunumpa positibo sa pamamagitan ng Kanyang Sarili patungkol sa katumpakan ng Kanyang mga pananalita, ngunit dito Siya ay nagbigay ng negatibo (cf. 4:3), na naninindigan ng katumpakan ng Kanyang mga babala at ang konsikuwensya ng di-pagsunod.

▣ **"SILA'Y HINDI MAGSISIPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN"** Ito ay isang may kinikilingang UNANG KLASE KONDISYONAL na walang konklusyon ngunit mayroong isang ipinahiwatig na NEGATIBO. Ang terminong "kapahingahan" ay ginamit sa mga kabanata 3 at 4 sa apat na magkakaibang mga kaparaanan.

1. sa Genesis 2:2 ito ay ginamit para sa kapahingahan ng Diyos sa ikapating araw ng paglilikha (cf. 4:3,4,10)
2. sa Bilang 13 at 14 ito ay ginamit ni Josue sa pagdadala sa mga tao patungo sa Lupang Ipinangako (cf. 3:11,18; 4:8)
3. sa Awit 95:7-11 ito ay ginamit sa araw ni David kung saan ang kapahingahan ng Diyos ay hindi pa lubusang dumating (cf. 4:1,9-10
4. ito ay ginamit ng patalinghaga sa langit (presensya ng Diyos)

**3:12**
**NASB, NRSV,**
**NJB "Magsipagingat kayo, mga kapatid"**
**NKJV "Magsipag-ingat"**
**NJB "maging maingat"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBO PAUTOS; patuloy na maging mapagmatyag! Hindi lang ang simula ng buhay pananampalataya ang krusyal, kundi ang pagtatapos din (cf. kabanata 11)!!!

▣
**NASB,**
**NKJV "mga kapatid"**
**NRSV "mga kapatid na lalake at babae"**
**NJB "mga kapatiran"**

Tignan puna sa 3:1. Ang designasyon na ito ay waring tumutukoy sa naniniwalang mga Hudyo, magamat ito ay maaring mangahulugan ng etnikong pagka-ama.

▣ **"isang pusong masama na walang pananampalataya"** Ito ay naglalarawan ng isang mananampalataya na tinakasan ang buhay na Diyos. Ang nananampalatayang puso ay isa na nagpapatuloy ng matatag hanggang sa wakas (cf. v. 14 at kabanata 11). Ang pariralang "di-nananampalatayang puso" ay nagpapakita ng isang Hebreong idyoma "pusong nananampalataya" (cf. 4:6), gaya ng ginagawa ng "paglayo," na nagpapakita ng Hebreong *shuv* ("bumalik" o "umikot").

▣ **"na naghihiwalay sa inyo sa Diyos na buhay"** Ito ay isang AORIST AKTIBO PAWATAS. Ang PANDIWA na ito ay pinanggalingan ng ating Englis na salita "apostasya." Ito ay nagpapahayag ng isang nahuhubog na kawalang katapatan (ito ay kabaligtaran ng 3:14). Para kanino ang siping ito inuugnay: (1) sa nananampalatayang mga Hudyo o (2) sa mga di-nananampalatayang Hudyo? Ang gamit ng "mga kapatid" sa 3:1 at ang idinagdag na pariralang "mga kalahok sa isang makalangit na pagkakatawag" at "mga kapatiran" sa 3:12 ay naghihingi na ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya.

Saan ngayon nauugnay ang babala sa: (1) kaligatsan ba o (2) sa katapatan? Sa konteksto ito ay waring tumutukoy sa katapatan; si Hesus ay matapat, sila ay dapat na maging matapat. Ang mga Hebreo ay tinitignan ang buhay Kristyano mula sa simula hanggang sa wakas (cf.14), hindi ang panimula(gaya ni Pablo).

Ang "paglayo" ng v. 13 ay dapat na nakaugnay sa patuloy na pananampalataya at katapatan. Ang

mga Israelita ay may pananampalataya, ngunit hindi gumagana, masunuring pananampalataya. Tinanggihan nila ang pangako ng Diyos ng lupain na masaganang gatas at pulot pukyutin sa pamamagitan ng pagtanggap ng ulat ng mga espiya (cf. Bilang 13-14), hindi ang kanilang paniniwala sa Diyos. Sa kontekstong ito "paglayo" ay hindi nangangahulugang "paglayo sa pananampalataya," ngunit "paglayo sa pagiging matapat"! Gayunpaman, ang pareho ay kinakailangan para sa isang malusog na pananampalataya. Tignan puna sa 3:16-18.

Ang Diyos ay laging lumalapit sa atin sa isang tipanan na pakikipagrelasyon. Dapat tayong tumugon sa pananampalataya at katapatan. Ang Makapangyarihang Diyos ay pinayagan tayo na makisalamuha sa ating panimulang desisyon at sa patuloy na pagdidisipulo. Ang may-akda ng Hebreo ay napakahirap na sundan dahil sa mga sumusunod

1. siya ay gumagamit ng rabinikal na mga lohiko at herminutiko
2. siya ay nagpapahayag sa dalawang grupo
   a. nananampalatayang mga Hudyo
   b. di-nananampalatayang mga Hudyto
3. tinitignan niya ang Kristyanong katiyakan at katagumpayan mula sa kriteryon ng katapatan at gayon din ang pananampalataya
4. nagpopokus siya sa pagiging matapat hanggang sa wakas (cf. 4:14; kabanata 11). Tinitignan niya ang buhay Kristyano mula sa katapusan nito, hindi sa pasimula.

Ang pariralang "ang buhay na Diyos" ay isang paglalaro sa tipanan pangalan ng Diyos na YHWH, na nagmula sa Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo3:14). Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan para sa Pagkadiyos sa 2:7. Ang mga mambabasa na ito ay hindi tinanggihan si YHWH,ngunit ang ironya ay ang pagtanggi sa ebanghelyo ni Hesukristo, sa katotohanan, ay isang pagtanggi kay YHWH (cf. I Juan 5:9-12).

**NATATANGING PAKSA: APOSTASYA(*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA**

Ang Griyego salitang ito *aphistēmi* ay mayroong malawak na semantikong larangan. Gayunpaman, ang Ingles na salita na "apostasya" ay nagmula sa salitang ito at pumipinsala sa pagkakagamit nito sa mga modernong mga mga mambabasa. Ang konteksto, na siyang palagi, ang susi, hindi ang pangkasalukuyang katuringan.

Ito ay tambalang terminn na mula sa preposisyon na apo, na ang ibig sabihin ay "mula sa" o "malayo sa" at histēmi, "umupo," "tumayo,"o "manatili." Pansinin na ang mga sumusunod (hindi panteolohikal) na pagkakagamit.

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa tao, Marcos 12:12; 14:50; Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin ng politikal, Gawa 5:37
3. alisin ng relasyonal, Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin ng legal (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) and NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:24
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; 22:27; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. kanselahin, patawarin, pigilin ang sakit ng kasalanan, Exodo32:32 (LXX); Bilang 14:19;

Job 42:10 and NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26

2. magpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. magpabaya sa pamamagitan ng paglayo mula sa
   a. sa Batas, Mateo 23:23; Gawa 21:21
   b. sa pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II Tesalonica. 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 3:12

Ang mga modernong mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong mga katanungan na ang mga NT na manunulat ay kalian man ay hindi naisip. Ay isa sa mga ito ay maaring maiuugnay sa modernong pagkahilig na paghiwalayin ang pananampalataya sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na naging kasangkot sa mga tao ng Diyos at may mga bagay ang nangyari.

I. Lumang Tipan
   A. Yaong mga nakarinig sa ulat ng labindalawa (sampu) mga espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
   B. Korah, Bilang 16
   C. mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
   D. Saul, I Samuel 11-31
   E. Mga bulaang Propeta (mga halimbawa)
      1. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang malaman ang huwad na propeta)
      2. Jeremias 28
      3. Ezekiel 13:1-7
   F. Mga bulaang babaeng propeta
      1. Ezekiel 13:17
      2. Nehemiah 6:14
   G. Mga masasamang pinuno ng Israel (mga halimbawa)
      1. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
      2. Ezekiel 22:23-31
      3. Micah 3:5-12
II. Bagong Tipan
   A. Ang Griyego salitang ito ay literal na *apostasize*. Ang Luma at Bagong Tipan ay parehong kinunpirma ang intensipikasyon ng masama at huwad na katuruan bago ang Ikalawang Pagbabalik (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Mga Gawa 20:29,30; II Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyego salitang ito ay maaring nagpapakita ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na magtatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Tang mga huwad na guro ay walang duda na hindi Kristyano, ngunit sila ay nagmula sa loob (cf. Mga Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na mang-akit at makuha ang hindi hinog na mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12)..

      Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga huwad na guro ay minsan naging mananampalataya? Napakahirap nitong sagutin sapagkat mayroong mga huwad na guro sa mga lokal na eglisya (cf. I Juan 2:18-19). Madalas an gating teolohikal o denominasyonal na tradisyon ang sumasagot sa katanungang ito na walang kaakibat na particular na mga teksto sa Bibliya (maliban sa patunay na mga teksto na metodolohiya sa pagsisipi ng mga talata na di ayon sa konteksto ang siyang nagpapatunay sa pagkiling ng isang tao)..
   B. Mga Waring pananampalataya
      1. Hudas, Juan 17:12
      2. Simon Magnus, Gawa 8
      3. Yaong mga binanggit sa Mateo 7:13-23
      4. Yaong mga binanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
      5. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59

6. Alexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
7. yaong sa I Timoteo 6:21
8. Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
9. Demas, II Timoteo 4:10
10. bulaang mga guro, II Pedro 2:19-22; Jude vv. 12-19
11. mga antikristo, I Juan 2:18-19

C. Walang bungang pananampalataya
   1. I Corinto 3:10-15
   2. II Pedro 1:8-11

Madalang nating isipin ang mga teksto na ito dahil sa ating mga sistimatikong mga teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, etc.) ay nagdidikta sa mandating pagtugon. Pakiusap huwag niyo akong husgahan dahil sa pinalakit ko ang paksa na ito. Ang aking inaalala ay ang nararapat na herminotikal na pamamaraan. Dapat nating hayaan na ang Bibliya ang magsalita sa atin at huwag nating subukang hubugin ito sa nakatakadang teolohiya. Madalas ito ay masakit at nakakagimbal sapagkat an gating teolohiya ay denominasyonal, kultural, or relasyonal (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilan na nasa Tao ng Diyos ay lumalabas ni hindi Tao ng Diyos (e.g., Roma 9:6)..

**3:13 "Nguni't kayo'y mangagpangaralan sa isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBO PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay dapat na tularan ang Espiritu at ang Anak sa pagpapalakas ng pananampalataya at katapatan (cf. 10:24). Ito ang kaparehong ugat na gaya ng salitang *paraclete*, na ibig sabihin ay "isang tinawag upang makaagay sa pagtulong" at ito gamit ng Espiritu (cf. Juan 14:16,26; 15:26; 16:7) at ni Hesus (cf. I Juan 2:1).

▣ **"Ngayon"** "Ngayon,"ay ginamit sa Awit 95, nagpapakita na ang oras para sa pagtitiwala sa Diyos at sa pagtuklas sa Kanyang kapahingahan ay bukas parin ng gaya ng sa panahon ni David. Ang may-akda ay nagbibigay diin na ngayon ang oras ng pagdedesisyon sapagkat darating ang panahon na ang patuloy na pagtanggi ay magreresulta ng bulag na mata na hindi makakakita (i.e.,walang kapatawarang kasalanan ng mga Ebanghelyo at ang kasalanang naghahantong sa kamatayan ng I Juan).

Walang pumipili ng oras kapag sila ay lumalapit sa Diyos (cf. Juan 6:44,65). Ang ating tanging mapipili ay ang tumugon, at tumugon ng madalian. Ang patuloy na pagtanggi at tahasang di-paniniwala ay nagdudulot ng espirtwal na pagtigas ng puso ng tao (cf. AORIST BALINTIYAK PASAKALI, "maging matigas sa pamamagitan ng mapanlinlang ng kasalanan"). Hindi ito ang kalooban ng Diyos, ngunit hindi maiiwasang resulta ng pagtanggi. Ang sambayanan ng Diyos na umalis sa Ehipto sa pananampalataya ay tumigas ang ulo sa pangako ng Diyos kaugnay sa Lupang Ipinangako. Ang mga mananampalataya ay madalas na nagpapakita ng praktikal na di-paniniwala. Maging maingat sa paghihiwalay sa paunang pananampalataya mula sa nagpapatuloy na pananampalataya (cf. vv. 6,14).

▣ **"baka papagmatigasin ang sinoman sa inyo ng daya ng kasalanan"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK PASAKALI. Ang kasalanan ay binigyan katauhan bilang kaaway na nagpapatigas ng mga puso. Pansinin kung paano ang katotohanang ito ay ipinakita:

1. Mag-ingat mga kapatid (v. 12)
2. upang ang isa hindi magkaroon (v. 12)
   a. di naniniwalang puso
   b. lumayo mula sa Diyos
3. magpalakasan sa bawat isa (v. 13)
4. upang ikaw ay hindi mapatigas ng kasalanan (v. 13)
5. tayo ay mga kabahagi, kung ating iniingatang matibay (v. 14)

Anung makapangyarihan pagpapalakas ay babala ang ipinapakita ng mga talatang ito.

**3:14 "tayo'y nagiging kabahagi ni Kristo"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ito ay nagpapahiwatig ng isang natapos na progreso sa matibay na kalagayan.

▣ **"kung"** Ito ay isang IKATLO KLASE KONDISYONAL na nangangahulugang potensyal na aksyon. Ito ay isa na namang babala ng pagpapaalala sa mga Kristyano na hawakan nila ng mabuti ang kanilang pagpapahayag (cf. 3:6; 4:14; 10:23).

▣

**NASB "kung ating iniingatang matibay ang pasimula ng ating pagkakatiwala hanggang sa katapusan"**
**NKJV "kung ating pinanghahawakan ang ating matimtimang kompiyansa hanggang sa huli"**
**NRSV "kung atin lamang pinanghahawakan ang ating matibay na kompiyansa hanggang sa huli"**
**TEV "kung tayo ay humahawak ng mahigpit sa kompiyansa na mayroon tayo sa pasimula pa lamang"**
**NJB "kung mananatili ang ating pagkakahawak sa paunang mahigpit na pagtitiwala hanggang sa huli"**

Ito ay isang pagbibigay sa pagsusumigasig. Ito ay isang tumpak na biblikal na pagbibigay diin na gaya ng sa seguridad. Dapat sila nakadikit ng mabuti para sa isang biblikal na balanse ng perspektibo (cf.3:6; 4:14; Marcos 13:13; Roma 11:22; I Corinto 15:2; Galacia 6:7-9; I Juan 2:19; Rev. 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Tignan NATATANGING PAKSA: Garantiya o Panagot sa 2:2. Para sa "hanggang sa wakas" tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

Karamihan sa mga biblikal na mga doktrina ay nagmula sa dialektikal o kabalintunaan mga paris. Ang Bibliya ay isang silanganin aklan na gumagamit ng matalinghagang mga wika sa pagpapahayag ng katotohanan sa napakalakas na mga pananalita, ngunit binabalanse ito ng ibang waring magkasalungat ng mga pananalita. Samakatuwid ang katotohanan ay matatagpuan sa pagitan ng dalawang inilahad na mga kasukdulan. Ang mga kanluraning mga tao ay may pagkahilig na mag pruwebang-teksto sa isang bahagi ng kabalintunaan at pinararadikal ang katotohanan sa pamamagitan ng literal at dogmatikong pagpapakahulugan ng isang ekspresyon ng katotohanan ng walang paghahanap at pagiging bukas sa kasalungat na katotohanan. Sa maraming mga paraan ito ay isang pangunahing pinaggalingan ng tensyon sa mga makabagong kanluraning mga denominasyon! Tignan NATATANGING PAKSA sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KRISTYANONG KATIYAKAN**

Ang Kristyanong katiyakan ay (1)isang biblikal na katotohanan, (2)isang karanasan ng mananampalataya, at (3) isang pamumuhay.

A. Ang bibilkal na basihan para sa katiyakan ay
   1. Ang karakter ng Diyos Ama
      a. Genesis 3:15; 12:3
      b. Awit 46:10
      c. Juan 3:16; 10:28-29
      d. Roma 8:38-39
      e. Efeso 1:3-14; 2:5,8-9
      f. Filipos 1:6
      g. II Timoteo 1:12
      h. I Pedro 1:3-5
   2. Ang gawain ng Diyos Anak
      a. Ang Kanyang makasesordoteng pananalangin, Juan 17:9-24, lalo na sa v. 12

b. Ang Kanyang sakripisyong paghahalili
    1) Roma 8:31
    2) II Corinto 5:21
    3) I Juan 4:9-10
c. Ang Kanyang patuloy na intersasyon
    1) Roma 8:34
    2) Hebreo 7:25
    3) I Juan 2:1

3. Ang pagpapalakas ng Diyos Espiritu
    a. Ang Kanyang pagtawag, Juan 6:44,65
    b. Ang Kanyang pagtatak
        1) II Corinto 1:22; 5:5
        2) Efeso 1:13-14; 4:30
    c. Ang Kanyang personal na katiyakan
        1) Roma 8:16-17
        2) I Juan 5:7-13

B. Ang kinakailangang pangkasunduan pagtugon ng mananampalataya ay
    1. panimula at nagpapatuloy na pagsisisi at pananampalataya
        a. Marcos 1:15
        b. Juan 1:12
        c. Gawa 3:16; 20:21
        d. Roma 10:9-13
    2. pag-aalaala na ang layunin ng kaligtasan ay pagiging kahawig ni Kristo
        a. Roma 8:28-29
        b. Efeso 1:4; 2:10; 4:13
    3. pag-aalaala na ang katiyakan ay napapatunayan sa pamamagitan ng pamumuhay
        a. Santiago
        b. I Juan
    4. pag-aalaala na ang katiyakan ay napapatunayan sa pamamagitan ng akitbong pananampalataya at pagpapatuloy
        a. Marcos 13:13
        b. I Corinto 15:2
        c. Hebreo 3:14; 4:14
        d. II Pedro 1:10
        e. Jude 20-21
        f. ang mga pagtatapos na mga pananalita para sa pitong mga iglesya of Rev. 2-3

**NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ***

Ang katagang “nasasakupan” ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang “simula” o “pinanggalingan” ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; Felipos 4:15; II Tesalonica. 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)

Ito'y dumating upang gamitin bilang "tuntunin" o "awtoridad"

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
   a. Roma 8:38
   b. I Corinto 15:24
   c. Efeso 1:21; 3:10; 6:12
   d. Colosas 1:16; 2:10,15

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

**3:15 "kung"** Ito ay isa na namang IKATLO KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, gaya ng sa v. 14, na nangangahulugan ng potensyal na aksyon. Ito ay isang sipi mula sa Awit 95:7-8, na siya naging pokus ng kabanata 3.

**3:16-18** Mayroong tatlong retorikal na mga katanungan sa mga talata na ito (cf. vv. 16,17,18). Kung analohiya na ito ay kinuha ng literal, ito ay parang ang lahat ng namatay sa ilang (cf. Bilang 14), kasama na si Moses, Aaron, at mga tapat na saserdote sa panahon ng rebelyon ng Korah, ay espiritiwal na nawala sa walang hanggan. This is impossible. Ito ay isang paglalaro sa mga salita ng "kapahingahan" at "pagsuway." Ang mga ito ay ang dalawang susing mga termino sa kontekstong ito. Ang Diyos ay may "kapahingahan" para doon sa mga nagtiwala sa Kanya (at patuloy na nagtitiwala sa Kanya), subalit may mga resulta para sa "pagsuway," para sa mga di-mananampalataya at mga mananampalataya!

**3:19** Ang kawalang pananampalataya sa v. 19 ay tumatalakay sa nagpapatuloy na kawalang katapatan ng Israel Sa panahon ng Periyod ng Paglalagalag sa Ilang!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit si Hesus ay tinawag na isang "apostol" sa 3:1?
2. Ilist ang ibat-ibang mga gamit ng "kapahingahan."
3. Ipaliwanag ang "ang pagtitiis ng mga banal."

# HEBREO 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos | | Babala at Paghimok | Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos | Paano Maaabot ang Lupain ng Kapahingahan ng Diyos |
| (3:7-4:13) | Ang Pangako ng Kapahingahan | (3:7-4:13) | (3:7-4:13) | (3:7-4:13) |
| 4:1-11 | 4:1-10 | 4:1-11 | 4:1-11 | 4:1-11 |
| | Ang Salita ay Natutuklasan ang Ating Kalagayan | | 4:8-11 | |
| 4:12-13 | | 4:12-13 | 4:12-13 | 4:12-13 |
| Si Hesus ang Dakilang Saserdote | | | | |
| | Ang Ating Mahabaging Dakilang Saserdote | Ang Tema ni Hesus ang ating Dakilang Saserdote | Si Hesus ang Dakilang Saserdote | Si Hesus ang Mahabaging Dakilang Saserdote |
| (4:14-5:10) | | (4:14-5:14) | (4:14-5:10) | (4:14-5:10) |
| 4:14-16 | 4:14-16 | 4:14-16 | 4:14-16 | 4:14-16 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. vi Paunang mga Puna)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

**MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO**

A. Ang may-akda ay gumagalaw ng papunta at pabalik sa pagitan ng pagiging superiyor ni Hesus at babala sa upang manatiling nakakapit sa Kanya.

B. Ang pagiging higit ni Hesus (bagong tipan) laban sa lumang tipan
   1. Siya ang mas nakahihigit na kapahayagan (ang mga propeta, 1:1-3)

2. Siya ang mas nakahihigit na tagapamagitan (mga anghel, 1:4-2:18)
3. Siya ang mas nakahihigit na tagapaglingkod (Moses, 3:1-6)
4. Siya ang mas nakahihigit na saserdote (Aaron, 4:14-5:10; 6:13-7:28)
5. Siya ang mas nakahihigit tipan (OT, 8:1-13; 9:15-22)
6. Siya ang mas nakahihigit santwaryo (templo, 9:1-11, 23-28)
7. Siya ang mas nakahihigit sakripisyo (mga hayop, 9:12-14; 10:1-18)
8. Siya ang mas nakahihigit bundok (lumang tipan bilang ang Mt. Sinai at bagong tipan bilang ang Mt. Zion, 11:18-29)

C. Sa liwanag ng pagiging superiyor ni Hesus mayroong isang serye ng mga babala laban sa pagtanggi ng Kanyang ebanghelyo (i.e., ang Bagong Tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) o pagbabalik sa Judaismo (i.e., Lumang Tipan).
1. 2:1-4
2. 3:7-4:13
3. 5:11-6:12
4. 10:19-39
5. 12:14-29

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-13**

**[1]Mangatakot nga tayo, yamang may iniwang pangako ng pagpasok sa Kaniyang kapahingahan, baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon. [2]Sapagka't tunay na tayo'y pinangaralan ng mabubuting balita, gaya rin naman nila: nguni't hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na pananampalataya ang nangakarinig [3] Sapagka't tayong nagsisipanampalataya ay nagsisipasok sa kapahingahang yaon; gaya ng sinabi niya,**

**"GAYA NG AKING ISINUMPA SA AKING KAGALITAN,**
**SILA'Y HINDI MAGSISIPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN,"**

**bagama't ang mga gawa ay nangatapos mula nang itatag ang sanglibutan. [4] Sapagka't sa isang dako ay sinabi Niya ang ganito tungkol sa ikapitong araw: "At nagpahinga nang ikapitong araw ang Diyos sa lahat ng Kaniyang mga gawa"; [5]At sa dakong ito ay muling sinabi,**

**"SILA'Y HINDI MAGSISIPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN."**

**[6]Kaya't yamang may natitira pang ibang dapat magsipasok doon, at ang mga pinangaralan nang una ng mabubuting balita ay hindi nangapasok dahil sa pagsuway, [7] Ay muling nagtangi Siya ng isang araw, "Ngayon," pagkatapos ng ilang panahon na sinabi sa mga awit ni David (ayon sa sinabi na ng una),**

**"Ngayon kung marinig ninyo**
**ang Kaniyang tinig, Huwag**
**ninyong papagmatigasin ang**
**inyong mga puso."**

**[8]Sapagka't kung ibinigay sa kanila ni Josue ang kapahingahan, ay hindi na sana niya sasalitain pagkatapos ang ibang araw. [9]May natitira pa ngang isang pamamahingang sabbath, ukol sa bayan ng Diyos. [10]Sapagka't ang pumasok sa Kaniyang kapahingahan ay nagpahinga naman sa kaniyang mga gawa, gaya ng Diyos sa Kaniyang mga gawa. [11]Magsipagsikap nga tayo ng pagpasok sa kapahingahang yaon, upang huwag marapa ang sinoman ayon sa gayong halimbawa ng pagsuway. [12]Sapagka't ang salita ng Diyos ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso. [13] At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay**

**hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan.**

**4:1**
**NASB, NKJV "matakot"**
**NRSV, TEV "mag-ingat"**
**NJB "Mabahala"**

Ang PANDIWA ay isang AORIST BALINTIYAK (deponente) PASAKALI ("mangatakot nga tayo "). Ang mga babala ng Hebreo (cf. 2:1-4; 3:7-13; 4:1-13; 5:11-6:12; 10:26-39; at 12:14-17) ay nagtatamo ng damdamin ng pagkakilabot (cf. v. 11). Ang mga babalang ito ay humihipo ng sukdulang mga usapin ng kaligtasan at kaitayakan.

▣ **"yamang may iniwang pangako ng pagpasok sa Kaniyang kapahingahan"** Ito ay isang nagpapatuloy na paglalaro ng salita (i.e., "Kanyang kapahingahan," cf. vv. 1,3,5,8,9,10,11) kung saan ang may-akda ay gumagamit ng rabinikal hermenutikal na pamamaraan upang pag-usapan ang patungkol sa apat ng mga bahagi ng mga tao sa kasaysayan at pag-asa ng Diyos.

1. Genesis 2:2, ang kapahingahan ng Diyos sa ikapitong araw ng paglikha
2. Bilang 13-14, ang kapahingahan ni Josue na siyang Lupang Pangako
3. Awit 95:7-11 ang kapahingahan ng Diyos ay nakalaan parin sa panahon ni David
4. vv. 1 at 10-11 ang araw ng kapahingahan bilang reperensiya sa kapayapaan sa Diyos at buhay na kasama ang Diyos (langit)

▣
**NASB, NKJV "maging tulad sa di nakaabot niyaon"**
**NRSV "maging bigo na maabot ito"**
**TEV "ang maging bigo na matanggap ang pinangakong kapahingahan"**
**NJB "na siya ay dumating ng huli para sa pangako na makapasok sa *lugar ng kanyang kapahingahan*"**

Ito ay nagpapakita ng isang Hebreong termino *chatha* ("hindi nakaabot sa pamantayan") isinalin bilang *hamartia* ng Septuagint, nangangahulugang "hindi umabot" or "sumablay" (cf. 12:15; Roma 3:23). Isang kaugnay na kahulugan "masyadong huling dumating" (cf. NJB).

**4:2 "tayo'y pinangaralan ng mabubuting balita"** Ito ay tumutukoy sa ebanghelyo patungkol kay Hesukristo, na maaring tanggapin ng lahat sa pamamagitan ng pananampalataya. Bago pa nito tinukoy ito ni Kristo bilang Salita ng Diyos, na ibinigay sa OT sa magkakaibang mga paraan (i.e., "huwag kumain ng bunga ng puno"; "gumawa ng arko"; "sundad mo Ako sa isang lupain"; "sundin ang kautusan"; "pumasok sa Lupang Pangako," atbp.). Bawat tao o grupo ay kailangang maniwala sa Diyos at tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya (i.e., umakto ayon) sa Kanyang Salita sa kanila. Sa Exodo ang mga nananampalataya ay sina Josue at Caleb. Naniwala sila sa pangako ng Diyos patungkol sa Lupang Pangako; karamihan sa mga Israelita ay hindi.

▣ **"gaya rin naman nila"** Ito ay tumutukoy sa mga Israelita na nakinig sa negatibong ulat ng sampung mga espiya. Sina Josue at Caleb, gayumpaman, ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos patungkol sa pagsakop ng Lupang Pangako (cf. Bilang 13-14), bagkus ay nagtiwala, kaya sila ay makakapasok sa Canaan, subalit ang mga kasamahan na di-naniwala ay hindi makakapasok.

▣
**NASB "dahil sa walang kalakip na pananampalataya ang nangakarinig"**
**NKJV "hindi sinamahan ng pananampalataya ng yaong mga nakarinig nito"**
**NRSV "sapagkat sila ay hindi sinamahan ng pananampalataya ng yaon nakapakinig"**

**TEV "hindi nila ito tinggap ng may pananampalataya"**
**NJB "sapagkat hindi sila nakibahagi sa pananampalataya sa yaong mga nakanig"**

Ito ay isang Griyego manuskrito pagbabago sa pariralang ito. Ang pinakamainam na pinatunayang pagbabasa ay mayroong isang GANAP BALINTIYAK AKUSATIBO PANLALAKE PANGMARAMIHAN PANDIWARI, na maaring tumutukoy sa pananampalataya ni Josue at Caleb (cf. NASB, NKJV, NRSV, REB). Ang iba pang opsyon ay ang GANAP BALINTIYAK PALAGYO PANLALAKE PANG-ISAHAN PANDIWARI, na maaring tumukoy sa pananampalataya sa isang mensaheng narinig (cf. TEV, NJB, NIV).

Ang teolohikal na isyu ay nagsasangkot sa pananampalataya (kaligtasan) o kakulangan ng pananampalataya ng mga matatandang Israelita (20 taon at pataas) na sumama sa Exodo. Ang kanila bang kakulangan sa pananampalata sa ulat ng mga espiya ay nangangahulugan na (1) sila ay hindi pinahintulutan na makapasok sa Canaan o (2) sila ba ay hindi pinahintulutan na makapasok sa langit? Ang katanungang ito ay hindi madaling sagutin dahil sa paglalaro ng salita ng may-akda sa terminong "kapahingahan." Ito ang waring pinakamainam na paninindigan sa kanilang panimulang pananampalataya kay YHWH (i.e., kaligatasan), ngunit inamin nila na ang kakulangan nila ng pananampalataya na magtiwala sa Kanyang mga pangako (i.e., pagangkin sa Canaan). Ito ang pinakatanong na may kaugnayan sa unang siglong mga mambabasa. Ang kanilang kakulangan ng pagsusumigasig ay isang tanda na sila ay kailanman ay hindi naligtas o ito ba ay nagpapakita ng kahinaan ng kanilang pananampalataya? Sa kanyang komentaryo sa Hebreo sa *The New International Commentary Series*, F. F. Bruce ay nagsasabi , "Ang praktikal na implikasyon ay malinaw: ito ay hindi pagdinig sa ebanghelyo sa sarili ang nagdadala ng kaligatsan, ngunit ang pag-aangkop nito sa pamamagitan ng pananampalataya; at kung isang dalisay ang pananampalataya, ito ay magiging isang masugid na pananampalataya" (p. 73).

**4:3 "gaya ng sinabi Niya"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO, na paulit-ulit na ginamit upang tumukoy sa kinasihang Kasulatan (cf. 1:13; 4:3,4; 10:5,9; 13:5), na maaring tumukoy sa Diyos Ama o Diyos Anak.

▣ Ito ay isang sipi mula sa Awit 95:11 (gaya ng sa mga v. 5 at 3:11), ngunit isang pagdagdag rin sa alusyon sa OT pabalik sa Genesis 2:2, ang Sabbath ng Diyos (ang ikapitong-araw ng kapahingahan ng paglilikha).

**4:4 "sa isang dako ay sinabi Niya"** Ito ay nagpapakita ng isang rabinikal na idyoma ng paniniwala sa pagkakasi ng buong OT (cf. 2:6). Ang "saan" (i.e., Ang eksaktong lokasyon ng teksto) at "sino" (i.e., ang pantaong may-akda ng teksto), ay hindi kasing halaga ng sa pagiging may-akda ng Diyos sa lahat ng Kasulatan. Hindi ito nagpapahiwatig na ang may-akda nakalimutan kung saan ang reperensiya ng OT matatagpuan.

▣ **"ikapitong araw"** Ang mga rabi ay naninindigan na ang Sabath ng Diyos (i.e., "Ang Araw ng Kapahingahan") ay kailanman ay hindi natapos dahil sa regular na pormula ng Genesis 1, "nagkaroon ng gabi at nagkaroo ng araw. . .," ay kailanman hindi binanggit na may koneksyon sa ikapitong araw ng paglilikha sa Genesis 2:2,3 (cf. Exodo 20:11).

**4:5** Ito ay isang sipi mula sa Awit 95:11.

**4:6 "dahil sa pagsuway"** Ang kawalan ng pananampalataya ay ebidensya ng isang di-pagsunod (cf. 3:18; 4:6,11). Ang mas malaking konteksto ng kabanata 4 ay nagpapakita ng mga pangyayari na itinala sa Bilang 13-14, ngunit ang partikular na kasulatang reperensiya ay ang Awit 95:7-11, na nauugnay sa karanasan ng Israel sa Meribah.

Ang terminong "pagsuway" sa sinaunang Griyegong unsyal na mga manuskrito A, B, D, habang ang "di-paniniwala " ay sa papyri na manuskrito $P^{46}$, at ang sinaunang unsyal na manuskritong א.

**4:7 "nagtangi Siya ng isang araw, "NGAYON," sinabi sa mga awit ni David"** Ang Griyegong termino "nag-aayos" ay ang Englis na termino "guhit-tagpuan," na nangangahulugan ng isang pagtatakda ng mga hangganan. "Sa pamamagitan ni David" ay wala sa Hebreong teksto ng Awit 95:7-8, ngunit ang Septuagint ay tamang nagbibigay kahulugan at pagsisingit sa tradisyonal na may-akda ng Awit. Ang argumento ng may-akda ay batay sa kapahingan Diyos ay bukas parin maging sa panahon ng pamumuno ni David.

Ang Awit 95:7-11ay sinipi ng makailang beses sa konteksto ng mga kabanata 3 at 4. Bawat pagkakataon ay magkakaibang mga bahagi ng sipi ng OT ay binigyan diin (gaya ng isang sermon).

1. 3:7-11 nagbibigay diin sa "huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso" of Awit 95:8
2. 3:15 nagbibigay diin sa "nang tuksuhin nila Ako" of Awit 95:9
3. 4:3,5 nagbibigay diin sa "hindi sila makakapasok sa Aking kapahingahan" of Awit 95:11
4. 4:7 nagbibigay diin sa "ngayon" ng Awit 95:7

**4:8 "kung"** Ito ay isang klaseng IKALAWA KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Si Josue ay hindi dinala ang lahat ng anak ng Israel patungo sa kapahingahan. Ito ay sa pagkakagamit ng terminong "kapahingahan" hindi sa pakahulugan ng Canaan, ngunit sa espiritwal na kapahingahan ng Diyos (cf. vv. 9-10). Mula sa vv. 8-10 halata na ang may-akda ng Hebreo ay gumagamit ng "kapahingahan" sa tatlong makasaysayan/teolohikal na mag pakahulugan:

1. ang Luoang Pangako na Canaan (v. 8, Josue's day, Bilang 13-14)
2. ang pagkakataon na magtiwala sa Diyos (cf. v. 9 i.e., ang araw ni David, Awit 95)
3. ang Genesis 2 (v. 4) kapahingahan ng Diyos sa paglilikha (v. 10)
4. langit (vv. 1 at 11)

▣ **"mga puso"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8.

▣ **"Josue"** Ang King James na salin ay may "Hesus," na sumusunod sa Geneva at Bishops Bibles' na mga salin, ngunit ang konteksto ay nanghihingi ng OT "Josue." Parehong mga pangalan ang nagbaybay sa kagaya (i.e., Josue - Hebreo; Hesus - Aramaic)! Ang sinaunang iglesya ay madalas na gumamit ng Josue bilang isang tipo kay Hesus (cf. Gawa 7:45, kung saan ang kaparehong kamalian sa pagsasalin ang nagawa).

▣ **"Siya"** Ito ay dapat na tumukoy sa Banal na may-akda ng Awit 95.

**4:9** Ito ay isang buod ng paglalahad ng may-akda sa Awit 95. Mayroong unang pasimulang pangako ng kapahingahan (cf. Genesis 2:2); mayroong ikalawang makasaysayang katuparan (Josue); mayroong ikatlo isang kalaunay pagkakataon (araw ni David); at mayroong parin isang ikaapat na oportunidad para sa kahit sino na pumipili na isapamuhay ant pananampalataya sa mga pangako ng Diyos. Pansinin na ang may-akda ay gumagamit ng titulo na "ang sambayanan ng Diyos" para doon sa mga nanampalataya kay Kristo (hindi lamang mga Hudyo).

**4:10,11** Lahat ng mga PANDIWA ng vv. 10-11 ay mga AORIST, na alinman sa (1)punto para sa isang natapos na aksyon o (2) tinitignan ang lahat ng sa buhay bilang isang kabuuan. Ang mga talata 10 at 11 ay ginagawang malinaw na ang "kapahingahan" ng v. 10 tumutukoy sa langit. Ang mga mananampalataya balang araw ay titigil sa pagiging masipag (cf. Pahayag 14:13), ngunit v. 11 malinaw na naninindigan na habang ang pisikal na buhay ay nananatili, ang mga mananampalataya ay dapat na magpatuloy sa pananmpalataya, pagsisisi, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang mga talata 11 ay isang malakas na babala. Ang kaligtasan ay walang pasubali na libre ayon sa natapos na gawa ni Kristo. Ito ay isang regalo ng biyaya mula sa Ama at ang nanghahatol na gawa ng Espiritu. Gayunpaman, ang Dakilang Makapangyarihang Triune na Diyos ay pinila na pakitunguhan ang sangkatauhan ayon sa tipanang pakikipagrelasyon. Ang

sangkatauhan ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon. Ang kaligatasan ay hindi tiket sa langit o isang pansegurong patakaran, ngunit isang araw-araw na pananampalatayang relasyon sa Diyos na umusbong sa progresibong pagiging hawig ni Kristo! Ang tipanan ay may mga benepisyo at mga obligasyon.

**4:11**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Magsipagsikap nga tayo ng pagpasok sa kapahingahang yaon"** |
| **NRSV** | **"Gawin natin ang lahat ng magagawa upang makapasok sa kapahingahan na yaon"** |
| **TEV** | **"Gawin narin ang pinakamahusay natin upang matanggap natin ang kapahingahan na yaon"** |
| **NJB** | **"Tayo ay patuloy sa pagsulong upang makapasok sa *lugar na kapahingahan na ito*"** |

Sa Englis ito ay waring isang nagtataguyod ng makataong pagsasagawa sa pagkamit sa kapahingahan ng Diyos, ngunit ang Griyegong salita ay nangangahulugang "maging masigasig," "maging maagap" (cf. II Tesalonica. 2:17; II Timoteo 4:9).

▣ **"huwag marapa ang sinoman ayon sa gayong halimbawa ng pagsuway"** Tignan 3:18 at 4:6.

**4:12 "salita ng Diyos"** Ang mga talata 12 at 13 bumubuo ng isang pangungusap sa Griyego. Ang termino salita (*logos*) ay hindi personal na tumutukoy kay Hesus, na gaya ng sa Juan 1:1, ngunit sa mga pinagsalitaan ng Diyos (cf. 13:7) o isinulat na mensahe alinman sa OT mga Kasulatan o NT na kapahayagan. Ang sailing-kapahayagan ng Diyos ay inilarawan sa tatlong mga kaparaanan:.

1. Ito ay binigyan katauhan bilang isang mayroong sarili nitong buhay
2. Ito ay kagaya ng matalas na kapangyarihan ng isang espada
3. Ito ay kagaya ng isang alam-ang lahat na hukom (cf. v. 13)

Sa kanyang aklat na *Jewish Christianity*, H. E. Dana ay gumagawa ng suhestyon batay sa malaEhiptong papyring pagkakagamit na ang "salita" (logos) ay nangangahulugang "pagtyantiya" o "pag-aalala sa mga tala." Siya ay naninindigan na ito ay tumutugma sa orhinal na pangkalahatang argumento ng may-akda, na mayroong isang banal na pagtatyantiya sa pamamagitan ng pagsusulit, na gumagamit ng metapora ng isang siruhano (p. 227). Samakatuwid, ang tekstong ito ay hindi isang paglalarawan ng naipahayag na salita ng Diyos, ngunit ang kabatirang paghuhusga ng Diyos. Ito ay kawili-wili, ngunit ang may-akda ng Hebreo ay gumamit ng *logos* ng madalas para sa salita ng Diyos (cf. 2:2; 4:2; 5:13; 7:28; 13:7) at gayundin ang Griyego termino para sa binigkas na salita, *rhēma* (cf. 6:5; 11:3).

▣ **"buhay, at mabisa, at matalas kay sa"** Ito ay nagpapakita sa Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng binigkas na salita ng Diyos (cf. Gen 1:1,3,6,9,14,20,24,26; Awit 33:6,9; 148:5; Isa. 40:8; 45:23; 55:11; 5:17-19; Mateo 5:17-19; 24:35; I Pedro 1:23).

▣ **"matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim"** Ito ay nagsasalita sa matalas na kapangyarihan ng salita ng Diyos (cf. Juan 12:48 at Pahayag 1:6; 2:12,16, ito ay ginamit kay Hesus).

▣ **"kaluluwa at espiritu"** Hindi ito isang ontolohikal na paghihiwalay sa dalawang bahagi ng sangkatauhan, ngunit isang pandalawahang relasyon sa parehong planetang ito at sa Diyos. Ang Hebreong salita na *nephesh* ay ginamit sa parehong sangkatauhan at sa mga hayop sa Genesis, habang ang "espiritu" (*ruah*) ay ginamit ng natatangi sa sangkatauhan. Ang salita ng Diyos ay nanunuot sa pangkaloob-loobang sarili ng sangkatauhan. Hindi ito isang pruwebang-teksto sa kalikasan ng sangkatauhan bilang dalawang bahagi (dikotomus) o tatlong bahagi (trikotomus) na nilalang (cf. I Tesalonica 5:23). Ang sangkatauhan ay pangunahing kinakatawan sa Bibliya bilang isang kaisahan (cf. Genesis 2:7). Para sa isang mabuting buod ng mga teorya sa sangkatauhan bilang trikotomus, dikotomus, o

isang kaisahan, tignan Millard J. Erickson's *Christian Theology* (ikalawang edisyon) pp. 538-557 at Frank Stagg's *Polarities of Man's Existence in Biblical Perspective*.

▣ **"at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso"** Sa Hebreong kaisipan ang "puso" ay kumakatawan sa buong kabuuan at sa kanilang panloob na motibasyon. Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8. Alam ng Diyos ang tunay na pananampalataya at huwad na pananampalataya.

**4:13 "walang anomang nilalang na hindi nahahayag"** Kilala tayo ng Diyos ng lubusan (cf. I Samuel 16:7; Awit 7:9; 33:13-15; 139:1-4; Kawikaan 16:2; 21:2; 24:12; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12; Lucas 16:15; Gawa 1:24; 15:8; Roma 8:27).

▣

**NASB** **"sa Kaniyang paningin"**
**NKJV** **"hubad at bukas"**
**NRSV** **"hubad at lantad"**
**TEV** **"nakahayag at naiwang bukas"**
**NJB** **"walang takip at buong unat na nakabukas"**

Ang metaporang ito ay literal na nangangahulugang "ilantad ang leeg sa pamamagitan ng pag-angat sa baba." Ang OT metapora na ito ay isang babala upang hatulan; ito ay tumutukoy sa pagkikipag kita sa Diyos ng mukha-sa-mukha sa araw ng paghuhukom, na Siyang may buong kaalaman sa lahat ng ating mga motibo.

**TALATA SA NASB : 4:14-16 (mas buong panitikang yunit sa 5:10)**

**[14]Yaman ngang tayo'y mayroong isang lubhang dakilang saserdote, na pumasok sa kalangitan, si Hesus na Anak ng Diyos, ay ingatan nating matibay ang ating pagkakilala. [15]Sapagka't tayo'y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang kasalanan. [16]Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.**

**4:14 "isang lubhang dakilang saserdote"** Ang may-akda ay unang binabanggit si Hesus bilang isang dakilang saserdote sa 3:1-6. Pagkatapos ng mga babala at paghihimok sa 3:7-4:13, siya ngayon ay bumalik sa paksa. Ang kaparehong tularan na ito ay sinundan sa mga babala sa 5:11- 6:12 at sa mga talakayan sa pangsaserdoteng mga tungkulin ni Hesus sa 6:13-10:39. Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:17.

Ang Hebreo ang tanging aklat sa NT na tumatawag kaw Hesus na "dakilang saserdote." Ang paghahalintulad ng may-akda sa Mosaik na tipanan at ang bagong tipan ay nagpapatuloy. Ito marahil ay mahirap para sa mga sambayanan ng Hudyo na tanggapin at maunawaan. Si Hesus ay hindi sa makasaserdoteng tribu ng Levi. Gayunpaman, si Hesus ay tinawag na "isang saserdote" sa 1:3; 2:17,18; 3:1. Sa OT ang Mesyas ay tinawag bilang saserdote sa tanging dalawang mga konteksto: Awit 110 at Zech. 4, pareho na maharlika at makasaserdoteing mga aspeto.

▣ **"na pumasok sa kalangitan"** Ito ay nasa GANAP PAMANAHON. Si Hesus ay nakadaan mula sa mga kalangitan (kahit mayroong 3 o 7), Siya ay bumalik sa presensya ng Ama, at ang resulta ng Kanyang pagdating (pagkakatawang tao) at pag-alis (asensyon) ay nananatili. Samaktuwid, ang mga mananampalataya ay maaari ngayong, sa pamamagitan ng Kanyang ahensya, ay makakapasok rin sa mga kalangitan. Sa Nostik na kaisipan, ang mga langit ay mga malaanghel na hadlang (aeons), ngunit sa OT sila ay mga

1. Ang atmospera kung saan ang mga ibon ay lumilipad

2. Ang mga bintana ng langit kung saan ang ulat ay dumarating mula sa
3. Ang maluningning na langit ng araw at buwan
4. Ang pinakapresensya ng Diyos

Mayroong labis na talakayan ng mga rabi sa kung mayroong tatlo o pitong mga langit (cf. Efeso 4:10; II Corinto 12:2). Ang pariralang ito ay ginamit rin ng mga rabi sa paglalarawan sa makalangit na tabernakulo, na tumutugma ng pinamahusay sa kontekstong ito (cf. 9:23-28).

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA LANGIT**

Sa OT, ang salitang "langit" ay kadalasang PANGMARAMIHAN (i.e., *shamayim*, BDB 1029). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "taas." Ang Diyos ay tumatahan sa kaitaasan. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng kabanalan at pagkamataas ng Diyos.

Sa Genesis 1:1 ang PANGMARAMIHAN "mga kalangitan at lupa" ay pinapakitang ang Diyos ay lumikha (1) ng himpapawid na nasa taas ng mundong ito o (2) isang daan upang ipahayag ang lahat ng katotohanan (i.e., espirituwal at pisikal). Mula panimulang pagkaunawa, ang ibang mga teksto ay nakitang nagbanggit ang mga "antas ng langit" (cf. Awit 68:33) o "langit at ang langit ng mga kalangitan" (cf. Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Nehemiah 9:6; Awit 148:4). Ang mga Rabi ay ipinagpapalagay na mayroong

1. dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b)
2. tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. of Isa. 6-7; Midrash Tehillim sa Awit 114:1)
3. limang langit (III Baruch)
4. pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. of Isa. 9:7)
5. sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1)

Ang lahat ng ito ay naglalayong ipakita ang pagkahiwalay ng Diyos sa pisikal paglilikha at/o ang Kanyang pagkamataas. Ang pinaka-karaniwang bilang ng mga langit sa Rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, *Everyman's Talmud* (p. 30), ay nagsasabing ito ay kaugnay sa mga panghimpapawid na kabilugan, ngunit sa aking pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig sa pito bilang ganap na bilang (i.e., mga araw ng paglilikha, pang-pito bilang araw ng pamamahinga ng Diyos sa Genesis 1).

Si Pablo, sa II Corinto 12:2, ay binaggit ang "ikatlong" langit (Griyego *ouranos*) bilang daan upang makilala ang personal at dakilang presensiya ng Diyos. Si Pablo ay may personal na pagtatagpo sa Diyos!

▣ **"Hesus"** Posibleng na ito ay isang tipolohikal na paglalaro kay Hesus bilang ang bagong Josue. Ang kanilang mga pangalan ay eksaktong magkapareho (i.e., Josue - Hebreo; Hesus - Aramaic). Ang may-akda ng Hebreo ay ipinahihiwatid sa materyal ng Exodo ng may kalawakan. Gaya ng pagdala ni Josue sa sambayanan ng Diyos patungo sa kapahingahan ng Lupang Pangako, ganun din, si Hesus ay dadalhin sila sa langit.

▣ **"ang Anak ng Diyos"** Ito ay parehong banal na OT titulo na iniligay kay Hesus ng Nazareth at ang pagpapatuloy paring pagbibigay diin ng may-akda kay Hesus bilang "anak" (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Hindi ito aksidente na ang pagkatao at pagkaDiyos ni Hesus ay magkasamang binigyan diin (cf. Ezekiel 2:1 – tao; Dan. 7:13 – diyos). Ito ang pangunahing poste ng katotohanan sa NT patungkol sa persona ni Kristo (cf. Juan 1:1,14; I Juan 4:1-6).

▣ **"ingatan nating matibay ang ating pagkakilala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI. Ito ang pagpapatuloy na pagbibigay diin sa pangangailangan ng pagtitiis (cf. 2:1; 3:6,14). Dapat nating ibalanse ang ating panunag desisyon (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13) ng nagpapatuloy na pagdidisipulo (cf. Mateo 7:13-27; 28:19-20; Efeso 1:4; 2:10). Ang pareo ay krusyal! Ang pananampalataya ay dapat na umusbong sa pagiging matapat! Para sa isang talakayan ng terminong

"pagpapahayag," tignan puna sa 3:1.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS**

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

1. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
2. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
3. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang isyu ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

1. mga talata sa katiyakan
   a. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   b. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Felipos 1:6; 2:13; II Tesalonica. 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   c. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)
2. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   a. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag2:7,17,20; 3:5,12,21)
   b. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Felipos 2:12; 3:18- 20; Colosas 1:23)
   c. mga pahayag ng may-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   d. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   e. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. I. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

Mayroong isang makasaysayang teolohikal na kontrobersiya na nagsasangkot kay Augustine

laban kay Pelagius at Calvin laban kay Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay nagsasangkot sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay na naligtas, dapat ba siyang magtiis o magsumikap sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na dakila at nagpapanitiling kapangyarihan ng Diyos (Juan 10:27-30; Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro 1:3-5) at mga PANDIWA PAMANAHON gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na nagbababal sa mga mananampalataya na "kumapit," "makatagal," o "magpatuloy" (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I Corinto 15:2; Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 ay magagamit, ngunit marami sa mga Arminians ay ginamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tinutugunan ang isyu na tila pananampalataya, gaya ng ginawa ng Juan 8:31-59. Sinasabi nga ng mga Calvinists ang GANAP PAMANAHON PANDIWA ay ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians ay binanggit ang PANGKASALUKUYAN PAMANAHON mga sipi gaya ng I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikal na sistema ay inabuso ang pruwebang-teksto metodolohiya ng pagbibigay kahulugan. Madalas isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang buuin ang isang teolohikal na grid na kung saan lahat ng ibang teksto ay nakikita. Maging maingat sa mga grid na mula sa anumang pinanggalingan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hindi kapahayagan. Ang Bibliya ay silanganing aklat. Ito ay kumakatawan sa katotohan ng puno ng tensyon, waring kabalintunaan mga pares. Ang mga Kristyano ay inaasahang manindigan sa pareho at mamuhay sa loob ng tensyon. Ang NT ay kumakatawan sa parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagiging makadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimula na pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya na sinusundan ng isang nagpapatuloy na pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi isang produkto (isang tiket o isang panségurong patakaran sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdidisipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PAMANAHON:

AORIST (natapos na aksyon), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5
GANAP (natapos na aksyon na may kasamang nagpapatuloy na resulta), Efeso 2:5,8
PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na aksyon), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15
PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mga pangyayari), Roma 5:8,10; 10:9; I Corinto 3:15; Felipos 1:28; I Tesalonica. 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

**4:15 "mahabag sa ating kahinaan"** A. T. Robertson ay nagbibigay ng iba pang posibleng alternatibong salin, "nakipagbata sa ating mga kahinaan" (cf. 2:17-18). Si Hesus kailanman ay hindi nagkaroon ng kasalanang kalikasan at kailanman hindi tutugon sa kasalanan,ngunit Siya ay nalantad sa tunay na tukso dahil sa kasalanan ng sanlibutan.

▣ **"tinukso"** Ang termino (*peirazō*) ay may konotasyong "tuksuhin na may paningin patungo sa pagkawasak" (cf. 2:18; 3:9; 11:37). Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang natapos na estado sa pamamagitan ng isang panlabas na kinatawan, gaya ng manunukso. Ang terminong ito ay isang titulo para kay Satanas ("ang isan nananunukso") sa Mateo 4:3 (saka pansinin ang Marcos 1:13). Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:18.

▣ **"sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang kasalanan"** Si Hesus ay parehong ganap na Diyos at ganap na tao, gayunman nauunawaan Niya tayo! Gayunpaman, Siya ay hindi nakilahok sa pagrerebelde at pagsasarili ng makasalanang sanlibutan mula sa Ama (i.e., ang

insente, ang Nag-iisang walang kasalanan, cf. 2:17-18; 7:26; Lucas 23:41; Juan 8:46; 14:30; II Corinto 5:21; Felipos 2:7-8; I Pedro 1:19; 2:22; 3:18; I Juan 3:5).

**4:16 "Magsilapit nga tayong"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA (deponente) PASAKALI, na nagbibigay diin sa patuloy na pagkakasangkot ng paksa, ngunit may kasamang elemento ng walang katiyakan ng anumang mangyayari. Ito ay isang teknikal na termino sa Septuagint (LXX) para sa isang saserdote na lumalapit sa Diyos. Sa Hebreo ang terminong ito ay ginamit sa kakayahan ng makasalanang sangkatauhan na makalapit sa Diyos dahil sapagsasakripisyo ni Hesus (cf. 4:16; 7:25; 10:1,22; 11:6).Si Hesus ay ginawa ang Kanyang mga tagasunod na isang "kaharian ng mga saserdote" (cf. Exodo19:5,6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).

▣ **"may pagkakatiwala"** Ang termino "pagkatiwala" ay nangangahulugang "kalayaan na magsalita ng matapang." Mayroon tayong kalayaan, at samakatuwid, katapangan, na lapitan ang pinakapresensya ng Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo (cf. 10:19,35). Ito ay ang parehong simbolo ng pagkapunit ng telon sa Templo ni Herodes sa Jerusalem sa araw ng kamatayan ni Hesus (cf. Mateo 27:51; Marcos 15:38; Lucas 23:45). Sa pamamagitan ni Hesus, ang makasalanang mga tao ay maari na ngayong makalapit sa harap ng isang banal na Diyos kung saan nakatatanggap sila ng awa at biyaya, hindi kondemnasyon.

▣ **"sa luklukan ng biyaya"** Ito ay maaring isang paligu-ligoy na salita para sa Diyos, gaya ng gamit ng BALINTIYAK TINIG. Ang may-akda ng Hebreo ay tinitignan ang langit bilang isang espiritwal na tabernakulo (cf. 9:11,24), ngunit isa rin makalangit na trono (cf. 1:8; 4:16; 8:1; 12:2).

▣ **"upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan"** Ang konteksto ay nagsasalita sa mga babala laban sa hindi pagkapit ng mahigpit sa ating pagpapakilala. Ang Diyos ay tiyak na tutulungan tayo sa panahon ng pagsubok at mga tukso (1) sa pamamagitan ni Hesus at (2)sa pamamagitan ng Kanyang sariling karakter.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang kabanatang ito ay napakahirap nating maunawaan?
2. Bakit ang pagbibigay diin sa "kumapit" ay paulit-ulit sa Hebreo?
3. Mayroon bang alinmang teolohikal na kahalagahan kay Hesusna tawaging parehong "Hesus" at "Anak ng Diyos" sa v. 4?
4. Anu ang ibig sabihin na si Hesus ay "nakadaan sa mga kalangitan"?
5. Paanong ang pagtitiis ay nauugnay sa seguridad ng mananampalataya?

# HEBREO 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus ang Dakilang Punong Saserdote | | Ang Tema ni Hesus ang Ating Punong Saserdote | Si Hesus ang Dakilang Punong Saserdote | Si Hesus ang Mahabaging Punong Saserdote |
| (4:14-5:10) | Mga Katangian Para sa Punong Saserdote | (4:14-5:14) | (4:14-5:10) | (4:14-5:10) |
| 5:1-4 | 5:1-4 | 5:1-6 | 5:1-6 | 5:1-10 |
| | Isang Saserdote Magpakailanman | | | |
| 5:5-10 | 5:5-11 | | | |
| | | 5:7-10 | 5:7-10 | |
| Babala Laban sa Apostasya | | | Babala Laban sa Pagtalikod sa Pananampalataya | Buhay Kristyano at Teolohiya |
| (5:11-6:12) | | | (5:11-6:17) | |
| 5:11-6:8 | Espiritwal na Di-Ganap | 5:11-14 | 5:11-14 | 5:11-14 |
| | 5:12-14 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. vi sa Paunang mga Puna)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

**MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO**

A. Sa 3:1 dalawang mga termino ang ipinakilala upang ilarawan si Hesus: "apostol" at "punong saserdote." Ang ikalawa ay natatanging hinubog sa Hebreo (cf. 2:17; 3:!; 4:14-15; 5:5,10; 6:20;

7:26,28; 8:1,3; 9:11; 10:21).

B. Ang may-akda ng Hebreo ay alam na ang konsepto kay Hesus bilang punong saserdote sa lahi ni Melchizedek ay nakapahirap para sa kanyang mga Hudyong Kristyanong mambabasa na tanggapin.
C. Ang panitikang yunit, 5:11-6:20, ay isang panaklong sa talakayan ng may-akda patungkol kay Melchizedek upang bigyan babala ang parehong nananampalataya at di-nananampalatayang mga Hudyo.

D. Sa 5:11-6:20 mayroon tayong tatlong susi ang PANGHALIP: “kami” (5:11); “kayo” (5:11-12–tatlong beses); at “yaong”/”sila” (6:4-8). Ang mga PANGHALIP ay nagpapakita ng tatlong pagkakagrupo
   1. “kami” at “tayo,” 5:11; 6:1-3, ang manunulat at kanyang misyonaryong koponan
   2. “kayo,” 5:11-12; 6:9-12, ang nananampalatayang mga Hudyo na sinusulatan ng may-akda
   3. “yaong” at “sila,” 6:4-8, ang di-nananampalatayang mga Hudyo na kasama sa pagsamba at mga kaibigan ng mga tagatanggap ng sulat

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-4**

**[1] Sapagka't ang bawa't dakilang saserdote palibhasa'y hinugot sa mga tao, ay inilagay dahil sa mga tao sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang siya'y makapaghandog ng mga kaloob at mga hain namang patungkol sa mga kasalanan; [2] Na makapagtitiis na may kaamuan sa mga di nakaaalam at nangamamali, yamang siya rin naman ay nalilibid ng kahinaan; [3] At dahil dito'y nararapat siyang maghandog dahil sa mga kasalanan, at hindi lamang patungkol sa mga tao, kundi naman sa kaniyang sarili. [4]At sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito, liban na kung tawagin siya ng Diyos, na gaya ni Aaron.**

**5:1-4** Ang mga talata 1-4 ay naglarawan sa OT Levitikal na mga punong saserdote
.
1. nagmumula sa isa sa mga tribu (Levi)
2. tumatayo sa harap ng Diyos sa ngalan ng sangkatauhan
3. nag-aalay ng mga regalo at mga sakripisyo para sa kasalanan (cf. 8:3; 9:9)
4. pinakikitunguhan ng mahinahon ang mga kasalanan dahil siya ay isang makasalanan (cf. Levitico 16:3,6)
5. hindi kumukuha ng personal na karangalan, ngunit pinararangalan ng sa pamamagitan ng pagpili at paggamit ng Diyos

**5:2**
**NASB, NRSV “mahinahon”**
**NKJV “pagkahabag”**
**TEV “may kakayanang maging mahinahon”**
**NJB “makidalamhati”**

Ang Griyegong terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT at hindi lumitaw sa lahat ng Septuagint. Ito ay ginamit sa *Aristeas* 256 upang tumukoy sa pilosopiya ng moderasyon (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 406).

▣ **“di nakaaalam at nangamamali”** Sa OT ang mga kasalanan ng ignorante at silakbo ay napapatawad sa pamamagitan ng sakripisyo (cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14; Bilang 15:22-31), ngunit ang mg akasalanan na pinag-iisipan ay hindi (cf. Deuteronomio 1:43; 17:12,13; 18:20; Awit 51).

Sa *Word Pictures in the New Testament*, Vol. 5, si A. T. Robertson ay gumagawa ng teolohikal na koneksyon sa pagitan ng pinag-isipan na mga kasalanan sa OT na walang kapatawaran sa pamamagitan ng sakripisyo at mga babala ng 3:12 at 10:26. Ang kanyang pahayag ay “para sa sinadyang aposyas (3:12; 10:26) walang kapatawaran ang inalay” (p. 368).

Si Pablo ay naniwala na ang Diyos ay mayroong habag sa kanya dahil sa kanyang pagiging ignorante sa katotohana at hindi sa kanyang intensyonal na pagtanggi sa ebanghelyo.

**5:3 “At dahil dito'y nararapat siyang maghandog dahil sa mga kasalanan, at hindi lamang patungkol sa mga tao, kundi naman sa kaniyang sarili”**
Ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan ng punong saserdote sa pagbabayad-puri para sa kanyang sarili ay matatagpuan sa Levitico 9:7-17 (panimulang konsekrasyon; 16:6-19 Araw ng Pagbabayad-puri; at Hebreo 9:7. Nalaman natin mula sa Hebreo 7:26,27 na si Hesus kailanman ay kailangang gumawa ng isang pag-aalay para sa Kanyang sariling kasalanan, ngunit nauunawaan Niya ang ating pangangailangan (cf. 4:15).

**5:4 “sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito”** Ang Diyos ay nagtalaga ng isang tribu (Levi) at isang pamilaya (kay Aaron, cf. Exodo28:1; I Cronica 23:13) upang umakto bilang mga saserdote (cf. Bilang 16:40; 18:7; I Samuel 12:9-14; II Cronica 16:18).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:5-10**

[5]**Gayon din si Kristo man ay hindi nagmapuri sa kaniyang sarili upang maging dakilang saserdote, kundi yaong sa kaniya ay nagsabi,**

**"IKAW AY AKING ANAK. IKAW AY AKING NAGING ANAK NGAYON";**

[6]**Gaya rin naman ng sinasabi niya sa ibang dako,**

**"IKAW AY SASERDOTE MAGPAKAILAN MAN**
**AYON SA PAGKASASERDOTE NI MELCHIZEDEK."**

[7]**Na siya sa mga araw ng kaniyang laman ay naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang banal na takot.** [8]**Bagama't siya'y Anak, gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis.** [9]**At nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya,** [10] **Pinanganlan ng Diyos na dakilang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melchizedek.**

**5:5 “si Kristo man ay hindi nagmapuri sa kaniyang sarili”** Tignan Juan 8:50,54.

▣ **“maging dakilang saserdote”** Napakahirap na kumbinsihin ang isang grupo ng mga Hudyo na si Hesus ay punong saserdote kung Siya ay hindi nagmula sa lahi ni Levi. Iyan ang layunin ng ekstensibong argumento na ito (cf. 4:14- 5:10; 6:13-7:28) batay sa mga sipi sa OT.

▣ **“kundi yaong sa Kaniya ay nagsabi”** Ang may-akda ay naninindigan na ang Ama ay sinasangayunan ang pinatayog na posisyon ni Hesus sa pamamagitan ng pagsipi sa isang maharlikang susi Awit, 2:7. Ang Ama ay binanggit ang kaparehong Awit na ito na sinamahan ng Isaias 42:1 sa bautismo ni Hesus (cf. 3:17) at sa Kanyang transpigurasyon (cf. Mateo 17:5).

Si Arius (i.e., noong ikaapat na siglo A.D.) sa kanyang teolohikal na pakikipaglaban kay Athanasius patungkol sa buong pagkadiyos ni Hesus) ay ginamit ang ikalawang bahagi ng siping ito upang panindigan na si Hesus ay ang una at pinakamataas sa nilikha ng Diyos (cf. Prov. 8:22-31),ngunit ang lakas ng siping ito ay ang pagiging Anak ni Hesus (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Ang orihinal na Awit ay isang taunang seremonya para sa Hari ng Israel o Judah.

**5:6 "IKAW AY SASERDOTE MAGPAKAILAN MAN AYON SA PAGKASASERDOTE NI MELCHIZEDEK"** Ito ay isang sipi mula sa Awit 110:4. Ang Awit na ito ay natatangi sa katotohanan na ito ay partikular na nagbibigay sa Mesyas parehong isang makasaserdote at makahari na katungkulan (i.e., ang dalawang puno ng olivo, cf. Zech. 4:3,11-14; at i.e., si Josue bilang isang sanga, cf. 6:13). Natutuhan natin mula sa Dead Sea Scrolls na ang mga Essenes ay umaasa ng dalawang mga Mesyas, isang maharlika at isang makasasedote. Si Hesus ay nagampanan ang parehong mga katungkulan. Sa katunayan, natupad Niya ang lahat ng pinahirang OT mga katungkulan: propeta, sasaerdote at hari (cf. 1:1-3).

▣ "**Melchizedek**" Ang buong paglago ng temang ito ay nasa kabanata 7. Ang imahe ay kinuha mula sa Genesis 14:17-20, kung saan siya ay isang Canaanite saserdote/hari ng Salem (Jebus, Jerusalem).

**5:7 "sa mga araw ng Kaniyang laman"** Ito ay tumutukoy kay Hesus, hindi kay Melchizedek. Hindi ito nangangahulugan na ipahiwatig na si Hesus ay hindi parin tao. Si Hesus ay naging Nagkatawang tao at nanatiling Nagkatawang ttao magpakailanman.

▣ **"ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha"** Ito ay marahil na maiuugnay sa karanasan ni Hesus sa Gethsemane sa Mateo 26:37 at Lucas 22:44. Ito ay posibleng may relasyon sa tatlong antas ng panalangin ng mga rabi, na nagpapakita ng matinding emosyon ni Hesus sa Harden ng Gethsemane o ang Kanyang makasaserdoteng panalangin sa Juan 17 sa gabi ng Paskuwang hapunan ng mga disipulo bago pa sa Gethsemane.

▣ **"doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa Kaniya sa kamatayan"** Si Hesus ba ay natakot sa kamatayan? Ang kamatayan ay natural na pantaong pagkatakot at si Hesus ay ganap na tao. Sa kasukdulan sa aking pananaw Siya ay natakot sa pagkasira ng Kanyang pakikisama sa Ama (cf. Marcos 15:34, sinisipi sa Awit 22). Alam Niya kung sino Siya at bakit Siya dumating (cf. Marcos 10:45; Mateo 16:21).

Lahat ng tatlong mga persona sa Trinidad ay kasangkot sa muling pagkabuhay ni Hesus, hindi lamang ang Ama (cf. the Espiritu, Roma 8:11; at si Hesus, Juan 2:19-22; 10:17-18). Madalas ang NT pinagdidiinan na ang Ama ang nagbangon kay Hesus (cf. Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1; Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Tesalonica. 1:10.

Ang pariralang ito ay nagpapakita ng ilang mga OT teksto na naninindigan na si YHWH ay magliligtasa sa Mesyas mula sa pisikal na kamatayan (cf. Awit 33:19; 56:13 o Hosea 13:14) o muli Siyang bubuhayin mula sa kamatayan (cf. Awit 16:10; 49:15; 86:13). Kung ang kontekstong ito ang nagpapakita sa panalangin ni Hesus sa Gethsemane, magkagayun ang opsyon #1 ang pinakamainan.

▣

**NASB "Siya ay dininig dahil sa Kanyang kabanalan"**
**NKJV "Siya'y dininig dahil sa Kaniyang banal na takot"**
**NRSV "siya ay dininig dahil sa kanyang magalang na pagpapasakop"**
**TEV "Dahil siya ay mapagpakumbaba at masunurin, ang Diyos pinakinggan siya"**
**NJB "nakapagwagi ng pagdirining sa pamamamagitan ng kanyang pagkamagalang"**

Ang pariralang ito, gaya ng sa Roma 1:4, ay ginamit upang suportahan ang teolohikal na ereheng konsepto ng "adopsyonismo," na naninindigan na ang Diyos ginantimpalaan ang taong si Hesus dahil sa Kanyang makadiyos, masunuring buhay. Ang NT sa kabuuan ay iprenisinta ang kabalintunaan na si Hesus ay nagkatawang taong diyos at ginantipalaaan para sa Kanyang mabuting paglilingkod! Sa anuman, ang pareho ay totoo.

Ang pagkakaiba sa Englis na mga salin ay nagmula sa kalabuan ng Hebreong termino "takot," lalo na sa pagkakagamit nito sa pakikipagrelasyon ng sangakatauhan sa Diyos. Ito ay tila nangangahulugan ng

"magalang na pagkatakot" o kabanalan, hindi "pagkasindak sa." Ang pangunahing kahulugan nito ay "kumapit ng may kasiguraduhan" sa pakahulugan na ginagawa ang nalamang kalooban ng Diyos.

**5:8 "Bagama't Siya'y Anak"** Ang salitang "anak" ay hindi dapat nasa malaking titik. Ito ay isa na namang serye ng mga pagkukumpara sa pagitan ng isang miyembre ng pamilya laban sa isang tagapaglingkod ng pamilya (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

▣ **"natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na Kaniyang tiniis"** Ang buong seksyon na ito ay nagbigay diin sa parehong Hesus bilang "anak" ng Diyos (cf. 4:14) subalit tao (cf. "sa mga araw ng Siya ay nasa laman" v. 7, 5:7). Siya ay tinukso; Siya ay nanalangin; Siya ay umiyak;Siya ay nagdusa; Natutuhan Niyang sumunod! Napakahirap sa teolohikal na panghawakan ang tunay na pagkadiyos ni Hesus at tunay na pagiging tao bilang isang katotohanan (isang kalikasan). Sa buong kasaysayan ng Iglesya, ang mga erehe ay nahubog sa alinman panig ang pinababa (cf. I Juan 4:1-3).

Napakahirap sa mga mananampalataya na matanto na dapat nilang tularan ang halimbawa ni Hesus. Ito ang problema na nakaharap ng mga tagatanggap. Dapat ba sila, gaya ni Hesus, ay susunod hanggang sa wakas, maging ito man ay magsasangkot ng pagdurusa? Ang pagdurusa ay bahagi ng pakete (cf. 2:10; Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Roma 8:17; II Corinto 4:16-18; I Pedro 4:12-19).

Paano si Hesus maaring mapaganap kung Siya ay Diyos? Ito ay dapat na tumukoy sa Kanyang pantaong paglago (cf. Lucas 2:40,52). Ang pagdurusa ay nagsilbing layunin sa paghubog ng pagtitiwala na hindi magagawa ng ano paman. Kung totoo na ang tunguhin ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay maging wangis ni Kristo (i.e., Roma 8:29; Efeso 4:13), kung gayon bakit ang mga modernong kanluraning Kristyano ay tinatakbuhan ang pinakamekanismo na nagbubunga ng pagkahinog?

**5:9 "At nang Siya'y mapaging sakdal"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK (deponente) PANDIWARI. Ang salitang "sakdal" ay nangangauhulugang "hinog o ganap" o "lubusang inihanda para sa isang nakatalagang tungkulin." Ang kasakdalan o pagkahinog sa parehong kay Hesus at sa Kanyang mga tagasunod ay ang sentrong konsepto sa Hebreo (cf. 2:10; 5:9,14; 6:1; 7:11,19,28; 9:9,11; 10:1,14; 11:40; 12:2,23). Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

▣ **"na mga nagsisitalima sa Kaniya"** Ang pagsunod ay isang ebidensya ng tunay na pagdidisipulo (cf. Lucas 6:46). Si Hesus ay ang ating halimbawa sa lahat ng lugar. Ang pagsunod ay nagbibigay ng ebidensya ng tunay na kaligtatsan!

**5:10 "Pinanganlan ng Diyos na dakilang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melchizedek"** Hanggang ngayon sa Hebreo mayroong tatlong mga titulo para kay Hesus na binanggit: (1) anak, (2) apostol, at (3) punong saserdote. Tignan NATATANGING PAKSA: Si Hesus bilang Punong Saserdote sa 2:17.

▣ **"ayon sa pagkasaserdote ni Melchizedek"** Si Melchizedek ay ipinararating sapagkat siya lamang ang tanging tao sa OT na tinawag na parehong saserdote at hari, at may kasapatang gumaganap sa teolohikal na kinakailangan sa rabinikal na argumentong ito. Si Melchizedek ay manapay isang malaaninong pigura ng Genesis 14:17-20 at Awit 110:4 na ginamit upang ilarawan ang pagiging superiyor ng pagkasaserdote ni Hesus higit sa malaAaron na pagkasaserdote. Tignan buoong talakayan sa kabanata 7.

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:11-14**

**[11]Tungkol sa kaniya'y marami kaming sasabihin, at mahirap na saysayin, palibhasa'y nagsipurol kayo sa pakikinig. [12]Sapagka't nang kayo'y nangararapat nang maging mga guro dahil sa kaluwatan, ay muling kayo'y nangangailangan na kayo'y turuan ninoman ng mga**

**unang simulain ng aral ng Diyos; at naging tulad sa mga nangangailangan ng gatas, at hindi ng pagkaing matigas.**
**[13]Sapagka't bawa't tumatanggap ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran; sapagka't siya'y isang sanggol.. [14]Nguni't ang pagkaing matigas ay sa mga may gulang, sa makatuwid ay doon sa mga sa pamamagitan ng pamimihasa ay nangasanay ang kanilang mga pakiramdam, upang makilala ang mabuti at ang masama.**

**5:11-6:12** Ito ay isang pampanitikang yunit. Ang kabanata at talatang paghahati ay hindi kinasihan at idinagdag lamang sa kalauanan. Tignan Kaunawaan sa Konteksto ng kabanata 6.

**5:11 "Kaniya"** Ang PANGHALIP na ito ay alinman sa PANGLALAKE o PAMBALAKI. Sa aking palagay ang PAMBALAKI ang mas tumutugma ng mainam (cf. NRSV, TEV, NJB, NIV). Samakatuwid, ito ay maaring tumukoy sa Melchizedehang pagkasaserdote ni Hesus. Ang Hebreo 5:11-6:20 ay isang teolohikal na mga panaklong. Ang may-akda ay babalik kay Melchizedek sa kabanata 7.

▣ **"Tayo"** Ito ay isang pampanintikang PANGMARAMIHAN, at tumutukoy sa iisang may-akda.

▣ **"nagsipurol kayo sa pakikinig"** Ang kontekstong ito ay natatangi sa Hebreo dahil sa tatlong PANGHALIP ang ginamit: "kayo" (5:11,12; 6:9-12), "kami" at "tayo" (5:11; 6:1-3,9), at "yaong" (6:4-8). Tignan Kaunawaan sa Konteksto, D. Ito ay waring sumusuporta sa makasyasayang muling pagbubuo na ang akalat ng Hebreo ay isinulat sa isang grupo ng nananampalatayang mga Hudyo ay kontento parin na sumamba sa sinagogang tagpuan na kasama ang di-mananampalatayang mga Hudyo, at hindi lubusang niyakap ang mga konsikwensya ng ebanghelyo.

Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO, na nagbibigay diin sa maayos na estado ng pagkatao. Ang terminong "mapurol" ay ginamit lamang ng dalawang beses sa NT, dito at sa 6:12. Ang may-akda ay nahihirapang ipaliwanag, hindi dahil sa mismong paksa, ngunit dahil sa di-pagkahinog ng mga mambabasa. Naging matigas sila sa pakikinig at naging tamad sa mga espiritwal na bagay.

**5:12 "Sapagka't nang kayo'y nangararapat nang maging mga guro"** Bagamat ang mga mananampalataya na ito ay naging Kristyano na sa loob ng mahabang panahon sila ay hindi lumago at nahinog. Ang haba ng panahon ay hindi direktang nakaugnay sa pagiging hinog. Tila sila ay patuloy sa pakikisama sa mga di-nananampalatayang mga Hudyo sa basihan ng mga di-kontrobersyal na mga paksa (cf. 6:1-2). Ito ay posible (1) upang maiwasan ang persekusyon ng pamahalaan at/o (2) upang maiwasan ang "dakilang komisyon" pangako ng kinakailangan sa mga Kristyano.

▣
**NASB "pasimulang mga prinsipyo"**
**NKJV "unang mga prinsipyo"**
**NRSV "ang pangunahing mga elemento"**
**TEV "ang panimulang mga aralin"**
**NJB "ang mga elemento ng mga prinsipyo"**

Ang terminong ito ay maraming mga posibleng kahulugan (i.e., malawak na semantikong larangan).

1. ang pangunahing mga katuruan ng isang paksa
2. ang pinagmulan ng isang paksae
3. malaanghel na mga kapangyarihan (cf. Galacia 4:3,9; Colosas 2:8)

Sa kontekstong ito ang #1 ang tila pinakamainam. Ang may-akda ay naninindigan na ang mga di-hinog na mga mananampalatayang ito ay kailangan ng pangunahing Kristyanismo na itinuro sa kanila (gamitin # 1), ngunit sa 6:1, ang paliwanag #2 ay tumutugma ng pinakamainam sapagkat 6:1-2 ay naguugnay sa mga Hudyong katuruan, hindi lamang natatanging mga Kristyanong katuruan, na dapat na nilang

lagpasan. Ang Griyegong salita dito ay *stoichea*, habang sa 6:1 ito ay *archē* (tignan NATATANGING PAKSA: *Archē* sa 3:14 (tignan NATATANGING PAKSA: *Archē* sa 3:14.

▣ **"ng aral ng Diyos"** Ang terminong ito ay ginamit sa OT mga katotohanan sa Gawa 7:38 at Roma 3:2.

▣ **"ng gatas, pagkaing matigas."** Ang mga ito ay parehong bigay ng Diyos at parehong nararapat sa takdang panahon. Gayunpaman, ang gatas ay hindi na naaangkop para sa isang matanda (cf. I Corinto 3:2; I Pedro 2:2).

**5:13 "salita ng katuwiran"** Ang nagbibigay kahulugang katanungan ay kung paano ang pariralang ito ay maiuugnay sa "mabuti at masama" ngv. 14? Ang NJB ay isinasalin ang una bilang kaugnay sa doktrina, "ang doktrina ng nagliligtas na katarungan." Ang TEV ay isinasalin sila bilang kahanay sa "tama at mali" (v. 13) at "mabuti at masama" (v. 14). Ang unang parirala ay tumatalakay sa isang problema ng di-pagkahinog, habang ang ikalawa ay tumatalakay sa isang problema ng kakulangan ng aksyon/karanasan.

Posible na ang pariralang ito ay kasalungat ng "ang elementaryang mga prinsipyo" ng v. 12; 6:1. Magakagyon ito ay dapat na tumukoy sa ebanghelyo bilang higit na laban sa mga doktrina ng mga Hudyo ng 6:1-2. Para sa isang pag-aaral ng salita patungkol sa katuwiran tignan NATATANGING PAKSA sa 1:9.

**5:14 "sa mga may gulang"** Ang terminong ito ay mula sa kaparehongGriyegong ugat na isinalin na "sakdal" sa 5:9. Ang *Telos* ay nangangahulugang hinog, lubusang inihanda para sa isang nakatalagang tungkulin. Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11. Ang pagkatao ni Hesus ay isang halimbawa ng katapatan at paglago sa pagkahinog (cf. vv. 8-9), gayan g sa mga buhay ng mga mambabasa. Ang mga mananampalatayang mga Hudyo ay may karanasan ng ilang mga persekusyon (cf. 12:4), ngunit sila ay nagsipagbalikan (cf. "umurong pabalik," 10:38) sa ilang kanya-kanyang kaligtasan ng Judaismo.

▣ **"sa pamamagitan ng pamimihasa ay nangasanay ang kanilang mga pakiramdam"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI, na nagsasalita ng inulit na aksyon na naging pinag-isang maayos na estado ng pagkatao—ang pagprapraktis ay nakakapagperpekto! Ang parehong PANDIWA ay ginamit sa mga disipulo ng Diyos sa 12:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit napakahirap para sa mga Hudyo na tanggapin ang katotohanan na si Hesus ay punong saserdote?
2. Paanong ang pagdurusa ay naiuugnay sa pagkahinog, parehong kay Hesus at sa mga mananampalataya?
3. Anu-anong mga salik ang nagdulot sa mga mambabasang ito na hindi lumago o mahinog?

# HEBREO 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Babala Laban sa Lubusang Pagtalikod sa Pananampalataya | | | Babala Laban sa Pagpapabaya sa Pananampalataya | Ipinaliwanag ng May-akda ang Kanyang Intensyon |
| (5:11-6:12) | | | (5:11-6:12) | |
| 5:11-6:8 | Ang Panganib ng Hindi Pagpapatuloy | Paghimok at Deklarasyon ng Layunin | | |
| | 6:1-8 | 6:1-8 | 6:1-3 | 6:1-8 |
| | Isang Mas Mabuting Pagtatantiya | | 6:4-8 | Mga Salita ng Pag-asa at Pagpapalakas ng Loob |
| 6:9-12 | 6:9-12 | 6:9-12 | 6:9-12 | 6:9-12 |
| Ang Siguradong Pangako ng Diyos | Ang Walang Pagkakamaling Layunin ng Diyos sa Ipinangakong Kristo | | Ang Katiyakan ng Diyos | |
| 6:13-20 | 6:13-20 | 6:13-20 | 6:13-20 | 6:13-20 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa Paunang mga Puna)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

### MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO para sa 5:11-6:12

A. Dahil sa pagkagamit ng PANGHALIP "Tayo/atin" sa 6:1-3, "yaong/sila" sa 6:4-8, at "kayo" sa 6:9-12 at 5:11-12, Ako'y naniniwala na ang dalawang naiibang mga grupo ay ang pinaguusapan sa kabanata 6: nananampalatayang mga Hudyo at di-nananampalatayang mga Hudyo. At saka,

makaHudyong (hindi Kristyano) kalikasan ng pangunahing doktrina ng 6:1-2 ay dapat tumuro sa mga katotohanan na ibinahagi sa Judaismo. Mayroong tila tatlong mga grupo ang binanggit.

1. Ang may-akda at ang kanyang layuning koponan (“tayo” at “atin,” vv. 1-3,9; 5:11)
2. di-nananampalatayang mga Hudyo (“yaong” at “sila,” vv. 4-8)
3. ang nananampalatayang mga Hudyo (“kayo,” vv. 9-12 at 5:11-12)

B. Mayroong naging ilang mga teorya patungkol sa kung sino ang pinagsasabihan.
   1. ito ay isang pagpapalagay (na madalas ay gumagamit ng “kung” sa v. 6)
   2. ito ay tumutukoy sa mga Hudyong di-mananampalataya
   3. ito ay tumutukoy sa tunay na lubusang pagtalikod sa Diyos o apostasya (mga Hudyong mga mananampalataya ay halos babalik na sa OT na pag-asa at mga pamamaraan sa halip na magpatuloy sa pananampalataya kay Hesus bilang Mesyas)
   4. ito ay tumutukoy sa unang siglong sitwasyon <u>lamang</u> (na umuunawa sa makasaysayang tagpuan bilang isang sinagogang tagpuan ng mananampalataya at di-mananampalatayang mga Hudyo)
   5. ito ay tumutukoy sa OT mga halimbawa ng kawalan pananampalataya, hindi kasalukuyang mga mananampalataya

C. Ang mga babala sa 6:1-12 ay dapat na kaugnay sa naunang mga babala sa
   1. mag-ingat na madala ng mabilis sa ligtas daungan, 2:1
   2. mag-ingat sa tahasang di-paniniwala (gaya ng mga Israelita sa OT), 3:12-19
   3. mag-ingat sa pananatiling hindi hinog na mananampalataya, 5:11-14

D. Ang kasulukuyang debate sa iglesya patungkol sa “kapag naligtas ay laging ligtas”; “ligtas, naligaw, at muling naligtas” at “kapag nasa labas laging nasa labas”ay umiikot sa:
   1. ang paggamit sa hiniwalay na mga teksto (pruwebang-teksto)
   2. ang paggamit ng lohikal na deduksyon (priridad ang katwiran kaysa Kasulatan)
   3. ang paggamit ng sistimatikong teolohikal na mga grid (Calvinismo, Arminianismo, Dispensationalismo, atbp.)

E. Mayroong ilang bilang mga biblikal na halimabawa ng mga taong may problema kaugnay sa kanilang pananampalataya (tignan NATATANGING PAKSA sa 6:5), ngunit walang madaling sagot na tataklob sa kanilang lahat.
   1. ang mananampalataya ay naging hindi angkop para sa paglilingkod
      a. karnal na mga Kristyano o tamad na Krsityanong pinuno (I Corinto 3:10-15)
      b. mga sanggol na Kristyano (Hebreo 5:11-14)
      c. mga diskuwalipikadong Kristyano (I Corinto 9:27)
      d. mga Kristyanong hindi ayon sa pinagkaugalian (I Timoteo 1:19-20)
      e. mga di-namumungang Kristyano (II Pedro 1:8-11)
   2. bulaang pagpapahayag ng pananampalataya
      a. parabula ng mga lupa (Mateo 13; Marcos 4)
      b. mga bunga na walang personal na relasyon (Mateo 7:21-23)
      c. bulaang mga guro (I Juan 2:18-19; II Pedro 2:1-19)
   3. posibleng apostasya
      a. Saul (OT)
      b. Judas (NT)
      c. bulaang mga guro (II Pedro 2:20-22)
      d. kinalaunang tagapagbigay kahulugan (Pahayag 22:19 )

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-8**

**[1]Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Kristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at ng pananampalataya sa Diyos, [2]Ng aral na tungkol sa mga paglilinis, at ng pagpapatong ng mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan. [3]At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos. [4]Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan at nakalasap ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo, [5]At nakalasap ng mabuting salita ng Diyos, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating, [6]At saka nahiwalay sa Diyos ay di maaaring baguhin silang muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyan. [7]Sapagka't ang lupang humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila'y binukid, ay tumanggap ng pagpapalang mula sa Diyos; 8Datapuwa't kung namumunga ng mga tinik at dawag, ay itinatakuwil at malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin.**

**6:1-2** Ang listahang ito ng mga doktrina ay nauugnay sa mga isyung pinagsasaluhan ng Judaismo at Kristyanismo. Gayunpaman, sila ay pangunahing mga Hudyo (i.e., paghuhugas at pagpapatong ng mga kamay). Ito ang doktrina na maaaring mapagkakasunduan ng madali ng kapwa nanampalataya at di-mananampalatayang mga Hudyo. Sila ay hindi mga mahalagang teolohikal na mga isyu na may kaugnayan kay Hesus ng Nazareth bilang ang hinulaang Mesyas.

Mayroon tila wastong teorya na ang parirala ay dapat na isinalin na *archē* (elementaryang mga katuruan) bilang "mga pinagmulan ng Mesyas" (cf. A. B. Bruce, *The Epistle to the Hebrew*, p. 197). Maari kaya na isang grupo ng mga Hudyo ay natalugimpan sa lumalagong Hentil na linamnam ng Kristyanismo at sila'y nagtatanong kung paano si Hesus ang nagtupad sa hula at mga pag-aasam sa OT? Maari kaya na ang listahan ng mga doktrina ng Hudyo ay maging pokus ng usapin patungkol sa posibleng pagbalik sa Mosaik na tipanan para sa kaligtasan, sa halip kay Hesus?

**6:1**

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"unang simulain ng aral ni Kristo"** |
| **NKJV** | **"ang talakayan ng panimulang mga *prinsipyo* ni Kristo"** |
| **NRSV** | **"ang pangunahing mga katuruan patungkol kay Kristo"** |
| **TEV** | **"ang pasimulang mga aralin sa mensaheng Kristyano"** |

Ang Griyegong termino *archē* ay mayroong semantikal na larangan (tignan NATATANGING PAKSA sa 3:14). Ang pangunahing ulos ay sa panimula ng ilang bagay (ang unang sanhi ng awtoridad/pangangasiwa). Ito ang kontekstwal na kasalungat ng *teleios* ("pagkahinog" 1b).

Ang problema sa pag-uunawa sa pariralang ito ay ang mga prinsipyo na inilahad savv. 1-2 ay hindi umuugnay sa Mesyas ng higit gaya ng sa tradisyonal na mga katuruan ng Judaismo. Ito ang isa sa mga tekstwal na kadahilanan para sa pagpapalagay na ang aklat ay isinulat sa isang malaHudyong sinagogang tagapanood (cf. 10:25) ng parehong mananampalataya at di-mananampalatayang mga Hudyo (cf. R. C. Graze, *No Easy Salvation*).

▣ **"tayo'y mangagpatuloy"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK PASAKALI, "tayo nga ay mangagpatuloy." Ang pokus ay sa nagpapatuloy na probisyon ng isang banal na ahente! Sila ay susulong patungo sa pagkahinog kung pahihintulutan nila ang kalayaan ng Espiritu na udyukan sila. Ang pinak Griyegong termino ay ginamit ng mga pilosopong Pythagorean para sa pagpapasulong ng isang mas mataas na estado ng pagkakaunawa (cf. A. T. Robertson's *Word Pictures in the New Testament*, p. 373).

▣
**NASB, TEV "kaganapan"**
**NKJV, NRSV "kasakdalan"**
**NJB "pagtatapos"**

Ito ay isang anyo ng Griyegong termino *teleios*, na ginamit lamang dito sa NT. Tignan NATATANGING PAKSA at 7:11. Ito ang kontekstwal na kasalungat ng *archē* of v. 1a (pangunahing mga prinsipyo). Ang mga mananampalatayang ito ay dapat na gumalaw ng lagpas doon sa mga teolohikal na mga paksa na karaniwang kapareho ng kanilang mga kaibigang Hudyo at kapwa mananamba.

▣ **"pagsisisi. . . pananampalataya"** Ang mga ito ay ang luma at bagong tipanang obligasyon, isang negatibo at isang positibo. Ang pagsisisi ay isang napakahirap na paksa sapagkat sa pagkalito ng kahulugan nito. Ang Hebreong terminoay nagpapakita ng isang pagbabago ng aksyon habang ang Griyegong termino ay nagpapakita ng isang pagbabago ng isip. Ang pagsisisi a y pagtalikod mula sa makasarili, makasariling pagdidirekta ng buhay tungo sa makadiyos na sentro, buhay na pinamamahalaan ng Diyos. Si Hesus ay idinugtong ang kakulangan ng pagsisisi sa mga napapariwara (cf. Lucas 13:3,5 at II Pedro 3:9)

1. ang pagsisisi ay ikinakabit bilang isang kasamang obligasyon ng pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38, 41; 3:16; 19; 20:21)
2. Ang Diyos ay pinaninidigan din bilang pinanggagalingan ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25)

**6:2 "paglilinis"** Ang PANGMARAMIHAN ay kailanman hindi ginamit para sa Kristyanong pagbabautismo, ngunit para sa seremonyal na paghuhugas sa OT (cf. Marcos 7:4; Hebreo 9:10). Ang tatlong pares na mga doktrinang ito ay hindi natatanging Kristyano. Sila ay waring karaniwan din sa Judaismo, partikular na doon sa mga Fareseo na nakikibahagi sa Kristyanismo.

▣ **"pagpapatong ng mga kamay"** Ito ay ginamit sa ilang pakahulugan sa OT at NT. Ito ay nagpapakita ng asosasyon sa

1. pagsasantabi ng isa para sa itinalagang tungkulin ng Diyos (cf. Bilang 27:18,23; Deuteronomio 34:9; Gawa 6:6; 13:3; I Timoteo 4:14; 5:22; II Timoteo 1:6)
2. pakikipagkilanlan sa isang sakripisyo
   a. saserdote (cf. Exodo29:10,15,19; Levitico 16:21; Bilang 8:12)
   b. karaniwang mga tao (cf. Levitico 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Chr. 29:23
3. pakikipagkilanlan sa isang binabatong biktima (cf. Levitico 24:14)
4. pananalangin para sa pagpapala (cf. Mateo 19:13,15)
5. pananalangin para sa kagalingan (cf. Mateo 9:18; Marcos 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Lucas 4:40; 13:13; Gawa 9:17; 28:8)
6. pananalangin para pagtanggap ng Espiritu (cf. Gawa 8:17-19; 19:6)

▣ **"pagkabuhay na maguli ng mga patay. . . paghuhukom na walang hanggan"** Ang mga Fareseo at mga Essenes (i.e., Ang Dead Sea Scrolls na komunidad) ay pinanghahawakan ang mga ekastolohikal na mga doktrinang ito na karaniwan din sa Kristyanismo.

**NATATANGING PAKSA: ETERNAL O WALANG HANGGAN**

Si Robert B. Girdlestone, sa kanyang aklat *Synonyms of the Old Testament*, ay may nakakawiling komento sa salitang "eternal":

> "Ang pang-uring *aiōnios* ay ginamit ng higit sa apatnapung beses sa N.T. na may kinalaman sa *eternal life*, na bahaging tinitignan bilang isang pangkasalukuyang regalo, sa isang parte bilang isang pangako para sa hinaharap. Ito rin ay inalalagay sa walang

hanggang pag-iiral ng Diyos sa Roma 16.26; hanggang sa walang hanggan bisa ng pagbabayad puri ni Kristo sa Hebreo 9.12, 13.20; at sa nakalipas na mga panahon sa Roma 16.25, 2 Timoteo 1,9, Tito 1.2.

Ang salitang ito ay ginamit na pantukoy sa *walang hanggang apoy*, Mateo 18.8,25. 41, Jude 7; *walang hanggang kaparusahan*, Mateo 25.46; *walang hanggang paghahatol* o *kondemnasyon*, Marcos 3.29, Hebreo 6.2; *walang hanggan pagkawasak*, 2 Tesalonica 1.9. Ang salita sa mga siping ito ay nagpapahiwatig ng kawakasan, at tila nagpapakita na kapag ang mga paghuhusga na ito ay ipaparusa, ang oras ng probasyon, pagbabago, o ang pagkakataon ng pagbawi ng kayamanan ng isa, ay tuluyan ng mawawala magpakailanman. Nauunawaan nating napakakaunti ang patungkol sa hinaharap, patungkol sa relastion ng buhay ng tao sa lahat ng pag-iiral, at patungkol sa moral na kabigatan ng kawalang pananampalataya, kung titignan sa liwanag ng magsawalang hanggan. Kung, sa kabilang dako, na isang kamalian ang magdagdad sa salita ng Diyos, sa kabila naman dapat hindi tayo mag-babawas sa mga ito; at kung tayo ay susuray sa ilalim ng doktrina ng walang hanggang kaparusahan na gaya ng itinatakda ng Kasulatan, tayo ay dapat na makuntento na maghintay, kumakapit sa Ebanghelyo ng pag-ibig ng Diyos kay Kristo, habang kinikilala na mayroong isang madilim na kaligiran na hindi natin mauunawan" (pp. 318-319).

**6:3 "kung"** Ito ay isang IKATLO KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng isang potensyal na aksyon. A n g Diyos ay magpapahintulot, kung sila ay makikiisa!

**6:4-6a "minsang. . . nakalasap. . . nakabahagi. . nakalasap. . . nahiwalay"** Lahat ng mga PANDIWARI ay mga AORISTS, habang ang v. 6b ay nagsisimula sa mga serye ng PANGKASALUKUYAN PAMANAHONG MGA PANDIWA. Ang mga ito ay lubhang mga malalakas na salit. Ang kahulugan ay waring malinaw: kilala nila ang Diyos sa ilang mga antas, ngunit itinakwil nila ang buong pananampalataya kay Kristo. Gayunpaman, dalawang kontekstwal na mga isyu ang kailangang eksaminahin: (1) ang presensya ng tatlong grupo ("tayo" [vv. 1-3], "yaong" [vv. 4-8], "kayo" [vv. 9-12]) at (2) ang Hudyong mga kalikasan ng mga doktrina sa 6:1-2. Ang mga ito ay tumuturo patungo sa sinagoga na ang mga mananampalataya at di-mananampalatayang mga Hudyo ay sumamba at nag-aral ng magkasama. Ang di-nanampalatayang mga Hudyo ay malinaw na nakita ang kapangyarihan, kaluwalhatian, at katotohanan ng ebanghelyo ng mga Kasulatan at sa patotoo at pagbabago ng mga buhay ng kanilang mga nananampalatayang mga kaibigan.

Mayroong parang dalawang mga babala sa Hebreo: (1)sa mga nananampalatayang mga Hudyo na ipakita ang kanilang pampublikong pposisyon kasama ang pinagmamalupitang iglesya at hindi bumalik sa Judaismo at (2) sa mga di-nananampalatayang mga Hudyo na yakapin si Kristo. Sa maraming mga kaparaanan many ang unang mga babala ay natatangi sa aklat na ito, ngunit ang ikalawa ay napakapareho sa kasalanang walang kapatawaran ng mga Fareseo sa mga Ebanghelyo at ang kasalanan na naghahantung sa kamatayan ng mga bulaang mga guro sa I Juan.

**6:5 "mga kapangyarihan ng panahong darating"** Isa pang halimbawa ng nawala ay nagsasangkot ng kapangyarihan ng panahon na darating sa Mateo 7:21-23. Mayroon silang kapangyarihan ng walang kinakailangang personal na pakikipagrelasyon. Ang kaparehong bagay na ito ay maaring sabihin ng kay Hudas Iscariote (sa mga Ebanghelyo), Simon Magnus (sa Gawa), at mga bulaang mga guro (cf. I Juan 2:18-19). Tignan NATATANGING PAKSA sa 1:2.

▣ **"saka nahiwalay"** Ito ay isang AORIST AKTIBO PANDIWARI. Ito ang teolohikal na karurukan ng Griyegong pangungusap na nagsisimula sa v. 4. Tignan NATATANGING PAKSA: Apostasya sa 3:12.

**6:6**
**NASB "at magkagayon"**
**NKJV "kung"**
**NRSV, TEV "at saka"**
**NJB "at subalit sa kabila nito"**

Mayroong hindi pagkakasundo sa mga Griyegong iskolar sa kung ito ay malumanaw na kondisyonal na istruktura o isang hindi nagbabagong kahanay na istruktura mula sa talata 4. Yaong mga nagpupumilit sa kondisyonal na istruktura ay ginagawa ito para sa teolohikal na layunin ng paninindigan na ang talata 6a ay isang pagpapalagay na sitwasyon. Gayunpaman, lahat ng mga gramatikal na katangiang ito ay nagpapahiwatig na lahat ay nangyari.

1. Ang paulit-ulit na paggamit ng tularan ng mga AORIST PANDIWARI (naliwanagan, natikman, naibahagi, natikman at lumayo)
2. Ang paulit-ulit na paggamit ng "*kai*" (at) na kasama ang huling tatlo
3. the one AKUSATIBONG PANGLALAKE PANGMARAMIHAN PANTUKOY sa v. 4 na nag-uugnay sa lahat ng mga PANDIWARI ng mga talata 4-6

▣
**NASB, TEV,**
**NJB "imposible" (v. 6)**
**NKJV, NRSV "imposible" (v. 4)**

Ang termino ay lumilitaw sa v. 4, ngunit sa mas malaking konteksto ay nagsasama ng v. 6. Ito ang Griyegong termino *dunatos* (kaya) na may kasamang ALPHA NAKAKAGIPIT (hindi kaya). Ang dalawang mga termino ay ginamit ng may konotasyon ng kung anu ang magagawa ng Diyos at hindi magagawa! Ito ay ginamit sa Griyegong Papyri na natagpuan sa Ehipto ng (1) mga lalake na hindi ganun kalakas upang magtrabaho at (2) mga testigo na walang kakayahan magpatotoo. Ito ay apat na beses na ginamit sa Hebreo.

1. imposible na mapanumbalik muli sila sa pagsisisi (6:4)
2. imposible para sa Diyos na magsinungaling (6:18)
3. imposible para sa mga sakripisyo sa OT na makaligtas (10:4)
4. kung walang pananampalataya imposible na mapalugod ang Diyos (11:6)

Sa bawat kaso ang termino ay nangangahulugang s imposible. Samakatuwid, nakakabigla na sina Lowe at Nida sa *Greek English Lexicon of the New Testament* ay nagsasabi "Sa Hebreo 6.4 ang gamit ng *adunaton* ay waring dagliang isang eksaherasyon sa paningin ng mga babala laban sa apostasya (tignan Hebreo 5.11-6.12). Samakatuwid, ang isa ay maaring magsalin ng *adunaton* sa Hebreo 6.4 gaya ng 'ito lubhang napakahirap na'" (p. 669). Ito ay parang mas teolohikal kaysa leksikal kapag ang lahat ng gamit ng salita sa Hebreo ay nag-aangkin ng "imposible."

Ang pag-aatubili na kunin ang terminong ng literal ay dahil sa ito ay nagdadala sa teolohiya ng "kapag lumabas laging nasa labas" kung ito ay tumutukoy sa mananampalataya na iniiwan ang kanilang pananampalataya. Yaong mga grupong denominasyonal na nagtuturo ng apostasya ay nangangaral din ng pagsisisi at muling pagtatalaga. Ang tekstong ito ay waring nagpapababa sa posisyong ito.

Sa maraming mga paraan ang makasaysayang tagpuan ay ang susi sa interpretasyon.

1. dalawang grupo na pinagbibigyan (mananampalataya at di-mananampalatayang mga Hudyo)
2. isa grupo (mananampalatayang Hudyo na hindi nahinog at ngayon ay nag-iisip na bumalik kay Moses) Ito ang kaparehong erehiya sa mga Judaizers sa Galacia na natukso na magtiwala sa mga ritwal ng OT (dagdap pa si Kristo). Si Pablo ay naninindigan na sila ay nahulog mula sa biyaya (cf. Galacia 5:4).

▣ **"baguhin"** Tignan ang sumusunod na NATATANGING PAKSA.

**NATATANGING PAKSA: BINAGONG-LOOB (*ANAKAINŌSIS*)**

Ang Griyegong termino ito sa kanyang ibat-ibang mga anyo (*anakainoō, anakainizō*) ay may dalawang pangunahing mga kahulugan.

1. "magdulot sa isang bagay na maging bago at kakaiba (i.e., mas mabuti)" – Roma 12:2; Colosas 3:10
2. "magdulot ng isang pagbabago sa isang nakalipas na higit na nakabubuting estado" – II Corinto 4:16; Hebreo 6:4-6 (kinuha mula sa Louw at Nida *Greek-English Lexicon*, vol. 1, pp. 157, 594) Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, ay nagsasabi na ang terminong ito ay (i.e., *anakkainōsis*) hindi matatagpuan sa Griyegong panitikan ng mas nauna kay Pablo. Si Pablo ay maaring nilika ang terminong ito ng kanyang sarili (p. 34).

Frank Stagg, *New Testament Theology*, ay may nakakaaliw na komento.

"Ang pagbabalik loob o pagbabagong loob ay nagmumula sa Diyos lamang. Ang *Anakkainōsis*, na salita para sa "pagbabagong loob," ay isang aksyong pangalan, at ito ay ginamit sa Bagong Tipan, kasama ng mga ayong PANDIWA, upang ilarawan ang nagpapatuloy na pagbabagong loob, gaya ng sa Roma 12:2, 'kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip' at 2 Corinto 4:16, 'nguni't ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.' Colosas 3:10 inilalarawan ang 'bagong pagkatao' na gaya ng 'na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong lumalang sa kaniya.' Kaya ang 'bagong pagkatao,' ang 'kabaguhan ng buhay,' ang 'pagbabalik loob,' o 'pagbabagong loob,' gayunpaman gaano man itinalaga, ay matutunton sa panimulang aksyon at ang nagpapatuloy na aksyon ng Diyos bilang ang tagapagbigay at tagasustina ng buhay na walang hanggan" (p. 118).

▣ **"yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili"** Ang Griyegong tamabalan (*anastauroō*) ay maaring mangahulugan ng "ipako sa krus" (o "ipako ng patayo,"ang pinatinding anyo na ito ay nasa JB, NEB at Moffatt na mga salin) o "muling ipako sa krus" (NASB, NKJV, NRSV, TEB, NJB, NIV na mga salin). *The Greek-English-Lexicon of the New Testament* nina Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, ay nagsasabi "sa ekstra-biblikal na Griyego ang terminong ito ay laging nangangahulugang *ipako sa krus*" (p. 61). Si Tertullian ay ginamit ang siping ito upang panindigan na ang natapos na bautismong mga kasalanan ay hindi maaring patawarin.

Ang sinaunang mga Griyegong Ama ay naunawaan ang kontekstong ito at ang tambalang may kasamang *ana* na naghahangad ng "muling ipako sa krus," na sinundan ng halos lahat ng mga modernong Englis na salin. Papaano ito nauugnay ng teolohikal sa apostasya? Ito ay nagpapahiwatig na mananampalataya; gayunpaman, kung ang pinatinding anyo na "personal na ipinako ng patayo" ay susundan, magkagayon ay di-mananampalataya ang mga posibleng tinutukoy. Ang mga interpreter ay dapat na pahintulutan ang teksto, hindi ang kanilang teolohikal na pagkakiling o teolohikal na mga sistema, ang magsalita. Ang tekstong ito ay napakahirap na malinaw na mabigyan kahulugan. Madalas tayo ay nag-iisip na alam natin ang anuman iang kahulugan nito o anuman ang bago tayo makipagsagupa sa

1. ang aklat bilang isang kabuuan
2. ang apat na mga partikular na babala
3. ang partikular na konteksto

Paano man ito bigyan ng kahulugan ng sinoman ang mga teksto na ito, ang mga babala ay seryosos!

▣ **"inilalagay na muli Siya sa hayag na kahihiyan"** Ang terminong ito ay ginamit sa Mateo 1:19 para sa hindi pagpahiya ni Jose kay Maria sa publiko. Paano ito maiuugnay sa konteksto? Ito ay mmaaring simpleng tumukoy sa paunang pagpapako sa krus ni Hesus bilang "pampublikong kahihiyan" ng walang ipinahiwatig na "muli."

**6:8** Ito marahil ay isang ilustrasyon na kinuha mula sa Genesis 3:17-19 o sa Isaias 5:1-2 o posibleng maging sa parabula ng mga lupa sa Mateo 13. Ang pamumunga ay isang normal na ebidensya ng isang totoong propesyon! Pamumunga (cf. Juan 15:5-6), hindi pagsisibol, ay ang ebidensya ng tunay na pakikipagrelasyon kay Kristo. Ang bunga ang ebidensya ng, hindi paraan upang!

**TALATA SA NASB (BINAGO) : 6:9-12**

**[9]Nguni't, mga minamahal, naniniwala kaming lubos sa magagaling na bagay tungkol sa inyo, at sa mga bagay na kalakip ng pagkaligtas, bagama't kami ay nagsasalita ng ganito: [10]Sapagka't ang Diyos ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang ngayo'y nagsisipaglingkod kayo. [11]At ninanasa namin na ang bawa't isa sa inyo ay magpakita ng gayon ding sikap sa ikalulubos ng pagasa hanggang sa katapusan, [12]na huwag kayong mga tamad, kundi mga taga tulad kayo sa mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng mga pangako.**

**6:9 "mga minamahal"** Ang talataang ito ay nagpapakita ng matinding pagmamahal at pag-aaruga na ang may-akda meron sa mga mambabasa. Ang talata 11 ay binabanggit (1) "nais," na maaring maisalin na "dakilang nais" at (2) "bawat isa sa inyo," na nagpapakita ng indibidwal na pagmamalasakit.

▣ **"naniniwala kaming lubos sa magagaling na bagay tungkol sa inyo"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK INDIKATIBO PANGMARAMIHAN. Ang may-akda ay kumpiyansa na ang grupong ito ng mga mambabasa ay mga Kristyano at magpapatuloy na kumilos ng nararapat.

Para sa "mas mabuti" tignan buong puna sa 7:7.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"sa mga bagay na kalakip ng pagkaligtas"** |
| **NRSV** | **"sa mga bagay na nagmumula sa kaligtasan"** |
| **TEV** | **"na nagmumula sa inyong kaligtasan"** |
| **NJB** | **"patungo sa daan ng kaligtasan"** |

Ang Griyegong pariralang ito ay literal na "mayroon (PANGKASALUKUYAN PANGGITNA PANDIWARI) kaligtasan" na nagpapaliwanag sa "mas mabubuting mga bagay" ng v. 9.

**6:10 "upang limutin ang inyong gawa"** Ang Diyos ay maghahatol ng may katarungan batay sa

1. ang aklat ng buhay (cf. Exodo 32:32-33; Awit 69:28; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:12,15; 21:27)
2. ang aklat ng mga gawa (cf. Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16; Mateo 25:31-46; Galacia 6:7)

▣ **"ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal"** Bagamat ang mga nananampalatayang mga Hudyo ay hindi lubusang nakipagkilanlan sa Iglesya sa panahon ng persekusyon nito (cf. 10:32-34). Tandaan na ang Sinagoga ay itinuturing na legal, habang ang iglesya ay ilegal sa batas ng Roma sa periyod na ito!

"Ang mga Banal" (*hagioi*) ay teolohikal na kaugnay sa OT termino "banal" (*kadash*), na nangahulgang "inilaan para sa paglilingkod sa Diyos" (cf. I Corinto 1:2; II Corinto 1:1; Roma 1:1; Efeso 1:1; Felipos 1:1). Ito ay laging PANGMARAMIHAN sa NT maliban sa isang beses sa Felipos 4:21; maging doon, ito ay ginamit sa pangkalahatang konteksto. Ang maligats ay maging bahagi ng isang tipanang komunidad ng pananampalataya, pamilya ng mananampalataya. Ang sambayanan ng Diyos ay banal dahil sa ipinaratang na katuwiran ni Hesukristo (cf. Roma 4 at II Corinto 5:21). Kalooban ng Diyos na sila ay mamuhay ng banal na mga pamumuhay (cf. Efeso 1:4; 2:10; 4:1; 5:27; Santiago 2:14-26; I Pedro 1:16). Ang mga mananampalataya ay parehong idiniklarang banal (sa posisyonal na pagpapaging banal)

at tinawag sa isang pamumuhay ng kabanalan (progresibong pagpapaging banal). Ito ay tipikal sa NT mga teolohikal na tensyon sa pagitan ng "narito na ang Kaharian ng Diyos" at ang "hindi pa na Kaharian ng Diyos."

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL**

Ito ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash*, na may pangunahing kahulgan ng pagsasantabi ng isang tao, isang bagay, o isang lugar para sa eksklusibong paggamit ni YHWH (BDB 871). Ito ay nagpapakilala ng Englis na konsepto na "ang sagrado." SI YHWH ay inihiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kalikasan (eternal na hindi-nilikhang Espiritu) at ang Kanyang karakter (moral na kasukdulan). Siya ang pamantayan na kung saan lahat ay susukatin at hahatulan. Siya ang transendente, ang Nag-iisang Banal, ang Ibang Banal.

Ang Diyos ay nilikha ang mga tao para sa pakikisama, ngunit ang pagbagsak (Genesis 3) ang nagdulot sa relasyonal at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan, Ang Diyos ay pinili na panumbalikin ang Kanyang nakapagiisip na nilikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging "banal" (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalataya pakikipagrelasyon kay YHWH sa Kanyang mga tao na maging banal sa pamamagitan tipanang posisyon sa Kanya, ngunit tinawag rin na mamuhay ng banal (cf. Mateo 5:48).

Ang banal na pamumuhay na ito ay posible sapagkat ang mga mananampalataya ay lubusang tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng buhay at gawa ni Hesus at ang presensya ng Banal na Espiritu at nasa kanilang mga isipan at puso. Ito ay nagtatatag ng kabalintunaang sitwayson ng

1. pagiging banal dahil sa ipinaratang na katuwiran ni Kristo
2. tinawag na mamuhay ng kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu

Ang mga mananampalataya ay "mga banal" (*hagioi*) dahil sa presensya sa ating buhay ng

1. ang <u>kalooban</u> ng Nag-iisang Banal (ang Ama)
2. ang <u>gawa</u> ng Banal na Anak (Hesus)
3. ang <u>presensya</u> ng Banal na Espiritu

Ang NT ay laging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban ng isang beses sa Felipos 4:12, ngunit maging dito ang konteksto ay ginagawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawan, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa personal na pagtanggap, ngunit umuusbong patungo sa isang pangkalahatang pakikisama. Tayong lahat ay pinagkalooban (cf. I Corinto 12:11) para malusog, paglago, at kabutihan ng katawan ni Kristo—ang iglesya (cf. I Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang kabanalan ay isang katangian ng pamilya!

**6:11 "ikalulubos ng pagasa"** Pansinin na ito ay kaugnay sa aksyon ng pamumuhay (cf. Santiago, I Pedro, at I Juan). Ang katiyakan ay hindi ang pangunahing doktrina na paninindigan, ngunit isang buhay na ipinamumuhay (cf. Mateo 7).

▣ **"hanggang sa katapusan"** Ang pagtitiis ay isang tunay na biblikal na doktrina gaya ng kasiguruhan. Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila (cf. Mateo 7; Santiago 2:14-26). Tignan puna sa pagtitiis 4:14, at saka puna sa NATATANGING PAKSA sa 7:11.

**6:12 "mga tamad"** Ang kaparehong terminong ito na gaya ng sa "mahina" (cf. 5:11). Ito ay ginamit na kasalungat sa "kasipagan" sa v. 11. Ang mga mananampalataya na hindi lumago sa pagiging wangis ni Kristo o Dakilang Komisyong mga Kristyano na dapat maging sila (cf. 12:1- 3).

▣ **"kundi mga taga tulad kayo sa mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng mga pangako."** Ito ay maaring pantukoy sa pagtawag sa talaan ng mga pangalan ng

mga tapat sa kabanata 11. Ang mga tapat na ito ng OT mananampalataya ay kumapit hanggang sa wakas sa kabila ng mga matitinding mga labanan at pagsubok, madalas ay nagreresulta sa pisikal na kamatayan (cf. madalas sa kabanata 11 at posibleng sa 12:4). Ang mga pangako ng Diyos ay ang pokus ng talataan, 6:13-20. Sila ay tiyak at tapat sapagkat Siya ay tiyak at matapat!

**NATATANGING PAKSA: ANG PAMANA NG MANANAMPALATAYA**

Ang Kasulatan ay nagsasalita patungkol sa mamanahahin ng mananampalataya inheriting (cf. Gawa 20:32; 26:18; Efeso 1:4; Colosas 1:12; 3:24) ng maraming mga bagay dahil sa kanilang pamilyang pakikipagrelasyon kay Hesus na Siyang tagapagmana ng lahat ng bagay (cf. Hebreo 1:2), at sila bilang kapwa tagapagmana (cf. Roma 8:17; Galacia 4:7) ng

1. ang kaharian (cf. Mateo 25:34, I Corinto 6:9-10; 15:50; Efeso 5:5)
2. buhay na walang hanggan (cf. Mateo 19:29; Hebreo 9:15)
3. mga pangako ng Diyos (cf. Hebreo 6:12)
4. proteksyon ng Diyos sa Kanyang mga pangako (cf. I Pedro 1:4- 5).

**TALATA SA NASB (BINAGO) : 6:13-20**

**[13]Sapagka't nang mangako ang Diyos kay Abraham, palibhasa'y hindi niya maipanumpa ang anomang lalong mataas, ay ipinanumpa ang kaniyang sarili, [14]Na sinasabi, "TUNAY SA PAGPAPALA AY PAGPAPALAIN KITA, AT SA PAGPAPARAMI AY PARARAMIHIN KITA." [15]At sa ganito, nang makapaghintay na may pagtitiis, ay nagtamo siya ng pangako. [16]Sapagka't ipinanunumpa ng mga tao ang lalong mataas: at sa bawa't pagtatalo nila'y ang sumpa sa pagpapatotoo ang siyang katapusan. [17]Sa ganito, sa pagkaibig ng Diyos na maipakitang lalong sagana sa mga tagapagmana ng pangako ang kawalan ng pagbabago ng kaniyang pasiya, ay ipinamagitan ang sumpa, [18]Upang sa dalawang bagay na di mababago, na diya'y di maaaring ang Diyos ay magbulaan, ay mangagkaroon tayo ng isang matibay na kasiglahan, tayong nangagsitakas na sumakanlong upang mangapit sa pagasang nalalagay sa ating unahan. [19]Na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag at pumapasok sa nasa loob ng tabing, [20]Na doo'y pumasok dahil sa atin si Jesus, na gaya ng pangunahin, na naging dakilang saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.**

**6:13-20** Ito ay labis na makapangyarihang pangako ng seguridad at pag-asa batay sa karakter at mga pangako ng Diyos (cf.18a), kung tayo ay tutugon ng nararapat (cf. v. 18b).

**6:13 "nang mangako ang Diyos kay Abraham"** Si Abraham ay binanggit sapagkat siya ay itinuturing na ama ng bansa ng Hebreo kung saan si YHWH ay gumawa ng maraming tipanang mga pangako (cf. Genesis 12,15,17,18,22), at dahil sa kanyang relasyon kay Melchizedek (cf. Genesis 14). Ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay dumating bago paman ang batas at ginamit bilang NT na paradaym ng lahat ng magpapakita ng pananampalataya (cf. Roma 4).

Ito rin ay teolohikal na posible na si Abraham ay pinili dahil ang mga pangako ng Diyos sa kanya ay batay hindi sa kanyang pagsasagawa, ngunit sa walang kondisyong pangako ng Diyos (cf. Genesis 15:12-21; na gaya ng "bagong tipan," cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38), habang ang tipanan kay Moses ay batay sa pagsunodi, isang kondisyonal na tipanan (cf. Deuteronomio 27-28).

▣ **"ipinanumpa ang Kaniyang Sarili"** Ito ay tumutukoy ng makasaysayan sa Genesis 22:16-17 (ang pag-aalay ni Abraham kay Isaac) o sa konteksto sa Awit 110:4 (cf. 7:17,21). Ang sumpa ng Diyos at mga pangako ay mapanghahawakan (cf. vv. 16-17). Ito ang teolohikal na ulos ng talataan. Ang ating pag-asa ay nasa hindi nagbabagong karakter (cf. Awit 102:27; Malakias 3:6; Hebreo 13:8) at sa mga pangako ng Diyos (cf. Isaias 40:8; 55:11). Ang mga ito ang "dalawang mga bagay na di-nagbabago" ng v. 18!

**6:14** Ang seksyon na ito ng Hebreo ay nagsasangkot ng pagkagamit ng may-akda sa mga sipi ni Abraham sa OT. Ang Diyos ay gumawa ng mga pangako sa kanya patungkol sa maraming mga angkan sa pamamagitan ni Isaac. Ang teolohikal na problema ay hindi lahat ng natural na angkan ni Abraham ay magiging tapat na tagasundo ni YHWH. Sila ay mga "tipanan," "pinili" na mga tao, ngunit lahat ay hindi nagpakita ng personal na pananampalataya (cf. v. 18b).

**6:15** Hindi ito naglalarawan ng perpektong pananampalataya ni Abraham (siya ay nagkaroon ng mga anak sa ilang mga babae, sinubukan niyang ibigay si Sarah ng dalawang beses upang mailigtas ang kanyang sariling buhay) kundi patungkol sa salita ng Diyos ngunit ang kanyang matapat na puso at pagsunod. Si Abraham, gaya ng lahat ng mga tao, ay isang kakaibang timpla ng pananampalataya at takot, mabuti at masama.

**6:18 "dalawang bagay na di mababago"** Ito ay tumutukoy sa sumpa ng Diyos (i.e., Awit 110:4 sinipi sa 5:6; 6:20; 7:17) at sa pangako ng Diyos (cf. v. 14). Ang salita ng Diyos ang ating katiyakan (cf. Isaias 55:11; Mateo 5:17-18).

▣ **"di maaaring ang Diyos ay magbulaan"** Ito ay maaring isang alusyon sa Bilang 23:19 o I Samuel 15:29. Ang kaparehong katotohanan na ito ay pinaninindigan ni Pablo sa II Timoteo 2:13 at Tito 1:2. Tignan buong buna sa 6:6.

▣ **"tayong nangagsitakas na sumakanlong"** Ito ay maaring maiuugnay sa

1. sa mga bayang kanlungan sa OT (cf. Bilang 35:6; Deuteronomio 4:41-43; Josue 20)
2. isang metapora para sa isang ligtas na daungan sa panahon ng unos (cf. 2:14; 6:19)
3. isang metapora na tumutukoy sa Diyos bilang isang tanggulan kung saan ng Kanyang mga tao ay kumubli (cf. Awit 18:1-2; 31:3; 91:2,9; 94:22; 144:2; Isaias 17:10; 25:4; Jeremias 16:19; Joel 3:16; Nahum 1:7)

▣ **"upang mangapit sa pagasang nalalagay sa ating unahan"** Sa talata 18 mayroon tayong teolohikal na balanse ng isang malakas, magpagkakatiwalaan, at makapangyarihang Diyos (cf. v. 18a) na ang mga tao ay dapat na tumugon, at magpatuloy sa pamamagitan ng pananampalataya hanggang sa wakas (cf. v. 18b).

**6:19 "sinepete"** Ito ay sinaunang Kristyanong simbolo para sa kaligtasan, seguridad,at pag-asa. Ito ay natagpuan sa mga pader ng mga nitsong libingan ng Roma. Ang salitang ito ay nagdadala sa isipan ng himnong,

"Aking idinuong ang aking kaluluwa sa
kanlungan ng kapahingahan,
Ako ay hindi na muling maglalayag sa
mabangis na karagatan.
Sa mabangis at malalim na unos ng bagyo ako
man ay tangayin, ngunit kay Hesus ako ay ligtas
magpakailanman."

▣ **"matibay at matatag"** Tignan NATATANGING PAKSA: Panagot o Garantiya sa 2:2.

▣ **"pumapasok sa nasa loob ng tabing"** Dito ang angkla ng pag-asa ay inihanay kay Hesus na punong sasaserdote na pumapasok sa makalangit na tabernakulo (cf. 8:5; 9:23), maging sa banal ng mga banal, na nagsimbulo na pinakapresensya ng Diyos. Ang pag-asa ng mga mananampalataya ay nasa karakter at mga pangako ng Diyos at sa natapos na gawa ni Hesukristo.

Hindi ito Platonismo (makalupa na mga anyo laban sa mga makalangit na mga ideya), ngunit ang

makalangit na tabernakulo na tularan na ipinakita kay Moses sa Mt. Sinai (cf. 8:5; Exodo 25-40). Ang tipong ito ng dualismo ay matatagpuan din sa Dead Sea Scrolls. Ang ganitong tipo ng pagdadahilan (i.e., isang makadaigdig na kopya ng isang makalangit na bagay) ay nagpapauna sa Griyegong pilosop na si Plato. Ito ay nagsasalita sa ating di-nakikita ngunit siguradong pag-asa kay Kristo (cf. 9:23ff).

**6:20 "gaya ng pangunahin"** Ang Griyegong terminong ito ay ginamit sa (1) isang tagapanubok bago umaalis, pinag-aaralan at minamarkahan ang tamang landas (i.e isang tagapanguna) o (2) isang maliit na barko na pinangungunahan ang mas malaking barko patungo sa ligtas na daungan. Si Hesus ay nauna na sa mga mananampalataya sa bawat kinakailangang daanan—mananagumpay, tagapamagitan, tagapagligtas, saserdote, at perpektong sakripisyo!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga talata 2-4 ba ay isang listahan ng Kristyanong esensyal o mga katotohanan ng Judaismo?
2. Ang aklat ba ng Hebreo ay nagtuturo ng "pagbagsak mula sa biyaya"? Bakit o bakit hindi?
3. Bakit ang makasaysayang tagpuan ng aklat na ito ay napakahalaga sa isang nararapat na interpretasyon?
4. Ang Bibliya ba ay nagtuturo na ang tunay na naligtas ay mananatili hanggang sa wakas o yaong mga makakapanatili sa pananampalataya ay mga ligtas?
5. Ang mga pinagusapan ba sa mga talata 4-6 ay mga mananampalataya o di-mananampalataya? Bakit?
6. Paanong ang "kayo" ng v. 9 ay may kaugnayan sa "yaong" ng v. 4?
7. Ilarawan ang persekusyon na nakakaharap ng mga mananampalataya.
8. Ano ang mga dalawang hindi nagbabagong bagay ng v. 18?
9. Paanong ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang malayang pagpili ng mga tao ay nabalanse sa v. 18?
10. Paanong ang mga karakter ng Diyos at ang natapos na gawa ni Kristo ay nauugnay sa vv. 13-20?

# HEBREO 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Makasaserdoteng Hanay ni Melchizedek | Ang Hari ng Katuwiran | Ang Pagkasaserdote ni Melchizedek at ang Levitikal na Pagkasaserdote Ikinumpara | Ang Saserdoteng si Melchizedek | Melchizedek |
| 7:1-3 | 7:1-3 | 7:1-3 | 7:1-3 | 7:1-3 |
| | | | | Si Melchizedek Tinanggap ang Ikapu Mula kay Abraham |
| 7:4-10 | 7:4-10 | 7:4-10 | 7:4-10 | 7:4-10 |
| | Pangangailangan Para sa Isang Bagong Pagkasaserdote | | | Mula sa Levitikal na Pagkasaserdote Patungo sa Pagkasaserdote ni Melchizedek |
| 7:11-19 | 7:11-19 | 7:11-14 | 7:11-14 | 7:11-12 |
| | | | | 7:13-14 |
| | | | | Ang Pagpapawalang-Bisa sa Lumang Kautusan |
| | | 7:15-19 | 7:15-19 | 7:15-19 |
| | Ang Kadakilaan ng Bagong Saserdote | | | |
| 7:20-25 | 7:20-28 | 7:20-25 | 7:20-22 | 7:20-25 |
| | | | 7:23-25 | Ang Pagiging Perpekto ng Makalangit na Punong Saserdote |
| 7:26-28 | 7:26-28 | 7:26-28 | 7:26-28 | 7:26-28 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa Paunang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-3**

**[1]Sapagka't itong si Melchizedek, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Diyos, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari at siya'y pinagpala niya, [2]Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat (na kung sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan. [3]Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Diyos), ay nanatiling saserdote magpakailan man.**

**7:1 "Melchizedek"** Siya ay isang Hentil na hari/saserdote ng lumang bayan ng Canaan na tinawag noong Salem, na sa kalaunay ay naging Jebus at pagkatapos ay Jerusalem. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "ang aking hari ng katuwiran" (napaka pareho sa pangalan ng hari ng Jerusalem sa Josh. 10:1, "ang aking panginoon ay matuwid"). Ang kanyang lahi ay kailanman hindi binanggit, ngunit si Abraham ay nagbayad sa kanya ng paggalang. Ito ang dahilan kung bakit siya ang labis na nararapat na OT na tipo para kay Hesukristo. Siya lamang ang binanggit sa Genesis 14:18-20 at Awit 110:4. Mayroon labis na talakayan patungkol sa kanyang pagkakakilanlan.

1. para kay Philo, siya ay isang anyo ng pantaong kaluluwa
2. para kay Origen, siya ay anghel
3. para kay Ambrose, siya ay anghel ng Panginoon
4. para sa iba, siya ang pambansang anghel ng Israel, Michael
5. para kay Epiphanius, siya ang nagkatawang tao ng Banal na Espiritu
6. para sa mga Melchizedekitas, siya ay masa mataas kaysa sa Mesyas at lahat ng mga panalangin ay dumadaan sa pamamagitan niya
7. para sa ilang mga Hudyo, sina Jerome at Luther, siya si Shem, ang anak ni Noah

Si Melchizedek ay ginamit bilang isang tipo ng pagkasaserdote ni Hesus para sa apat na mga kadahilananan:

1. si Abraham ay nag-alay ng ikapu sa kanya (ang mga mas mababa ay laging nagbibigay ng ikapu sa mas nakatataas) at sa pamamagitan ng rabinikal na hermenyutiks samakatuwid si Levi ay nag-alay din ng ikapu. (cf. vv. 4-9)
2. ang kanyang mga magulang ay hindi naitala, kaya ang rabinikal na teolohiya ay nagsabi na siya ay walang mga magulang at magkagayun siya ay eternal (cf. v. 3; Awit 110:4b)
3. siya ay pinuno ng kalaunay banal na bayan, Jerusalem (Salem, cf. Genesis 14:18)
4. siya ay saserdote ng Kataas-taasang Diyos (i.e., *El Elyon*, cf. Genesis 14:18)
5. pinahintuutan niya ang may-akda na maitatag ang isang lehitimong pagkasaserdote ng hiwalay mula sa Levitikal na Pagkasaserdote.

▣ **"hari. . .saserdote"** Siya lamang ang tanging tao sa OT na nagsasama sa pagkamaharlika at pagkasaserdote (i.e., Awit 110).

▣ **"pinagpala Niya"** Ang mas nakahihigit na pinagpapala ang mas mababa; samakatuwid, si Abraham (at sa pamamagitan ng rabinikal na mga implikasyon ang kanyang inapo, Levi), ay pinagpala ni Melchizedek (cf. Genesis 14:19), na nagpapakita ng kanyang kalamangan higit sa makaAaron na pagkasaserdote. Ito rin ay nagpapakita na si Hesus, na mula sa lahi ng Judah, ay maaring magign saserdote mula sa kakaibang hanay.

**7:2 "ikasangpung bahagi"** Pansinin na ang ikapu (cf. Genesis 14:20) ay mas matanda kaysa sa Mosaik na kautusan. Ito ay isang paraan pagpapakita gaya ng sa Sabbath at unang mga bunga na ang Diyos ay nagmamay-ari ng lahat (cf. Genesis 14:19c).

▣ **"na kung sasaysayin"** Ang partikular na etimolohiya ng pariralang "hari ng katuwiran" ay di-tiyak ngunit isang kahawig na titulo ay ginamit para sa Mesyas sa Jeremias 23:6 ("ang Panginoon ang ating katuwiran") at 33:16 ("ang Panginoon ang ating katuwiran"). Gayundin, ang Mesyas ay magiging matuwid at magdadala ng kapayapaan (cf. Isaias 9:6; 26:3,12; 32:17; at 54:10).
▣ **"Hari ng katuwiran"** Para "katuwiran" tignan NATATANGING PAKSA sa 1:9.

▣ **"Salem"** Ang bayan ay maaring nakakuha ng kanyang pangalan mula sa Hebreong termino *shalom* na nangangahulugang "kapayapaan." Ilang mga iskolar ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa Jebusite diyos. Ang bayan ay tinawag na Salem sa Genesis 14, ngunit ang Awit 76:2 inuugnay ito sa Jerusalem (i.e., Zion), na tinawag na Jebus sa panahon ng Canaanite periyod.

**7:3** Ito ay rabibinal na hermenutik (*midrash*, tignan Apendise Tatlo) batay sa katotohanan na ang lahi ni Melchizedek ay hindi ibinigay sa Genesis 14:18-20. Gaya ng lahay ng lahat ng tao si Melchizedek ay may mga magulang, ngunit siya ay nagsisilbing ibang tipo na eternal na Mesyas (cf. v. 8). Ito ay nahubog sa vv. 8,12,16,17,21,24,25,28.

▣ **"pasimula"** Tignan NATATANGING PAKSA: *Archē* sa 3:14.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:4-10**
**4Nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito, na binigyan ni Abraham, na patriarka, ng ikasangpung bahagi ng mga pinakamagagaling na samsam. 5At katotohanan ang mga sa anak ni Levi na nagsisitanggap ng katungkulang saserdote, ay mayroong utos na kumuha ng ikasangpung bahagi sa bayan ayon sa kautusan, sa makatuwid ay sa kanilang mga kapatid, bagama't ang mga ito ay nagsilabas sa mga balakang ni Abraham. 6Nguni't yaong ang talaan ng lahi ay hindi ibinibilang sa kanila ay kumuha ng ikasangpung bahagi kay Abraham, at pinagpala yaong may mga pangako. 7 Datapuwa't walang anomang pagtatalo ang mababa ay pinagpapala ng mataas. 8At dito'y ang mga taong may kamatayan ay tumatanggap ng ikasangpung bahagi; datapuwa't doon ay ang isa, na pinatutunayang nabubuhay. 9At sa makatuwid baga'y sa pamamagitan ni Abraham pati si Levi, na tumatanggap ng ikasangpung bahagi, ay nagbayad ng ikasangpung bahagi, 10Sapagka't siya'y nasa mga balakang pa ng kaniyang ama, nang ito'y salubungin ni Melchizedek.**

**7:5 "bagama't ang mga ito ay nagsilabas sa mga balakang ni Abraham"** Ito ay rabinikal na lohiko batay kay Levi na kasalukuyan ay nasa puson ni Abraham (cf. v. 10). Ito ay makaHudyong pagintindi ng teksto, hindi siyentipikong katotohanan.

**7:7 "ng mataas"** Ang puso ng aklat ng Hebreo ay ang paghahalintulad sa pagitan ng Mosaik Tipan at ang bagong tipan ni Kristo.

Ang pagsasalungat na ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng terminong "mas higit" (*kreittōu/kreissōu*), na nangangahulugang "mas mabuti," "superiyor," "mas napakagaling," "mas mahalaga," "mas mataas ang ranggo." Ito ang paulit-ulit na tema sa Hebreo.

1. mas mabuti kaysa sa mga anghel (cf. 1:4)
2. mas mabuting bagay patungkol sa iyo (cf. 6:9)

3. ang mas mababa ay pinagpala ng mas nakalalamang (cf. 7:7)
4. isang mas mabuting pag-asa (cf. 7:19)
5. isang mas mabuting Tipan (cf. 7:22; 8:6)
6. may kasamang mas mabuting sakripisyo (cf. 9:23)
7. isang mas mabuting pag-aari (cf.10:34)
8. isang mas mabuting muling pagkabuhay (cf. 11:35)
9. isang mas mabuting bansa (cf. 11:16)
10. ang Diyos ay naglaan ng mas mabuting bagay (cf.11:40)
11. ang kanyang inihasik na dugo ay mas higit na nagsasalita (cf. 12:24)

**7:8 "pinatutunayang nabubuhay"** Ito ay tumutukoy sa pagkawalang hanggan ni Melchizedek dahil (1) ang kanyang mga magulang (talaangkanan) ay hindi binanggit sa Genesis 14 o maging ang tala ng kanyang kamatayan at gayundin (2) ang Awit 110:4b ay partikular na nagkomento ng "magpakailanman").

**7:9-10** Ito ay rabinikal na pagintindi sa teksto. Yamang si Levi ang tribu ni Aaron ay nagmula kay Abraham, magkagayun sa pamamagitan ng analohiya, ang makaHudyong pagkasaserdote (i.e., maging ang Punong Saserdote) ay nagbayad ng ikapu kay Melchizedek. Samakatuwid, si Melchizedek ay superiyor at si Hesus ay superiyor sa mga saserdoteng Hudyo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:11-22**

**11Ngayon kung may kasakdalan nga sa pamamagitan ng pagkasaserdote ng mga Levita (sapagka't sa ilalim nito ay tinanggap ng bayan ang kautusan), anong kailangan pa na magbangon ang ibang saserdote, ayon sa pagkasaserdote ni Melchizedek at hindi ibilang ayon sa pagkasaserdote ni Aaron? 12Sapagka't nang palitan ang pagkasaserdote ay kinailangang palitan naman ang kautusan. 13Sapagka't yaong tungkol sa kaniya ay sinasabi ang mga bagay na ito ay naukol sa ibang angkan, na doon ang sinoma'y hindi naglilingkod sa dambana. 14Sapagka't maliwanag na ang ating Panginoon ay lumitaw mula kay Juda; na tungkol sa angkang yao'y walang sinalitang anoman si Moises hinggil sa mga saserdote. 15At lalo pang napakaliwanag ito, kung ayon sa anyo ni Melchizedek ay lumitaw ang ibang saserdote, 16Na ginawa, hindi ayon sa kautusan ng utos na ukol sa laman, kundi ayon sa kapangyarihan ng isang buhay na walang katapusan. 17 Sapagka't pinatotohanan tungkol sa kaniya,**

**"IKAW AY SASERDOTE MAGPAKAILAN MAN AYON SA PAGKASASERDOTE NI MELCHIZEDEK."**

**18Sapagka't napapawi ang unang utos dahil sa kaniyang kahinaan at kawalan ng kapakinabangan 19 (Sapagka't ang kautusan ay walang anomang pinasasakdal), at may pagpapasok ng isang pagasang lalong magaling, na sa pamamagitan nito ay nagsisilapit tayo sa Diyos. 20At yamang yao'y hindi naging sa walang sumpa 21(Sapagka't sila'y sa katotohanan ay ginawang mga saserdote na walang sumpa; datapuwa't siya'y may sumpa sa pamamagitan niyaong nagsasabi tungkol sa kaniya,**

**"SUMUMPA ANG PANGINOON**
**AT HINDI SIYA NAGSISISI,**
**IKAW AY SASERDOTE MAGPAKAILAN MAN);**

**22Ay gayon din naman si Hesus ay naging tagapanagot sa lalong mabuting tipan.**

**7:11 "kung"** Ito ay isang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL na tinawag na salungat sa katotohanan. Isang maling pahayag ang ginawa upang gawin ang isang punto. Ang Levitkal na pagkasaserdote ay hindi nagdadala ng espritiwal na kawastuhan o pagkahinog.

▣ **"kasakdalan"** Ang Griyegong pamilya ng mga termino ay batay sa *telos* karaniwang nangangahulugang "dalhin sa pagtatapos," "dalhin sa pagkayari," o "dalhin sa pagkahinog." Dito ito ay

tumutukoy sa isang sapat at epektibong kinatawang o tagapamagitan.

**NATATANGING PAKSA: KATAPUSAN O GANAP (*TELOS)***

Ang paghantong na ito ng mga espiritwal na bagay ay pabalik-balik na tema sa Hebreo.

1. *telos* – katapusan, kaganapan (3:6,14; 6:8,11)
2. *teleiōo* – maging ganap
   a. (Hesus) maging ang may-akda ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 2:10)
   b. (Hesus) ginawang maging ganap sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 5:8-9)
   c. ang Kautusan ay walang bagay na ginawa na ganap (cf. 7:19)
   d. ang Anak, ginawang ganap magpakailanman (cf. 7:28)
   e. gawin ang mga mananamba na ganap (cf. 9:9)
   f. gawing ganap yaong mga lumalapit (cf. 10:1)
   g. Ginawa Niyang ganap sa lahat ng panahon yaong mga pinagpaging banal (cf.10:14)
   h. Hiwalay sa atin hindi dapat sila maging ganap (cf. 11:40)
   i. Ang espiritu ng matuwid na tao ay ginawang ganap (cf. 12:23)
3. teleios – ang hinog (cf. 5:14)
4. *teleios* – higit na ganap na tabernakulo (cf. 9:11)
5. *teleiotēs* – magpatuloy sa pagiging hinog (cf. 6:1)
6. *teleiōsis* – kung ang pagiging ganap ay sa pamamagitan ng Levitikal na pagkasaserdote (cf. 7:11)
7. *teleiōtēs* – ang may-akda at tagaganap ng pananampalataya (cf. 12:2)

Si Hesus ay nagdadala ng pagkahinog at pagkompleto na ang Mosaik na Tipanan ay kailanman hindi magagawa!

▣ **"sa pamamagitan ng pagkasaserdote ng mga Levita (sapagka't sa ilalim nito ay tinanggap ng bayan ang Kautusan)"** Ito ay tila tumutukoy kay (1) Moses na mula sa tribu ng Levi at bilang mensahero ng Diyos sa pagbibigay ng sakripisyal na sistema ng Israel o (2) ang mga Levita at mga saserdote na nagtuturo ng kautusan sa mga tao.

**7:12 "palitan naman ang kautusan"** Ang layunin ng Mosaik na kautusan ay hindi kailanman na magdulot ng katuwiran, ngunit upang ipakita ang nagpapatuloy mga resulta ng pagbagsak at kawalang kakahayan ng sangkatauhan na mapalugod ang Diyos (cf. Galacia 3:24-25). Ito ang isang pangunahing katotohanan sa pagsusubok na maresolba ang layunin ng Diyos para sa Mosaik na Kautusan.

Ang pariralang ito sa konteksto ay dapat na tumukoy sa ang"bagong Tipan."

**7:13 "na doon ang sinoma'y hindi naglilingkod sa dambana"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO, na maaring nagpapahiwatig na ang sakripisyal na sistema ay nagpapatuloy. Kung magkagayun, ang Hebreo ay isinulat bago pa ang pagkawasak ni Tito Jerusalem noong A.D. 70.

Walang sinoman na nasa labas ng tribu ng Levi at pamilya ni Aaron ang naglingkod bilang saserdote sa OT. Hindi ito ang kaso sa periyod ng Roman sa pagsakop sa Palestina (i.e., Annas, Caiphas).

**7:14 "ating Panginoon ay lumitaw mula kay Juda"** Ito ay isa na namang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ang PANDIWA "lahi ni" ay nangangahulugang "nagmula kay" at ginamit para sa

1. ang pagsikat ng araw(cf. Mateo 5:45)
2. ang paggalaw ng mga planeta
3. ang pag-usbong ng halaman
4. sa talinghaga, para sa lahi ng tao (cf. Zacarias 6:12; Isaias 11:1; Jeremias 23:5-6). Tumutukoy ito

dito sa mga propesiya ni Jacob patungkol sa kanyang mga anak sa Genesis 49 (lalo na sa 49:10).

▣ **"Judah"** Si Hesus ay nagmula sa maharlikang lahi ni David ng Judah (cf. Genesis 49:8-12; II Samuel 7:12-16; Isaias 9:6,7). Ang kumbinsihin ang mga Hudyo na si Hesus ay punong saserdote ay napakahirap sapagkat Siya ay hindi sa pangsaserdoteng tribu ng Levi gaya ni Moses at Aaron.

**7:15 "kung"** Ito ay isang UNANG KLASE KONDISYONAL PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Isa na namang saserdote ang dumating at nagmula sa linya ni Melchizedek.

**7:16**
**NASB "hindi ayon sa kautusan ng utos na ukol sa laman"**
**NKJV "hindi naayon sa mga batas ng makalaman na kautusan"**
**NRSV "hindi sa pamamagitan ng legal na pangangailangan patungkol sa pisikal na pinanggalingan"**
**TEV "hindi sa pamamagitan ng makataong patakaran at mga regulasyon"**
**NJB "hindi sa bisa ng batas ng pisikal na pinaggalingan"**

Ang makasaserdoteng awtoridad ni Hesus hindi nakalagak sa anumang tribu/pamilya Siya nagmula, ngunit mula sa Kanyang pag-aari ng eternal, hindi nasisirang buhay (i.e., ang mga magulang ni Melchizedek ay hindi pinangalanan sa Genesis 14 at ang salitang "magpakailanman" ay ginamit sa Awit 104:4). Si Hesus ay mayroong walang katapusang buhay ng Diyos (gayundin ang panunumpa at pangako ng Diyos).

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB "ang hindi masisirang buhay"**
**NKJV "ang walang katapusang buhay"**
**TEV "ang buhay na walang katapusan"**

Ito ay waringkaugnay sa rabinikal na pagintindi ng tekstong (*Midrash*) implikasyon mula sa Awit 110:4b na si Melchizedek ay walang mga magulang at, samakatuwid, ay eternal (cf. vv. 6,8).

**7:17 "Sapagka't pinatotohanan tungkol *sa Kaniya*"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Awit 110:4 (gaya ng sa v. 21).

**7:18**
**NASB "kawalan ng kapakinabangan"**
**NKJV "mayroong pagsasantabi"**
**NRSV "ang pagpapawalang-bisa"**
**TEV "ay isinantabi"**
**NJB "magkagayon ay binuwag"**

Ang terminong ito ay natagpuan sa papyri ng Ehipto sa pakahulugan na (1)"isantabi"; (2) "gawing walang bisa at walang halaga"; o (3) "bayaran sa kabuuan."

Ang talatang ito ay nagsasalita sa pagsasantabi ng isang kautusan (marahil ang pisikal na lahi ng isang punong saserdote). Medyo nakakagimbal ito na ang kinasihang OT mga sipi (cf. Mateo 5:17-19)ay maaring "isantabi," subalit ito ang eksaktong punto ni Pablo sa Galacia 3, in respect to the redemptive purpose of the law being set aside. Si Pablo, gayunpaman, ay naninindigan na ito ay dahil sa kahinaan ng makasalanang tao (cf. Roma 7), hindi ang OT. Ang may-akda ng Hebreo ay nagpapakita ng superyoridad ni Hesus laban kay Moses at tinatawag ang "Kautusan" mahina at walang gamit (cf. 8:13).

▣ **"ng unang utos"** Ito ay tumutukoy sa Levitikal na sistema o ang Lumang Tipan na kinilala sa pamamagitan ng Mosaik na lehislasyon.

▣ **"dahil sa kaniyang kahinaan at kawalan ng kapakinabangan"** Roma 7 at Galacia 3 ay makakatulong sa pagbibigay kahulugan sa pariralang ito. Hindi ang Kautusan ng Diyos, kundi kalikasan ng mga tao ang mahina at ang Kautusan ay hindi nagawa ang tungkulin ng pagpapanumbalik!

**7:19 "(Sapagka't ang Kautusan ay walang anomang pinasasakdal)"** Basahin Galacia 3 at tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

▣ **"lalong magaling"** Tignan buong puna sa 7:7.

▣ **"na sa pamamagitan nito ay nagsisilapit tayo sa Diyos"** Ito ang isang susing konsepto (cf. v. 25; 4:16; 10:1). Ang may-akda ay naninindigan na ang Mosaik na Kautusan, kasama ang Levitikal na pagkasaserdote at mga sakripisyo, ay nabigong dalhin ang mga tao sa Diyos, ngunit si Hesus, ang ating punong saserdote, hindi nabigo at kailanman ay hindi mabibigo (cf. 10:22; Santiago 4:7).

Pansinin na si Hesus ay nagdadala ng mas mainam na Tipan, ngunit isa paring Tipan na ang mga tao ay dapat tumugon na gaya ng ginagawa ng mga saserdote (ang mga mananampalataya ay ang bago ngayong saserdote ng Tipan sa pangkalahatang pakahulugan, cf. II Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).

**7:20 "*hindi* naging sa walang sumpa"** Ang mga pangako ng Diyos ay maaring magpagtiwalaan dahil sa Kanyang karakter at kapangyarihan sa likod ng mga ito (cf. Isaias 46:10). Ang sumpang ito ay pantukoy sa Awit 110:4, na tinalakay sa Hebreo 6:13-17.

**7:21** Ito ay isa na namang sipi mula sa Septuagint ng Awit 110:4 (gaya ng sa v. 17).

**7:22**
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB "ang tagapanagot"**
**NKJV, ASV "ang panagot"**

Ang Hebreong kinaligiran ay "isang garantiya na inilagay sa kamay," na nagpapahiwatig ng panagot. Naging gamit ito sa Griyego para sa kolateral sa isang utang o isang pyansa sa kulungan. Isa pa, sa batas ng Roma ito ay tumatayo sa kung anumang seguradong legal. Si Hesus ang garantiya ng Ama sa pagiging epektibo ng bagong tipan.

▣ **"lalong mabuting tipan"** Ang Jeremias 31:31-34 ay nagsasalita sa "bagong Tipan" na ito(cf. Ezekiel 36:22-36) kung saan ang pokus ay sa panloob na batas na inudyukan at binuo ng Espiritu, hindi ang panlabas na alituntunin na nagtitiwala sa pantaong pagsasagawa.

Para sa "mas mabuti" tignan buong puna sa 7:7.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:23-25**

**[23]At katotohanang sila'y marami sa bilang na naging mga saserdote, sapagka't dahil sa kamatayan ay napigil sila ng pagpapatuloy, [24]Datapuwa't siya, sapagka't namamalagi magpakailan man ay may pagkasaserdote siyang di mapapalitan. [25] Dahil dito naman siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila.**

**7:23** Ito ay isa na namang pagkukumpara sa pagitan ni Hesus at mga saserdote ng OT. Ang isang ito ay nakikitungo sa kanilang mga numero at oras sa opisina.

**7:24** Ito ay isang rabinikal na konklusyon batay sa Genesis 14, kung saan ang lahi ni Melchizedek ay

hindi ibinigay, at ang Awit 110, na isang alusyon kay Melchizedek ay gumagamit ng terminong “magpakailanman” (cf. Awit 110:4b).

**7:25**
**NASB “nakapagliligtas na lubos”**
**NKJV “makapagliligtas ng higit sa lahat”**
**NRSV “makaliligtas para sa lahat ng panahon”**
**TEV “ngayon ay magpakailanman, ay makaliligtas”**
**NJB “kapangyarihan na magligtas. . .ay lubusan”**

Gaya ng ipinapakita ng sa itaas na Englis na salin, ang terminong ito ay may ilang mga konotasyon. Siya ay may kakayahang magligtas ng lubusan, ng lahat, magpakailanman (cf. 10:14) sapagkat Siya ay nagpapatuloy “magpakailanman” bilang mas mabuting saserdote. Tignan NATATANGING PAKSA sa katiyakan sa 3:14.

▣ **“yaong”** Ito ay isang pangkalahatang imbetasyon! Kung sinoman ang lumapit (cf. Juan 1:12; Roma 10:9-13; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

▣ **“sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya”** Si Hesus ay ang plano ng pagtutubos ng Diyos (cf. Juan 10:9; 14:6). Ang sinoman ang lumapitm ngunit sila ay dapat na lumapit sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya at sila ay dapat na magpatuloy sa pananampalataya (PANGKASALUKUYAN PANDIWARI).

▣ **“laging nabubuhay Siya upang mamagitan sa kanila”** Ang gawa ni Hesus ay hindi natapos sa krus, ngunit maging sa ngayon Siya ay nagdadasal parin at nakikiusap sa mga mananampalataya (cf. 9:24; Isaias 53:12; Roma 8:34; I Juan 2:1).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:26-28**
**26Sapagka't nararapat sa atin ang gayong dakilang saserdoteng banal, walang sala, walang dungis, nahihiwalay sa mga makasalanan, at ginawang lalong mataas pa kay sa mga langit; 27Na hindi nangangailangan araw-araw na maghandog ng hain, na gaya niyaong mga dakilang saserdote una-una'y patungkol sa kaniyang sariling mga kasalanan at saka patungkol sa mga kasalanan ng bayan: sapagka't ito'y ginawa niyang minsan magpakailan man, nang kaniyang ihandog ang kaniyang sarili. 28 Sapagka't inilagay ng kautusan na mga dakilang saserdote ang mga taong may kahinaan; nguni't ang salita ng sumpa na kasunod ng kautusan ay siyang naglalagay sa Anak, na sakdal magpakailan man.**

**7:26** Ito ay posibleng isang sipi mula sa sinaunang himno o tula(gaya ng sa Felipos 2:6-11; I Timoteo 3:16; II Timoteo 2:11- 13; at posibleng I Timoteo 1:17; 6:15-16). Ang terminong “banal” ay maaring ibgi sabihin ay “maawain” mula sa LXX (cf. Awit 16:10). Ang terminong “walang dumi” ay isang sakripisyal na termino madalas na isinalin sa OT bilang “walang bahid dungis.” Ito ay isang kamangha-mangha buod ng pagkikilala.

**NATATANGING PAKSA: WALANG KASALANAN, INOSENTE, WALANG SALA, WALANG KASIRAAN**

A. Panimulang mga Pananalita
   1. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng teolohikal sa orihinal na estado ng sangkatauhan (i.e., Genesis 1, ang Harden ng Eden).
   2. Ang kasalanan at rebelyon ay nagwasak sa kondisyong ito ng perpektong pakikisama

(i.e., Genesis 3).

3. Ang mga tao (lalake at babae) ay nag-aasam ng pagpapanumbalik ng pakikisama sa Diyos sapagkat sila ay ginawa ayon sa Kanyang wangis at imahe (i.e., Genesis 1:26-27).
4. Ang Diyos ay pinakitunguhan ang makasalanang mga tao sa ilang mga paraan
   a. makadiyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moses, Isaias)
   b. sakripisyal na sistema (i.e., Leviticus 1-7)
   c. makadiyos na mga halimbawa (i.e., Noah, Job)
5. Sa kasukdulan ang Diyos ay naglaan ng Mesyas
   a. bilang buong kapahayagan ng Kanyang Sarili
   b. bilang ang perpektong sakripisyo para sa kasalanan
6. Ang mga Kristyano ay ginawang walang sala
   a. ng legal sa pamamagitan ng pagpaparatang sa katuwiran ni Kristo
   b. ng progresibo sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu
   c. ang tunguhin ng Kristyanismo ay pagiging wangis ni Kristo (cf. Roma 8:28-29; Efeso 1:4), na sa realidad, ay ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos na nawala sa pagbagsak nina Adan at Eba
7. Ang langit ay ang pagpapanumbalik sa perpektong pakikisama sa Harden ng Eden. Ang langit ay ang Bagong Jerusalem bumaba mula sa presensya ng Diyos (cf. Pahayag 21:2) upang pagdalisayin ang daigdig (cf. II Pedro 3:10). Ang Bibliya ay nagsisimula at nagtatapos sa parehong tema.
   a. matalik, at personal na pakikisama sa Diyos
   b. sa isang harden na tagpuan (Genesis 1-2 at Pahayag 21-22)
   c. sa pamamagitang ng mga hulang pananalita, ang presensya at pagsasama ng mga hayop (cf. Isaias 11:6-9)

B. Lumang Tipan
1. Mayroong napakaraming magkakaibang mga Hebreong mga salita na nagdadala ng konsepto ng perpeksyon, pagkawalang sala, pagkainosente na napakahirap na pangalanan at ipakita ang lahat na masalimuot na mga relasyon
2. Ang pangunahing mga termino na nagdadala ng konsepto ng perpeksyon, kawalang sala, o pagkainosente (ayon kay Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament,* pp. 94-99) ay mga
   a. *shalom* (BDB 1022)
   b. *thamam* (BDB 1070)
   c. *calah* (BDB 478)
3. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng sinauang iglesya) ay isinasalin ang marami sa mga konseptong ito sa Koineng Griyegong mga termino na ginamit sa NT.
4. Ang susing konsepto ay nakakonekta sa sakripisyal na sistema.
   a. *amōmos* (cf. Exodo 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; Bilang 6:14; Awit 26:1,11)
   b. *amiantos* at *aspilus*ay mayroon din makakultong mga konotasyon

C. Bagong Tipan
1. ang legal na konsepto
   a. Ang Hebreo legal na makakultong konotasyon ay isinalin sa *amōmos* (cf. Efeso 5:27; Felipos 2:15; I Pedro1:19)
   b. Ang Griyegong legal na konotasyon (cf. I Corinto 1:8; Colosas 1:22)
2. Si Kristo ay walang kasalanan, walang dungis, Nag-iisang inosente (*amōmos,* cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19)
3. Ang mga tagasunod ni Kristo ay dapat na tularan Siya (*amōmos,* cf. Efeso 1:4; 5:27; Felipos 2:15; Colosas 1:22; II Pedro 3:14; Jude v. 24; Pahayag 14:5)
4. Ang konseptong ito ay ginamit rin ng mga pinuno sa iglesya

a. *anegklētos*, "walang akusasyon" (cf. I Timoteo 3:10; Tito 1:6-7)
b. *anepileptos*, "walang mapipintas" o "walang mahawakan para sa ikasisira" (cf. I Timoteo 3:2; 5:7; 6:14; Tito 2:8)

5. Ang konsepto ng "walang halo o dalisay" (*amiantos*) ay ginamit sa
   a. Kay Kristo mismo (cf. Hebreo 7:26)
   b. ang mana ng Kristyano (cf. I Pedro 1:4)
6. Ang konsepto ng "pagkabuo" o "kabutihan" (*holoklēria*, cf. Gawa 3:16; I Tesalonica. 5:23; Santiago 1:4)
7. Ang konsepto ng "walang mali," walang kasalanang pagkainosente ay ipinarating ng *amemptos* (cf. Lucas 1:6; Felipos 2:15; 3:6; I Tesalonica. 2:10; 3:13; 5:23)
8. Ang konsepto ng "hindi maisasailalim sa paratang" ay ipinarating ng *amōmētos* (cf. I Pedro 3:14)
9. Ang konsepto ng "walang bahid," "walang mantsa" ay madalas na ginamit sa mga sipi na may isang sa mga itaas na mga termino (cf. I Timoteo 6:14; Santiago 1:27; I Pedro 1:19; II Pedro 3:14)

D. Ang bilang ng mga salita sa Hebreo at Griyego na nagdadala ng konseptong ito ay nagpapakita ng kahalagahan nito. Ang Diyos ay naglaan sa ating pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin na maging kagaya Niya.

Ang mga mananampalataya sa posisyon, sa legal ay idineklara na "matuwid," "wasto," "walang sala"sa pamamagitan ng gawa ni Kristo. Ngayun ang mga mananampalataya ay dapat na angkinin ang kanilang posisyon. "Lumakad sa liwanag gaya ng Siya ay sa liwanag" (cf. I Juan 1:7). "Lumakad ng nararapat ayon sa pagkakatawag" (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Si Hesus ay pinanumbalik ang imahe ng Diyos. Ang matalik na pakikisama ay posible na ngayon, ngunit tandaan ang Diyos ay naghahangad ng mga tao na nagpapakita ng Kanyang karakter, na gaya ng ginawa ng Kanyang Anak. Tayo ay tinawag ng hindi bababa sa kabanalan (cf. Mateo 5:20,48; Efeso 1:4; I Pedro 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang legal, ngunit umiiral!

▣ **"nahihiwalay sa mga makasalanan"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI. Hindi ito nagpapakita ng pagiging tao ni Hesus (cf. Felipos 2:6-7), ngunit nagsasalita sa Kanyang kawalang kasalanan (cf. 4:15; 9:14; II Corinto 5:21; I Pedro 2:22; I Juan 2:1; 3:5).

▣ **"ginawang lalong mataas pa kay sa mga langit"** Ito marahil ay (1)isang pananalita ng preeminente; (2) isang pantukoy sa pananaw ng mga bulaang guro ng nostik sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagpasok sa malaanghel na mga kalipunan (cf. 4:14); o (3) isang daan na tumutukoy sa muling pagkabuhay/asensyon.

**7:27** Ito ay waring naguugnay sa Araw ng Pagbabayad Puri o Atonement (cf. Levitico 16), ngunit dito ito ay ginamit sa pakahulugan ng pang araw-araw na pag-aalay (ang OT pagpapatuloy). Ito ay mapapatunayan ng pan gkasaysayan at pangrabinikal na ang punong saserdote ay direktang kasangkot sa pang araw-araw na pagsasakripisyo sa kalaunang Judaismo ngunit hindi sa panahon ng mga araw ng tabernakulo. Tignan NATATANGING PAKSA: Hesus Bilang ang Punong Saserdote sa 2:17.

▣ **"maghandog ng hain"** Ang kaparehong terminong ito ay ginamit sa Isaias 53:11 sa Septuagint (LXX), "magdala." Ang ilan ay tinitignan ito bilang alusyon sa usok ng mga sakripisyo na umaakyat patungo sa Diyos.

▣ **"sapagka't ito'y ginawa Niyang minsan magpakailan man"** Ang Hebreo ay nagbibigay diin sa pagkasukdulan ng pang-isahang sakripisyong kamatayan ni Hesus. Ang isang-natapos na kaligatsan at kapatawaran ay nakamit (cf. "isahan" [*ephapax*], 7:27; 9:12; 10:10 at "isa para sa lahat" [*hapax*], 6:4;

9:7,26,27,28; 10:2; 12:26,27). Ito ang pabalik-balik na natapos ng sakripisyal na paninindigan.

▣ **"ihandog ang Kaniyang Sarili"** Si Hesus ay ang punong saserdote (cf. Awit 110:4) at biktima (cf. Isaias 53:10) ng makalangit na santwaryo (cf. 9:24). Ito ay isang poste ng NT sa pagbibigay diin sa naghahalili, alang-alang sa iba na pagbabayad puri (cf. Marcos 10:45; Roma 8:3; II Corinto 5:21).

**7:28 "Sapagka't inilagay ng Kautusan na mga dakilang saserdote ang mga taong may kahinaan; nguni't ang salita ng sumpa na kasunod ng Kautusan"** Ito ay isang pagsasalungat sa pagitan ng mga kasulatan ni Moses ng mga pamamaraan at ang "sumpa" ng Awit 110:4.

▣ **"siyang *naglalagay* sa Anak"** Si Hesus ay isang superiyor na saserdote sapagkat Siya ay bahagi ng pamilya ng Diyos (i.e., "isang anak,"cf. 1:2; 3:6; 5:8). Ang reperensiya na ito ay waring nagsasama sa Awit 2 at Awit 110 na siyang Maharlika at Malasaserdote na mga Awit. Pinagsasama Niya ang parehong OT mga pinahirang mga katungkulan sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng panunumpa ng Kanyang Ama.

▣ **"na sakdal magpakailan man"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI. Siya ay ginawang sakdal (sa makataong pananalita) sa pamamagitan ng pagdurusa at ang kasakdalang ito ay nagpapatuloy (cf. 2:10; 5:8-9). Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang may-akda ay napakatagal sa paghubog ng konsepto kay Hesus bilang punong saserdote?
2. Paano Levi ay naidugtong kay Melchizedek?
3. Paanong ang Awit 110 nauugnay sa Genesis 14:18-20?
4. Bakit ginamit si Melchizedek bilang ang tipo ng Mesyas?
5. Sino si Melchizedek?

# HEBREO 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Dakilang Saserdote ng Bago at Mas Lalong Mabuting Tipan | Ang Bagong Makasaserdoteng Paglilingkod | Ang Makalangit na Santuaryo at ang Bagong Tipan | Hesus, ang ating Dakilang Saserdote | Ang Bagong Pagkasaserdote at ang Bagong Santuaryo |
| 8:1-6 | 8:1-6 | 8:1-7 | 8:1-2 | 8:1-5 |
| | | | 8:3-6 | Si Kristo ay ang Tagapamagitan ng Mas Nakahihigit na Tipan |
| | Ang Bagong Tipan | | | 8:6-13 |
| | | 1:7b | 1:7b | |
| 8:7-13 | 8:7-13 | | 8:7-13 | |
| | | 8:8-13 | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO: HEBREO 8:1-13**

A. Ito ay bahagi ng pinagsamang konteksto na may kaugnayan sa pangangailangan ng mga mambabasa sa pagkahinog. Ang seksyong ito ay tumatakbo mula 5:11-10:18 na may [anaklong na babala mula 5:12-6:20.

B. Gaya ng sa kabanata 2 na naghuhubog gamit ang Awit 8, ang mga kabanata 3 at 4 ay nahubog gamit ang Awit 110, at ang kabanata 8 ay ginagamit ang Jeremias 31:31-34 (ang kabanata 10 ay gagamit ng Awit 40).

C. Ang tunay na tabernakulo sa langit na ipinahihiwatig sa 6:19-20 at 8:2 ay hindi lubusang mahuhubog hanggang sa kabanata 9.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-13**

**[1]Ang kinauuwian nga ng mga bagay na aming sinasabi ay ito: Mayroon tayong isang Dakilang Saserdote, na nakaupo sa kanan ng luklukan ng Karangalan sa mga langit, [2]Ministro sa santuario, at sa tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao. [3]Sapagka't ang bawa't dakilang saserdote ay inilagay upang maghandog ng mga kaloob at ng mga hain naman: sa ganito'y kinakailangan din namang Siya'y magkaroon ng anomang ihahandog. [4]Kung Siya nga'y nasa lupa ay hindi Siya saserdote sa anomang paraan, palibhasa'y mayroon nang nagsisipaghandog ng mga kaloob ayon sa kautusan; [5]Na nangaglilingkod sa anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan, gaya naman ni Moises na pinagsabihan ng Diyos nang malapit ng gawin niya ang tabernakulo; sapagka't, "INGATAN MO," sinabi Niya," NA IYONG GAWIN ANG LAHAT NG MGA BAGAY AYON SA ANYONG IPINAKITA SA IYO SA BUNDOK" [6]Datapuwa't ngayo'y kinamtan niya ang ministeriong lalong marangal, palibhasa'y siya nama'y tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling, na inilagda sa lalong mabubuting pangako. [7]Sapagka't kung ang unang tipang yaon ay naging walang kakulangan, ay hindi na sana inihanap ng pangangailangan ang ikalawa. [8]Sapagka't sa pagkakita ng kakulangan sa kanila, ay sinabi Niya,**

**"NARITO, DUMARATING ANG MGA ARAW, SINASABI NG PANGINOON,**
**NA AKO'Y GAGAWA NG ISANG BAGONG PAKIKIPAGTIPAN**
**SA SANGBAHAYAN NI ISRAEL AT SA SANGBAHAYAN NI JUDA;**
**[9] HINDI AYON SA TIPANG AKING IPINAKIPAGTIPAN SA KANILANG MGA MAGULANG**
**NANG ARAW NA SILA'Y AKING TANGNAN SA KAMAY**
**UPANG SILA'Y IHATID SA LABAS NG LUPAIN NG EGIPTO;**
**SAPAGKA'T SILA'Y HINDI NANATILI SA AKING TIPAN,**
**AT AKIN SILANG PINABAYAAN, SINASABI NG PANGINOON.**
**[10]"SAPAGKA'T ITO ANG PAKIKIPAGTIPANG AKING GAGAWIN SA SANGBAHAYAN NI ISRAEL**
**PAGKATAPOS NG MGA ARAW NA YAON, SINASABI NG PANGINOON:**
**ILALAGAY KO ANG AKING MGA KAUTUSAN SA KANILANG PAGIISIP,**
**AT SA KANILANG MGA PUSO'Y AKING ISUSULAT ANG MGA ITO.**
**AT AKO'Y MAGIGING DIYOS NILA, AT SILA'Y MAGIGING BAYAN KO.**
**[11]"AT HINDI MAGTUTURO ANG BAWA'T ISA SA KANIYANG KABABAYAN,**
**AT ANG BAWA'T ISA SA KANIYANG KAPATID, NA SASABIHING, 'KILALANIN MO ANG PANGINOON'**
**SAPAGKA'T AKO'Y MAKIKILALA NG LAHAT,**
**MULA SA KALIITLIITAN HANGGANG SA KADAKIDAKILAAN SA KANILA.**
**[12]"SAPAGKA'T AKO'Y MAGIGING MAHABAGIN SA KANILANG KALIKUAN, AT**
**ANG KANILANG MGA KASALANAN AY HINDI KO NA AALALAHANIN PA."**

**[13]Doon sa sinasabi Niya, "Isang bagong *tipan,*" ay linuma Niya ang unaDatapuwa't ang nagiging luma at tumatanda ay malapit ng lumipas.**

**8:1**
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"pangunahing punto"**
**TEV** **"ang buong punto"**

**NJB "ang prinsipal na punto"**

Ito ay nagmula sa Griyegong termino "ulo," (*kephalē*) ginamit ng metaporikal para sa pangkalahatang mga terstimonya (cf. Gawa 22:28). Ang mga Sinauna ay nagdadagdag ng kanilang mga bilang pataas sa halip na pababa. Ang terminong ito ay may karagdagang matalinghagang pakahulugan ng (1) ang pinakamahalagang punto ng argumento ng aklat sa kasalukuyan o (2) isang buod ng argumento na naibigay na.

▣ **"dakilang saserdote"** Ang titulong ito para kay Hesus ay matatagpuan lamang sa Hebreo (cf. 2:17; 3:1; 4:14-15; 5:10; 6:20; 7:26; 8:1,3; 9:11,25). Ang makasaserdoteng kalikasan ng Mesyas ay naipahayag sa Awit 110 atZacarias 3 at 4. Siya ay parehong saserdote at sakripisyo (cf. Isaias 53). Siya ay tumatayo sa harap ng Diyos para sa sangkatauhan at naghahandog ng Kanyang sarili bilang ang solusyon sa problema ng kasalanan.

▣ **"na nakaupo"** Ito ay ang pagpapatuloy sa gamit ng Awit 110 (i.e., v. 2). Ito ay tumutukoy sa natapos na gawa ni Kristo. Gayunpaman, ito ay may maharlika, hindi makasaserdoteng, konotasyon. Walang mga sasedote ang naluklok, tanging ang mga hari (cf. 1:3).

▣ **"sa kanan ng luklukan"** Ito ay isang antromorpikong parirala para sa lugar ng awtoridad at kapangyarihan (cf. 1:3,13; 8:1; 10:12-13; 12:2; Gawa 2:33-35).

▣ **"ng Karangalan sa mga langit"** Ang Diyos ay walang pisikal na trono sapagkat Siya ay espiritu. Ito ay isang antromorpikong parirala na naglalarawan sa Diyos sa pantaong mga termino at kategorya. Ito ay isang paulit-ulit o paikot-ikot na salitang paraan ng pagtutukoy sa Diyos ng hindi binabanggit ang Kanyang pangalan (cf. 12:2).

Ang terminong "mga kalangitan" ay PANGMARAMIHAN na gaya ng sa OT. Ito ay PANGMARAMIHAN sapagkat ito ay tumutukoy sa ilang mga antas

1. ang himpapawid sa itaas ng mundo na kung saan ang mga ibon ay lumilipiad at ang mga ulap ay nabubuo (cf. Genesis 1:1)
2. ang makikislap kalawakan , a ng kahariang ng makalangit na mga liwanag, araw, buwan, bituin,at mga planeta (cf. Genesis 1:14)
3. ang personal na presensya ng Diyos at ang malaanghel na kaharian

Ang mga rabi ay madalas na nagdedebate sa kung mayroong tatlong mga kalangitan (cf. II Corinto 12:2) o pitong mga kalangitan (i.e., hindi sa Bibliya, ngunit unang siglong rabinikal na mga pinagmulan). Ang konseptong ito ng ilang mga antas ay makikita sa Deutronomio 10:14; I Hari 8:27; at Awit 68:33; 148:4. Ang mga Gnostiks ay ginamit ang konseptong ito ng maramihang kalangitan upang panindigan ang mga antas ng malaanghel na awtoridad. Gayunpaman, si Hesus ay nalagpas pa ang mga ito (cf. 4:14). Ang PANGMARAMIHAN laban PANG-ISAHAN ng *ouranos* (langit) ay waring walang teolohikal na kahalagahan sa Hebreo (cf. 9:23 versus 9:24).

**8:2 "tabernakulo"** Ito ay isang reperensiya sa huwarang tabernakulo sa langit (cf. 6:19-20), na siyang ipinhayag kay Moises sa Bundok Sinai at ang nabuo sa panahon ng paglalakbay sa ilang (cf. Exodo25-40) ay isang parang kopya (cf. 9:11,24).

▣ **"na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao"** Ito ay maaring pagpapahiwatig sa Septuagint (LXX) na salin ng Exodo 33:7 (isang espesyal na lugar upang katagpuin ang Diyos) o ito ay maaring isa na namang paraan ng pagtutukoy sa makalangit na tabernakulo ginawa ng Diyos (cf. 11:10).

**8:3 "upang maghandog"** Ito ay pagbibigay diin sa naghahaliling pagpapalubag loob na sakripisyo ni Kristo. Ang Kanyang paghahandog ay ang Kanyang buhay.

**8:4 "Kung Siya nga'y nasa lupa ay hindi siya saserdote sa anomang paraan"** Ito ay isang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na tinawag na taliwas sa katotohanan (cf. 4:8; 7:11; 8:4,7; 10:2; 11:15). Si Hesus ay hindi sa makasaserdoteng Levitikal na tribu, kundi mula sa maharlikang tribu ng Judah. Ang makasasedoteng ministeryo ni Hesus ay sukdulang naisagawa sa langit.

**8:5 "sa anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan"** Ang paggamit sa mga terminong "anyo" at "anino" ay alaala sa mga kasulatan ni Philo ng Alexandria, isang Hudyong manunulat at pilosopo na nabuhay noong 20 B.C. hanggang A.D. 42 at sumunod kay Plato. Inalegorya niya ang OT sa pagtatangka na gawin itong maugnay sa lipunan ng Griyego at upang tangkilikin ang Platonismo bilang paraan ng pagpapaliwanag sa YHWHismo.

Gayunpaman, ang siping ito ay hindi nagpapakita kay Philo, ang sinaunang Hudyong tradisyon na si Moises ay binigyan sa Bundok Sinai ng kopya ng makalangit na santuaryo—ang tabernakulo ng panahon ng paglalakbay sa ilang. Ang kaparehong tipong ito ng pagpapasiya ay makikita sa Dead Sea Scrolls, na nagpapakita na hindi ito natatangi kay Plato (i.e., Griyego pilosopiya). Nakakawili na ang may-akda ng Hebreo ay kailanman hindi nagtatalakay ng alinman kay Solomon o Herodes na Templo (o maging ang kanilang mga alituntunin). Ang mga ito ay kailanman hindi inutos ng Diyos na gaya ng sa tabernakulo (cf. Exodo25- 40), bagamat ang I Cronico 28:19 ay malapit sa pag-aangkin na ang mga plano ni Solomon ay banal na kinasihan.

Ang Hudyong tradisyon na ang naunang tabernakulo ay isang kopya ng tunay na tabernakulo sa langit ay maaring makita sa (1) Exodo25:9, 40; (2) Pahayag 11:19; 13:6; 15:5; (3) II Baruch 4:5; (4) Pagkamarter at Asensyon ng Isaias 7:10;Wisdom 9:8; (6) Flavius Josephus' *Antiquities of the Jews* 3:6:1

Ang siping ito ay hindi nagpapakita ng Platonismo sapagkat ang Tabernakulo sa langit ay may kayarian o realidad. Sa Platonismo ang makalangit ay isang ideal, isang mental, espiritwal na realidad, ngunit sa Bibliya ito ay isang pisikal na realidad. Ang Langit ay hindi lamang mga ideal/konsepto/orihinal, ngunit isang tunay na aspeto ng nilikha (cf. Colosas 1:16).

Ang makalangit na tabernakulo ay balang araw ay mawawala sa pag-iral (cf. Pahayag 21:22). Nagampanan na nito ay layunin sa panahong ito, ngunit hindi na kakailanganin sa panghinaharap!

**NATATANGING PAKSA: ANYO (*TUPOS*)**

Ang problema ay sa salitang *tupos*, na may ibat-ibang mga gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
    a. tularan
    b. plano
    c. anyo o pamamaraan ng kasulatan
    d. atas o kautusan
    e. sentinsya o desisyon
    f. modelo ng katawan ng tao bilang ipinangakong mga handog sa pagpapagaling ng Diyos
    g. ang pandiwang ginamit sa pakahulugan ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, vol. 2, p. 249
    a. peklat (cf. Juan 20:25)
    b. imahe (cf. Gawa 7:43)
    c. modelo (cf. Hebreo 8:5)
    d. halimbawa (cf. I Corinto 10:6; Felipos 3:17)
    e. orihinal (cf. Roma 5:14)
    f. uri(cf. Gawa 23:25)
    g. nilalaman (cf. Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
    a. Isang hampas, isang bakat,isang marka (cf. Juan 20:25)

b. isang guhit-balangkas
c. isang imahe (cf. Gawa 7:43)
d. isang pormula, pakana (cf. Roma 6:17)
e. hugis, pahiwatig (cf. Gawa 23:25)
f. isang pigura, kapilas(cf. I Corinto 10:6)
g. isang inaasahang pigura,tipo(cf. Roma 5:14; I Corinto 10:11)
h. isang modelong tularan (cf. Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
i. isang moral na tularan (cf. Felipos 3:17; I Tesalonica 1:7; II Tesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Sa kontekstong ito # i sa itaas ay waring pinakamainam. Ang ebanghelyo ay parehong mayroon doktrina at pamumuhay na mga implikasyon. Ang libreng regalo ng kaligtasan kay Kristo ay naghahangad din ng buhay na kagaya kay Kristo!

▣ **"sinabi Niya"** Ito ay isang sipi mula sa Exodo 25:40. Ang tabernakulo ay hindi plano ni Moises, kundi plano ng Diyos.

**8:6 "kinamtan Niya ang ministeriong lalong marangal"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ang kaparehong paglalarawan na ito ng kahusayan ni Hesus ay ginamit sa koneksyon sa mga anghel sa 1:4.

▣ **"Siya nama'y tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling"** Lahat ng PANDIWA sa v. 6 ay mga GANAP. Gaya ng isang naunan, ang isang ito ay GANAP AKTIBO INDIKATIBO.

Ang terminong "tagapamagitan" ay ang legal termino na nangangahulugang arbitrador. Gaya ng ang isang saserdote ay tumatayo sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan, gayundin, si Hesus bilang isang tagapamagitan (cf. 9:15; 12:24; I Timoteo 2:5). Ito ay isa na naman paraan ng pagpapakita ng gawa ng Dakilang Saserdote.

▣ **"na inilagda sa lalong mabubuting pangako"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA INDIKATIBO. Ang may-akda ng Hebreo ay ipinakita ang Hesus awtoridad ni Hesus higit sa Mosaik na tipanan ay ipinahayag sa pamamagitan ng kanyang paggamit ng terminong "mas lalong mainam" (tignan puna sa 7:7).

**NATATANGING PAKSA: TIPAN**

Ang OT terminong *berith* (BDB 136), tipan, ay hindi madaling bigyang kahulugan. Walang katambal na PANDIWA sa Hebreo. Lahat ng mga pagtatangka upang tuklasin ang etimolohikal na kahulugan ay napatunayang hindi kumbinsido. Gayunpaman, ang halatang sentrong konsepto ay nagtulak sa mga mangangaral na suriin ang pagkakagamit ng salita upang tangkaing malamang ang gumaganang kahulugan nito.

Ang tipan ay siyang pamamaraan na kung saan ang isang tunay na Diyos ay nakikitungo sa Kanyang taong nilikha. Ang konsepto ng tipan, kasunduan, o pagkakasundo ay krusyal sa pag-uunawa sa biblikal na kapahayagan. Ang tensyon sa pagitan ng dakilang kapangyraihan ng Diyos at malayang pagpili ng tap ay malinaw na makikita sa konsepto ng tipan. Ilang mga tipan ay batay sa karakter, aksyon at mga layunin ng Diyos.

1. sa nilikha mismo (cf. Genesis 1-2)
2. ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. ang tipanan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9) Gayunpaman, ang pinaka kalikasan ng tipan ay naghahangad ng isang pagtugon

1. sa pamamagitan ng pananampalataya si Adan ay dapat tumalima sa Diyos at hindi kakain ng bunga ng puno sa gitna na Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya si Abraham ay dapat na iwanan ang kanyang, sundin ang Diyos, at maniwala sa panghinaharap na lahi
3. sa pamamagitan ng pananampalataya si Noah ay dapat magtayo ng isang malaking bangka malayo sa tubig at mangalap ng mga hayop (cf. Genesis 6-9)
4. sa pamamagitan ng pananampalataya si Moises ay dinala ang mga Israelita palabas sa Ehipto at tumanggap ng mga partikular na mga alituntunin para sa panrelihiyon at panglipunang pamumuhay na may kasamang mga pangako ng pagpapala at sumpa (cf. Deutronomio 27-28)

Ang kaparehong tensyon na ito na nagsasangkot sa pakikipagrelasyon ng Diyos sa sangkatauhan at binanggit sa "bagong tipan." Ang tensyon ay malinaw na makikita sa pagkukumpara sa Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37. Ang tipan ba ay nakabatay sa mapagbiyayang aksyon ng Diyos o sa inutos na pagtagun ng tao? Ito ang nagliliyab na isyu ng Lumang Tipan at ang Bago. Ang mga tunguhin ng dalawa ay pareho: (1) ang pagpapanumbalik ng pakikisama nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng matuwid na bayan na nagpapakita ng karakter ng Diyos.

Ang bagong tipan ng Jeremias 31:31-34 ay lumulutas sa tensyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng pagsasagawa ng tao bilang mga paraan ng pagkamit ng pagtanggap. Ang batas ng Diyos ay nagiging panloob na pagnanasa sa halip na panlabas na pagsasagawa. Ang tunguhin ng makadiyos, matuwid na tao ay nanatiling pareho, ngunit ang metodolohiya ay nagbabago. Ang makasalanang sangkatauhan ay napatunayan sa kanilang mga sarili ay kakulalangan ng pagpapakita ng imahe ng Diyos. Ang problema ay hindi ang tipan, kundi ang pagiging makasalanan at kahinaan ng mga tao (cf. Roma 7; Galatia 3).

Ang kaparehong tensyon sa pagitan ng OT walang kondisyon at kondisyonal na mga tipan ay nanantili sa NT. Ang kaligtasan ay tiyak na libre ayon sa natapos na gawa ni Hesuskristo,ngunit ito ay nangangailangan ng pagsisisi at pananampalataya (parehong pasimula at nagpapatuloy). Ito ay parehong isang legal na prolamasyon at isang pagtawag tungo sa pagiging wangis ni Kristo, isang indikatibong pananalita ng pagtanggap at isang pautos patungo sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtasa sa pamamagitan ng kanilang mga pagsasagawa, ngunit tungo sa pagtalima (cf. Efeso 2:8-10). Ang makadiyos na pamumuhay ay nagiging ebidensya ng kaligtasan, hindi paraan ng kaligtasan living.

**8:7 "kung"** Ito ay isa na namang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na tinawag na taliwas sa katotohanan (cf. v. 4). Ito ang pangunahing punto ng argumento. Isang napakahalatang huwad na pananalita na ginamit upang gawin ang teolohikal na punto. Ang unang tipan ay hindi nakagawa ng ninais na resulta ng pagpapanumbalik at katuwiran.

**8:8 "sa pagkakita ng kakulangan sa kanila"** Hindi ang Kautusan, ngunit ang pantaong kahinaan ang problema (cf. Roma 7:12,16; Galatia 3).

▣ **"sinabi Niya"** Ang mga talata 8-12 ay ang pinagpatuloy na sipi mula sa Jeremias 31:31-34. Pansinin "Niya" ay tumutukoy sa YHWH; gayunpaman, sa 10:15 ang kaparehong pariralang ito ay ipinaparatang sa Banal na Espiritu. Ang inspirasyon ng OT ay minsan idinadahilan sa Espiritu at minsan sa Aman.

▣ **"BAGONG TIPAN"** Ang siping ito sa Jeremias (cf. 31:31-34) ay ang natatanging binanggit sa OT ng isang "bago" tipan, ngunit ito ay inilarawan sa Ezekiel 36:22-38. Ito marahil ay labis nakagigimbal sa mga Hudyo.

▣ **"SANGBAHAYAN NI ISRAEL"** Ito ay nagpapahiwatig ng muling pagsasama ng mga tao ng Diyos. Pagkatapos ng Nagkakaisang Monarkiya (Saul, David, Solomon) ay naghiwalay noong 922 B.C., ang

hilagang mga tribu sa ilalim ni Jeroboam I ay tinawag na Israel at ang katimugang mga tribu sa ilalim ni Rehoboam ay tinawag na Judah.

**8:9 "HINDI AYON SA TIPANG AKING IPINAKIPAGTIPAN"** Ang pagkakaiba ay hindi sa esensya o tunguhin kundi sa metodolohiya.

▣ **"NANG ARAW NA SILA'Y AKING TANGNAN SA KAMAY"** Ito ay tumutukoy kay YHWH bilang Ama (cf. Hosea 11:1-4).

▣ **"AT AKIN SILANG PINABAYAAN"** Ito ay sumusunod sa Septuagint (LXX) na salin. Ang Masoretic Text (MT) ay may "bagamay Ako ay asawang lalake sa kanila."

**8:10 "PAGIISIP"** Ito ay sumusunod sa Septuagint (LXX) ngunit ang Masoretic text (MT) ay may "sa loob nila." Ganito paano naiiba ang lumang tipan sa bago. Ang luma ay binigyan katangian ng Ezekiel 18:31, ang bao ay ng Ezekiel 11:19; 36:26-27.

▣ **"MGA PUSO"** Ito ay tumutukoy sa buong persona (cf. Deutronomio 6:6; 11:18; 30:6,14). Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8.

▣ **"AT AKO'Y MAGIGING DIYOS NILA, AT SILA'Y MAGIGING BAYAN KO"** Ito ay ang tipanang pormula sa OT.

**8:11** Mayroong isang Griyegong manuskrito pagkakaiba sa terminong "mamayan" laban sa "kababayan." Ayon sa liwanag ng Hebrew pagkakaunawa ng tipanang kapatid ang pagkakaiba ay gumagawa ng walang pagpapakahulugang pagkakaiba. Tulad ng mas luma at mas higit na masasaligang Griyegong mga teksto ay isasaalang-alang, "ang mga mamamayan" ang pinakamainam na pagpipilian (cf. P46, א, A, B, D, K, L, at pinakaminuskula na mga manuskrito).

**8:12** Ito ang kalidad ng bagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34). Ito ay binanggit sa NT sa Lucas 22:20; I Corinto 11:25; II Corinto 3:6; at Hebreo 8:8; 9:15. Wala ng pangangailangan ng mgapinuno, lahat ay makakakilala sa Panginoon at sa Kanyang kalooban at mga pamamaraan. Ang mga kasalanan na patatawarin ng Diyos, ay kakalimutan ng Diyos (malakas na DALAWAHANG NEGATIBO). Ang OT Ay nangangako ng kumpletong kapatawaran ay talagang kamangha-mangha (cf. Awit 103:3,8-14; Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Micah 7:19).

**8:13**
**NASB "Datapuwa't ang nagiging luma at tumatanda ay malapit ng lumipas"**
**NKJV "Ngayon ang nagiging luma at tumatanda ay nakahanda nang mawala"**
**NRSV "At anumang luma at tumatanda ay sa kalaunay mawawala"**
**TEV "Anumang bagay na nagiging matanda at naluluma ay sa kalaunay mawawala"**
**NJB "At anumang bagay na luma at matanda ay handa ng mawala"**

Ang paririalang ito ay nangangailangan ng ilang mga komento. Una, tandaan ang makasaysayang tagpuan. Mayroong isang grupo ng tao na nakakabit sa Mosaik na Kautusan at ibang grupo na nag-iisip na bumalik sa Mosaik na Kautusan. Ikalawa, ito ay may kinalaman lamang sa Kautusan bilang paraan ng kaligtasan. Ang OT ay tiyak, at ang, kapahayagan ng Diyos (cf. Mateo 5:17-19). Ang Mosaik na Kautusan ay nanatiling may layunin sa plano ng Diyos (cf. Gal. 3). Nagdadala ito sa mga tao patungo kay Kristo sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga makasalanang sangkatauhan ng kanilang pagiging makasalanan at pangangailangan ng kaligtasan. Nakakatulong ito sa atin na maunawaan ang nderstand Diyos at Kanyang mga paraan. Ito ay may kaugnayan sa bagong tipan bilang katuparan ng pangako. Ito ay walang kakayanang sa pagdadala sa kaligtasan sapagkat sa kahinaan at pagkamakasalanan ng

bumagsak na sangkatauhan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang may-akda ng Hebreo ay binibigyan diin ng matindi ang pagkasuperyor ng pagiging Dakilang Saserdote ni Hesus?
2. Ang aklat ba ng Hebreo ay naimpluwensahan ba ng Griyegong pilosopiya (Platonismo)?
3. Bakit binanggit ang Jeremias 31:31-34?
4. Bakit ang talata 12 ay lubhang napakahalagang pangako?
5. Paanong ang Mosaik na tipan ay nauugnay sa bagong tipan ng mga Kristyano?

# HEBREO 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Makalupa at Makalangit na mga Santuaryo | Ang Makalupang Santuaryo | Ang Ministeryo ng Levitikal na mga Saserdote | Makalupa at Makalangit na Pagsamba | Si Kristo ay Pumapasok sa Makalangit na Santuaryo |
| 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 |
| | Mga Limitasyon ng Makalupang Santuaryo | | | |
| 9:6-10 | 9:6-10 | 9:6-10 | 9:6-10 | 9:6-10 |
| | Ang Makalangit na Santuaryo | Mga Katangian ng Sakripisyo ni Kristo (9:11-10:18) | | |
| 9:11-14 | 9:11-15 | 9:11-14 | 9:11-14 | 9:11-14 |
| | | | | Tinatakan ni Kristo ang Bagong Tipan ng Kanyang Dugo |
| 9:15-22 | Ang Kamatayan ng Tagapamagitan ay Kinakailangan | 9:15-22 | 9:15 | 9:15-28 |
| Ang Kasalanan ay Naalis sa Pamamagitan ng Sakripisyo ni Kristo (9:23-10:18) | Ang Kadakilaan ng Sakripisyo ni Kristo | | 9:23-28 | |
| 9:23-28 | 9:23-28 | 9:23-28 | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-5**
**[1]Ngayon, ang unang *tipan* din ay nagkaroon ng mga palatuntunan ng pagsamba sa Diyos, at ng kaniyang santuario, ang santuario ng sanglibutang ito. [2]Sapagka't inihanda ang isang tabernakulo, ang una, na kinaroroonan ng kandelero, at ng dulang, at ng mga tinapay na handog; na siyang tinatawag na Dakong Banal. [3]At sa likod ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag na Dakong Kabanalbanalan, [4]Na may isang gintong dambana ng kamangyan at kaban ng tipan, at ang paligid ay nakakalupkupan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng sisidlang-ginto na may lamang mana, at tungkod ni Aaron na namulaklak, at mga tapyas na bato ng tipan; [5]At sa ibabaw nito ay ang mga querubin ng kaluwalhatian na nangagsisililim sa luklukan ng awa; na ang mga bagay na ito ay hindi natin mapaguusapan ngayon ng isa isa.**

**9:1 "ang una"** Ang mga regulasyon para sa sakripisyo at pagsamba na konektado sa tabernakulo ay nasa Levitico.

▣ **"*tipan*"** Hindi ito ang nasa Griyegong teksto. Karamihan sa Englis na mga salin ay ipinagpalagay ito. Gayunpaman, si H. E. Dana, sa kanyang *Jewish Christianity*, p. 255, naniniwala na ito ay dapat na isinalin sa "unang ministeryo" sapagkat ang kabanata 9 ay nagpapakita ng isa na namang ebidensya ng superiyor na ministeryo ni Kristo (cf. 8:6). Inilagay niya rin ito sa tsart na nagkukumpara sa p. 255.

| **Ang Unang Ministeryo** | **The Second Ministeryo** |
|---|---|
| Isang makalupa paglilingkod— "ayon sa mundong ito." | Isang makalangit na paglilingkod— "hindi kabilang sa nilikhang ito." |
| Pantaong kagamitan— "maryoong isang tabernakulo naitayo." | Banal na kagamitan— "hindi gawa ng mga kamay." |
| Panlabas na mga epekto— "hindi sa pamamagitan ng paghipo ng conscience konsensya ay nagawang sakdal ang pagsamba." | Panloob na mga epekto— "naglilinis sa iyong konsensya mula sa patay nag mga gawa upang maglingkod sa buhay na Diyos." |
| Pansamantala sa katangian— "karnal na mga regulasyon ay naglalatag pagbitin sa panahon ng pagtatayo." | Permanente sa katangian— "ang pangako ng walang hanggan |

**9:2 "isang tabernakulo"** Ito ay tumutukoy sa portatil na tabernakulo sa ilang, na inilarawan ng detalye sa Exodo25-27 at binuo sa 36-38,40. Ang may-akda ng Hebreo ay tumutukoy sa panloob na tolda bilang ang una (panlabas) na tabernakulo (ang banal na lugar) at ang ikalawa (panloob) na tabernakulo (ang Kabanalbanalan).

▣ **"ang kandelero"** Ito ay tumutukoy sa isang lampara na may pitong mga lalagyan na nagsusunod sa langis ng olibo, na nakalagay sa banal na lugar. Ito ay tinukoy sa Exodo25:31-40 at Levitico 24:1-4. Ito ay tinawag na *Menorah*, na siyang Hebreo terminoino para sa "kandelaryo." Si Solomon pinalawig ang lampara sa sampung mga bisig (cf. I Kings 7:49; II Cronico 4:7). Ito ay nagsisimbolo sa liwanag ng katotohanan at kapahayagan.

▣ **"at ng dulang, at ng mga tinapay"** Ito ang mesa na mamatagpuan sa banal na lugar na humahawak sa labindalawang malalaking (15 lb.) tinapay. Ang mga ito ay pinapalitan linggu-linggo at nagiging pagkain ng mga Saserdote (cf. Exodo25:23-30; 37:10-16; Levitico 24:5-9). Sila ay kumakatawan sa

ipinangakong pisikal na probisyon ng Diyos para sa labindalawang mga tribu ni Jacob.

▣ **"ang Dakong Banal."** Ito ang panlabas na silid ng tolda na ang mga saserdote ay nagmiministeryo araw-araw. Ito ay may sukat na 20 cubits ng 10 cubits (cf. Exodo25-27). Ang may-akda ng Hebreo ay madalas na gumagamit ng terminong ito (*hagia*) na may PANTUKOY (cf. 9:8,25; 13:11) At ginagamit ito para sa panloob o ikalawang bahagi ng sagradong tolda na tinawag na Dakong Kabanalbanalan (cf.v. 3) kung saan ang Arko ay nakalagay, ngunit sa talatang ito ang PANTUKOY ay nawawala at ang lahat ng terminoino ay tumutukoy sa panlabas na dalawa-tatlot bahagi ng sagradong tolda, na tinawag na dakong banal.

**9:3 "ikalawang tabing"** Ito ay nagbabahagi sa tolda sa dalawang mga kompartamento (cf. Exodo26:31-35). Ang Hebreo Ay mayroong dalawang espesyal na mga pangalan, isa ay para sa pambungad na kurtina o tabing, na madalas ay bahagyang nakabukas, at ang isa ay para sa panloob na tabing, na kailanman ay hindi nakabukas. Tanging ang Dakilang Saserdote ang pumapasok (dalawang beses) sa Araw ng Pagbabayad-Puri (cf. Levitico 16).

▣ **"ang Dakong Kabanalbanalan"** Ito ay isang perpektong kubo na may 10 cubits. Ito ay naglalaman ng arko kung saan si YHWH ay simbolismong nanahan sa pagitan ng mga pakpak ng mga querobin. Ang arkong ito ay pisikal na simbolo ng di-nakikitang Diyos (pagkatapos ng sila ay nakapasok sa Lupang Ipinangako).

**9:4 "gintong dambana ng kamangyan"** Ito ay ang hugis-altar na piraso ng muwebles kung saan ang kamanyang ay inilagay ng maraming bilang sa Araw ng Pagbabayad-puri upang makagawa ng makapal na usok na nagkukubli sa presensya ni YHWH sa ibabaw ng arko. Ang ating may-akda ay waring inilagay ito sa Dakong Kabanalbanalan. Ito ay nagdulot sa mga komentarista na tanggapin ang pariralang ito na pantukoy sa isang "insensaryo" sapagkat ganito paano isinalin ng Septuagint ang terminong ito (cf. Levitico 16:12; II Cronico 26:19; Ezekiel 8:11; IV Mac. 7:11). Gayunpaman, si Philo at Josephus ay ginamit ang kaparehong Griyegong salita para sa altar ng kamanyang. Sa OT ang altar ay malapit na nakikilala ng Dakong Kabanalbanalan (cf. Exodo30:1-10, 37; ngunit lalo na sa I Hari 6:22).

Ang mga uling ay kinuha mula sa dakilang sakripisyal na altar sa pintuan ng tabernakulo at inilagay sa maliit na tuntungan. Ang kamanyang ay inilagay sa uling upang makagawa ng malaking dami ng usok. Ang kamangha-manghang pagsisingaw ng usok ay nakakasagabal sa mata ng Dakilang Saserdote na makita si YHWH, na nananahan sa ibabaw ng arko ng tipan sa pagitan ng mga pakpak ng querubin, sa Dakong Kabanalbanalan.

▣ **"ang kaban ng tipan"** The ark is described in Exodo25:10-22 and 37:1-9.

**NATATANGING PAKSA: ANG ARKO NG KASUNDUAN O TIPAN**

I. Ang layunin nito
   A. ang lugar kung saan si YHWH ay nanahan (i.e., Kanyang tapakang bangkito, cf. I Cronico 28:2; Awit 132:7; Isaias 66:1) kasama ng Kanyang bayan, sa pagitan ng mga pakpak ng querubin
   B. ang lugar ng pagpapatawad ng kasalanan, para sa lahat ng mga tao (cf. Israel, Levitico 16 at I Hari 8:27-30; mga dayuhan, 8:41,43,60)
II. Ang nilalaman nito
   A. rabinikal na tradisyon
      1. ang dalawang mga tableta ng bato na kung saan si YHWH ay isinulat ang decalog (cf. Exodo 31:18; 32:15-16)
      2. ang dalawang haliging pilak na humahawak sa mga tableta (walang biblikal na mga

reperensiya)
3. ang kaputol ng orihinal na dalawang tableta na nabasag ni Moises dahil sa paggawa at pagsamba ng Israel (Aaron) sa gintong guya (cf. Exodo 32:19; Deutronomio 9:17; 10:2)
4. isang kopya ng buong Torah (cf. Exodo 25:16)
5. ang mga pangalan ng Diyos (cf. I Hari 8:29) pinayabong sa *Kabalah*, Hudyong mistisismo

B. biblikal na repernsiya patungkol sa mga nilalaman (hindi tiyak kung ang mga ito ay tumutukoy sa mga bagay sa loob ng arko o sa tabi nitot)
1. isang garapon ng manna (cf. Exodo 16:31-36)
2. ang tungkod ni Aaron na namumulaklak (cf. Bilang 17:4,10; Hebreo 9:4)
3. ang mga handog kasalanan ng mga Felistino (5 ginintuang mga daga at ginintuang bulaid, cf. I Samuel 6:3-4,8)isang kopya ng Decalog (cf. Deutronomio 10:4-5; 31:26)

C. sa paghahandog ni Solomon sa Temple sa I Kings 8 ang arko ay sinabing mayroon lamang laman ng dalawang tabletang bato (i.e., ang Sampung mga Salita, cf. I Hari 8:9)

III. Ang posibleng lokasyon nito
A. Makasaysayang opsyon
1. dinala sa Ehipto sa pamamagitan ni Shishak (935-914 B.C.) nang kanyang nasakop ang Judah sa ikalimang taon (926 B.C.) ng pamumuno ni Rehoboam (anak ni Solomon) (cf. I Hari 14:25-26; II Cronico 12:9).
2. dinala sa Ehipto (Zoan, Tanis, Avaris—magkakaibvang mga pangalan para sa delta kapitolyo ni Seti I) ni Pharaoh Necco II, na nagpatapon din sa mga inapo ni David na si Jehoahaz (anak ni Josiah) noong 597 B.C. (cf. II Hari23:31- 35; II Cronico 36:1-4)
3. dinala sa Babylonia sa temple ni Marduk ni Nebuchadnezzar II nang si Zedekiah ay ipinatapon (586 B.C.) at ang Templo ay sinunog (cf. II Hari 25:9,13-17; II Cronico 36:18).

B. Mga Tradisyong Hudyo
1. itinago sa Bundok Nebo/Pisgah ni Jeremias bago ang pagbagak ng Jerusalem
2. ang apokripang aklat ng II Baruch ay nagsasabing ang anghel ang nagtago nito
3. itinago sa di-nalalamang kaparaanan, ngunit ibinalik ni Elijah bago lang dumating ang Mesyas (cf.Mal. 4:5)
4. itinago sa Bundok Mt. Gerizim (Shechem) kung saan ang mga Samaritano ay nagtayo ng kanilang templo kay YHWH

▣ **"sisidlang-ginto na may lamang mana"** Ang Septuagint at Philo ay may pang-uri na "ginintuan," ngunit ang Masoretic Hebrew Text ay wala (cf. Exodo 16:31-36). Si Josephus ay nagsasabi na ito ay naglalaman ng 4 na pinta. Ito ay himala na ang manna ay hindi nabulok (cf. Exodo 16:18-21,22-25).

▣ **"tungkod ni Aaron na namulaklak"** Ang tungkod na ito ay tanda ni YHWH ng pagpapatunay ng pamumuno ni Moises at Aaron sa panahon ng pagrerebelde ni Korah (cf. Bilang 17:1-11; 20:8-11).

▣ **"mga tapyas na bato ng tipan"** Ito ay tumutukoy sa dalawang batong tableta na may decalog (sampung mga salita)na sinulatan ng mga daliri ng Diyos (cf. Exodo 25:16; Deutronomio 9:9,11,15; 10:3-5; 31:18; 32:15). Ang aklat ng Deutronomio at Josue 24 ay sumunod sa tularang kasunduan ng mga Hittites (ng ikalawang milenyo B.C.). Ang kanilang mga kasunduan ay laging may dalawang mga kopya, isa para sa nasasakop na hari na babasahin taun-taon at isa para sa santuaryo ng diyos. Samakatuwid, ang dalwang mga batong tableta ay maaaring magkapares na kopya.

**9:5 "ang mga querubin ng kaluwalhatian"** Ito ay tumutukoy sa dalawang malaanghel na nilalang sa bawat dulo ng luklukan ng awa (takip), na ang mga pakpak ay tumatakip sa arko (cf. Genesis 3:24; Exodo25:18-22; Ezekiel 10:14, ngunit pansinin na sa Ezekiel 41:18 sila ay may dalawang mukha, hindi apat). Isang bagong posibilidad mula sa History Channel video, "Decoding the Exodus" nagsasaysay na

sila ay mga piniks. Ang Bibliya ay hindi nagbigay ng higit na impormasyon patungkol sa malaanghel na mundo. Ang ating pagiging mausisa ay pinangungunahan ng labis ang ipinihayag na katotohanan. Para sa terminong "kaluwalhatian" tignan puna sa 1:3.

▣ **"luklukan ng awa"** Ito ay tumutukoy sa ginintuang takip ng kahoy na kahon na tinawag na "ang arko ng tipan." Ito ay espesyal na lugar para sa "pagtatakip" ng mga kasalanan. Ang simbolismo ay waring

1. Si YHWH ay nanahan sa pagitan ng mga pakpak ng dawalang malaanghel na nilalang (ang mga rabi ay sinabi na ito ay ang Kanyang paang tungtungan)
2. Ang kahon ay naglalaman ng "sampung mga salita" (decalog) ang Dakilang Saserdote, sa Araw ng Pagbabayad-puri (cf. Levitico 16), ay nagpupunta sa Dakong Kabanalbanalan ng dalawang beses upang maglagay ng dugo sa luklukan ng awa, isang beses para sa kanyang sariling kasalanan at isa para sa hindi sinasadyang mga kasalalanan ng sambayanan sa kabuuan (cf. v. 7)

Ang kinakailangan ng Kautusan ay natakpan, ikinubli sa mata ni YHWH sa pamamagitan ng sakripisyal na dugo ng walang bahid dungis na hayop (ang buhay ay nasa dugo; ang kasalanan ay nanghihingi ng buhay).

▣ **"na ang mga bagay na ito ay hindi natin mapaguusapan ngayon ng isa isa"** Ito ay isang pagtatatuwa. Ang ating may-akda ay gumagamit ng mga detalye mula sa sinaunang tabernakulo na sa ngayon ay hindi na nalalaman.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:6-10**

**[6]At sa ganitong pagkahanda ng mga bagay na ito, sa unang tabernakulo ay palaging nagsisipasok ang mga saserdote, na tinutupad ang mga katungkulan, [7]datapuwa't sa ikalawa ay pumapasok na nagiisa ang dakilang saserdote, minsan sa isang taon, na hindi walang dalang dugo, na inihahandog na patungkol sa kaniyang sarili, at sa mga kamalian ng bayan. [8]Na ipinakikilala ng Banal na Espiritu, na hindi pa naihahayag ang pagpasok sa dakong banal samantalang natatayo pa ang unang tabernakulo, [9]na yao'y isang talinghaga ng panahong kasalukuyan; ayon dito ay inihahandog ang mga kaloob at ang mga hain, tungkol sa budhi, na hindi magpapasakdal sa sumasamba, [10]palibhasa'y palatuntunan lamang na ukol sa laman, na iniatang hanggang sa panahon ng pagbabago (gaya ng mga pagkain, at mga inumin at sarisaring paglilinis)**.

**9:6 "sa unang tabernakulo ay palaging nagsisipasok"** Ang mga saserdote ay naglalagay sa mga lalagyan sa *menorah* ng langis (cf. Exodo27:20-21), pinapalitan ang tinapay linggu-linggo (cf. Levitico 24:8-9), at naglalagay ng maliit na dami ng kamangyang sa altar ng insenso (cf. Exodo 30:7-8).

**9:7 "ang Dakilang Saserdote. . . minsan sa isang taon"** Pumapasok lamang siya tuwing Yom Kippur, ang Araw ng Pagbabayad-puri (cf. Levitico 16). "*Kipper*" ay nangangahulugang "takpan"; ang *Akkadian cognate* ay nangangahulugang "alisin palayo." Ang Hebreo 9 ay nakapokus sa mga ritwal sa Araw ng Pagbabayad-puri ng higit sa alinmang kabanata sa NT.

▣ **"sa kamalian"** Tanging ang mga kasalanang hindi sinasadya ang maaring matugunan ng sakripisyal na sistema. Ang sinasadyang mga kasalanan, o "kasalanan ng mataas na kamay" (KJV) ay hindi mababayaran-puri (cf. Levitico 4:2; Bilang 15:24,27,30,31; Awit 51:17). Ang Araw ng Pagbabayad-puri ay pasimulang tumutugon sa seremonyal na karumihan ng bansa.

**9:8-10** Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng (1) ang panimulang kalikasan ng Mosaik na tipan (2) ang pagkasuperiyor ng bagong tipan. Paanong ang bagong tipan kay Kristo ay mas lalong mainam?

1. sa luma tanging ang Dakilang Saserdote ang nakapasok sa paloob na dambana isang beses kada taon para sa kanyang mga kasalanan at sa di-sinasadyang mga kasalanan ng Israel (limitadong

paglapit at limitadong kapatawaran).

2. sa bagong tipan lahat ng mga mananampalataya ay dinala ng malapit sa Diyos dahil sa kawalang kasalanan ni Hesus at pagtanggal sa pagkakaiba sa pagitan ng sinasadya at di-sinasadyang mga kasalanan (lubusan paglapit at lubusang kapatawaran).

Ang bagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34), batay sa pananampalataya sa natapos na gawa ni Kristo, hindi sa karapat-dapat sa gantimpalang pagsasagawa ng tao ng panlabas na alituntunin, ay nagbigay sa mga mananamba ng kumpiyansa (isang bagong puso, isang bagong espiritu, cf. Ezekiel 36:20-27) upang lapitan ang banal na Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga ritwal pamamaraan o sa liturhiya (cf. 6:1-2), kundi sa pamamagitan ng ebanghelyo.

**9:8**
**NASB "ang panlabas na tabernakulo"**
**NKJV "ang unang tabernakulo"**
**NRSV "ang unang tolda"**
**TEV "ang panlabas na tolda"**
**NJB "ang lumang tolda"**

Ang may-akda ng Hebreo ay tinatawag ang panlabas na bahagi ng tolda na "ang unang tabernakulo," na tumutukoy sa "ang banal na lugar." Ito ay kumakatawan sa Mosaik na tipan na pagsamaba, na hindi nagbibigay pahintulot sa lubusang paglapit sa Diyos. Ang talukbong sa Templo ni Herodes Temple na napunit mula sa itaas pababa nang namatay si Hesus (cf. Mateo 27:51) ay nagsimbolo ng panibagong paglapit na ito sa pamamagitan ni Kristo.

**9:9 "na hindi magpapasakdal sa sumasamba"** Ang lumang tipan ay hindi nagawang alisin ang kasalarian ng kasalanan mula sa konsensya ng sangkatauhan (cf. v. 14). Ang konsensya sa NT (hindi ang OT) ay moral na gabay (cf. I Pedro 3:21). Ang panganib ay maaari itong makondisyon ng kultura o maabuso sa katahimikan (cf. Mateo 23:25-26). Ang NT kontra-punta sa "tunog ng malumanay na pag-ihip" o "ang payapang maliit na tinig" ng I Hari 19:12.

Isang napakanakakawiling diskusyon ng terminong ito na ginamit sa Hebreo ay matatagpuan sa Robert B. Girdlestone aklat na *Synonyms of The Old Testament*

> "Ang siping ito sa sulat sa Hebreo na ang salita ay lumitaw ay napakanakawiwili at mahalaga. Mula sa Hebreo 9.9, nalakap natin na ang mga handog sa ilalim ng O.T. ay hindi maarng makagawa sa tao na 'sakdal patungkol sa konsensya' i.e., hindi makakapag-alis ng pakiramdam ng kasalanan na siyang humahadlang sa tao para makipag-isa sa Diyos. Hindi nila naalis ang kasalanan, sa katunayan, hindi nila maari, mula sa kalikasan ng mga bagay; sapagkat kung ang epekto ng Levitikal dispensasyon ay makakapagpasakdal sa mga tao, i.e., na makakapag-isa sa Diyos , ang mga handog ay hindi na dapat kailangang ulitin. Kung ang mga sumasamba ay nalinisan na minsan ng pangkalahatan, wala na dapat silang kamalayan sa mga kasalanan (Hebreo 10.2). Ngunit 'ang dugo ni Kristo' ay naglilinis sa kamalayan ng isang tao mula sa patay na gawa, at makakagawa sa kanya na maglingkod sa buhay na Diyos (Hebreo 9.14); at ang puso ay sa gayon 'nawisikan mula sa masamang puso' (10.22). Sa madaling salita, ang matapat na pagtanggap ng sakripisyo ni Kristo ang nag-aalis ng pakiramdam ng kasalanan na siyang naging sagabal sa pagitan ng tao at Diyos, at makakagawa sa isang tao mamuhay hindi bilang isang tagapaglinggkod kundi isang anak" (p. 73).

▣ **"sakdalt"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

**9:10**
**NASB "isang panahon ng pagbabago"**
**NKJV "ang panahon ng pagbabago"**

| | |
|---|---|
| **NRSV** | **"ang panahon ay dumaratong upang itakda ang mga bagay ng tama"** |
| **TEV** | **"ang panahon kung saan ang Diyos ay itatatag ang bagong kaayusan"** |
| **NJB** | **"ang panahon ay dumating upang isaayos ang mga bagay ng tama"** |

Ito ay tumutukoy sa bagong tipan na pinasinayaan kay Hesus. Ang paririalang ito ay ginamit ng mga rabi sa huling "Jubilee" kapag ang Mesyas ay darating. Ito ay ginamit sa moral na pakahulugan sa Jeremias 7:3,5.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:11-14**

**11Nguni't pagdating ni Kristo na Dakilang Saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid baga'y hindi sa paglalang na ito, 12At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan. 13Sapagka't kung ang dugo ng mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng dumalagang baka na ibinubudbod sa mga nadungisan, ay makapagiging banal sa ikalilinis ng laman, 14 Gaano pa kaya ang dugo ni Kristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Diyos, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Diyos na buhay?**

**9:11 "Nguni't pagdating ni Kristo na Dakilang Saserdote"** Kailan ba ito nangyari:

1. bago ang paglilikha (cf. Pahayag 13:8)
2. sa Kalbaryo (cf. v. 12)
3. pagkatapos ng asensyon patungo sa kanang kamay ng Ama (pumasok sa santuaryo sa kalangitan, cf. 9:24-25)

Inalay ba ni Hesus ang Kanyang sarili ng dalawang beses? Kung magkagayon, bakit ang pagbibigay diin ay sa "minsan para sa lahat?" Posible na inalay Niya ang Kanyangsarili bilang sakripisyo sa Kalnaryo, ngunit umakto bilang Dakilang Saserdote pagkatapos ng Kanyang asensyon o maaring ito ay simpleng (1) teolohikal na pag-iimahe o (2) kinasihang rabinikal na mistisismo.

▣ **"ng mabubuting bagay na darating"** Ang sinaunang Griyegong mga manuskrito ay nagkakaiba: (1) "mga bagay na parating" sa א, A (NASB, NKJV, NJB) at (2) "mga bagay na narito na" sa $P^{46}$, B, D* (RSV, NEB, TEV, NIV).

▣ **"na hindi gawa ng mga kamay"** Ang ilan ay tinitignan ito bilang isang reperensiya sa muling pagkabuhay ng pisikal na mga katawan ng mga mananampalataya (cf. II Corinto 5:1) at sa katawan ni Hesus (cf. Marcos 14:58). Gayunpaman, ang konteksto ay waring tumutukoy sa makalalangit na templo (cf. Hebreo 8:2; 9:24).

**9:12 "hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka"** Ang mga kambing ay para sa mga kasalanan ng mga tao (cf. Levitico 16:11) at ang mga baka ay para sa mga kasalanan ng Dakilang Saserdote (cf. Levitico 16:11). Ang sakripisyal na sistema ng OT (cf. Levitico 1-7) ay mapagbiyayang probisyon ng Diyos sa pagbibigay pahintulot (bilang isang pagbibigay babala sa kamatayan ni Kristo) sa walang bahid dungis na hayop na magbayad ng kamatayan para sa kasalanan ng tao (cf. Levitico 17:11).

▣ **"kundi sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo"** Ang Griyegong pang-ukol "*dia*" ay maaring may kahulugan na (1)"sa pamamagitan" (NASB, NIV) o (2) "may" (NKJV, NRSV, NJB).

▣ **"dakong banal"** Ito ay nagpapahiwatig ng "ang Dakong Kabanalbanalan" ng makalangit na

tabernakulo.

▣ **"minsan magpakailan man"** Ito ay ang madalas na uliting pagbibigay diin (cf. 7:27; 9:28; 10:10). Ito ay nagbibigay liwanag sa kumpleto at natapos na sakripisyo ni Kristo. Tignan buong puna sa 7:27.

**9:12**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "na kinamtan ang walang hanggang katubusan"**
**TEV "nakamtan ang walang hangang kaligtasan"**
**NJB "na napagwagian ang walang hanggang katubusan"**

Ito ay isang AORIST PANGGITNA PANDIWARI, na nagsasad ng isang natapos na akto na nagbibigay diin sa pakikihalubilo at interest ng paksa. Ang salitang "walang hanggan" ay maaring maiuugnay sa (1) sa kalidad nito, "buhay ng bagong panahon" o (2) kabuuan nito, "buhay na walang katapusan." Sa mga kasamang mga babala sa Hebreo na napakasidhi, posibleng ang #1 ang tumutugma ng pinakamahusay. Tignan NATATANGING PAKSA: Walang Hanggan sa 6:2.

▣ **"katubusan"** Ang salitang ito ay tumutukoy sa panubos na ibinayad ng isang malapit na kamag-anak sa isang tao para makalayaa. Ito ang OT "go'el" (cf. Ruth 4; Isaias 43:1; 44:22,23; 48:20; 12:9; 63:9; Hosea 13:14).

**9:13 "kung"** Ito ay isang UNANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo. Tinggap ng Diyos ang Mosaik na sistemang sakripisyal bilang paraan ng pagtatakip ng kasalanan hanggang bago kay Kristo!

▣ **"ang abo ng dumalagang baka"** Ang abo ng pulang dumalagang baka ay ginamit sa seremonyal na paglilinis (cf. Bilang 19).

▣"**ibinubudbod**" Ito ay bahagi ng Mosaik na ritwal na nagsasangkot ng mga likido (dugo o mga abo ng pulang dumalagang baka na hinaluan ng tubig). Ito ay isang paraan sa paglilipat ng kabanalan o kapangyarihan ng paglilinis. Robert B. Girdlestone sa kanyang Synonyms of The Old Testament ay may nakakawiling komento.

> "Ang pagwiwisik (*shantismoi*) espesyal na tinukoy sa Sulat sa Hebreo ay may dalawang uri—yaong isinasagawa ng may mga abo ng isang pulang dumalagang baka doon sa mga tao na nakakuha ng ilang mga karumihan (Hebreo 9.13), at yaong isinasagawa na may kasamang dugo sa mga tao at ang Aklat sa paggawa ng lumang tipan; gayundin sa tabernakulo at ilang mga piling lalagyan na may kinalaman sa sagradong paglilingkod (Hebreo 9.19,21). Ang diwa ng mga aninong ito ay ang pagwiwisik ng banal na dugo ni Hesus, na nagsasalita ng mas lalong mainam kaysa kay Abel (Hebreo 12.24)" (p. 152).

**9:14 "gaano pa kaya"** Ang pagkukumpara sa mga kasunduan ay ang tema ng aklat (cf. 2:1-3; 3:3; 8:6; 10:28-29).

▣ **"na sa pamamagitan ng Espiritu"** Ito ay alinman sa pre-eksistent na espiritu ni Kristo o ang Banal na Espiritu.

Ang United Bible Societies' *A Handbook on The Letter to the Hebrew* ni Ellingworth at Nida, ay naglista ng ilang mga kadahilanan kung bakit ito ay dapat na maliit na titik "s" kung saan karamihan sa makabagong mga salin (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB, NIV) ay may malaking titik.

1. walang TAHAS NA PANTUKOY
2. ang may-akda madalas nagsasalita ng "ang Banal na Espiritu" at tinatawag Siya sa pamamagitan

ng buong titulong ito
3. ang pariralang ito ay maaring kahanay sa "ang kapangyarihan ng di-mawawasak na buhay" sa 7:16 (p. 196).

Sa kanyang komentaryo sa Hebreo sa *New International Commentary Series*, si F. F. Bruce ay gumawa ng isang nakakawiling komento na ang konsepto ng Espiritu ay isang pagpapahiwatig sa mga seksyon sa Isaias na naglalaman ng "mga Awit ng tagapaglingkod" (kabanata 40-54). Sa seksyong ito, 42:1 ay nagsasabi na "isinakaniya Ko ang Aking Espiritu" (p. 205). Sa isang aklat na gaya ng Hebreo, na gumagamit ng OT ng napakalaya, ito ay gumagawa ng mabuting pakahulugan.

▣ **"inihandog ang Kaniyang sarili"** Ito ay kusang-loob na akto ni Kristo (cf. Juan 10:17-18; II Corinto 5:21; Felipos 2:8, Isaias 52:13- 53:12). Tignan NATATANGING PAKSA: Hesus Bilang Dakilang Saserdote sa 2:17.

▣ **"walang dungis"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:26.

▣ **"sa mga gawang patay"** Ang kaparehong parirala na ito ay lumitaw sa 6:1 na tumutukoy sa OT na mga ritwal at mga pamamaraan bilang daan ng pagkamit ng kaligtasan. Ang tunay na kaparaanan ay ang natapos naghahaliling pagbabayad-puri ng Kordero ng Diyos (cf. Juan 1:29; I Juan 3:5). Tunay kong pinasasalamatan ang komento ni M. R. Vincent sa kanyang *Word Studies in the New Testament*, na nag-uugnay sa mga patay na gawa ng sariling pagmamatuwid na legalismo:

> "Ito ay nagbabago sa karakter ng mga gawa sa pamamagitan ng pagdadalisay sa mga ito ng elemento ng kamatayan. Ang elementong ito ay nagmumula hindi lamang sa mga gawa na kinilalang bilang makasalanan at ginawa ng mga makasalanang mga tao, ngunit mga gawa na nasa ilalim ng mga relihiyoso, subalit isinagawa sa ayon sa espiritung legalismo. Gayunman, sapagkat ito ay pre-imenente sa relihiyon ng pananampalataya, ang Kristyanismo ba ay gumamit ng pinakamahigpit at pinakaradikal na pagsusuri sa mga gawa. Si Professor Bruce ay makatotohanang nagsasabi na 'ang pinakamahigpit na pagsusulit sa kapangyarihan ni Kristo sa pagtutubos ay ang kanyang abilidad na paluwagin ang pagkakatali na bunga ng relihiyong legal, na kung saan marami sa mga nakagapos ay nakatakas sa pananakop ng masagwa, at makasalanag mga ugali'" (pp. 1139-1140).

▣ **"upang magsipaglingkod sa Diyos na buhay"** Pansinin na ang mga mananampalataya ay iniligtas para maglingkod (cf. Roma 6). Ang kaligtasan ay ang kalayaan mula sa mapaniil na kasalanan, patungo sa pagkapanginoon ng Diyos! Ang kaligtasan ay hindi isang produkto (isang naunang-biniling tiket para sa langit o isang pansegurong polisiya laban sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon ng pananampalataya, pagtatalima at paglilingkod. Lahat ng mga mananampalataya ay niregaluhan para sa ministeryo (cf. Efeso 4:11-12) at paglilingkod sa katawan ni Kristo (cf. I Corinto 12:7,12).

Ang PANG-URI "nabubuhay" ay isang paglalaro sa OT tipan na pangalan para sa Diyos, YHWH, na mula sa ugat ng PANDIWA "maging." Si YHWH ay ang walang hanggang buhay, tanging Nag-iisang walang hanggang buhay!

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKADIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deutronomio 7:21; Awit 50:1).
   2. Sa Canaanite napanteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
   3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon

na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.

   a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deutronomio 32:8; Isaias 14:14
   b. *El-Roi* ("Diyos na nakakakita" o "Diyos na ipinahayag ang Sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
   c. *El-Shaddai* ("Diyos na Makapangyarihan" o "Diyos ng Lahat ng Pakikiramay" o "Diyos ng mga Bundok," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
   d. *El-Olam* (ang Walang Hangang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay teolohikong naiuugnay sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
   e. *El-Berit* ("Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46

4. *El* katumbas sa
   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama
   c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
   d. "jealousy" sa Exodo 34:14; Deutronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. "mercy" sa Deutronomio 4:31; Neh. 9:31;
   f. "matapat" sa Deutronomio 7:9; 32:4
   g. "dakila at kamangha-mangha" sa Deutronomio 7:21; 10:17; Neh. 1:5; 9:32; Dan. 9:4
   h. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
   i. "ang aking matibay na kanlunagan" sa II Samuel 22:33
   j. "ang aking tagapaghigante" sa II Samuel 22:48
   k. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
   l. "malakas" sa Isaias 10:21
   m. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
   n. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
   o. "pagganti sa masama" sa Jeremias 51:56
5. Ang kombinasyon ng lahat ng OT na pangalan ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El*, *Elohim*, *YHWH*,inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
   1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Neh. 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
   2. Ito ay ginamit na kahanay na kahulugan sa ilang mga ibang pangalan/titulo ng Diyos.
      a. *Elohim* - Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
      b. *YHWH* - Genesis 14:22; II am. 22:14
      c. *El-Shaddai* - Awit 91:1,9
      d. *El* - Bilang 24:16
      e. *Elah* - ginamit ng madalas sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, inugnay sa *illair* (Aramaic para sa "Mataas na Diyos") sa Dan. 3:26; 4:2; 5:18,21
   3. Ito ay madalas na ginamit ng hindi mga Israelita.
      a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
      b. Balaam, Bilang 24:16
      c. Moses nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deutronomio 32:8
      d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng mga Griyego katumbas na *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), ginamit ng unang-una sa mga tula (BDB 43, KB 52)
   1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Old Testament. Ang salitang ito ay maaring magtalaga sa Diyos ng Israel o ang Diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josh. 24:2).

2. Ito ay maaring tumutuko sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
3. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga esperitwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deutronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7. Ito ay maaring tumutukoy sa mga taong hukom (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). ). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing (teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Awit 104).

   Ito ay kasingkahulugan sa *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa mga banal na pangalan.
5. Bagamat PANGMARAMIHAN ang ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay madalas na nagtatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit madalas ito ay mayroong PANG-ISAHANG PANDIWA nagpapahayag ng monoteistik na paggamit.
6. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, nang nakipagusap sa mga bansa, Deutronomio 32:8
7. Isang hindi pangkaraniwan na ang pangunahing pangalan para sa nagiisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagamat wala katiyakan, narito ang mga teorya.
   a. Ang Hebreo ay maraming mga PANGMARAMIHAN, madalas na ginagamit upang magbigay diin. Ang malapit na may relasyon dito ay ang huling Hebreong gramatikal na katangian tinawag na "ang pangmaramihan ng katas-taasan," na kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palitawin ang isang konsepto.
   b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf.I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Maaring posible rin na ito ay nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay broods, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang ahente ng Ama sa paglilikga (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

Ito ang pangalan na nagpapakita ng pagkadiyos bilang tipanang Diyos; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang mga nilalang ay bumabali sa mga kasunduan, ngunita ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga salita, pangako, at kasunduan (cf. Awit 103).

Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa kombinasyon ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang espesyal na manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa espesyal na kapahayagan patungkol sa isang importanteng posisyon at layunin ng tao, gayundin ang problem ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang posisyon.

1. Sa Genesis 4:26 sinabi na "ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon" (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El–Shaddai*. Ang pangalangYHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, vol. 2, pp. 409-11).
   a. mula sa Arabic na ugat, "magpakita ng taos na pagmamahal"

b. mula sa Arabic na ugat "ihipan" (YHWH gaya ng sa bagyong diyos)
c. mula sa Ugartic (Canaanite) na ugat "magsalita"
d. sumusunod sa isang Phoenician na inskripsyon, isang PANDAHILANANG PANDIWARI na nangangahukgang "ang Nag-iisang nagpapanatili," o "ang Nag-iisang nagtatayo"
e. mula sa ang Hebrew *Qal* na porma "ang Nag-iisa na Siyang," o "ang Nag-iisang na pangkasalukuyan" (sa panghinaharap na kahulugan, "ang Nag-iisa na magiging")
f. mula sa Hebreo *Hiphil* anyo "ang Nag-iisang na nagiging dahilan One who causes to be"
g. mula sa Hebreong ugat "ang mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay "ang nananatiling buha magpakailanman, o "ang Nag-iisang buhay kailanman"
h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, "Ako ay mananatili sa kung ano Ako" o "Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan naYHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.
   (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
   (2) *Yahu* ("iah" pagtatapos ng mga pangalan, hal., Isaias)
   (3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, hal., Josue o Joel)

2. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "pinuno," "asawa," "panginoon"—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang "panginoon." Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.
3. At sa *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay diin sa ilang mga katangian ng Tipanan Diyos ng Israel. Habang mayroon namang maraming posibleng kombinasyon na mga salita, narito ang mga ilan.
   a. *YHWH - Yireh* (YHWH ay magtutustos, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH - Rophekha* (YHWH ang iyong mangagamot, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
   c. *YHWH - Nissi* (YHWH ang aking damdana, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (YHWH ang Siyang nagpapabanal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* KATAGA), Exodo 31:13
   e. *YHWH - Shalom* (YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH - Sabbaoth* (YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; madalas sa mga Propeta
   g. *YHWH - Ro'I* (YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* KATAGA), Awit 23:1
   h. *YHWH - Sidqenu* (YHWH ang ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH - Shammah* (YHWH ay naroon, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:15-22**

**[15]At dahil dito'y siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan, upang sa pamamagitan ng
isang kamatayan na ukol sa ikatutubos ng mga *pagsalangsang* na nasa ilalim ng unang tipan, ang
mga tinawag ay magsitanggap ng pangako na manang walang hanggan. [16]Sapagka't kung saan
mayroong tipan doo'y kinakailangan ang kamatayan ng gumawa niyaon. [17]Sapagka't ang isang
tipan ay may kabuluhan kung mamatay ang gumawa: sa ibang paraa'y walang anomang
kabuluhan samantalang nabubuhay ang gumawa. [18]Kaya't ang una mang *tipan* ay hindi
itinalaga ng walang dugo. [19]Sapagka't nang salitain ni Moises ang bawa't utos sa buong bayan
ayon sa kautusan, ay kumuha siya ng dugo ng mga bulong baka at ng mga kambing, na may tubig
at balahibong mapula ng tupa at isopo, at winisikan ang aklat at gayon din ang buong bayan, [20]na**

**sinasabi, " ITO ANG DUGO NG TIPAN NA INIUTOS NG DIYOS TUNGKOL SA INYO."** [21]**Gayon din ang tabernakulo at ang lahat ng mga kasangkapan sa pangangasiwa ay pinagwiwisikan niya ng dugo sa gayon ding paraan.** [22] **At ayon sa** ***kautusan,*** **ay halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran**.

**9:15 "tagapamagitan"** Tignan puna sa 8:6 (cf. 12:24; I Timoteo 2:5).

▣ **"isang bagong tipan"** Ito ay unang ginamit sa 8:8,13, ngunit ipinahiwatig sa 7:22. Ang nakakagigimbal na terminong ito ay matatagpuan lamang sa isa sa OT na teksto (cf. Jeremias 31:31-34) at inilarawan sa Ezekiel 36:22-38. Ang mga talata 15-18 ay isang paglalaro na salita sa "tipan," na may dalawang kahulugan nito na legal na kontrata o kasunduan (Hebreo) at huling kaloobang testamento (Griyego at Latin).

▣ "**upang sa pamamagitan ng isang kamatayan na ukol sa ikatutubos ng mga *pagsalangsang* na nasa ilalim ng unang tipan, ang mga tinawag ay magsitanggap ng pangako na manang walang hanggan"** Tandaan na ang Hebreo ay isang pagkukumpara sa Luma at Bagong mga Tipan. Ang Mosaik na Tipan ay naging sentensyang kamatayan (cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14) sa pinakamataas na nilikha ng Diyos (sangkatauhan) sapagkat pagkatapos ng Genesis 3 hindi sila nakasunod sa kalooban at nakasagawa ng mga kautusan ng Diyos. Ang unang tipan ay nagsabi "gawin upang mabuhay," ngunit wala ni isa ang lubusang nakatalima sa mga pangangailangan nito. Ang Lumang Tipan ay nagsaad "ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay" (cf. II Hari 14:6; Ezekiel 18:4,20). Ang sagot ng Diyos ay ang walang sala, ideal na Israelita na magbabayad ng presyo para sa lahat, sa lahat ng panahon (cf. Isaias 52:13-53:12).

Ang pariralang "yaong mga tinawag" ay tumutukoy sa nagpapasimulang pagkatawag ng Diyos na makilala Siya (cf. 3:1; Juan 6:44,65; Roma 8:28,30; 9:24). Tignan buong puna sa 3:1.

Ang konsepto ng "mana" ay nakadugtong sa natatanging relasyon ng mga Levite kay YHWH. Sila ay Kanyang mana at Siya ay sa kanila (hindi lupa na gaya ng sa ibang tribu). Ang bagong tipan na mga mananampalataya ay gaya na ngayon ng mga OT saserdote (cf. II Pedro 3:5,9; Pahayag 1:6). Ang mga mananampalataya ay mayroong manang walang hanggan, na inilaan ni Kristo, at binabantayan ng Diyos (cf. I Pedro 1:3-5).

**NATATANGING PAKSA: PANUBOS/TUBUSIN**

I. LUMANG TIPAN
   A. Mayroong panimulang dalawang Hebreong legal na mga termino na nagdadala ng konseptong ito.
      1. *Gaal* (BDB 145, I), na ang pangunahing kahulugan ay "palayain sa pamamagitan ng pagbabayd ng presyo." Isang anyo ng terminong *go'el* ay nagdadagdag sa konsepteo ng isang personal na tagapamagitan, kadalasan au miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na manunubos). Ang kultural na apetong ng karapatang bilhin pabalik ang mga bagay, mga hayop, at lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin ng teolohikal sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang manunubos" (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:1; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
      2. *Padah* (BDB 804), na ang pangunahing kahulugan ay "palayain" o "iligtas"
         a. ang pagtutubos sa mga panganay (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
         b. pisikal na pagtutubos ay isinalungat sa espiritwal na pagtutubos (Awit 49:7,8,15)
         c. si YHWH ay tutubuson ang Israel mula sa kanilang kasalanan at rebelyon

(Awit 130:7-8)

B. Ang teolohikal na konsepto ay nagsasangkot ng ilang magkakaugnay na mga bagay.
   1. Mayroong isang pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkatalo, isang pagbilanggong.
      a. pisikal
      b. sosyal
      c. espiritwal (cf. Awit 130:8)
   2. Isang presyo ang dapat bayaran para sa kalayaan, pagkawala, at panunumbalik.
      a. ng bayan ng Israel (cf. Deutronomio 7:8)
      b. ng isang indibidwal (cf. Job 19:25-27; 33:28)
   3. Isang tao ang dapat umakto bilang tagapamagitan at tagatangkilik. Sa *gaal* ang isang ito ay madalas na miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
   4. Si YHWH ay madalas na inilalarawan ang Kanyang sarili sa makapamilyang mga termino.
      a. Ama
      b. Asawang Lalake
      c. Malapit na kamag-anak na manunubos/tagapaghiganti

      Ang pagtutubos ay segurado sa pamamagitan sa personal na ahensya ni YHWH; isang presyo ang binayaran, at ang pagtutubos ay nakamit!

II. BAGONG TIPAN

A. Mayroong ilang mga termino ang ginamit upang ipahayag ang teolohikal na konsepto.
   1. *Agorazō* (cf. I Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:34). Ito ay isang komersyal na termino na nagpapakita ng isang presyong binayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga tao na binili ng dugo na hindi nagkokontrol sa ating mga sariling buhay. Tayo ay mga pag-aari ni Kristo.

   2. *Exagorazō* (cf. Galacia 3:13; 4:5; Efeso 5:16; Colosas 4:5). Ito rin ay isang komersyal na termino. Ito ay nagpapakita ng naghahaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Si Hesus ibinaon ang "sumpa" ng batay sa pagsasagawang kautusan (i.e., Mosaik na Kautusan, cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14), na hindi makakamit ng makasalanang mga tao. Ibinaon Niya ang sumpa (cf. Deutronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang katarungan at pag-ibig ng Diyos ay nagsama patungo sa lubusang pagpapatawad, pagtanggap, at paglapit!
   3. *Luō*, "upang palayain"
      a. *Lutron*, "isang presyong binayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ang makapangyarihang mga salita na ito mula sa sariling bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, ang maging Tagapagligtas ng mundo sa pamamagitan ng pagbabayad ng utang-kasalanan na hindi Niya inutang (cf. Juan 1:29).
      b. *Lutroō*, "pakawalan"
         (1) tubusin angIsrael (Lucas 24:21)
         (2) bigyan ang Kanyang sarili na tubusin at pagdalisayin ang mga tao (Titus 2:14)
         (3) para maging walang salang tagapaghalili (I Pedro 1:18-19)
      c. *Lutrōsis*, "pagtutubos," "pagpapalaya," o "liberasyon"
         (1) ang propesiya ni Zacharias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
         (2) si Anna ay nagpuri sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
         (3) si Hesus ay mas lalong mainam, minsanang paghahandog na sakripisyo, Hebreo 9:12
   4. *Apolytrō sis*
      a. Pagtutubos sa Ikalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
         (1) Lucas 21:28

(2) Roma 8:23
(3) Efeso 1:14; 4:30
(4) Hebreo 9:15
b. Pagtutubos sa kamatayan ni Kristo
(1) Roma 3:24
(2) I Corinto 1:30
(3) Efeso 1:7
(4) Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang krusyal na teksto (gaya ng sa Titus 2:14) n a nagdudugotng sa pagpapalaya sa naghahaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at tanging nag-iisang katanggap-tanggap na sakripisyo, ang isa na namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Titus 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikal na konsepto sa NT.
1. Ang sangkatauhan ay napaalipin sa kasalanan (cf. Juan 8:34; Roma 3:10-18; 6:23).
2. Ang pagkaalipin ng sangkatauhan ay naipahayag sa OT Mosaik Kautusan (cf. Galatia 3) at sa sermon ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasagawa ng tao ay naging sentensyang kamatayan (cf. Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang salang kordero ng Diyos, ay dumating at namatay para sa atin (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21). Tayo ay nabili mula sa kasalanan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos (cf. Roma 6).
4. Sa pagpapahiwatig ang parehong YHWH at Hesus ay mga "malapit na kamag-anak" na umaakto para sa atin. Ito ay nagpapatuloy sa pampamilyang mga metapora (i.e., ama, asawang lalake, anak, kapatid na lalake, malapit na kamag-anak).
5. Ang pagtutubos ay hindi isang presyo na binayaran kay Satanas (i.e., Medieval na teolohiya), ngunit ang pagkakasundo sa salita ng Diyos at sa katarungan ng Diyos kasama ng pag-ibig ng Diyos at ang buong probisyon kay Kristo. Sa krus ang kapayapaan ay napanumbalik, ang pagrebelde ng tao ay napatawad, ang imahe ng Diyos sa sangkatauhan ay lubusan na ngayung gumaganang muli sa matalik na pakikisama!
6. Mayroon paring panghinaharap na aspeto ng pagtutubos (cf. Roma 8:23; Efeso 1:14; 4:30), na nagsasangkot ng ating muling binuhay na katawan at personal na pagkakalapit sa Triune na Diyos. Ang ating mga muling binuhay na katawan ay magiging kagaya ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay may pisikal na katawan, ngunit mayroong mga karagdagang mga aspetong dimensyonal. Napakahirap na ipaliwanag ang kabalintunaan ng I Corinto 15:12-19 kasama ng I Corinto 15:35-58. Halatang mayroong isang pisikal, makalupa ng katawan at mayroong din makalangit, espritwal na katawan. Si Hesus ay mayroon ang pareho!

**9:16-18** Mayroong dalawang mga paraan sa pag-uunawa sa seksyon na ito: (1) ang may-akda ay gumagamit ng rabinikal na paglalaro sa terminong "tipan" sa Griyegong pakahulugan nito ng "huling habilin o testamento" (cf. Galacia 3:15). Ang layunin nito ay bigyan diin na si Kristo ay kailangang mamatay para ang bagong tipan ay maging mabisa; o (2) ang termino ay dapat laging isinalin na "tipan." Ang pinamahusay na maikling argumento para sa posisyong ito ay matatagpuan sa M. R. Vincent *Word Studies in the New Testament*:

> "Salungat sa pagsasalin ng *testamento* para sa *diathēkē* at pabor sa pagpapanatili sa *tipan*, ay ang mga sumusunod na konsiderasyon: (a) *Ang biglaang pagbabago at interpretasyon nito sa linya ng pagpapaliwanag.* Ito ay ipinakilala sa kalagitnaan ng nagpapatuloy na argumento, na ang bagong tipan ikinumpara isinalungat sa Mosaik tipan (ch. viii. 6-x.18). (b) Ang puntong paliko, pareho sa mga analohiya at sa pagkakasalungat, ay ang parehong mga tipan ay pinasinayaan at pinagtibay sa pamamagitan ng *kamatayan*: hindi ordinaryo, natural na

kamatayan, kundi sakripisyal, marahas na kamatayan, sinamahan ng pagdanak ng dugo bilang esensyal na katangian. Ang ganyang kamatayan ay simpleng itinuro sa talata 15. Kung ang diatheke ay nangangahulugang testamento, ang thanaton kamatayan sa talata 16 ay dapat na mangahulugang natural na kamatayan na walang pagdanak ng dugo. (c) Ang pigura ng isang testamento ay hindi makakaakit sa Hebreo sa koneksyon sa mana. Sa kabilang dako, ang ideya ng kleronomia – ay laging isinasama sa kaisipan ng Hebreo na kasama sa mana sa Canaan, at ang mana na yaon ay may ideya ng isang tipan. Tignan Deutronomio iv. 20-23; I Chron. xvi.15-18; Awit cv. 8-11. (d) Sa LXX, na kung saan ang ating manunulat ay palagiang nagsisipi, , ang diatheke ay mayroong pangkalahatang kahulugan ng tipan. Ito ay lumitawn g mahigit 350 na beses, madalas ay kumakatawan sa tipan. (e) Ang pagpapatibay ng tipan sapamamagitan ng sakripisyo ng isang bikitma ay pinatunayan ng Genesis xv.10; Awit 1.5; Jeremias xxxiv. 18. (f) Kung ang testamento ay tamang salin sa vv. 16,17, ang manunulat ay katamtaman may kinalaman sa retorikal na pagkakamali; para sa talata 18 ff ay simpleng hinangad bilang isang makasaysayang ilustasyon ng mga pang-ukol sa vv. 16,17, at ang mga ilustrasyon sa isang punto ay lahatang kakaiba mula sa bagay na ipinakita. Ang manunulat ay sinabi na, 'Ang habilin ay walang puwersa pagkatapos ng kamatayan ng tagasuri; samakatuwid ang unang tipan ay pinagtibay kasama ng dugo ng mga biktima'" (p. 1144).

▣ **"itinalaga"** Tignan puna sa 10:20.

**9:19 "mga bulong baka at ng mga kambing, na may tubig at balahibong mapula ng tupa at isopo"** Ang may-akda ay waring pinagsama ang paglilinis sa pamamagitan ng pagwiwisik ng dugo sa isang ketungin sa Levitico 14:6-7 kasama ng konsekrasyon ng Sampung mga Utos sa Sinai sa Exodo 24:1-9. Ang tabernakulo ay wala pa sa pag-iral sa kabanata 24 (cf. Exodus 40). Si Josephus ay nagsasabi sa atin na ang pagwiwisik na dugo ay bahagi ng ritwal sa Exodus 40.

Ang salitang "mga kambing" ay nawalwa sa ilang mga sinaunang Griyegong mga manuskrito ($P^{46}$, $\aleph^{c}$, K, L) gaya ng sa Syriac salin at ang Griyegong teksto na ginamit ni OriGen ang mga kambing ay madalas na ginamit para sa handog pangkasalanan, ngunit hindi pagpapatibay ng tipan (bagamat hindi eklusibo, cf. Genesis 15:9). Ang mga kambing ay tinanggal sa pagpapatibay ng "sampung mga salita" (Torah) sa Exodo24:1-8. Posibleng ang mga "kambing" ay isan na namang pahiwatig sa Araw ng Pagbabayad puri, Levitico 16, kung saan ang mga kambing ay mahalagang bahagi ng ritwal.

Napakahirap mula sa ating modernong pananaw na angkinin ang Gawa 7 (sermon ni Stephen) at ang may-akda ng Hebreo (paglalarawan sa sinaunang tabernakulo ng kabanata 9) ay hindi wasto. Mayroon higit na hindi nalalamang mga bagay patungkol sa mismong kanilang mga sinaunang mga ritwal at laging nagbabagong rabinikal na tradisyon na kasama nila.

**9:20** Ito ay isang sipi mula Exodus 24:8.

**9:22 "halos masasabi kong lahat ng mga bagay"** Ilang mga bagay ay nalinis ng walang dugo sa sistema ng OT: (1) Levitico 5:11;Bilang 16:46; (3) Bilang 31:22-23; (4) Exodo 19:10; 32:30-32; Levitico 15:5; 16:26,28; 22:6; (5) Awit 51. Tignan puna sa ibaba.

▣ **"maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran"** Sa OT ang paglilinis ay nangangailangan ng (1) apoy, (2) tubig, o (3) dugo. Ang may-akda na ito ay dinadala ng seryoso ang kasalanan. Ang kapatawaran ay nagsasangkot ng isang buhay na nawala (cf. Levitico 17:11,14). Ang OT sakripisyal na sistema (cf. Levitico 1-7)ay naglalatag ng entablado ng ating pagkakaunawa sa naghahaliling kamatayan ni Kristo (cf. Mateo 26:28; Mark 10:45; I Corinto 11:25; II Corinto 5:21).

Sa OT mayroong ilang mga paraan o bagay /mga tao na nalinis ng walang dugo.

1. sa pamamagitan ng dugo (cf. Levitico 13:52,55; 16:27; Bilang 31:23)

2. tubig (cf. Exodo 19:30; Levitico 15:5; 16:26,28; 22:6; Bilang 31:24)
3. arinang sakripisyo (cf. Levitico 5:11-13)
4. kamangyan (cf. Bilang 16:46-48)
5. intersasyon (cf. Exodo 32:30-32)
6. panalangin ng pagpapahayag ng kasalanan at pagsisisi (cf. Awit 32 and 51)

**TALATA SA NASB (BINAGO): 23-28**

**23 Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan ay linisin ng mga ito;
nguni't ang mga bagay ring ito sa sangkalangitan ay linisin ng lalong mabubuting handog kay sa
rito.**
**24 Sapagka't hindi pumasok si Kristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na
kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap ngayon sa harapan ng
Diyos dahil sa atin;**
**25 At Siya'y hindi rin naman kailangang ihandog na madalas pa ang
kaniyang sarili, na gaya ng Dakilang Saserdote na pumapasok sa dakong banal taon-taon na
may dalang dugo na hindi Niya sarili.**
**26 Sa ibang paraan ay kailangan na Siya'y magbatang
madalas mula nang itatag ang sanglibutan: datapuwa't ngayon ay minsan Siya'y nahayag sa
katapusan ng mga panahon upang alisin ang kasalanan sa pamamagitan ng pagkahandog ng
Kaniyang sarili.**
**27 At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at *pagkatapos*
nito ay ang paghuhukom,**
**28 ay gayon din naman si Kristo, na inihandog na minsan upang
dalhin ang mga kasalanan ng marami, sa ikalawa'y pakikita na *hiwalay* sa kasalanan, sa
ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa Kaniya.**

**9:23 "mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan ay linisin"** Ang konsepto ng mga bagay sa langit na narumihan ng kasalanan ng sangkatauhan sa mundo ay hindi karaniwan, ngunit hindi natatangi sa may-akdang ito (cf. Roma 8:18-22). Ang Araw ng Pagbabayad puri, ipinahiwatig ng madalas sa kabanatang ito, ay nagsasangkot ng taunang paglilinis sa tabernakulo mula sa pangseremonyang karumihan (cf. Exodo30:10; Levitico 16:11-20). Ang langit ay maaring narumihan sa pamamagitan ng

1. pagbagsak sa kasalanan ng sangkatauhan (cf. Roma 8:18-22; Colosas 1:20)
2. presensya ni Satanas (cf. Job 1-2; Zech. 3)
3. simpleng konsepto ng rabinikal na tradisyon

**9:24 "upang humarap ngayon sa harapan ng Diyos dahil sa atin"** Ang malasaserdoteng tungkulin ay isinagawa sa dalawang antas: (1) bilang sakripisyo sa daigidig at (2) bilang saserdote sa langit. Ang pariralang ito ay maaring maunawaan sa dalawang mga paraan: sa kontekso ito ay tumutukoy sa Kanyang sakripisyal na kamatayan sa ngalan ng sangkatauhan, ngunit ito'y maaring maunawaan bilang reperensiya sa Kanyang nagpapatuloy na ministeryong pamamagitan (cf. 7:25; Roma 8:34; I Juan 2:1).

Ang terminong "humarap" ay *emphanizō*, na nangangahulugang "na magpakita" (cf. Mateo 27:53). Sa v. 26 ang salitang "magpakita," *phaneroō,* (cf. II Corinto 5:10; Colosas 3:4; I Pedro 5:4; I Juan 2:28; 3:2) ay ginamit sa v. 28 ang salitang "humarap," *optomai* (cf. Mateo 17:3; Lucas 1:11; 9:31; 22:43; 24:34; Gawa 2:3; 7:2,30,35; 9:17; 16:9; 26:16). Nakakabigla na ang may-akda ay gumagamit ng tatlong mga magkasingkahulugan na mga termino.

**9:25** Ito ay nagpapatuloy sa teolohikal na pagbibigay diin ng aklat na Hebreo na ibinigay ni Hesus sa Kanyang sarili "minsan" (cf. 7:27; 9:11,25-28; 10:10) magkagayon, Ang kanyang pagkasaserdote, sakripisyo, at santuaryo ay superiyor sa kanilang mga OT na kapilas.

**9:26**
**NASB "Sa ibang paraan ay kailangan na Siya'y magbatang madalas"**
**NKJV "Siya ay kailangang magdusa ng madalas"**
**NRSV "magkagayon siya ay dapat magdusa namang muli"**

**TEV „magkagayon siya ay dapat namang muli ng maraming beses"**
**NJB „kung hindi suya ay dapat na magdusa ng paulit-ulit"**

Sa kanyang *Word Pictures in the New Testament,* A. T. Robertson ay nagsasaysay na ito ay ipinagpalagay na IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP (Vol. V, p. 404), na maaring mangahulugan ng isang huwad na pangungusap na nagsresulta ng isang huwad na konlusyon. Si Hesus ay nagdusa lamang ng isang beses, hindi gaya ng mga regular na sakripisyo.

▣
**NASB „mula nang itatag ang sanglibutan"**
**NKJV „at sa pagwawakas ng mga panahon"**
**NRSV „sa katapusan ng panahon"**
**TEV „ngayun na kapag ang lahat ng oras ng panahon ay nalalapit sa pagtatapos"**
**NJB „sa katapusan ng huling panahon"**

Mayroong ilang mga Griyegong termino na nauugnay sa "oras," "walang hanggan," at "panahon." Sa kabanata 9 tatlong temporal na mga pantukoy ang ginamit:.

1. 9:9, "pangkasalukuyang panahon," i.e., Lumang Tipan
2. 9:10, "oras ng pagbabago," i.e., Bagong Tipan (simula ng bagong panahon,)
3. 9:26, "katuparan ng mga panahon," i.e., bagong panahon ng katuwiran (katuparan ng bagong panahon, cf. Mateo 13:39,40,49; 24:3; 28:20)

Ang mga rabi at ang NT may-akda ay nakikita ang dalawang panahon (isang pahalang na dualismo): (1) ang kasalukuyang panahon ng kasamaan ay kinakikitaan ng rebelyon ng ta at ang sumpa ng Diyos at (2) ang panahon na darating ay pinasinayaan ng Mesyas, isang araw ng katuwiran.

Ang OT ay nagpopokus sa maharlika, makapangyarihan na pagdating ng Mesyas bilang ang Hukom at Pinuno, ngunit sa pagpapahayag ng NT, Siya ay darating ng dalawang beses, isa bilang ang nagdurusang tagapaglingkod, ang Kordero ng Diyos; at sa kalaunay, gaya ng hinula ng OT. Ang dalawang magkakaibang mga pagdating na ito ay nagdulot sa pagpapatong ng dalawang Hudyong mga panahon. Ang Kaharian ng Diyos ay dumating sa pagsilang ni Hesus hindi maisasakatuparan hanggang sa Kanyang maluwalhating pagbabalik. Ang mga mananampalataya ay samakatuwid mga mamamayan ng dalawang kaharian: ang walang hanggang Kaharian at ang temporal na kaharian.

**9:27** Ang talatang ito ay tunay na nagwawaksi sa anumang isipin ng transmigrasyon ng mga kaluluwa, ang gulong ni *kharma*, o nakaraang mga buhay, ay isang kasindak-sindak na doktrina para sa bumagsak, at makasalanang sangkatauhan! Ito ay isang Kristyanong pananaw ng "isang buhay, pagkatapos paghuhukom" ang nagpagatong sa pangangailangan ng madaliang pagkilos ng ebanghelismo; ang sumisira sa teolohikal konsepto ng pangkalahatan (ang lahat ng tao ay maliligtas sa katapusan); ang naghahangad ng dakilang mandato (cf. Mateo 28:19-20) ay hindi gawin isang mabuting suhestiyon o dakilang opsyon!

**9:28 "upang dalhin ang mga kasalanan ng marami"** Ito marahil ay isang pahiwatig sa Isaias 53:12 (cf. I Pedro 2:24). Ang terminong "marami" ay hindi eksklusibo (ilan), ngunit kahanay sa "lahat" ng 53:6 (cf. Roma 5:18, "lahat"; 5:19, "marami").

Ang terminong "dalhin" ay maarin ring pahiwatig sa Isaias 53:4,11,12. Ang Hebreong pandiwa ay nangangahulugang "upang dalhin" o "alisin" (cf. I Pedro 2:24). "Si Hesus ay nagbayad ng utang na hindi Niya inutang; tayo ay may utang na hindi nating kayang bayaran."

▣ **"sa ikalawa'y pakikita"** Ito marahil ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating ni Kristo, isang pabalik-balik na tema ng NT (cf. Mateo 24:3,27,30,37,39,42,44; 26:64; Marcos 13:20; 14:62; Lucas 21:27; Juan 14:3; Gawa 1:11; I Corinto 1:7; 15:23; Felipos 3:20-21; I Tesalonica 2:19; 3:13; 4:15-16; 5:23; II Tesalonica 1:7,10; 2:1,8; I Timoteo 6:14; II Timoteo 4:1,8; Titus 2:13; Hebreo 9:28; Santiago 5:7-8; I Pedro 1:7,13; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28). Tignan NATATANGING PAKSA: Griyego Pandiwang

Pamanahon ang Gamit sa Kaligtasan sa 1:14.

Gayunpaman, posible, ayon sa konteksto, na ito ay tumutukoy kay Kristo na iniiwan ang Kanyang makalangit na tabernakulo pagkatapos ng Kanyang dakila at matagumpay na sakripisyo (cf. *New Testament Transline* ni Michael Magill, p. 846, #32 at 35). Isang bagay ang analogo sa OT na Dakilang Saserdote na lumalabas sa Dalong Kabanalbanalan sa Araw ng Pagbabayad puri.

▣

**NASB** **"*na hiwalay* sa kasalanan, sa ikaliligtas"**
**NKJV** **"hiwalay mula sa kasalanan, para sa kaligtasan"**
**NRSV, TEV** **"hindi para sa pagtrato sa kasalanan, ngunit upang magligtas"**
**NJB** **"ang kasalanan bilang wala na. . .upang magdala ng kaligtasan"**

Ang pariralang ito ay waring nagpapahiwatig na si Kristo ay dumating ng unang beses upang ayusin ang problema sa kasalanan ng sanlibutan, ngunit Siya ay muling darating upang tipunin patungo sa Kanyang sarili (cf. I Tesalonica 4:13-18) yaong mga nagtiwala sa Kanya at nag-aasam para sa Kanyang pagbabalik (cf. Roma 8:19,23; I Corinto 1:7; Felipos 3:20; Titus 2:13).

▣ **"ng mga nagsisipaghintay sa Kaniya"** Ito marahil ay isa na namang pahiwatig sa seremonya sa Araw ng Pagbabayad puri, kung saan ang mga Israelita ay taimtimang naghihintay para sa Dakilang Saserdote na lumabas mula sa Dakong Kabanalbanalan ng buhay, na nagsisimbolo sa pagtanggap ni YHWH ng kanyang pagpapamagitang ministeryo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang may-akda ng Hebreo ay tinalakay ang sinaunang tabernakulo ng ilang?
2. Bakit ang 9:9 ay may teolohikal na kahalagahan?
3. Mayroon bang isang tunay na pisikal na tabernakulo sa Langit na si Kristo ay aktuwal na pumasok at nag-alay ng sakripisyo?
4. Anung dalawang konotasyon ng "tipan" ang ginamit ng may-akda sa mga talata 15-18?

# HEBREO 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kasalanan ay Isinantabi sa Pamamagitan ng Sakripisyo ni Kristo | Ang mga Sakripisyong mga Hayop ay Hindi Sapat | Mga Katangian ng Sakripisyo ni Kristo | Ang Sakripisyo ni Kristo ay Nag-aalis ng mga Kasalanan | Ang Dating Sakripisyo ay Hindi Epektibo |
| (9:23-10:18) | | (9:11-10:18) | (9:23-10:18) | |
| 10:1-4 | 10:1-4 | 10:1-10 | 10:1-4 | 10:1-10 |
| | Ang Kamatayan ni Kristo ay Tumupad sa Kalooban ng Diyos | | | |
| 10:5-10 | 10:5-10 | 10:5-10 | 10:5-10 | 10:5-10 |
| | Ang Kamatayan ni Kristo ay Nagpasakdal sa mga Pinagpaging Banal | | | Ang Bisa ng Kamatayan ni Kristo |
| 10:11-14 | 10:11-18 | 10:11-18 | 10:11-14 | 10:11-18 |
| 10:15-18 | | | 10:15-18 | 10:15-18 |
| Ang Paghihikayat at Babala | Kumapit ng Mahigpit sa Iyong Pagpapahayag | | | |
| 10:19-25 | 10:19-25 | 10:19-25 | 10:19-25 | 10:19-25 |
| | Ang Matuwid ay Mamumuhay sa Pananampalataya | | | Ang Panganib ng Apostasya |
| 10:26-31 | 10:26-39 | 10:26-31 | 10:26-31 | 10:26-31 |
| | | | | Mga Motibo Para sa Pagtitiis |
| 10:32-39 | | 10:32-39 | 10:32-39 | 10:32-39 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO**

A. Ang literaturang yunit ay nagsisimula sa kabanata 8:1 at nagpapatuloy hanggang sa 10:18.

B. Ito ay nagpapahiwatig sa tatlong mga paraan na kung saan ang ministeryo ni Hesus ay superiyor kaysa sa ministeryo ng Levitikal na mga Saserdote.
   1. ang superiyor na sakripisyo ni Hesus (His own blood, cf. 9:12-14)
   2. ang minsan para sa lahat na paghahandog ni Hesus (tignan buong puna sa 7:27)
   3. ang makalangit, hindi makalupa na santuaryo ni Hesus (cf. 9:11)

C. Ang PANDIWA *teleioō* ay ginamit ng paulit-ulit sa Hebreo.
   1. 2:10, si Hesus ay ginawang sakdal sa pamamagitan ng pagdurusa
   2. 5:9, si Hesus ay ginawang sakdal at naging bukal ng walang hanggang kaligtasan
   3. 7:19, ang Mosaik na Kautusan ay walang ginawang sakdal
   4. 7:28, si Hesus ay ginawang sakdal
   5. 9:9, ang Mosaik na ritwal ay hindi nagawang sakdal ang konsensya ng mga mananamba
   6. 10:1, ang Mosaik na ritwal ay di-nagawang gawing sakdal ang mga mananamba
   7. 10:1, ang paghahandog ni Hesus ay ginawa ang mga mananampalataya na sakdal magpakailanman
   8. 11:40, ang OT at NT mga banal ay pinasakdal ng sama-sama
   9. 12:33, ang mga espiritu ng mga matuwid na tao ay ginawang sakdal

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1-10**
**1Sapagka't ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, hindi ang tunay**
**na larawan ng mga bagay, kailan pa man ay di maaaring magpasakdal sa mga nagsisilapit sa**
**pamamagitan ng mga hain na laging inihahandog sa taon-taon. 2Sa ibang paraan ay hindi kaya**
**baga nagsipaglikat sila ng paghahandog? sapagka't ang mga nagsisisamba, yamang nalinis na**
**minsan, ay hindi na sana nagkaroon pa ng budhi sa mga kasalanan? 3Nguni't sa *mga hain* yaon**
**ginagawa ang pagaalaala sa mga kasalanan taon-taon. 4 Sapagka't di maaari na ang dugo ng mga**
**baka at ng mga kambing ay makapagalis ng mga kasalanan. 5Kaya't pagpasok Niya sa sanglibutan,**
**ay sinasabi,**

**"HAIN AT HANDOG AY HINDI MO IBIG,**
**NGUNI'T ISANG KATAWAN ANG SA AKIN AY INIHANDA MO;**
**6SA MGA HANDOG NA SUSUNUGIN AT MGA HAING PATUNGKOL**
**SA MGA KASALANAN AY HINDI KA NALUGOD.**
**7"NANG MAGKAGAYO'Y SINABI KO, 'NARITO, AKO'Y PUMARITO (SA BALUMBON NG AKLAT AY**
**NASUSULAT TUNGKOL SA AKIN.) UPANG GAWIN, OH DIYOS, ANG IYONG KALOOBAN.'"**

**8Sa itaas ay sinasabi, "MGA HAIN AT MGA HANDOG AT MGA HANDOG NA SUSUNUGING BUO AT *mga***
***haing* PATUNGKOL SA KASALANAN AY HINDI MO IBIG, AT DI MO RIN KINALULUGDAN (MGA BAGAY NA**
**INIHAHANDOG AYON SA KAUTUSAN) 9saka sinabi Niya, "NARITO, AKO'Y PUMARITO UPANG GAWIN**
**ANG IYONG KALOOBAN." Inaalis niya ang una, upang maitatag ang ikalawa. 10Sa kaloobang yaon**
**tayo'y pinapaging-banal, sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Kristo na minsan magpakailan man.**

**10:1 "anino"** Ang Mosaik na lehislasyon ("Ang Kautusan") at mga ritwal ay ang tipo at babala sa Dakilang Saserdoteng ministeryo ni Hesus sa makalangit na tabernakulo, hindi gawa ng mga kamay ng tao (cf. 8:5; 9:23-28).

*The Jerome Biblical Commentary* ay may kawili-wiling komento:

"Dito ang may-akda ay hindi gumagamit ng 'anino' na gaya ng ginagawa niya sa 8:5, kung saan ang Platonic na makalangit-makalupa na pagkakasalungat ang ninais, ngunit sa makaPablo na pakahulugan ng pagbibigay babala ng isang paparating sa pamamagitan ni Kristo (cf. Colosas 2:17). . .Ang taunang paulit-ulit na Araw ng Pagbabayad puri na mga sakripisyo ay hindi nakaalis ng kasalanan; sila ay simpleng nagbibigay babala sa sakripisyo ni Hesus" (p. 399).

▣ **"mabubuting bagay na darating"** Sa 9:11 ito ay tumukoy sa pagiging Dakilang Saserdoteng ministeryo ni Kristo.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"hindi ang tunay na larawan ng mga bagay"** |
| **NKJV** | **"hindi ang tunay na imahe ng mga bagay"** |
| **NRSV** | **"hindi ang tunay na anyo ng mga realidad na ito"** |
| **TEV** | **"hindi isang lubusan at matapat ng modelo ng mga bagay"** |
| **NJB** | **"hindi nila tunay na mga imahe"** |

Ito ang Griyegong termino *icon*, na nangangahulugang detalyadong pagpaparami na tumutugma sa realidad (cf. II Corinto 4:4; Colosas 1:15). Dito ay ikinaila at gramatikal na ikinabit sa "isang anino."

▣ **"ng mga hain na laging inihahandog sa taon-taon"** Si Hesus ay nag-aalay ng isang epektibong sakripisyo. Ang mga saserdote ay naghahandog ng paulit-ulit.

▣ **"magpasakdal"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "dalhin sa pagiging kumpleto," "lubusang makamit." Ang salitang ito na (*teleioō* at ang mga iba pang anyo nito) ay nananatiling tema sa kabuuang aklat. Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

Ang terminong *telos*

1. ay nangangahulugang "ang katuparan," "upang makamit ang isang tunguhin," o "katapusan" (cf. 3:6,14; 6:11)
2. sa Hebreo 5:14 ang *teleios* ay ginamit sa hinog na tao
3. sa 6:1 ang *teleiotes* ay ang pagkatawag sa pagkahinog
4. ang mga termino ay ginamit na may koneksyon sa ministeryo ni Melchizedek at sa makalangit tabernakulo sa 7:11 at 9:11

▣ **"sa mga nagsisilapit"** Sa OT ito ay tumukoy sa paglapit ng mga Saserdote kay YHWH para sa pagsamba o ministeryo. Ngunit dito, sa ilalim ng bagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34), ito ay tumutukoy sa lahat ng mga mananampalataya (cf. Santiago 4:8) na ngayon ay may matalik na paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 4:16; 7:19,25; 10:1,22)

**10:2**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV,** | |
| **NJB** | **"sa ibang paraan"** |
| **NKJV** | **"kung magkagayon"** |
| **TEV** | **"kung"** |

Ito ay isang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, madalas na tawaging "salungat sa katotohanan." Ang huwad na salaysay ay ginawa upang gawing mapwersa ang isang teolohikal na punto (cf. 4:8; 7:11; 8:4,7; 10:2; 11:15).

Ang talata 2 ay maaring maisalin bilang

1. isang tanong na umaasa ng sagot na "oo", gaya ng sa NASB, NRSV, NAB
2. isang may kinikilingang tanong, gaya ng sa NKJV, NIV
3. isang pahayag, gaya ng sa TEV, NJB, REB

▣ **"hindi kaya baga nagsipaglikat sila ng paghahandog"** Ito ay maaring magpahiwatig ng (cf. v. 11; 7:28) na ang Templo ay buhay pa rin; samakatuwid, ang Hebreo ay maaring naisulat bago ang A.D. 70, nang ang Templo (at Jerusalem) ay lubusang nawasak ng Romanong heneral (sa kalaunay si Emperor) Titus.
▣ **"sapagka't ang mga nagsisisamba, yamang nalinis na minsan, ay hindi na sana nagkaroon pa ng budhi sa mga kasalanan"** Ito ang problema sa Mosaik ritwal: hindi ito nakakapaglinis ng kasalanan ng puso at isipan (cf. 9:9,14). Ang bagong tipan kay Kristo ay nagbibigay pahintulot na makalapit sa Diyos ng may katapangan (isang malinis na konsensya)!

**10:3 "ang pagaalaala sa mga kasalanan taon-taon"** Ito ay waring pantukoy sa Araw ng Pagbabayad puri (cf. Levitico 16), yamang ito ang pokus ng kabanata 9, ngunit ito ay maaring pantukoy sa kabuuang sakripisyal na sistema. Ang katotohanan na ang taunang mga sakripisyo ay kailangan upang linisin ang tabernakulo at ang bansa, ay patuloy na nagpapaalala sa mga Israelita ng kaseryosohan at paulit-ulit na kasalanan ng tao (cf. Galatia 3).

**10:4 "Sapagka't di maaari"** Ang salitang imposible ay ginamit ng ilang beses sa Hebreo (tignan buong puna sa 6:6).

1. 6:4 (sa Griyego, ngunit ang 6:6 sa muling pagbubuo ng NASB). Imposible na mapanumbalik sila sa pagsisisi
2. 6:18, imposible sa Diyos na magsinungaling
3. 10:4, imposible para sa dugo ng mga hayop na makaalis ng kasalanan
4. 11:6, kung walang pananampalataya imposible na mapalugod ang Diyos

Para sa may-akda ng Hebreo ang Griyegong termino "imposible" <u>hindi</u> nangangahulugang "napakahirap"!

**10:5**
**NASB "Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinasabi"**
**NKJV "nang Siya ay dumating dito sa mundo, sinabi Niya"**
**NRSV "nang si Kristo ay dumating sa mundo, sinabi Niya"**
**TEV "nang si Kristo ay paparating na sa mundo, sinabi Niya sa Diyos"**
**NJB "at kaya kung bakit Niya sinabi, sa pagdating sa mundo"**

Ito ay nagpapakilala ng isang sipi (cf. vv. 5-7) mula sa Awit 40:6-8, na nagpapakita ng kawlaang kasiyahan ni YHWH sa OT na mga sakripisyo sapagkat sila ay hindi sinasamahan ng buhay pananampalataya. Ang ating may-akda ay gumagamit ng Awit 40:7 bilang pahiwatig sa pagdating ng Mesyas na Siyang lubusang magpapalugod sa Diyos.

Ang siping ito ay nagpapahiwatig rin ng pre-eksistent ni Kristo (cf. Juan 1:1-2; 8:57-58; II Corinto 8:9; Felipos 2:6-7; I Juan 1:1). Wala kailanmang panahon na si Kristo ay hindi umiral! Ang Kanyang esensya kasama ng Ama ay naidokumento sa Juan 5:18; 10:30; 14:9; 10:28.

▣ **"ISANG KATAWAN ANG SA AKIN AY INIHANDA MO"** Ang siping ito ay sumusunod sa Septuagint ng Awit 40:6. Ang Masoretic na teksto ay may "ang tainga na inilaan mo para sa akin." Ang partikular na pagbanggit ng isang pisikal na katawan na inihanda para sa Mesyas ay gagamitin rin sa huling unang siglo upang labanan ang paparating na Nostisismo. Si Hesus ay tunay na tao.

**10:6** Mayroong ilang mga sipi na gaya nito sa OT (cf. I Samuel 15:22; Isaias 1:11-17; Hosea 6:6; Amos 5:21-27; Micah 6:6-8). Hindi dapat sila bigyan kahulugan na ang Diyos ay tinatanggihan ang sakripisyal sistema, na isang akto ng Kanyang biyaya upang pakitunguhan ang kasalanan ng sangkatauhan at problemaa sa pakikisama sa limitadong panahon. Ngunit ang makasalanang sangkatauhan ay pinagsamantalahan ang mga pamamamaraan at ginawa ang mga ito na mekanikal na ritwal at liturhiya ng

walang taus sa pusong pagsisisi at pananampalataya. Ang Diyos ay tinatanggihan ang walang interes na pagsasagawa ng relihiyosong ritwal at liturhiya na hindi nagpapakita ng puso at buhay ng pananampalataya (cf. Isaias 1).

**10:7 "SA BALUMBON NG AKLAT AY NASUSULAT TUNGKOL SA AKIN"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK, na tumutukoy sa Lumang Tipan. Sa Orihinal ang OT ay isinulat sa mga seksyon sa balat na mga pergamino. Ang Dead Sea Scrolls na natagpuan noong 1947 ay may kopya ng Isaias na isinulat sa isang dalawamput-siyam na talampakang pergamino.

▣ **"UPANG GAWIN, OH DIYOS, ANG IYONG KALOOBAN"** Ang kalooban ng Diyos ay ang bagong kasunduan sa lahat ng tao na itinatag sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesus at muling pagkabuhay (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Hebreo 10:9). Kapag ang hayop ay namatay sa mga sakripisyal na paghahandog wala silang kagustuhan. Si Hesus ay maluwag sa kalooban na inalay ang Kanyang sarili buhay (cf. Juan 10:17-18).

**10:8 "MGA HAIN"** Ang apat na mga termino sa talata 8 ay waring sumasakop sa lahat ng mga tipo ng sakripisyal na mga paghahandog (cf. Levitico 1-7). Ang terminong "mga sakripisyo" ay literal na nangangahulugang isang boluntaryong pangkapayapaang handog.

▣ **"MGA HANDOG"** Ito ay tumutukoy sa boluntrayong "pagkaing paghahandog."

▣ **"MGA HANDOG NA SUSUNUGING BUO"** Ang mga ito ay kumpletong kusang-loob, kabuuang inubos na mga sakripisyo.

▣ **"*MGA HAING* PATUNGKOL SA KASALANAN"** Ito ay isa na namang klase ng sapilitang mga sakripisyo binanggit sa Levitico ng mga kabanata 4-5.

▣ **"(mga bagay na inihahandog ayon sa Kautusan)"** Ang layunin ng may-akda ay ipakita ang pagiging superiyor ng sakripisyo ni Hesus kaysa sa mga Levitical na sakripisyo. Maging ang mga OT na sakripisyo ay isinagawa ng may nararapat na saloobin at mga pamamaraan, sila ay nagpapaunang anino ng gawa ni Kristo.

**10:9 "Siya"** Ang mga PANGHALIP na ito na antesedente ay may kalabuan. Ito ay maaring tumukoy sa Ama bilang ang Nag-iisa na nagpapasinaya ng tipan. Gayundin ang parirala na "ang katawan ni Hesus Kristo" sa v. 10 ay nagpapahiwatig na Siya ay hindi ang paksa. Gayunpaman, ang lahat ng PANDIWA sa sipi mula sa Awit 40:6-8 (vv. 5-7) ay mayroon si Kristo bilang ang kanilang paksa.

▣ **"ang una"** Ito ay tumutukoy sa Mosaik na tipan (cf. Colosas 2:14).

▣
**NASB, NKJV "inaalis niya"**
**NRSV "binubuwag"**
**TEV "inaalis kasama ng"**
**NJB "binubuwag"**

Ito ay isang matatag na Griyegong termino para sa "binuwag" (*anaireō*). Ang katanungan ay kung paano maunawan ang terminong ito na may kinalaman sa OT? Bilang kapahayagn mula sa Diyos ito ay walang hanggan (cf. Mateo 5:17-19). Si Pablo ay madalas nagsipi ng OT bilang paghihikayat sa mga mananampalataya. Gayunpaman, bilang paraan ng kaligtasan o kapatawaran ng kasalanan ito ay paunang yugto (cf. Galacia 3). Ito ay natupad at nalagpasan sa NT kay Kristo. Ang konteksto ay dapat malaman kung ang terminong ito ay dapat isalin na "kinuha palayo" (natupad) o "inalis" (binuwag).

▣ **"ang ikalawa"** Ito ay tumutukoy sa Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36) kay Hesus.

**10:10**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Sa kaloobang yaon tayo'y pinapaging-banal, sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Kristo na minsan magpakailan man."** |
| **NRSV** | **"At ito ay dahil sa kalooban ng Diyos na tayo ay pinagpaging-banal sa pamamagitan ng paghahandog ng katawan ni Hesukristo na minsan magpakailan man"** |
| **TEV** | **"Sapagkat si Hesukrito ay ginawa kung anu ang nais ng Diyos na ipagawa sa Kanya, tayong lahat ay nilinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng paghahandog na Kanyang ginawa para sa Kanyang sariling katawan ng minsan magpakailan man"** |
| **NJB** | **"At ang kalooban ay para sa atin na maging banal sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Hesuskristo na ginawa ng minsan magpakailan man"** |

Ang "ang kalooban" ba ay tumutukoy sa kalooban ni Kristo (cf. vv. 7,9 at NASB, NJB) o sa kalooban ng Ama (NRSV, TEV)? Yamang si Hesus ay ang Siyang nagsasalita sa v. 5 (cf. v. 9), at pagkadaka ang konteksto nagmumungkahi ng Kanyang kalooban.

▣ **"tayo'y pinapaging-banal"** Ito ay isang PERIPHRASTIC GANAP BALINTIYAK PANDIWARI. Ang tunguhin ng Kristyanismo ay matuwid na tao. Ito ang tunguhin rin ng OT. Ang kabanalan o pagpapaging banal ay pangunahing pagtatanggal ng sumpa at bunga ng Pagbagsak (cf. Genesis 3), ang pagpangit ng imahe ng Diyos sa sangkatauhan. Ang bagong tipan tinatalakay ang pangangailangan sa dalawang mga paraan: (1) sa pamamagitan ng isang legal na deklarasyon, isang ibinigay na posisyon (INDIKATIBO) at (2) sa pamamagagitan ng pagkatawag sa kabanalan (PAUTOS). Ang mga mananampalataya ay inaring ganap at pinagpaging banal sa pamamagitan ng nagsisising pananampalatayang pagtugon sa nagtutubos na sakripisyo ng Diyos kay Hesus. Minsang naligtas, pinanahanan na ng Banal na Espiritu, tayo ay inuudyukan sa pamamagitan ng pabloob na kautusan, ng panloob na pagnanasa (bagong puso at bagong espiritu) ang maging wangis ni Kristo (cf. Roma 8:29; Galacia 4:19; Efeso 1:4). Ang pagpapaging banal ay nakakaapekto pareho sa ating katayuan sa harap ng Diyos at sa ating bagong mga katangiang pamilya na ating isinapamuhay sa araw-araw. Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:11.

▣ **"sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Kristo"** Ang makasalanang sangkatauhan ay hindi hinanap ang Diyos (cf. Isaias 53:6; Roma 3:10-18); Ang Diyos ang naghanap sa kanila! Naglaan Siya ng daan para sa lahat ng mga tao na makabalik sa pakikisama sa Kanya (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Isaias 53).

▣ **"minsan magpakailan man"** Ito ang pabalik-balik na tema ng (cf. 7:27; 9:12,28; 10:10, tignan buong puna sa 7:27). Ito ay nagpapakita ng superyoridad ng sakripisyo ni Hesus laban sa paulit-ulit na mga sakripisyo ng Mosaik na tipan (cf. vv. 11-12). Lahat ng bagay na kinakailangang magawa para sa kaligtasan ng sangkatauhan ay nailaan na. Ang tangin na lamang nating gawin ay tumugon sa handog ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawa ni Kristo. "Ang sinoman ang lumapit sa Kanya" (cf. Roma 10).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:11-18**

**[11]At katotohanang ang bawa't saserdote na araw-araw ay nangangasiwa ng patayo at naghahandog na madalas ng gayon ding mga hain, na hindi makaalis kailan pa man ng mga kasalanan; [12]Nguni't siya, nang makapaghandog ng isa lamang hain patungkol sa mga**

**kasalanan magpakailan man,** AY UMUPO SA KANAN NG DIYOS, [13]**buhat noon ay naghihintay** HANGGANG SA ANG KANIYANG MGA KAAWAY AY MAGING TUNGTUNGAN NG KANIYANG MGA PAA. [14]**Sapagka't sa pamamagitan ng isang paghahandog ay kaniyang pinasakdal magpakailan man ang mga pinapagiging-banal.** [15]**At ang Banal na Espiritu ay nagbibigay patotoo rin naman sa atin; sapagka't pagkasabi niya na,**

[16]" ITO ANG TIPANG GAGAWIN KO SA KANILA
PAGKATAPOS NG MGA ARAW NA YAON, SABI NG PANGINOON:
ILALAGAY KO ANG AKING MGA KAUTUSAN SA KANILANG
PUSO,
AT ISUSULAT KO RIN NAMAN SA KANILANG PAGIISIP,"

**Sinsabi rin Niya,** [17]" AT ANG KANILANG MGA KASALANAN AT KANILANG MGA KASAMAAN
AY HINDI KO NA AALALAHANIN PA."

[18]**At kung saan may kapatawaran ng mga ito ay wala nang paghahandog na patungkol pa sa kasalanan.**

**10:11 "bawa't saserdote"** Ang sinaunang Griyegong unsyal na manuskrito A ay mayroong "Dakilang Saserdote." Ang may-akda ay madalas na gumagamit ng parehong mga termino para kay Hesus.

▣ **"patayo"** Ang Saserdote ay tumatayo kada taon upang maghandog ng mga sakripisyo, ngunit si Hesus "ay umuupo" (v. 12), Ang Kanyang trabaho ay natapos na!

**10:12 "isa lamang hain patungkol sa mga kasalanan magpakailan man"** Si Hesus ay pinakitunguhan ang problemaa ng kasalanan ng tao. Walang nawala dahil sa "kasalanan." Ang tanging humahadlang lamang para sa lahat ay maligtas ay ang kawalan pananampalataya. Ang Diyos ay naglaan ng daan para sa lahat, para sa lahat ng panahon.

Ang Griyegong termino *diēnekēs*, isinalin na "magpakailanman," o "para sal lahat ng panahon," ay lumitaw sa Hebreo ng tatlong beses (cf. 7:3; 10:12,14). Ito ay madalas na isinasama sa termino o parirala na nauuna rito, na umuugnay nito sa "isang sakripisyo para sa mga kasalanan." Hindi ito bahagi ng Awit 110:1 na sipi na sumusunod.

▣ **"AY UMUPO SA KANAN NG DIYOS"** Ito ay pabalik-balik ba pahiwatig sa Awit 110:1a (cf. 1:3; 8:1; 12:2). Ang "kanang kamay" ay isang antromorpikong metapora sa lugar ng maharalikang kapangyarihan, awtoridad, at pre-eminente. Ito rin ang lugar ng pamamagitan (cf. Roma 8:34; Hebreo 7:25; I Juan 2:1). Si Hesus ay ang Saserdote (cf. Awit 110:4) at Hari (cf. Awit 110:1-3), gaya ni Melchizedek (kabanata 7) na naunan na sa atin at naglaan ng lahat ng bagay na kinakailangan natin.

**10:13 "HANGGANG SA ANG KANIYANG MGA KAAWAY AY MAGING TUNGTUNGAN NG KANIYANG MGA PAA"** Ito ay isa na namang sipi mula sa Awit 110:1b.Ang espiritwal na labanan ay nagpatagumpayan na (cf. Colosas 2:15), ngunit hindi pa naisasakatuparan.

**10:14** Ang talatang ito ay nagpapakita ng tensyon ng buong aklat sa lugar ng seguridad. Ang minsan para sa lahat na sakripisyo ni Hesus ay permanenteng sakdal (GANAP AKTIBO INDIKATIBO) sa mga mananampalataya (tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11). Ang sakripisyo ay sapat at kumpleto upang makamit ang pututubos na tungkulin nito (hindi gaya ng Mosaik na tipan, cf. 7:11,19; 9:9).

Ang mga mananampalataya ay dapat na magpatuloy sa kanilang pananampalatayang pagtugon, na nagpapadalisay sa kanila (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI). Ang pagpapatuloy sa pananampalataya ay ang susi ng indibidwal na katiyakan ng kaligtasan. Ang bagong puso at bagong isip (cf. Ezekiel 36:22-38) ay ang-uudyok sa mga mananampalataya na mamuhay ng makadiyos na pamumuhay na may utang na loob para sa isang libre, kumpleto, at komprehensibong kaligtasan. Sa aklat na ito walang katanungan para sa kasapatan ng sakripisyo ni Hesus, ngunit mayroong katanungan

patungkol sa indibidwal na pagtugon—ang unang grupo ay pasimulang pagpapahayag ang ikalawang grupo ay ang nagpapatuloy na pagpapahayag.

**10:15 "ang Banal na Espiritu"** Ito ay nagpapakita ng pananaw may-akda sa inspirasyon ng OT (cf. Mateo 5:17-19; II Timoteo 3:16).

**10:16-17** Ito ay isang sipi mula sa Jeremias 31:33-34, ngunit ang pagkakasunod-sunod ng mga pariralaa ay pinagbaligtad. Ang may-akda ay waring nagsipi mula sa memorya sapagkat ang siping ito ay naiiba mula sa Masoretik Hebreong Teksto at ang Septuagint, gaya ng kapareho ay nagsipi sa 8:10-12 (maliban na lang na ito ay may layunin pagbabaliktad).

**10:18** Ito ang kasukdulan ng argumento ng mga mananampalataya at ang ating dakilang pag-asa (ang unang daan ay lumipas na, cf.8:13).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:19-25**

**[19]Mga kapatid, yamang may kalayaan ngang makapasok sa dakong banal sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, [20]Sa pamamagitan ng daang bago at buhay na kaniyang itinalaga sa atin, sa pamamagitan ng tabing, sa makatuwid baga'y sa kaniyang laman, [21]at yamang may isang Dakilang Saserdote na pangulo sa bahay ng Dios, [22]Tayo'y magsilapit na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya, na ang ating mga puso na winisikan mula sa isang masamang budhi: at mahugasan ang ating katawan ng dalisay na *tubig*. [23]Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa upang huwag magalinlangan: sapagka't tapat ang nangako; [24]At tayo'y mangagtinginan upang tayo'y mangaudyok sa pagiibigan at mabubuting gawa, [25]Na huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipon, na gaya ng ugali ng iba, kundi mangagaralan sa *isa't isa*; at lalo na kung inyong namamalas na nalalapit na ang araw.**

**10:19**
**NASB, NRSV "yamang may kalayaan"**
**NKJV "may kalayaan"**
**NJB "mayroon tayo. . .kumpletong kumpiyansa"**

Ang terminong *parrhēsia* ay nanganaghulugang "katapangan" o "ang kalayaan na magsalita" (cf. 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang terminong ito ay nagpapahayag ng panibagong damdamin ng pagkatanggap ng mga mananampalataya at pagiging matalik sa Diyos. Ito ang hindi maibibigay ng Kautusan ni Moises (cf. 9:9)! Ang kumpiyansang ito ay dapat na panghawakan ng mabuti sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. 3:6,14; 4:14). Ang kumpiyansa ay batay sa natapos na sakripisyal na gawa ni Kristo (cf. Efeso 2:8-9), hindi pantaong pagsasagawa! Ang kumpiyansa ay pinanatili sa pamamagitan ng makadiyos na pamumuhay (cf. Efeso 2:10).

**NATATANGING PAKSA: PAGIGING MATAPANG (*PARRĒSIA*)**

Ang Griyegong salitang ito ay tambalan ng "lahat" (*pan*) at "pagsasalita" (*rhēsis*). Ang pagiging malaya o matapang sa pagsasalita ay kadalasang may pakahulugan ng pagiging matapang sa gitna ng pagsalungat o pagtangi (cf. Juan 7:13; I Thessalonica 2:2).

Sa mga sulat ni Juan (ginamit ng 13 beses) ito ay kadalasang pumapatungkol sa isang pang-madlang pagpapahayag (cf. Juan 7:4, gayundin sa mga sulat ni Pablo, Colosas 2:15). Ngunit, paminsanminsan ito ay nangangahulugang lamang na "pangkaraniwan" (cf. Juan 10:24; 11:14; 16:25,29).

Sa Gawa ng mga Apostol, nagpapahayag ito ng mensahe patungkol kay Hesus sa katulad na kaparaan (na may pagiging matapang) gaya ng pagsasalita ni Hesus patungkol sa Ama at Kanyang mga panukala at mga pangako (cf. Gawa 2:29; 4:13,29,31; 9:27-28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8; 26:26; 28:31). Si Pablo din ay humungi ng panalangin upang siya ay maaaring ipangaral ang Ebanghelyo nang may katapangan (cf. Efeso

6:19; I Thessalonica 2:2) at ipamuhay ang Ebanghelyo (cf. Filipos 1:20).

Ang *eskatolohikal* na pag-asa ni Pablo kay Kristo ay nagbigay sa kanya ng pagiging matapang at pananalig na ipangaral ang Ebanghelyo sa kasalukuyang masamang kapanahunan (cf. II Corinto 3:11-12). Nagkaroon din siya ng pananalig na ang mga taga-sunod ni Hesus ay kikilos nang may-kaangkupan (cf. II Corinto 7:4).

May isa pang aspeto sa salitang ito. Ang mga Hebreo ay gumagamit ng natatanging pang-unawa sa pagiging matapang kay Kristo upang lumapit sa Diyos at makipag-usap sa Kaniya (cf. Hebreo 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang mga mananampalataya ay lubos na tatanggapin at sasalubungin sa pakikipag-isa kasama ang Ama sa pamamagitan ng Anak!

Ito ay ginamit sa maraming pagkakataon sa NT.

1. isang pananalig, pagiging matapang, o katiyakan na kaugnayan sa tao
   a. mga tao (cf. Gawa 2:29; 4:13,31; II Corinto 3:12; Efeso 6:19)
   b. Diyos (cf. I Juan 2:28; 3:21; 4:12; 5:14; Hebreo 3:6; 4:!6; 10:19)
2. upang magsalita nang hayagan, pangkaraniwan, o walang kalabuan (cf. Marcos 8:32; Juan 7:4,13; 10:24; 11:14; 16:25; Gawa 28:31)
3. upang magsalit sa madla (cf. Juan 7:26; 11:54; 18:20)
4. ang kaugnay na anyo (*parrhēsiazomai*) ay ginagamit upang mangaral ng may katapangan sa gitna ng mga mahirap na kalagayan (cf. Gawa 18:26; 19:8; Efeso 6:20; I Thessalonica 2:2)

Sang-ayon sa konteksto, ito ay pumapatungkol sa isang *eskatolohikal* na pananalig. Ang mga mananampalataya ay hindi natatakot sa Pangalawang Pagparito ni Kristo; tatanggapin nila ito nang may pananalig na kasigasigan dahil sila ay nananaliti kay Kristo at nabubuhay ng mga pamumuhay gaya ng kay Kristo.

▣ **"makapasok sa dakong banal"** Tandaan, isa sa susi ng mga tema ng aklat ay ang paglapit sa Diyos sa pamamagitan ng ating kapatawaran ayon sa buhay at kamatayan ni Kristo alang-alang sa atin. Ang Dakilang Saserdote ng OT ay pumapasok sa Dakong Kabanalbanaln ng tabernakulo dalawang beses sa isang araw ng kada taon (cf. 9:25), ang Araw ng Pagbabayad puri (cf. Levitico 16). Ngunit ngayon sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo lahat ng mga mananampalataya ay mayroong patuloy na matalik na paglapit sa Diyos (isa na namang metapora para sa paglapit ay ang talukbong na nahati mula sa taas paibaba, cf. Mateo 27:51, cf. Marcos 15:38).

▣ **"sa pamamagitan ng dugo ni Hesus"** Hindi ito dugo ng mahika, ngunit dugo ng tao. Ito ay kumakatawan sa sakripisyal na kamatayan ni alang-alang sa makasalanang sanlibutan (cf. Gawa 20:28; Roma 3:25; 5:9; Efeso 1:7; 2:13; Colosas 1:20; Hebreo 9:12,14; 12:24; 13:12; I Pedro 1:2,19; Pahayag 1:5; 5:9).

**10:20 "bagong"** Ang terminong *prosphatos* ay nangangahulugang "sariwang katay" at ginamit lamang dito sa NT.

▣ **"daang bago"** Ito ay isang paninindigan sa muling pagkabuhay. Siya ay pinatay, ngunit ngayon Siya ay buhay (cf. Pahayag 5:6) magpakailanman!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"itinalaga"** |
| **NKJV** | **"buhay na kaniyang itinalaga sa atin"** |
| **NRSV, TEV** | **"nimuksan niya para sa atin"** |
| **NJB** | **"na binuksan para sa atin"** |

Ito ay isang AORIST AKTIBO INDIKATIBO. Ang "bago at buhay na paraan" ay ang nakamit, makasaysayan, espiritwal na realidad. Ang *Greek-English Lexicon* ni Walter Bauer, pinabago ni Arndt,

Gingrich, at Danker, ay naglista ng dalawang magkaibang mga salin para sa terminong ito ayon sa konteksto.

1. magbukas ng daan(10:20)
2. pasinayaan o or iaalay ng may taimtim na mga ritwal (9:18) (p. 215).

Ang konteksto ay nagmumungkahi sa akin ng mas malapit na koneksyon sa pagitan ng dalawang mga bihirang termino ng pangyayari sa NT. Muli, ang paghahambing ng mga tipan ay tinitignan; sa pamamagitan ng Kanyang dugo si Hesus ay binuksan ang higit na mainam na daan sa paglapit sa Diyos at sa pagpapanatili ng pakikisama.

▣ **"sa pamamagitan ng tabing"** Ito ay nauugnay sa panloob na talukbong sa tabernakulo sa pagitan ng banal na lugar ay sa dakong kabanalbanalan (cf. Mateo 27:51). Dito ang talukbong ay ang "laman"ni Hesus. Ito ngayon ay tumutkoy sa katawan ni Hesus na nasira para sa ating mga kasalanan, magkagayon, nagbibigay laan sa paglapit sa Diyos (cf. Isaias 52:13-53:12). Ang may-akda ng Hebreo nakikita ang panlabas na bahagi ng dambana (banal na lugar) bilang kumakatawan sa pisikal na kaharian at ang panloob na dambana (dakong kabanalbanalan) ay ang espiritwal na kaharian. Sa pananaw na ito ang makalangit na tabernakulo ay sumasalungat sa makalupang tularan (cf. 6:19).

**10:21 "isang Dakilang Saserdote"** Tignan NATATANGING PAKSA: Hesus Bilang Dakilang Saserdote sa 2:17.

▣ **"sa bahay ng Dios"** Ito ay tumutukoy sa OT (cf. 3:5) at NT (cf. 3:6; I Timoteo 3:15; I Pedro 4:17) mananampalatayas (cf. Efeso 2:11-3:13). Yamang si Moises ay tagapaglingkod sa tahanan Diyos, si Hesus ay ang Dakilang Saserdote at Anak!

**10:22 "Tayo'y magsilapit"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNA (deponente) PASAKALI. Ang kompiyansa ng mga mananampalataya ay batay sa natapos na gawa ni Hesus, ang benepisyo at pribilehiyong ito ay dapat na yakapin! Ang "paghila palapit" ay ginamit ng mga sumasamba sap aglapit sa Diyos. Pansinin ang pagpapatuloy:

1. tayo ay lumapit ng matapat na puso (v. 22)
2. panghawakan natin ng mahigpit ang ating pagpapahayag at pag-asa (v. 23)
3. isaalang-alang naitn kung paano natin mapalakas ang bawat isa (v. 24)

Ang bagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34) ay ang bagong puso at ang bagong espiritu; isang panloob na pag-ibig at isang panlabas na kautusan; isang libreng regalo ayon sa natapos na gawa ni Kristo, ngunit ito rin ay may mga inaatas, inaasahang bunga, nakikitang mga konsekuwensiya! Ang kumpiyansa ng kaligtasan ay umuusbong sa makadiyos na pamumuhay! Unang-una hindi ito kredo na paninindigan, o isang teolohiya na yayakapin, ngunit pagiging wangis ni Kristo (hindi kawalan kasalanan) na nakikita ng lahat!

Pansinin ang mga listahan ng mga inaatas para sa "paghila palapit."

1. May matapat na puso
2. Ng buong katiyakan ng pananampalataya
3. ang ating mga puso ay malinis na nawisikan mula sa marumong konsensiya
4. ang ating mga katawan ay nahugasan ng dalisay na tubig

▣ **"may tapat na puso"** Ang nararapat na saloobin ay ang susi sa bagong pananampalatayang kasunduan (positibo, cf. Ezekiel 36:22-36; negatibo, Isaias 29:13). Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8.

▣ **"sa lubos na pananampalataya"** Buong katiyakan ay nakadugtong sa pananampalataya! Ang kaityakan ay batay sa

1. isang buhay ng pananampalataya bilang ebidensya ng pagbabalik-loob (cf. Santiago 2:14-26)
2. sa natapos na gawa ni Kristo (cf. II Corinto 5:21)

3. ang patotoo ng Espirtu (cf. Roma 8:16)

Ang pagpupunyagi ng tao ay hindi makakapagdala ng kaligtasan o katiyakan. Gayunpaman, isang binago at nagbabagong buhay ng pananampalataya ay ang ebidensya na ang isa ay tunay na natubos. Ang normal na resulta ng pagtatagpo sa Banal na Diyos ay isang buhay na banal na paglilingkod.

Ang Biblikal na katiyakan ay kailanman hindi ginawang doktrina na dapat paninidigan, ngunit isang buhay na dapat isapamuhay! Para doon sa nag-aangkin na nakakakilala kay Kristo ngunit namumuhay ng walang malasakit, walang paki-alam, makamundo, makasarili, walang-bunga, walang nagagawang, walang Diyos na mga buhay-walang katiyakan sa mga ito! Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:14.

▣ **"na ang ating mga puso na winisikan"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI na isang pahiwatig sa ritwal na pagpapasinaya ng unang tipan (cf. Exodo 24:8; I Pedro 1:2). Ang pagwiwisik ng dugo ng bagong tipan ay labis na mas epektibo sa paglilinis sa kasalanan ng bumagsak na sangkatauhan (cf. 9:9,14).

▣ **"mula sa isang masamang budhi"** Ito ang hindi maalis ng OT (cf. 9:9; 10:2). Gayunpaman, ang I Pedro 3:21 ay nagpapakita ng kaparehong koneksyon sa pagitan ng bautismo at isang malinis na konsensiya.

▣ **"at mahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI. Posibleng ito ay isa na namang pahiwatig sa mga aksyon ng Dakilang Saserdote sa Araw ng Pagbabayad puri, makasaysayang analohiya sa paghuhugas sa OT sa pamamagitan ng pagwiwisik (cf. Levitico 8:6; 16:4; Exodo29:4; 30:17-21; Bilang 19:7-8). Ito ay <u>hindi</u> tumutukoy sa Kristyanong bautismo.

Ito ay isa na namang OT pahiwatig sa seremonyal na mga paghuhugas. Ito ay malinaw na nagpapakta na ang ritwal ay gumagamit ay maaring tumukoy sa (1) kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay (cf. Roma 6:1-11 at Colosas 2:12) at (2) ang paghuhugas ng kasalanan (cf. Gawa 22:16; I Corinto 6:11; Efeso 5:26; Titus 3:5; at I Pedro 3:21). Ang tubig ay hindi mekanismo, ngunit isang metapora. Yamang ang sinaunang iglesya ay walang mga gusali, ang mga tao ay hindi pumupunta sa harapan upang hayagang magtiwala kay Kristo na ginagawa ng maraming mga igelsya ngayon. Ang kanilang pampublikong pagpapahayag at propesyon ay ang kanilang bautismo. Ito ang okasyon para at sa ilustrasyon ng pagpapatawad ng mga kasalanan at pagtatanggap ng Espiritu (cf. Gawa 2:38) hindi ang <u>kaparaanan</u>.

**10:23 "Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa upang huwag magalinlangan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PASAKALI ginamit bilang PAUTOS. Ito ang ikalawang sa tatlong PANGKASALUKUYANG PASAKALI na nagpakita ng inasahang pananampalataya (ngunit hindi natityak) na pagtugon.

▣ **"pag-asa"** Ang KJV ay may "pananampalataya," ngunit ito ay walang Griyegong manuskritong suporta. Ang termino "pag-asa" ay madalas na tumutukoy sa ating pagluluwalhati sa Ikalawang Pagdating (cf. 3:6; 6:11,18; 7:19; I Juan 3:2).

▣

**NASB "sapagka't tapat ang nangako"**
**NKJV "sapagkat Siya na nangako ay matapat"**
**NRSV "dahil siya na nangako ay tapat"**
**TEV "sapagkat mapagkakatiwalaan natin ang Diyos na tupdin ang kanyang pangako"**
**NJB "sapagakat ang isa na gumawa ng pangako ay mapagkakatiwalaan"**

Ang tanging PANDIWA ay AORIST PANGGITNA (deponente) PANDIWARI, "nangako." Ito ang teolohikal na balanse sa tatlong "tayo ay. . ." na mga pananalita ng vv. 22-24. Ang kabalintunaan ng isang libreng

kaligtasan, inilaan, ginawa, at prinotektahan ng Diyos, ay dapat makagawa ng nararapat na tipanang pagtugon ng tao!  Ang Dakilang kapangyarihan ng  Diyos at malayang pagpili ng tao ay parehong mga Biblikal na mga katotohanan at dapat hayaan sa tensyon.

Ang mapagkakatiwalaang katangian ng Diyos ay matibay na kompiyansa ng mga  mananampalataya (cf. 11:11).  Ang mga pangako ng Diyos  ay tunay na sigurado; ang Salita ng Diyos ay totoo!

**10:24 "tayo'y mangagtinginan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI.  Ang may-akda ay gumagamit ng  ilang mga  magkakaibang mga salita na may kinalaman sa ating pag-iisip patungkol sa teolohikal na mga isyu.

1. pagmuni-munihin, *katanoeō*, 1:1; 10:24 (cf. Lucas 12:24,27) obserbahan, *theōreō*, 7:4
2. pagnilay-nilayin, *analogizomai*, 12:3
3. pagmumuni, *anatheōreō*, 13:7

Ang mga mananampalataya ay dapat na mag-isip ayon sa kanilang mga pananampalataya.

1. bakit ito totoo
2. paano ito magagamit
3. paano makakatulong sa iba
4. ano ang pinakalayunin

▣ **"upang tayo'y mangaudyok"** Ito ay isang matibay na Griyegong termino madalas na mayu negatibong konotasyon.  Ginamit lamang ito ng dalawang beses sa NT.  Ang ibang lugar ay ang argumento nina Pablo at Barnabas sa Gawa 15:39.  Ito ay maaring magpakita ng tensyon sa pagitan ng nanampalataya at di-nanampalatayang mga Hudyo na sumasamba sa sinagoga, na mahuysa na nagpapaliwanag sa mga grupo ng ("tayo," "kayo," at "sila") ng Hebreo 6.

▣ **"sa pagiibigan at mabubuting gawa"** Ang mga ito ay ang bunga ng Kristyanismo!

**10:25** Ang mga talata 24-25 ay naglista ng tatlong mga bagay na ang mga mananampalataya dapat gawin.

1. pasiglahin ang bawat isa na magmahal at gumawa ng mabuti
2. sama-samang magtipon (ugat na kahulugan ng "sinagoga," ginamit lamang dito sa NT)
3. palakasin ang loob ng bawat isa sapagkat ang Ikalawang Pagdating ay nalalapit

Ito lamang ang tanging teksto sa NT na naghihimok sa mga mananampalataya na magsama-sama upang sumamba.  Ito ay maaring nagpakita ng makasaysayang tagpuan ng Romanong persekusyon na idinirekta sa Kristyanismo (isang hindi-tanggap na relihiyon) laban sa kaugnay na pagtanggap ng Judaismo (isang tanggap na relihiyon). Ito rin ay maaring nagpapakita ng magkaibang mga araw ng pagsamba. Nakapaaga bago ang Iglesya ay kumalat sa loob ng Judaismo, ang mga rabi (i.e., muling pagsigla ng makaFareseong Judaismo sa Jamnia humigit kumulang noong A.D. 90) ay naghubog ng isang "sumpa" pananumpa ang kinailangan sa bawat miyembro ng sinagoga, na nagsasangkot sa pagtakwil kay Hesus ng Nazareth bilang ang ipinangakong Mesyas.  Sa puntong ito karamihan sa mga mananampalataya ay iniwan ang sinagoga kasama ng Sabbath na talatakdaan nito ngunit nagpatuloy sa kanilang Lingguhang pagsamba kasama ng Iglesya.  Ang Santiago 2:2 ay gumagamit ng termino "sinagoga" upang pantukoy sa Kristyanong lugar ng pagsamba, gaya ng sa Hebreo 10:25.

▣ **"ang araw"** Ito ay  tumutukoy sa Ikalawang Pagdating.  Sa liwanag ng mga sumusunod na talata, ito rin ay nauugnay sa Araw ng Paghuhukom.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:26-31**

**[26]Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, [27] Kundi**

**isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom at ISANG KABANGISAN NG APOY NA LALAMON SA MGA KAAWAY. [28]Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa *patotoo* ng dalawa o tatlong saksi, ay mamamatay na walang awa. [29]Gaano kayang higpit ng parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya? [30] Sapagka't ating nakikilala Yaong nagsabi, " AKIN ANG PAGHIHIGANTI, AKO ANG GAGANTI." At muli, " HUHUKUMAN NG PANGINOON ANG KANIYANG BAYAN." [31]Kakilakilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay.**

**10:26 "kung ating"** Ito ay hindi tipikal na kondisyonal na pangungusap. Posibleng ang DYENITIBO NA TIYAK (*hamartanontōn hēmōn*) ay gumagawa bilang ang PROTASIS (kung sugnay).

Kagulat-gulat na ang may-akda gramatikal na isinama ang kanyang sarili sa mapanandya at makasalalang grupo, ngunit marahil ito ay isang literaturang kasiningan (editoryal na maramihan) kapareho ng sa 2:3. Ang unang tauhan ay hindi pakusang isinama ang kanyang sarili sa grupo na pinaguusapan sa vv. 26-29. Ang kaparehong tipong ito ng literaturang kasiningan na gumagamit ng unang panauhan ay matatagpuan sa I Corinto 13:1-3.

▣ **"sinasadya ang pagkakasala"** "Sinasadya" ay inilagay ng una sa Griyego para sa pagbibigay diin. Ang salita ay posibleng analogo sa "taas kamay" na kasalanan ng OT (cf. puna sa 5:2). Ang gramatikal na anyo ng PANDIWA (PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI DYENITIBO PANGLALAKE UNANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN) ay ginamit ng ilan upang magmungkahi na ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na patuloy sa kasalanan. Kung sila ay titigil sa pagkakasala sila ay makakaiwas sa paghahatol. Gayunpaman, hindi ito tumutugma sa pagbabanta ng konteksto ng kabanata 6 at 10:26-29. Ito ay buhay o kamatayang babala, minsang ipinalabas, mananatiling nakalabas na babala! Ang pagtakwil kay Hesus sa presensya ng malinaw na kapahayagan ay nagbubunga ng pinakamadilim na posibleng espiritwal na gabi.

▣ **"pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan"** The PANDIWA in Englis, "makatanggap," ay isang AORIST AKTIBO PAWATAS. Ito ang suliranin ng nagbibigay kahulugang problemaa. Kung minsan nilang natanggap ang buong karananasang kaalaman (*epignōskō)* ng (TAHAS NA PANTUKOY) katotohanan; ito ay tila mga mananampalataya! Ito ay kaparehon ng teolohikal na isyu sa 6:4-6.

Dapat na tanggapin na walang madali, malinaw, halatang interpretasyon. Ang aking personal na takot ay ang akong sariling pagkiling ay magdomina sa pinakamalinaw na teksto. Dapat kong labanan ang sistematiko, denominasyonal na adyenda na nagpapatahimik sa makapangyarihan, at kinasihang teksto. Ang isyu ay hindi ang nagkakasalang mga mananampalataya. Ang isyu ay ang mga mananampalataya na tumigil sa paniniwala! Hindi ko matanggap ang teolohiya na (1) gumagawa sa kaligtasan na nakadepende sa pagsasagawa ng tao o (2) gawin ang katiyakan patungo sa dogmatikong proklamasyon na walang kinalaman sa pamumuhay Kristyano. Itinatakwil ko ang teolohiya na di-ligtas, ligtas, di-ligtas, ligtas, di-ligtas, ligtas! Itinatakwil ko rin ang teolohiya na "minsang naligtas, laging ligtas" na walang kaugnayan sa nagpapatuloy na paniniwal at pamumuhay ng pananampalataya. Samakatuwid, ano ang aking gagawin? Iniintindi ko ang teksto: ang makasaysayang tagpuan nito, ang literaturang kontekstong nito, ang gramatikal na ekspresyon nito, ang pagpili nito ng mga termino , sa dyanra nito, at ang mga kahanay na mga sipi nito. Dapat kong aminin na kung ang lahat ay aking gagawin sa 6:4-6 at 10:26-29,mayroong maliit na opsyon kundi ang mga mananampalataya ay lumayo sa biyaya. Gayunpaman,

1. ang makasaysayang tagpuan, ang pagiging Hudyo ng aklat, at ang presensya ng persekusyon ay pangunahing mga isyu
2. ang literaturang konteksto (cf. 5:11-6:12) at ang tatlong mga grupo (cf. "tayo," "kayo," at "yaong mga") ay waring nagpapahayag ng isang Hudyong tagpuan ng "believing Mga Hudyo" and "di-

mamanampalatayang mga Hudyo" na sumasamba at nakikisama sa sinagogang tagpuan

3. ang paggamit ng lubhang maraming mga OT sipi na may kinalaman sa tabernakulo, ang paggamit ng terminong sinagoga (cf. 10:25), at ang pagtawag ng sunod sunod sa pananampalataya, lahat ay tumuturo sa mambabasa na maging pamilyar sa OT

Samakatuwid, pagkatapos ng pag-intindi sa teksto sa tingin ko na pinakamainam na pangkalahatang pagpapaliwanag (hindi walang sarili nitong problemaa at pagpapalagay) ay ang dapat sanang makasaysayang pagbubuo ni R. E. Glaze, Jr. sa *No Easy Salvation*, inilathala ng Insight Press, 1966.

Ang Hebreo ay waring pinadalubhasang aklat, para sa piling grupo. Nangangahukugan ba na ito ay walang mensahe sa panahon ngayon? Ang mga babala ng kinasihang may-akda (kasamam ng Santiago, Pedro, at manunulat ng I atII Juan) ay dapat maghimok sa mga mananampalataya na magpatuloy sa pagtakbo sa karera (tignan F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 124-125)! Ang kasagutan ay hindi nakasalalay sa magaan na paniniwala, o sa bunga ng takot na legalismo, kundi sa makadiyos na pamumuhay ng pananampalataya, isang pagpupunyagi sa kabanalan, na nadulot ng saloobin ng pagpapasalamat sa buo, natapos, at kahuli-hulihang kaligtasan (cf. 10:14) kay Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya.

**10:27 "paghuhukom"** Ang may-akda ay muling nagbigay diin sa kahanga-hangang pag-asa na mayroon ang mga mananampalataya kay Kristo, ngunit ang negatibong panig ay makabagbag damdamin; ang paghahatol ay paparating, at lahat ay tatayo sa harap ng banal na Diyos (cf. 9:27; Galacia 6:7).

▣ **"ISANG KABANGISAN NG APOY NA LALAMON SA MGA KAAWAY"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 26:11. Ang apoy ay madalas na isinasangkot sa kabanalan o paglilinis. Ang Diyos ay isang wastong nabubuhay; ang Kanyang nilikha ay isang wastong realidad. Ang mga tao ay hindi binabali ang Kanyang mga kautusan, binabali nila ang kanilang mga sarili sa Kanyang mga kautusan.

**NATATANGING PAKSA: APOY**

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
   1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
   2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
   3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
   4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
   5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
   6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
   7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
   8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
   1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
   2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
   3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
   4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
   5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
   1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
   2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
   3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
   4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

**10:28**
**NASB "ang magpawalang halaga sa Kautusan ni Moises"**
**NKJV "ang magtakwil sa Kautusan ni Moises"**
**NRSV "ang sumuway sa Kautusan ni Moises"**
**TEV "ang di-sumunod sa Kautusan ni Moises"**
**NJB "ang di-magpahalaga sa Kautusan ni Moises"**

Ito ay isang malakas na salita ng tahasang pagtakwil. Sa *A Handbook on the Letter to the Hebrew*, Ellingworth at Nida ay nagsabi:

"Ang salita para sa **pagsusuway** ay isang malaas na salita, ginamit hindi para sa di-sinasadyang mga kasalanan, ngunit pagsira sa buong tipan (Ezekiel 22:26), para sa halimbawa, sa pamamagitan ng idolatrya (Deutronomio 17:2-7), huwad na propesiya (Deutronomio 18:20), o kalapastangan sa Diyos (Levitico 24.13-16)" (p. 236).

▣ **"ay mamamatay na walang awa. . dalawa o tatlong saksi"** Sa OT ang kapital na paglilitis ay laging nangangailangan ng dalawang saksi (cf. Deutronomio 17:6; 19:15). Mayroong mga konsekuwensiya sa di-pagsunod!

▣ **"Gaano kayang higpit"** Ito ay argumento mula sa mas nakabababa na (tipan ni Moises) kaysa sa mas nakalalamang na (tipan ni Hesus). Ang paghahalintulad na ito ay ang tema ng Hebreo.

▣ **"yumurak"** Ang imahe na ito ay nangangahulugan na pakitunguhan ng panlalait (cf. 6:6). Ito ay isang AORIST AKTIBO PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng natapos na aksyon, na gaya ng kasunod na PANDIWARI.

▣ **"Anak ng Diyos"**

**NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS**

Isa ito sa mga pangunahing NT na mga titulo para kay Hesus. Ito ay may tunay na banal na mga. Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at Diyos na sinabihan bilang "Ama." Ito ay lumitaw sa NT na lagpas sa 124 na beses. Maging ang sariling designasyon ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na konotasyon mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang designasyon ng "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. mga anghel (madalas sa PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. ang bayan ng Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkakagamit na idinugtong kay Hesus. Sa ganitong paraan "anak ni David" at "anak ng Diyos"parehong nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT ang "anak ng Diyos" ay hinid kailanman ginamit sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga tungkulin" ng Israel. Gayunpaman, sa Dead Sea Scrolls ang titulo na may Makamesyas na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus and the Gospel*, p. 770). At saka ang "Anak ng Diyos" ay isang Makamesyas na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Sa NT background na gaya ng pagtukoy kay Hesus ay pinakamainam na pagbubuod sa pamamagitan ng ilang mga kategorya.

1. Kanyang pre-eksistens (cf. Juan 1:1-18)
2. Kanyang natatanging (birhen) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos na mula sa langit ay pinagisa ang maharlikang hari ng Awit 2 sa nagdurusang tagapaglingkod ng Isaias 53).
4. Kanyang makaSatanas na pagtutukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukosong magduda sa Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Kanyang paninindigan sa pamamagitan ng hindi katanggap tanggap na tagapamahayag
   a. mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. mga hindi mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Paninindigan ng Kanyang mga Disipulo
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Kanyang paggamit ng pampamilyang metapora ng Diyos bilang Ama
   a. Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) Roma 8:15
      3) Galacia 4:6
   b. Kanyang pauit ulit na paggamit ng Ama (*patsr*) upang ilarawan ang Kanyang pakikipagrelasyon sa Diyos

Sa kabuuran, ang titulo na "Anak ng Diyos" ay may dakilang teolohikong na kahulugan para doon sa mga nakakaalam ng OT at mga pangako at kategorya nito, ngunit ang mga manunulat ng NT ay matatakutin patungkol sa pagkakagamit nito para sa mga Hentil sapagkat sa kanilang paganong pinanggalingan na ang "ang mga diyos" ay ginagawang asawa ang mga babae at nagkakaroon ng mga anak na "ang mga titans" o "mga higante."

▣ **"umaring"** Nangangahulugan ito ng masusing pag-iisip sa mga katotohanan na natamo mula sa pagpili.

▣ **"di banal"** Ito ay tumutukoy sa isang bagay na makaserimonyal na marumi, hindi angkop sa kanyang nakatalagang layunin.

▣ **"sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya"** Ang katanungan dito ay nauugnay sa PANDIWA (AORIST BALINTIYAK INDIKATIBO). Ito ba ay tumutukoy sa panimulang pagtakwil sa bagong tipan o ito ba ay isang paglayo sa bagong tipan? Ang AORIST PANDIWARI sa naunang parirala at ang AORIST BALINTIYAK PANDIWARI sa mga sumusnod na parirala ay nagpahiwatig ng panimulang pagtakwil.

Ang problema sa interpretasyon na ito ay sa bawat lugar sa Hebreo na ang "pinagpaging banal" ay ginamit ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya (cf. 2:11; 9:13; 10:10,14; 13:12). Para sa akin ang isyu ay sa pagtupag ng tipan. Ang makapangyarihang Diyos ay gumawa ng isang tipan may kinalaman sa kaligtasan. Ito ay libre; ito ay para sa lahat,ngunit ito ay dapat na tanggapin (malayang pagpili ng tao), hindi lamang isang emosyonal na pagtugon (cf. Mateo 13:20-22), o maging kaisa sa iglesya (cf. I Juan 2:19). Ang paniniwala ay ang susi. Yaong mga naniwala /pananampalataya/nagtiwala (lahat ng posibleng mga salin ng *pisteuō*) ay naligtas at may katiyakan. Ang dalawang babala ng Hebreo ay upang (1) tanggapin ang alok ng Ebanghelyo at (2) lumakad dito. Kung ang isa ay nabigong tanggapin—paghahatol; kung ang isa ay tumigil sa pananampalataya—paghahatol!

▣ **"at umalipusta sa Espiritu ng biyaya"** Siya ay kumukumbinsi ng kasalanan, nagdadala sa atin kay Kristo, binabautismohan tayo kay Kristo at hinuhubog si Kristo sa atin bilang mga mananampalataya (cf. Juan 16:8-11). Ang Espiritu ay naiinsulto o nagagalit kapag ang mga di-mananampalataya ay itinatakwil ang kanyang panunuyo at pangungumbinsi. Ilan sa mga tagatanggap ng aklat na ito ay tinatanggihan si Kristo sa harap ng malinaw na kapahayagan mula sa ibang mga miyembro ng sinagoga (tignan Panimula, Tagatanggap).

**10:30 "PAGHIHIGANTI"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Deutronomio 32:35a at 36a. Hindi ito galit, ngunit ang buong katarungan ay ibinigay sa lahat ng nasasangkot.

▣ **"HUHUKUMAN NG PANGINOON ANG KANIYANG BAYAN"** Ito ay karagdagang sipi mula sa Septuagint ng Deutronomio 32:36a. Ang Hebreong teksto ay mayroong "mapatunayan" sa halip na "hukuman." Ang parirala bang ito ay nangangahulugan na ang tahasang pagkakasala ng isa ay minsang tao ng Diyos? Madalas tanging isang aspeto ng OT na sipi ay ninais. Ito marahil ay ang "hukuman" iyan ang kalagitnaang punto ng sipi, hindi sa orihinal na konteksto nito, ito ay tumukoy sa idolatryang Israel. Ang may-akda ay palagiang ginagamit ang pagtatakwil ng Diyos ng Kanyang sariling bayan sa paghahatol bilang babala sa kabuuan ng aklat.

**10:31 "Kakilakilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay"** Ang pariralang ito (cf. 3:12) ay nagpapakita na ang tipanang pangalan ng Diyos, "YHWH" (cf. Exodo3:14), ay mula sa Hebreo PANDIWA "maging" (cf. Mateo 16:16). Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:7. Ang kawalang pananampalataya ay nag-aani ng walang hanggang konsekuwensiya!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:32-39**

**[32]Datapuwa't alalahanin ang mga nakaraang araw, na sa mga yaon, pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nangagtiis kayo ng malaking pakikilaban ng mga pagbabata, [33]Na una una ay naging isang katawatawa dahil sa mga pagkasiphayo at gayon din sa mga kahirapan; at sa ikalawa, ay naging kasama niyaong mga inaring gayon. [34]Sapagka't kayo'y nangahabag sa mga may tanikala, at tinanggap ninyo ng buong galak ang pagkaagaw ng inyong pag-aari, palibhasa'y inyong nalalamang mayroon kayo sa inyong sarili ng isang pag-aaring lalong mabuti at tumataGalacia [35] Huwag nga ninyong itakuwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang ganting-pala. [36] Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako.**

**[37]SAPAGKA'T SA MADALING PANAHON,**
**SIYANG PUMAPARITO AY DARATING, AT HINDI MAGLULUWAT.**
**[38] NGUNI'T ANG AKING LINGKOD NA MATUWID AY MABUBUHAY SA PANANAMPALATAYA;**
**AT KUNG SIYA AY UMURONG, AY HINDI KALULUGDAN NG AKING KALULUWA.**

**[39]Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa.**

**10:32 "alalahanin ang mga nakaraang araw"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA PAUTOS, posibleng tumutukoy sa 5:12.

▣ **"pagkatapos na kayo'y maliwanagan"** Ito ay ginamit sa di-nananampalatayang grupo sa 6:4. Ako ay naniniwala na mayroong dalawang grupo ang pinagusapan.

1. yaong mga Hudyo na nakakita ng kapangyarihan ng Diyos sa mga buhay at testimonya ng kanilang mananampalatayang mga kaibigan
2. ang nananampalatayang mga Hudyo ay sumasamba parin sa sinagogang tagpuan.

Ang "kayo" ng vv. 32-36 sinalungat sa vv. 26-31 (ng gaya ng 6:9-12 sa 6:4-8).

▣ **"nangagtiis"** Ito ay isang metapora mula sa pampalakasang paligsahan (cf. 12:1,2,3,7).

▣ **"malaking pakikilaban ng mga pagbabata"** Ito ay marahil tumutukoy sa persekusyon na nagpabagsak sa Iglesya, maliban sa sinagoga, sapagkat ang Judaismo ay isang legal na relihiyon sa ilalim ng Roma, ngunit ang Kristyanismo ay hindi. Ang talataang ito ay waring nagpapahiwatig na sila ay tumulong sa iba na dumaan sa persekusyon at magkagayon ay ibinahagi sa iba ang kahihiyan (cf. vv. 33-34; 6:10).

**10:34 "sa mga may tanikala"** Ilang mga Kristyano ay nakulong, ngunit hindi ang tagatanggap ng sulat na ito. Sila ay mga mananampalataya, ngunit lubusang nakikilala kasama ng iglesya. Ito ay maaring nagpapatunay na ang pananaw na sila ay mga Hudyong mga mananampalataya na dumadalo parin sa sinagoga (tignan Panimula, Tagatanggap).

Ang KJV ay mayroong "sa aking mga tanikala," na ang maraming mga komentarista ay ginamit bilang ebidensya upang itatag ang pagkamay-akda ni Pable. Gayunpaman, mayroon ilang mga posibleng manuskrito pagkakaiba: (1) "sa tanikala" ($P^{13}$, A, $D^{*}$, at ang the Vulgate at Peshitta mga salin); (2) "sa tanikala" ($P^{46}$, Ͳ, at ang Griyegong teksto ginamit ni Origen); at (3) "sa aking mga tanikala" א, $D^{2}$, K, L, P at ang Griyegong teksto na ginamit ni Clement ng Alexandria).

▣ **"at tinanggap ninyo ng buong galak ang pagkaagaw ng inyong pag-aari"** Ito ay tiyak na ebidensya ng ating pag-asa kay Kristo at ang ating mana sa Kanya (cf. 9:15; 11:16; 13:14; Mateo 5:12; Lucas 6:22-23; Roma 5:3; 8:17).

▣ **"lalong mabuti"** Tignan buong puna sa 7:7.

**10:35-36** Ang mga talatang ito ay nagdokumento sa pangangailangan ng mga nananampalatayang grupo (1) upang hindi itapon ang kaninalng kumpiyansa (cf. 3:6; 4:16; 10:19) at (2) upang magbata (cf. 12:1-3). Sa maraming mga paraan ito ay gaya ng mensahe sa pitong mga iglesya ng Pahayag 2-3 (cf. 2:3,5,7,10,11,13,16,17,19,25,26; 3:2,3,5,10,11,12,20). Ang tunay na pananampalataya ay ang nagtitiis na pananampalataya (cf. I Juan 2:19). Ang mga pangako ng tipan ng Diyos tipan ay dapat na tanggapin ang panghawakan. Tignan NATATANGING PAKSA sa 4:14.

Ang tunay na isyu sa seguridad ay hindi ang nakikipaglaban na mga mananampalataya, ngunit ang maraming modernong kanluraning mga miyembro ng iglesya na walang ebidensya ng pananampalataya sa kanilang mga buhay. Ang madaliang paniniwala, kasama ng sobrang pagbibigay diin sa seguridad, ay pinupuno ang ating mga iglesya na mga sanggol na mga Kristyano sa pinakamainam at mga ligaw na mga tao sa kasuutang Kristyano sa pinakamalubha! Ang pagdidisipulo at ang pagtawag para sa radikal na kabanalan ay nawawala sa materyalistik, kapitalistik, dekadent, modernong kanluraning kultura. Ang Kaligtasan ay naging isang produkto (isang tiket patungo sa langit sa pagtatapos ng makasariling buhay o isang pansegurong polisiya sa sunog laban sa nagpapatuloy na kasalanan) sa halip na pangaraw-araw, lumalago, personal relasyon sa Diyos. Ang tunguhin ng Kristyanismo ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay (produkto), ngunit pagiging wangis ni Kristo ngayon!! Ang Diyos ay nagnanais na mapanumbalik ang Kanyang imahe sa sanglibutan upang maabot Niya ang makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang libreng alok ng kaligtasan kay Kristo. Tayo ay naligtas upang magligtas! Ang seguridad ay isang kakambal na produkto ng isang buhay ng paglilingkod at pagdidisipulo.

**NATATANGING PAKSA: PAGTITIS**

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking

ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Thesolonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)
B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang? Mayroon makasaysayang teolohikal na kontrobersiya na nagsasangkot kay Augustine laban kay Pelagius at Calvin laban kay Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay patungkol sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay naligtas, dapat ba siyang magpatuloy sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists Ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at nagpapanatiling kapangyarihan (Juan 10:27-30; Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro 1:3-5) at PANDIWANG PAMANAHON gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na teksto na nagbibigay babala sa mga

mananampalataya na “kumapit,” “makatagal,” o “magpatuloy” (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I Corinto 15:2; Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 magagamit, ngunit marami sa mga Arminians ginagamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tumatalakay sa isyu ng kunyaring paniniwala, gaya ng sa Juan 8:31-59. Sa pagsipi ng Calvinists sa GANAP NA PAMANAHONG PANDIWA ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians binanggit ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON mga sipi gaya ng sa I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikal na sistema ay inabuso ang pruwebang-tekstong pamamaraan ng pagbibigay kahulugan. Kadalasan isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang gumawa ng isang teolohikal na grid na kung saan lahat ng iba pang teksto ay tinignan. Maging maingat sa mga grids na mula sa ibang pinagmulan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hinid kapahayagan. Ang Bibliya ay isang silanganing aklat. Ito ay nagpapakita ng mga katotohanan sa puno ng tensyon, parang mga kabalintunaang mga pares. Ang mga Kristyano ay dapat na maniwala sa pareho at mamuhay sa loob ng tensyon. Ang NT ay nagpapakita ng parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagkamakadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimulang pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi produkto ( isang tiket sa langit o isang polisiyang pansiguro laban sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdedesipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PAMANAHON:

AORIST (natapos na aksyon), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Titus 3:5

GANAP (natapos na aksyon na may nagpapatuloy na resulta), Efeso 2:5,8

PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na aksyon), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15

PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mangyayari), Roma 5:8,10; 10:9; I Corinto 3:15; Felipos 1:28; I Tesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

**10:36** Ang talatang ito ay inilahad ng walang katiyakan sa anumang susunod na mangyayari!

▣ **“ang kalooban ng Dios”** Tignan NATATANGING PAKSA sa 13:21.

▣ **“ay magsitanggap kayo ng pangako”** Ito ay tumutukoy sa mga pangako ng bagong tipan kay Kristo (i.e., 9:15)!

**10:37-38** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Habakkuk 2:3-4, ngunit ang huling dalawang mga sugnay ay pinagbaliktad para sa pagbibigay diin.

▣ **“Siyang pumaparito ay darating”** Ang Hebreo Masoretik na Teksto ay may “ito,” ngunit ang Griyegong Septuagint ay ginawa ito personal, na nagpapahiwatig sa Mesyas.

**10:38 “MABUBUHAY SA PANANAMPALATAYA”**

**NATATANGING PAKSA: PANINIWALA, PAGTITIWALA, PANANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)**

I. Pambungad na Pananalita

Kinakailangang ilahad na ang paggamit ng teolohikal na konseptong ito, na napakakrusyal sa NT, ay hindi malinaw na ipinaliwanag sa OT. Tiyak na naroon ito, ngunit ipinakilala sa piling mga susi na mga sipi at mga tauhan.

Ang OT mga halo

1. Ang indibidwal at ang komunidad

2. Ang personal na engkwentro at ang tipanang pagsunod

Ang pananampalataya ay parehong personal engkwentro at pangaraw-araw na pamumuhay! Mas madali itong ilarawan sa isang tao kaysa sa leksikong anyo (i.e., salitang pag-aaral). Ang personal na aspetong ito ay pinakamainam na mailalalarawan sa

1. Abraham at kanyang mga inapo
2. David at Israel

Ang mga lalakeng ito ay nasumpungan/nakatagpo ang Diyos at ang kanilang mga buhay ay permanenteng nabago (hindi perpektong mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalatayang pakikipagtagpo sa Diyos, ngunit ang matalik, nagtitiwalang relasyon na nagpatuloy sa buong panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit ito ay nagpatuloy na kinakikitaan ng kanilang debosyon at pamumuhay.

II. Pangunahing ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)

1. PANDIWA
   a. *Qal* ugat ng salita – umalalay, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Esther 2:7, ang di-teolohikal pagkakagamit)
   b. *Niphal* ugat ng salita – maging sigurado o matibay, maitatag, makumpirma, maging matapat o mapagkakatiwalaan
      (1) ng tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40;14
      (2) ng mga bagay, Isaias 22:23
      (3) ng Diyos, Deutronomio 7:9,12; Isaias 49:7; Jeremias 42:5
   c. *Hiphil* ugat ng salita – matibay na tumayo, maniwala, magtiwala
      (1) Abraham naniniwala Diyos, Genesis 15:6
      (2) ang Israelita sa Ehipto ay naniwala, Exodo 4:31; 14:31 (naging negatibo sa Deutronomio 1:32)
      (3) Israelita ay naniwala kay YHWH na nagsilita kay Moises, Exodo 19:9; Awit 106:12,24
      (4) Ahaz hindi nagtiwala sa Diyos, Isa 7:9
      (5) sinoman ang maniwala rito/kanya, Isaias 28:16
      (6) naniwalwa sa mga katotohanan ng Diyos, Isaias 43:10-12
2. PANGALAN (PANGLALAKE) – katapatan (i.e., Deutronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)
3. PANG-ABAY – tunay nga, totoo nga, Ako ay sumasangayon, harinanga (cf. Deutronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Cronico 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ang liturhikal na gamit ng "amen" sa OT at NT.

B. אמת (BDB 54) PAMBABAE PANGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan

1. ng tao Isaias 10:20; 42:3; 48:1
2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8
3. ng katototanan, Deutronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:4; Zacarias 8:16

C. אמונת (BDB 53), katatagan, kataimtiman, katapatan

1. ng mga kamay, Exodo 17:12
2. ng mga panahon, Isaias 33:6
3. ng mga tao, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2
4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:12; 89:2,3,6,9; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo sa OT konseptong ito

A. Si Pablo ay ibinatay ang kanyang panibagong pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na engkwentro kay Hesus sa landas ng Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).

B. Natagpuan niya ang mgaOT suporta para sa kanyang panibagong pagkakaunawa sa dalawang susi ng OT mga sipi na gumamit ng ugat naאמן .

1. Genesis 15:6 – Ang personal na engkwentro ni Abram na pinasimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagdulot ng masunuring buhay ng pananampalataya (Genesis 12-22). Si Pablo ay nagpahiwatig nito sa Roma 4 atGalatia 3.
2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala nito ay (i.e.,ang mga sinubok ng Diyos at matatag na inilagak ang batong luklukan) ay kailanman hindi
   a. Roma 9:33, "mapapahiya" o "mabibigo"
   b. Roma 10:11, gaya ng nasa itaas
3. Habakkuk 2:4 – yaong mga nakakakilala sa matapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng matapat na pamumuhay (cf. Jeremias 7:28). S i Pablo ay gumagamit ng tekstong ito sa Roma 1:17 atGalacia 3:11 (pansinin rin ang Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng OT na konsepto

A. si Pedro ay nagsasama ng
1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)
2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (batong luklukan)
3. Awit 111:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ginawa niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, isang maharlikang pagkasaserdote, isang banal na bansa, ang bayan ng Diyos para sa Kanyang sariling pag-aari" mula sa
   a. Deutronomio 10:15; Isaias 43:21
   b. Isaias 61:6; 66:21
   c. Exodo 19:6; Deutronomio 7:6 at ngayon ay gumagamit nito para sa pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan sa konsepto

A. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang gamit nito kasama ng mga PANG-UKOL
1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Felipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang "sa" or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBONG KASO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang

paniniwalaan

a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
i. Si Hesus ay ipinakilala ang Kanyang sarili sa kasunduan panganlan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
j. Tayo ay mabubuhay na kasama Niya (Roma 6:8)
k. Si Hesus ay namatay ang muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

VI. Konklusyon

Ang biblikal na pananampalataya ay pagtugon ng tao sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay laging nagpapasimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na komunikasyon na ito ay ang pangangailangan para sa mga tao na tumugon.

1. pagtitiwala
2. tipanang pagsunod ang Biblikal pananampalataya

1. sa personal na pakikipagrelasyon (pasimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang nararapat na masunuring pagtugon dito (pangaraw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananampalataya ay hindi tiket patungo sa langit o isang polisiyang panseguro. Ito ay isang personal na pakikipagrelasyon. Ito ang layunin paglilikha at ang mga tao na ginawa sa imahe at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang isyu ay "matalik." Ang Diyos ay nagnanasa ng pakikisama, hindi tiyak na katayuang teolohikal! Ngunit pakikisama sa isang banal na Diyos na nanghahangad na ang mga anak ay magpakita ng "pamilyang" mga katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) ay nakaapekto s ating kakayanang tumugon ng nararapat. Samakatuwid, ang Diyos ay umakto alang-alang sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38),na nagbibigay sa ating nga "bagong puso" at "bagong espiritu," na makakapagbigay sa atin ng kakayahan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi na makisama sa Kanya at sundin Siya! Lahat ng tatlo ay krusyal. Lahat ng tatlo ay dapat na panatilihin. Ang tunguhin ay makilala ang Diyos (parehong Hebreo at Griyegong pakahulugan) at magpakita ng Kanyang karakter sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng pananampalataya ay hindi langit balang araw, kundi pagiging wangis ni Kristo araw-araw!

Ang pantaong katapatan ay resulta (NT), hindi basehan (OT) para sa isang pakikipagrelasyon sa Diyos: ang pantaong pananampalataya sa Kanyang katapatan; ang tiwala ng tao sa Kanyang mapagkakatiwalaang karakter. Ang puso ng NT na pananaw sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat na paunang tumugon at magaptuloy sa nagpapasimulang biyaya at awa ng Diyos, na ipinakita kay Kristo. Siya ay nagmahal, Siya ay nagsugo, Siya ay nagtustos; dapat tayong tumugon sa pananampalataya at katapatan (cf. Efeso 2:8-9 at 10)!

Ang matapat na Diyos ay nagnanais ng matapat na tao upang ipahayag ang Kanyang sarili sa walang pananampalatayang mundo at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

▣ **"AKING"** Mayroong Griyegong manuskrito pagkalito patungkol sa nauna personal PANGHALIP. Ito ay may kinalaman sa alinmang "katuwiran" o "pananampalataya." Ang ating may-akda ay gumagamit ng kalabuan ng MT at LXX mga salin upang bigyan diin ang (1) ang pagdating ng Mesyas at (2) ang pangangailangan para sa matapat na mga mananampalataya.

Sa sinaunang Griyegong unsyal na mga manuskrito A & C, "aking" ay nauugnay sa katuwiran. Sa

LXX, Peshitta, at ms D*, "akin" ay nauugnay sa pananampalataya. Sa P[13], D[c], H[c], K, P at ang Textus Receptus "aking" ay inalis (sumusunod sa pag-alis ni Pablo sa kanyang sipi mula sa Habakkuk 2:4 sa Roma 1:17; Galacia 3:11).

Ang "kung" sa ikalawang bahagi ng talata ay isang IKATLONG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na nangangahulugan ng potensyal na aksyon.

**10:39** Ang may-akda binubuod ang kanyang kumpiyansa sa pagtitiis ng kanyang mga mambabasa (cf. 6:9-12)!

▣ **"doon sa mga nagsisibalik"** Ito ay isang pahiwatig sa Habakkuk 2:4 sa LXX "kung siya ay magabbalik, ang aking kaluluwa ay walang lugod sa kanya." Ang isyu sa Hebreo para sa mga mananampalataya ay katapatan hanggang wakas. Ang matinding panganib "umurong pabalik."

Ang nagbibigay kahulugang katanungan sa talatang ito ay sa kung sino ang tinutukoy ng pariralang "yaong mga nagsipagbalik".

1. Israelita sa panahon ni Habakkuk
2. ang dalawang grupo ng Hebreo 6:1-12, isang Hudyo at ang ibang nananampalatayang mga Hudyo; ang di-nananampalatayang grupo na nagsipagbalik mula sa malinaw na Ebanghelyo ay nakasaksi sa pagkawasak
3. ang mga mananampalataya sa pangkalahatan na hindi nanatili hanggang wakas sa pamamagitan ng katapatan. Ang konteksto ng aklat sa kabuuan at ang 6:9-12 sumusuporta sa #2.

▣ **"sa kapahamakan"** Ang terminong ito ay madasa na ginamit para doon na walang buhay na walang hanggan (cf. Mateo 7:13; Felipos 1:28; 3:19; II Tesalonica 2:3; I Timoteo 6:9; II Pedro 2:1,3; 3:7). Ito ay hindi dapat unawain bilang sukdulang anihilasyon ng mga di-mananampalataya, ngunit ang pagkawala ng pisikal na buhay. Ang kaparehong metaporikal na pagkagamit ay masagana sa OT. Isa sa mga misteryo at sakit ng Impyerno ay ang aspetong pangwalang hanggan nito (cf. Daniel 12:2; Mateo 25:46).

▣

**NASB "kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa"**
**NKJV "kundi doon sa mga may pananampalataya sa pagliligtas sa kaluluwa"**
**NRSV "ngunit doon sa mga may pananampalataya at kaya naligtas"**
**TEV "Sa halip, tayo ay may pananampalataya at mga naligtas"**
**NJB "tayo yaong mga uri na tumutupad sa *pananampalataya* hanggang sa ang ating mga kaluluwa ay naligtas"**

Ang kasalungat ng "nagsipagbalik" ay katapatan. Ang siping ito na mula sa Habakkuk ay ginamit sa ibang paraan kaysa sa pagkakagamit ni Pablo sa pagbibigay diin nito sa pangangailangan para sa paunang pananampalataya ng hiwalay sa mga gawa (cf. Roma 1:17; Galacia 3:11), habang ang Hebreo ay gumagamit nito para sa nagpapatuloy na pananampalataya. Ang pahayag na ito ay nagtatakda ng entablado para sa sunod-sunod na pagtawag ng mga matapat sa kabanata 11. Ang sunod-sunod na pagtawag ay nagpapakita ng pananampalataya na madalas ay nagbubunga ng persekusyon, maging kamatayan. Ito nagbibigay diin na ang mga OT mananampalatayang ito, na maging sa gitna ng matinding kahirapan (cf. vv. 32-33) ay nagpatuloy sa pananampalataya! Ang may-akda ng Hebreo ay nagsasaysay ng kanyang kompiyansa na ang kanyang nananampalatayang mga mambabasa ay magpapatuloy rin sa pananampalataya hanggang sa wakas.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa

iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit napakahalaga na si Kristo ay inihandog ang Kanyang sarili "minsan para sa lahat"?
2. Kailan at ano ang sukdulan, pangkatapusang kaligtasan?
3. Ipaliwanag ang salitang NT na "sakdal" (*telos*).
4. Ang ang layunin ng Araw ng Pagbabayad puri? Paano ang mga OT sakripisyo ay maiuugnay sa 10:8?
5. Bakit ang ating may-akda ipinapalagay ang mga sipi sa OT kay Hesus at sa Espiritu?
6. Ang pagpapaging banal ba ay isang minsan para sa lahat na akto (v. 10) o isang proseso (v. 14)?
7. Bakit ang 10:18 ay lubhang mahalaga?
8. Ilista ang praktikal na mga bagay na tayo ay pinalalakas ang loob upang isakatuparan sa ating mga buhay dahil sa ating paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo.
9. Ang mga talata ba 26-29 ay nagtuturo ng apostasya?
10. Bakit ang "sama-samang pagpupulong" ay problema para sa mga tagatanggap ng sulat na ito?
11. Ang pagdurusa ba ang kalooban ng Diyos? (cf. vv. 32-36).

# HEBREO 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pananampalataya | Sa Pamamagitan ng Pananampalataya Ating Nauunawaan | Sunod-sunod na Pagbanggit ng mga Lalake at Babaeng Bayani ng Pananampalataya | Pananampalataya | Ang Ulirang Pananampalataya ng Ating mga Ninuno |
| 11:1-2 | 11:1-3 | 11:1-3 | 11:1-2 | 11:1-2 |
| 11:3 | Ang Pananampalataya sa Bukang-Liwayway ng Kasaysayan | 11:3 | 11:3 | 11:3 |
| 11:4-7 | 11:4-7 | 11:4-7 | 11:4 | 11:4 |
| | | | 11:5-6 | 11:5-6 |
| | Ang Matapat na Si Abraham | | | |
| 11:8-12 | 11:8-12 | 11:8-12 | 11:8-10 | 11:8-10 |
| | Ang Makalangit na Pag-asa | | 11:11-12 | 11:11-12 |
| 11:13-16 | 11:13-16 | 11:13-16 | 11:13-16 | 11:13-16 |
| | Ang Pananmpalataya ng Patriyarka | | | |
| 11:17-22 | 11:17-22 | 11:17-22 | 11:17-19 | 11:17-19 |
| | | | 11:20-21 | 11:20-22 |
| | Ang Pananampalataya ni Moises | | 11:22 | |
| 11:23-31 | 11:23-29 | 11:23-28 | 11:23<br>11:24-26<br>11:27-28 | 11:23-29 |
| | Sa Pamamagitan ng Pananampalataya Sila ay Nagtagumpay | 11:29-31 | 11:29 | |
| | 11:30-40 | | 11:30-31 | 11:30-31 |
| 11:32-38 | | 11:32-38 | 11:32-35a | 11:30-31 |
| | | | 11:35b-38 | |
| 11:39-40 | | 11:39-40 | 11:39-40 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat

talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KONTEKSTWAL NA KAUNAWAAN**

A. Ang kabanata 11 ay isang serye ng mga halimbawa sa OT na mga tao na naging matapat matapat sa kabila ng mga napakahirap na sitwasyon (ang kabaliktaran ng II Pedro 2 at Jude). Ang mga ito ay ginawa upang magpalakas ng loob sa mga orihinal na mga mambabasa at sa mga mananampalataya sa bawat panahon na manatiling matapat anoman ang pisikal na kalagaya na kinahaharap nila(cf. 10:32-39).

B. Pansinin rin ang mga ito ay hindi paunang pagpapahayag ng pananampalataya, ngunit mga buhay ng pananampalataya sa ilalim ng Lumang tipan. Ang katapusan ng matapat ay ebidensyan ng tunay na pasimula. Ang mga mananampalataya ay nagpasimula sa pananampalataya, nagpatuloy sa pananampalataya, at namatay sa pananampalataya. Ang may-akda ng Hebreo hinuhusgahan ang buhay ng mananampalataya mula sa matapat nitong konklusyon gaya na rin ng pasimula nitong pananampalataya.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-7**

**[1]Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa *mga bagay* na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita. [2]Sapagka't sa pamamagitan nito ang mga matanda ay sinaksihan. [3]Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa pamamagitan ng salita ng Diyos, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita. [4]Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Diyos tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa. [5] Sa pananampalataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan; AT HINDI SIYA NASUMPUNGAN, SAPAGKA'T SIYA'Y INILIPAT NG DIYOS; sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang siya'y naging kalugodlugod sa Diyos. [6]At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa *Kaniya*; sapagka't ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos, at Siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa Kaniya'y nagsisihanap. [7] Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng *Diyos* tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan Niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya.**

**11:1 "pananampalataya"** Ito ay hindi isang teolohikal na depinisyon ng pananampalataya, ngunit isang larawan ng praktikal na pagpapalabas nito. Ang termino ay ginamit ng dalawamput apat na beses sa kabanatang ito. Mula sa OT ang paunang ideya ay "katapatan" o "mapagkakatiwalaan." Ito ang kabaliktaran ng apostasya. Ang Griyegong termino para sa "pananampalataya" (pistis) ay isinalin sa

tatlong Englis na mga termino: “pananampalataya,” “paniniwala,” at “pagtitiwala.” Ang pananampalataya ay pantaong pagtugon sa katapatan ng Diyos at sa Kanyang pangako. Tayo ay nagtitiwala sa Kanyang katapatan, hindi sa atin. Ang Kanyang karakter ang susi.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **“kapanatagan sa *mga bagay* na hinihintay”** |
| **NKJV** | **“ay diwa ng mga bagay na inaasam”** |
| **TEV** | **“ay maging tiyak sa mga bagay na inaasahan”** |
| **NJB** | **“ay panagot sa mga pagpapala na ating inaasahan”** |

Ang Griyegong termino ito ay para sa “katiyakan” (*hupostasis*) pangunahing kahulugan ay “ilagay sa ilalim ng” o “tumayo sa ibabaw ng” samaktuwid ay nagbibigay ng pinagbabatayang basihan o pundasyon ng isang bagay. Ito, samakatuwid, ay may malawak na nagkakaibang mga kahulugan sa sinauang mundo. Ito espesyal na karaniwan sa kasulatang pilosopikal sa Griyego na nagsasaad ng malinaw na manipestasyon ng isang bagay. Ito ay sa pagitan ng anumang totoo at tunay laban sa hindi napatunayan.

1. sa Hebreo 1:3 ito ay tumutukoy sa esensya
2. sa Hebreo 3:14 ito ay tumutukoy sa realidad pagpapahayag/propesyon ng mga mananampalataya
3. sa Hebreo 11:1 ito ay tumutukoy sa mga pangako ng ebanghelyo na isinapamuhay sa kasalukuyan, hindi naisakatuparan hanggang sa hinaharap

Ang terminong ito ay natagpuan sa Egyptong papyri na nangangahulugang “isang titulo ng kasulatan” (cf. NJB). Sa ganito pakahulugan ito ay nagpapakita ng pagkakagamit ni Pablo sa Espiritu bilang ang “garantiya” (cf. II Corinto 1:22; 5:5; Efeso 1:4).

Ang Griyegong mga termino na ginamit sa LXX na nagmumungkahi nito ng regular ay isinalin sa tohelet (The Cambridge History of the Bible, p. 9), na ibig sabihin ay “isang saloobin ng matiyaga at nakatitiyak na paghihintay para sa isang bagay, ang kalagayan ng nakatitiyak na pag-aasama” (i.e., pag-asa). Tandaan na ang mga NT may-akda ay mga Hebreong mang-iisip sa Koineng Griyego at gumagamit ng mga saling tradisyon ng Septuagint.

Ang ilan ay nakita ang pinakamalinaw na mga kahulugan sa kontekstong ito na ipinakita sa OT na sipi sa 10:38 (Habakkuk 2:2-4). Ang kabanata 11 ay listahan ng mga halimbawa ng mga tao na hindi “tumalikod pabalik.” Ang tekstong ito ay ang kabaliktaran ng anomang panganib na ginagawa ng mga unang mambabasa.

▣ **“katunayan”** Ang salitang ito ay lumitaw lamang dito sa NT. Ito ay tumutukoy sa “patunay sa pamamagitan ng pagsubok.” Ang dalawang mga parirala sa v. 1 ay magkahanay (parehong PANGAKSALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI); samakatuwid, “katiyakan” at “kombiksyon” ay itinali ng magkasama at mula sa kanila ay ang matapat na buhay na kanilang isinapamuhay.

▣ **“mga bagay na hindi nakikita”** Ang mga sumusunod na mga halimbawa ay ang mga tao na nabuhay sa (1) pag-asa sa kasalukuyan at sa panghinaharap na gawa ng Diyos at (2) pagtitiwala sa esoritwal na mga pangako ng Diyos (cf. 10:23). Ang kanilang pananaw sa mundo ang naggagabay sa kanilang pang araw-araw na mga desisyon, hindi kalagayan, materyalismo o pagkamakasarili.

Ang pisikal na realidad ay sunud-sunuran sa dinakikitang espritwal na realidad (cf. v. 3). Ang pisikal na realidad ay malalaman sa pamamagitan ng limang pandama, at hindi eternal, ngunit lumilipas. Ang tunay, eternal na realidad ay di-nakikita (cf. v. 27) at; samakatuwid, ay dapat panghawakan sa pananampalataya, hindi paningin. Gayunaman, ito ay labis na tunay at totoo sa mga tunay na mga mananampalataya na ito ay nagkokontrol at nanghihingi ng kanilang prioridad.

**11:2**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“ay sinaksihan”** |
| **NKJV** | **“nakakuha ng *mabuting* patotoo”** |

**NRSV** **"nakatanggap ng pagsang-ayon"**
**TEV** **"napagwagian ang pagsang-ayon ng Diyos"**
**NJB** **"ay kinilala"**

Ito ay kaparehong paggamit ni Pablo ng "pananampalataya" sa Roma 1:17; Galacia 3:11. Ang kanilang mga buhay ng pananampalataya ay hindi nagligtas sa kanila, ngunit ebidensya ng Espiritu ng Diyos sa kanila(cf. Santiago 2:14-26).

**11:3**
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"ang sanglibutan"**
**TEV, NIV** **"ang daigdig"**
**NJB** **"ang mga panahon"**

Ito ay isa sa dalawang Griyego mga termino (*kosmos*, cf. 1:6 at *aiōn*, dito) ginamit upang italaga ang pangkasalukuyang pisikal na kahariang ito. Ang "*aion*" ay tumutukoy sa mga espirtiwal na oras at panahaon na nagsasama sa parehong pisikal at espiritwal na mga kaharian (cf. 1:2; 6:5; Roma 12:2; I Corinto 1:20; 2:6,8; 3:18; II Corinto 4:4; Efeso 1:21; 6:12). Tignan NATATANGING PAKSA sa 1:2.

▣ **"ang salita ng Diyos"** Ito ay hindi Griyegong termino *logos* ngunit *rhēma* na ginamit na nagbigkas na salita. Ito ngayon ay tumutukoy sa nilikha sa pamamagita ng *fiat*, ang binigkas na salita (cf. Genesis 1:3,6,9,14,20,24; Awit 33:6,9). Mula sa Hebreo 1:2 alam natin na ang *logos* ng Diyos ay ang ahente ng Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:1,10; I Corinto 8:6; Colosas 1:16).

Ang pananampalatayang panininidigan ay naging pananaw savmundo na lumabas sa buhay ng mga mananampalataya habang sila ay namumuhay sa mundo. Hindi ito tumatakwil sa siyentipikong pananaliksik, ngunit naglalagay ito sa loob ng perspektibo ng pananampalataya. Ang mga mananampalataya ay pinahihintulutan ang siyensya na tuklasin ang mga mekanismo ng mga nilikha (natural na kapahayagan), ngunit naninindigan lamang sa bandang huli sa Diyos (tignan Juan L. Walton, *The Lost World of Genesis*, na Siyang ipinahayag sa Bibliya at sa kataas-taasan ay kay Hesukristo.

▣ **"ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita"** Ito ay hindi paunang paninindigan sa paglilikha *ex nihilo* (paglilikha galing sa wala), ngunit isang halimbawa sa realidad laban sa di-totoo sa v. 1. Ang mga mananampalataya ay nanindigan sa hindi nila personal na nakita o naranasan batay sa kapahayagan Diyos. Hindi ito labis na pangkredong teolohiya na gaya ng buhay pananampalataya at pag-asa.

**11:4 "Abel"** Ito ay ang ikalawang anak nina Adan and Eba, na pinatay ng kanyang kapatid na si, Cain (cf. Genesis 4:3ff).

▣ **"lalong mabuting hain"** Hindi ang tipo ng sakripisyo na inihandog nina Cain at Abel ay nagdulot ng pagkakaiba, kundi sa saloobin (pananampalataya) kung paano ito ibinigay Ito ay hindi maaring maging pruwebang-teksto sa pagiging superiyor ng dugo ng sakripisyo.

▣ **"at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa"** Ito ay itinala sa Genesis 4:10; Hebreo 12:24. Sa konteksto, ito ay isang paninindigan ng pananampalataya na nakakaharap ng kamatayan at mga tagumpay laban dito. Ang mga mambabasa ay tumalikod pabalik dahil sa persekusyon. Sila ay dapat, gaya ni Abel, ay magkaroon ng pananampalataya.

**11:5 "Enoch"** Siya ang unang tao pagkatapos ng pagbagsak ang hindi nahipo ng kamatayan (cf. Genesis 5:24). Ang OT hindi dinagdagan ng paliwanag sa sirkumstansya ngunit nagsaysay na siya ay "lumakad" kasama ang Diyos.

▣ **"inilipat"** Ito ay nangangahulugang "lumipat sa isa pang lugar." Ito ay hindi "muling pagkabuhay" ngunit isang "paglipat" gaya ni Elijah (cf. II Hari 2:11). Mayroong malinaw na pagkakaiba sa Bibliya sa pagitan ng

1. mga tao na muling ibinalik sa pagkabuhay (nagkamalay-tao)
2. mga tao na dinala sa langit ng walang pisikal kamatayan (paglipat)
3. si Hesus na mayroong espiritwal na katawan (muling pagkabuhay)

▣ **"kalugodlugod sa Diyos"** Ito ay sumusunod sa Septuagint, ngunit ang MT ay may "lumakad kasama ang Diyos."

**11:6 "At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa *Kaniya*"** Ito ay ang susi sa pagbabadya sa literaturang yunit na ito. Hindi lamang pasimulang, pananampalataya, ngunit nagsusumigasig na pananampalataya ang nagbibigay lugod sa Diyos. Ang lahat na mga halimbawang ito ay nanatiling matapat matapat hanggang sa wakas ng buhay, sa paanong paraan man magtatapos ang buhay na yaon. Ang pananampalataya ay ang daan sa paniniwala ng tao, tanggapin, tanggapin ang mga pangako ng Diyos. Ang kaligtasan at pagdidisipulo ay parehong imposible kung wala ang pananampalataya. Ang pananampalataya sa mga aksyon ng Diyos sa nakalipas (nilikha, kapahayagn); ang pananampalataya sa presensya ng Diyos sa pangkasalukuyan (pag-uusig, pagdurusa, maging kamatayan); pananampalataya sa ipinangakong aksyon ng Diyos sa hinaharap (kaligtasan, langit).

Para sa "imposible" tignan buong puna sa 6:6.

▣ **"dapat sumampalatayang"** Ang Griyegong salita *pistis* ay isinalin sa tatlong Englis na mga termino: "pananampalataya," "paniniwala," at "pagtitiwala." Ang pokus ay hindi kognitibong mga katotohanan lamang, ngunit personal pagtitiwala sa katapatan ng Diyos; pananampalataya sa Kanyang Katapatan! Hindi lamang ito paninindigan, kundi isang pamumuhay.

Ang termino ay "dapat" PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO, na ibig sabihin ay "ito ay pagbibigkis," "ito ay kinakailangan." Ang pananampalataya ay kinakailangan!

▣ **"Siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa Kaniya'y nagsisihanap."** Ito ay tumutukoy sa parehong pasimulang pananampalatayang pagutgon at nagpapatuloy na pananampalatayang pagtugon

**11:7 "nang paunawaan *ng Diyos* tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita"** Narito ang tularang pananampalataya. Ang mga OT banal ay kumilos ayon sa anomang kanilang natanggap mula sa Diyos. Ang kanilang mga aksyon ay nagpatunay sa kanilang pananampalataya ay hindi lamang mga salita! Naiisip mo ba ang mga panunutya at pagiinsulto ang naranasan ni Noa sa pagbubuo ng malaking barko, na napakalayo sa dagat, upang lagyan ng mga hayop!

▣ **"daong"** Ito ay hindi napapasunod na barko, ngunit isang sasakyang pandagat na sinadya upang lumutang lamang gaya ng isang troso. Ang termino ay ginamit sa "kaban" gaya ng arko ng tipan.

▣ **"hinatulan niya ang sanglibutan"** Paano hinatulan ni Noah ang mundo? Maryoong dalawang mga posibilidad: (1) sa pamamagitan ng kanyang aksyon pananampalataya at (2) sa pamamagitan ng kanyang pangangaral (cf. II Pedro 2:5).

▣ **"naging tagapagmana ng katuwiran"** Sa Genesis 6-8 si Noah ay ang unang tao sa Bibliya na tinawag na "matuwid" (cf. II Pedro 2:5). Ito ay hindi nangangahulugang walang kasalanan ngunit si lumakad ayon sa pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos. Gaya ng pananampalataya ni Abraham na sa kalaunay ipinaratang sa kanya bilang katuwiran (cf. Genesis 15:6), gayndin, si Noah. Para sa salitang pag-aaral sa "Katuwiran" tignan NATATANGING PAKSA sa 1:9.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:8-12**

**[8]Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay tumalima upang pumaroon sa isang dakong kaniyang tatanggaping mana; at siya'y yumaon na di nalalaman kung saan siya paroroon. [9]Sa pananampalataya siya'y naging manglalakbay sa lupang pangako, na gaya sa *hindi niya sariling lupa*, at tumahan sa mga tolda na kasama si Isaac at si Jacob, na mga tagapagmana ng isang pangako na kasama niya; [10]Sapagka't inaasahan niya ang bayang may mga kinasasaligan, na ang nagtayo at gumawa ay ang Diyos. [11]Sa pananampalataya si Sara rin ay tumanggap ng lakas upang ipaglihi ang binhi, nang lipas na ang kaniyang gulang, palibhasa'y inari niyang tapat ang nangako. [12]Kaya naman sumibol sa isa, sa kaniya na tila patay na, *ang kasing dami* NG MGA BITUIN SA LANGIT SA KARAMIHAN, AT DI MABILANG NA GAYA NG MGA BUHANGING NASA TABI NG DAGAT.**

**11:8 "Abraham. . . ay tumalima"** Sa ilang mga paraan ito ay dumating bilang pinagandang pagkakatawan sa buhay ng mga taong ito. Ang OT ay natatanging sinaunang literatura na ito ay nagtatala ng parehong positibo at negatibo patungkol sa karakter nito. Si Abraham ay isang kataka-takang halo ng takot pananampalataya

1. Takot
   a. ang Diyos ay nagsabi na iwanan ang iyong pamilya; dinala niya ang kanyang ama at si Lot
   b. ang Diyos ay nangako ng isang anak; sinubukan niyang makagawa ng isang anak sa pamamagita ng lingkod ni Sarah at sa huli ay sinubukang ibigay si Sarah sa parehong Ehipto at Pilistinong hari upang mailigtas ang kanyang sariling buhay
2. Pananampalataya
   a. Siya nga ay nilisan ang Ur
   b. Siya nga ay naniwala na ang Diyos ay magbibigay sa kanya ng sanlahi
   c. Siya ay handang iaalay si Isaac (cf. Genesis 22)

Ang Diyos ay hindi naghahanap ng mga "super-banal," ngunit sa may kapintsang mga tao na tutugon sa Kanya sa pagsisisi at pananampalataya at mamumuhay para sa Kanyan sa kabila ng anomang mga kalagayan.

**11:9 "siya'y naging manglalakbay sa lupang pangako"** Ito ang termino "maglakbay," na ibig sabihin siya ay walang mga karapatan ng isang mamayan (cf. v. 13).

**11:10 "inaasahan niya"** Ito ay isang DI-GANAP PANGGITNA (deponent) INDIKATIBO. Siya ay patuloy na naghanap!

▣ **"ang bayang"** Ito ay isang pangkaraniwang biblikal na metapora (cf. 11:16; 12:22; 13:14; Juan 14:2; Galacia 4:26; Pahayag 3:12; 21:2), na tumutukoy sa lugar na pinanahanan ng Diyos'kasama muli ang mga tao, gaya ng sa Eden.

Si Abraham ipinamuhay ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pananampalataya hindi tumitingin sa kasalukuyang realidad, ngunit sa ipinangakongrealidad. Ang pananampalataya ay nagsasabi "ang mundong ito ay hindi ko tahanan"; ang pananampalataya ay nagsasabi "ang mga pangako ng Diyos ay sigurado"; ang pananampalataya ay nagsasabina "ang realidad ay hindi kung ano ang nakikita ko, ngunit kung ano ang sinasabi ng Diyos"!

**NATATANGING PAKSA: ANG DALAWANG BAYAN**

A. Ang Mateo 24-27 ay isang literaturang yunit na inilagay sa konklusyon sa serye ng mga orakulong paghuhukom laban sa nakapaligid na mga bayan na matatagpuan sa Isaias 13-23. Ang paghuhukom ay may huling salita! Ang biyaya at awa ng Diyos ay may eternal, nagpapabilang, nagtutubos na plano!

B. Ang buong seksyon na ito ay isang paglalaro sa dalawang bayan.
   1. ang mga bayang binuo ng makasalanang tao na anak ni Cain, na sinubukang katagpuin ang kanilang mga pangangailang sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan (i.e., Genesis 10-11).
   2. ang bayan ng Zion, kung saan ang Diyos ay nananahan (i.e., sa itaas ng mga pakpak ng dalawang Cherubim sa ibabaw ng Ark ng tipan sa pinakabanal na panloob na dambana ng templo ng Jerusalem) at kung saan ang Kanyang mga tao (Hudyo at mga Hentil) ay lumalapit sa Kanya at sumasamba sa Kanya (cf. 2:2-4; 19:18-25; Hebreo 11:10; 12:22; 13:14; Pahayag 21:1-2).

C. Ang mga bayan ay kumakatawan sa mga grupo ng tao/bansa.

| **Mga Bayan ng Tao** | **Bayan ng Diyos** |
|---|---|
| 1:7,8, ang mga sinunog na bayan ng Judea | 1:26 ang bayan katuwiran,ang matapat bayan |
| 1:21, ang matapat na bayan ay naging patutot | |
| 6:11, ang mga bayan ng Judea ay nawasak | |
| 14:17,21, lahat ng mga bayan ay nawasak | |
| 14:31 mga bayan ng Philistia | |
| 17:1-3,9, ang mga bayan ng Syria ay napinsala | |
| 19:2, ang mga bayan ng Ehipto ay winasak ang isat-isa | |
| | 19:18-22, ang mga bayan ng Ehipto ay sumamba sa Diyos |
| | 19:23-25, lahat ng Ehipto at Assyria ay isinama sa mga bayan ng Diyo |
| 22:2,9,ang napakasayang bayan, bagsak ang Jerusalem | |
| 23, Tyre ay sinira | |
| 24:1-25:5pangkalahatang pagkawasak ng mga bayan | |
| 25:10-12, Moab at kanyang palasyo, pinatibay (i.e., mga bayan ay niyurakan ) | 25:6-9, piging sa bundok ng Diyos, Jerus |
| 26:5, ang di-masalakay na bayan, marahil ay Moab | 26:1, malakas na bayan, Jerusalem, |
| 27:10,pinatibay na mga bayan bumagsak | |
| 29:1, "Ariel" (Jerusalem) | |
| 33:2,19, ang masayang bayan (Jerusalem) | |
| 48:2, ang banal na bayan, ngunit sa pangalan lamang | 45:13, Aking bayan (cf. 44:23) |
| | 52:1-6, ang banal na bayan |
| | 60:14, ang bayan ng PANGINOON |
| | 62:12, ang bayan hindi pinabayaan |
| | 66:6, ang tinig ng paghihimagsik galing bayan, ang boses mula sa templo |

**11:11 "Sarah"** Ilang mga sinaunang Griyegong mga manuskrito ($P^{46}$, D) ay idinagdag ang "tigang." Ito ay mahalaga na walang mga asawa ng patriyarka ( maliban kay Leah) ang maaring magbuntis ng walang tulong ng Diyos. At saka, wala sa mga panganay na mga anak ay tagapagmana sa pangako. Ang Diyos ay gumawa upang ipakita na Siya ang may takda!

Si Sarah, gaya ni Abraham, ay pinaghalong takot at pananampalataya. Ibiniga niya kay Abraham ang kanyang tagapagingkod; pinagtawanan din niya ang pangako ng Diyos(cf. Genesis 18:12).

**11:12 "NG MGA BITUIN SA LANGIT SA KARAMIHAN, AT DI MABILANG NA GAYA NG MGA BUHANGING NASA TABI NG DAGAT"** Ito ay bahagi ng pangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob (cf. Genesis 15:5; 22:17; 32:12). Tandaan lahat ng kanilang mga asawa (maliban kay Leah) ay baog.

▣ **"palibhasa'y inari niyang tapat ang nangako"** Siya ay gumalaw batay sa pangako ng Diyos, hindi sa pangkasalukuyang realidad. Ang pariralang ito ay kapareho ng sa 10:23 (cf. 6:17-18). Ang mga mambabasa ay dapat rin umakto sa ganitong paraan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:13-16**

**[13]Ayon sa pananampalataya ay nangamatay ang lahat ng mga ito, na hindi kinamtan ang mga pangako, nguni't kanilang nangakita na natanaw mula sa malayo, at kanilang ipinahayag na sila'y pawang taga ibang bayan at manglalakbay sa ibabaw ng lupa. [14]Sapagka't ang mga nagsisipagsabi ng mga gayong bagay ay nagpapakilalang hinahanap nila ang lupaing kanilang sarili. [15]At katotohanang kung kanilang naalaala yaong lupaing kanilang pinanggalingan, ay nagkaroon sana sila ng mabuting pagkakataon upang bumalik. [16] Nguni't ngayon ay nagnanasa sila ng lalong magaling na lupain, sa makatuwid baga'y ang sa langit: kaya hindi sila ikinahihiya ng Diyos na tawaging Diyos nila; sapagka't kaniyang ipinaghanda sila ng isang bayan.**

**11:13 "ay nangamatay ang lahat ng mga ito, na hindi kinamtan ang mga pangako"** Ito ang puso ng paghahambing ng mga tao sa pananampalataya ng OT sa Kabanata 11 sa mga nananampalatayang mga Hudyong tagatanggap na nasa bingit ng "pagtalikod pabalik" (cf. 10:38; at II Pedro 2:20-22).

▣ **"nguni't kanilang. . . at kanilang. . . sila'y pawang"** Pansinin ang tatlong naglalarawan, mga kahanay na parirala!

▣ **"taga ibang bayan at manglalakbay sa ibabaw ng lupa"** Sa literal, ang dayuhang naninirahan ay walang karapatan bilang isang mamamayan (cf. LXX Genesis 23:4; Awit 39:12; Felipos 3:20; I Pedro 2:11). A n g pisikal na realidad ay hindi ang tunay, eternal na realidad. Ang mundong ito ay hindi nila tahanan.

**11:15 "kung"** Ito ay isang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP tinawag na "salungat sa katotohanan." Sila nga ay lumabas at hindi na muling bumalik!

**11:16** Ang tunay na realidad ay espritwal, gaya ng nakita sa metapora ng makalangit na bayan na ang tagapagtayo at tagagawa ay ang Diyos (cf. 11:10). Ang Diyos ay tumutugon sa pagtitiwala at pananampalataya (cf. 2:11; 11:2,39; 13:14). "Bansa" at"bayan" (v. 10) at teolohikal na magkahanay bilang mga lugar na inihanda ng Diyos pasa sa Kanyang nananampalatayang mga anak!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:17-22**

**[17]Sa pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay inihandog si Isaac: oo, siyang tumanggap na may galak ng mga pangako ay siyang naghandog sa kaniyang bugtong na *anak*; [18]*sa makatuwid baga'y yaong pinagsabihan*, " KAY ISAAC AY TATAWAGIN ANG IYONG BINHI." [19]Na inisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin siyang maguli ng Diyos; mula diyan din naman ay muli siyang tinanggap sa isang halimbawa. [20]Sa pananampalataya'y binasbasan ni Isaac si Jacob at si Esau, tungkol sa mga bagay na darating. [21]Sa pananampalataya, si Jacob ng mamatay na ay binasbasan niya ang bawa't isa sa mga anak ni Jose; at sumambang *nakatangan* sa puno ng kaniyang tungkod. [22]Sa pananampalataya, nang malapit nang mamatay si Jose, ay binanggit niya ang pagalis sa Egipto ng mga anak ni Israel; at nagutos tungkol sa kaniyang mga buto.**

**11:17 "nang subukin"** Kapag ikukumpara ng isa ang Genesis 22:1 sa Mateo 6:13 at Santiago 1:13-14, mayroong tila pagkakasalungat. Gayunpaman, mayroong dalawang mga salita sa Griyego para sa "subukin" na may magkakaibang mga konotasyon. Ang isa ay subukin tungo sa pagkawasak (*peirazo*) at

ang iba ay subukin sa pananaw ng pagtanggap at pagpapalakas (*dokimazō*). Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:18.

Ang Diyos ay naglalaan ng mga pagkakataon para sa Kanyang mga anak na ipakita at palaguin ang kanilang pananampalataya (cf. Genesis 22:1; Exodo15:25; 16:4; 20:20; Deutronomio 8:2,16; 13:3; Hukom 2:22; II Cronico 32:31). Ang mga pagsubok ay nagiging alimang isang katitisurang bato o isang tuntungang bato.

▣ **"naghandog sa kaniyang bugtong na *anak*"** Ang antas ng pananampalataya ni Abraham ay makikita sa kanyang pagpapaunlak na ibigay pabalik sa Diyos ang anak ng pangako na kanyang hinintay sa loob ng labingtatlong taon (cf. Santiago 2:21).

Ang gamit ng *monogenēs* ("tanging bugtong") sa relasyon kay Isaac ay hindi nangangahulugang "tanging bugtong" dahil si Abraham ay may iba pang mga anak. Ito ay siguradong nangangahulugang "ang anak ng pangako," "ang natatanging anak." Ito rin ang kahulugan sa Juan 3:16.

**11:18** Ito ay isang sipi mula sa Genesis 21:12, na dumating bago pa ang pagsubok!

**11:19 "sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin"** Si Abraham ay umaasa na si Isaac ay ibabalik sa kanya (cf. Genesis 22:5). Ang teksto ay hindi nagsasabi kung paano ito mangyayari. Ang Hebreo ay nagsasaysay na siya marahil ay umaasa ng resusitasyon.

▣ **"isang halimbawa"** Ang may-akda ay gumagamit ng OT bilang tipo o pagbibigay babala sa pangkasalukuyang realidad (cf. 9:9; 10:1; 11:19). Dito ang tipo ay waring na sa pag-aalay ni Abraham sa anak ng pangako, gayundin, ang Diyos ay inalay ang Kanyang anak bilang demonstrasyon ng Kanyang pag-ibig, awa at biyaya!

**11:20** Ang pagpapala ni Isaac sa kanyang mga anak ay matatagpuan sa Genesis 27:27ff, habang ang unang pagpapala ni Jacob ay sa Genesis 48:14 para sa mga anak ni Joseph ay sa kalaunay sa kanyang ikalawang pagpapala sa Genesis 49 para sa iba pa niyang mga anak. Ang pagpapala na minsang ibinigay ay hindi na mababawi pa. Ito ang halimbawa kung paano ang may-akda ay ipinapalagay ang OT kasaysayan sa ilang piling paraan (gaya ng Cronico). Siya ay nagbabanggit lamang ng mga positibong mga aspeto.

**11:21 "*nakatangan* sa puno ng kaniyang tungkod"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Genesis 47:31. Ang Masoretic Hebreong Teksto ay may "yumuko sa puno ng kanyang higaan." Ang Hebreo na mga salita pra sa "higaan" at "tungkod" ay may parehong Hebreo katinig, (mth), tanging ang huling mga patinig ang magkaiba. Mula sa OT konteksto si Jacob sa anuman ay natatanto ang katuparan ng panaginip ni Joseph (cf. Genesis 37:5-11), magkagayon ay kinikilala ang sibil na awtoridad ni Joseph sa pamamagitan ng propesiya o pagkikilala kay Joseph bilang ang "tagapagpalaya" ng Kanyang mga tao, gaya ninan Moses at Joshua at ang paparating na Mesyas.

**11:22 "nagutos tungkol sa kaniyang mga buto"** Ang mga ito ay dapat na dalhin palabas ng Ehipto at ilibing sa Lupang Pangako pagkatapos ng Exodo(cf. Genesis 50:24-25; Exodo13:19; Josue 24:32).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:23-29**

**23 Sa pananampalataya, nang ipanganak si Moises, ay itinagong tatlong buwan ng Kaniyang mga magulang, sapagka't kanilang nakitang maganda ang bata; at hindi sila natakot sa utos ng hari. 24 Sa pananampalataya, nang lumaki na si Moises, ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon, 25 na pinili pa ang siya'y tampalasanin na kasama ng bayan ng Diyos, kay sa magtamo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala,**

**[26]na inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo, kay sa mga kayamanan ng Egipto: sapagka't ang kaniyang tinititigan ay ang gantingpalang kabayaran. [27]Sa pananampalataya'y iniwan niya ang Egipto, na hindi natakot sa poot ng hari: sapagka't nagtitiyagang tulad sa nakakita niyaong di nakikita. [28]Sa pananampalataya'y itinatag niya ang paskua, at ang pagwiwisik ng dugo, upang ang manglilipol sa mga panganay ay huwag silang lipulin. [29] Sa pananampalataya'y *nagsipagdaan sila* sa gitna ng Dagat na Mapula na gaya ng sa lupang tuyo: na nang subuking gawin ito ng mga taga Egipto ay pawang nangalunod.**

**11:23 "Kaniyang mga magulang"** Ang Septuagint ay may "magulang," habang ang Hebreong Masoretic Teksto ay mayroon lamang "ina."

▣ **"sapagka't kanilang nakitang maganda ang bata"** Ang Hudyong tradisyon ay nagsasabi na si Moses ay pisikal na magandang bata. Ano ba namang magulang ang hindi nagsasabi sa kanilang anak na hindi maganda? Ngunit hindi lamang ito ang teolohikal na punto. Ito ay espesyal, ipinadalang-bata ng Diyos.

▣ **"at hindi sila natakot sa utos ng hari"** Ang may-akda ay nagbabanggit ng pariralang ito na may paningin patungo sa kanyang kasulukuyang mga mambabasa (cf. v. 27).

**11:24 "anak ng anak na babae ni Faraon"** Ito ay ang opisyal na Ehiptong pagtatalaga at titulo ng awtoridad.

**11:25-26** Muli ang may-akda ay gumagawa ng koneksyon sa pagtutuksong kinahaharap ng kanyang mga mambabasa. Dapat nilang ituon ang kanilang mga mata sa hinaharap, ang tiyak na mga pangako ng Diyos, hindi ang kasalukuyang kalagayan. Ang debosyon kay Kristo ay hantungan!

**11:27 "iniwan niya ang Egipto,"** Ito ay waring tumukoy sa pagtakas ni Moses patungo sa Midian, hindi ang Exodo (cf. Exodo2:14-15). Muli ang may-akda ay nagkakatha ng tila pinagandang larawan ng layunin ni Moses.

▣ **"nakakita niyaong di nakikita"** Ang mga Israelita ay naniwala na ang makita si YHWH ay magdudulot ng kamatayan, dahil sa Kanyang kabanalan (cf. Genesis 16:13; 32:30; Exodo3:6; 33:17-23; Hukom 6:22-23; 13:22; I Hari 19:11-13; Gawa 7:32).

**11:28** Ito ay isang pahiwatig sa Exodo12. Ang huling salot ay nakaapekto sa lahat ng taga Ehipto kasama na ang lupain ng Goshen. Maging ang mga Hebreo ay kailangang sundin ang tagubilin ng Diyos at umakto sa pananampalataya upang kaawaan sa pagbisita ng anghel ng kamatayan.

▣ **"panganay"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 1:6.

▣ **"ang manglilipol"** Ito ay tumutukoy sa anghel ng Kamatayan (cf. LXX, Exodo12:23; II Samuel 24:16-17).

**11:29** Ito ang buod ng mga tala na matatagpuan sa Exodo 14:21ff..

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:30-31**

**[30]Sa pananampalataya'y nangalagpak ang mga kuta ng Jerico, pagkatapos na makubkob na pitong araw. [31] Sa pananampalataya'y hindi napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik.**

**11:30 "nangalagpak ang mga kuta ng Jerico"** (cf. Josue 6:20; II Corinto 10:4)

**11:31 "patutot na si Rahab"** Ang taga Canaan na ito ay naging mananampalataya (Santiago 2:25). Posible pa na siya ay inilista sa lahi ng Mesyas sa Mateo 1:5.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:32-38**
[32]**At ano pa ang aking sasabihin? sapagka't kukulangin ako ng panahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon, kay Barac, kay Samson, kay Jefte; tungkol kay David, at kay Samuel at sa mga propeta,** [33]**Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian,** ***nagsigawa ng*** **katuwiran, nangagtamo ng mga pangako,** [34]**nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbong taga ibang lupa.** [35] **Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: at ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli;** [36]**At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman.** [37]**Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing: na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan;** [38]**(Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan), na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa.**

**11:32 "Gideon"** (cf. Hukom 6-8)

▣ **"Barak"** (cf. Hukom 4-5)

▣ **"Jephthah"** (cf. Hukom 11-12)

▣ **"David"** (cf. I Samuel 16:1)

▣ **"Samuel"** (cf. I Samuel 1:20)

**11:33 "Katuwiran"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 1:9.

▣ **"nangagtikom ng mga bibig ng mga leon,"** Ito ay maaring tumukoy kina Samson, David, Daniel, o isang di-nalalamang pangyayari.

**11:34 "Nagsipatay ng bisa ng apoy"**Ito ay reperensiya sa pagliligtas mula sa apoy maaring tumutkoy ng partikular sa Daniel 3 o sa ilang iba di-nalalamang maksaysayang pangyayari. Mayroon rin posibilidad na ang pagliligtas na ito ay binanggit sa I Corinto 13:3. Gayunpaman, mayroong Griyegong manuskritong problema na kaugnaysa I Corinto 13:3. Ang sinaunang Griyegong mga manuskrito $P^{46}$, ¥, A, at B ay may "na ako ay dapat magmapuri" (*kauchēsōmai*) o C, D, F, G, K, at L ay may "na ako ay dapat na sunugin" (*kauthēsomai*). Ang una ay may (1) mas lalong mainam na mga manuskrito at (2) ang termino ay ginamit ng madalas ni Pablo.

▣ **"from weakness were made strong"** (cf. II Corinto 12:9)

**11:35 "Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli"** Sa teolohikal na pananalita ito ay hindi muling pagkabuhay, ngunit resusitasyon (cf. I Hari 17:17-23; II Hari 4:31-37). Mayroon lamang isang muling pagkabuhay na nagresulta sa eternal na katawan, si Hesus.

▣
**NASB, NKJV**
**NRSV "ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli"**
**TEV, NJB "ang lalong mabuting buhay"**

Ang reperensiya ay ang karangalan at tagumpay ng kamatayan ng isang martir. Sa misteryo ng plano ng Diyos at kalooban para sa makasalanang planeta ang ilang pisikal na pinanumbalik (i.e., "ang mag babae ay nakatanggap muli ng kanilang mga patay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay") at ilan ay hindi. Ang una ay dakila at kahanga-hanga, ngunit ang ikalawa ay mas higit na makapangyarihang patotoo ngananampalataya, pananampalataya hanggang sa wakas.

Ito ay maaring maiuugnay sa espiritwal na pabuya, ngunit kung ito man ay gayon nga ang susi ay ang puso ng pananampalataya, hindi ang sirkumstanysa ng kamatayan ng isa. Ang mga mananampalataya ay tinawag na mamuhay ng may katapangan para sa kanilang pananampalataya (sa YHWH at Hesus). Ang tagumpay ay ang kanilang katapatan! Si YHWH ay matapat sa Kanyang mga pangako; si Hesus ay matapat sa Kanyang mga aksyon; ang mga mananampalataya ay dapat na maging matapat sa kanilang paglakad sa pananampalataya. Para sa "mas lalong mainam" tignan buong puna sa 7:7.

**11:36 "pagkalibak at pagkahampas"** Ito ay posibleng isang reperensiya sa panahon ng Maccabean (cf. I Mac. 1:62-64; 7:34; II Mac. 6:18-20; 7:1-42).

**11:37 "Sila'y pinagbabato"** Ang tradisyon ay nagsasabi na si Jeremias ay binato sa Ehipto sa pamamagitan ng mga mga Hudyo. Isang saserdote (hindi ang manunulat sa OT) pinangalanang Zacarias ay naitala na binato sa II Cronico 24:20-21; Lucas 11:51.

▣ **"pinaglagari"** Ang tradisyon (*Ascension of Isaiah* 5:1-14) ay nagsasabi na si Isaias ay inilagay sa isang troso at hinati sa dalawa ayon sa atas ni Manasseh.

▣ **"pinagtutukso"** Ito ay waring pangkalahatang pananalita sa kabila ng ilang napakapartikular na mga pahayag ng persekusyon at pagpapahirap. Ang sinaunang Papyrus manuskrito $P^{46}$ ay tinanggal ang parirala. Ang tekstwal na mga kritiko ay nagsapantaha na yamang ang konektadong parirala "sila ay hinati sa dalawa" (*epristhēsan*) ay napakapareho sa pariralang ito na "sila ay tinukso (*epeirasthēan*) na posibleng ang eskribang pagdadagdag ay nangyari sa mas maagang tekstwal na mga tradisyon. Mayroong maraming mga pagkakaiba sa Griyegong mga manuskrito (pagkakasunod-sunod sa mga termino, pamanahon ng mga termino). Ang United Bible Societies ikaapat na edisyong Griyego teksto ay tinanggal ang parirala.

▣ **"pinagpapatay sa tabak"** (i.e., I Hari 19:10,14; Jeremias 2:30; 26:23).

**11:38** Ito ay naglalarawan sa napakasaklap na kasaysayan ng pagpapahirap sa mga tagasunod ng Diyos. Bakit pa ang mga kasalukuyang mambabasa ay nabibigla sa kanilang persekusyon?

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:39-40**
[39]**At ang lahat ng mga ito, nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako,** [40]**Na ipinaghanda ng Diyos ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.**

**11:39 "nang sila'y mapatotohanan"** Ito ay nakakabit pabalik sa v. 2 (cf. 2:11). Ang mga buhay na isinapamuhay sa pananampalataya maging sa gitna ng masaklap na kalagayan, ay nagpapalugod sa Diyos.

**11:40** Ang mga pangako ng Diyos ay nagsasama sa lahat ng mga mananampalataya sa lahat ng panahon,

sa lahat ng mga lahi, sa lahat ng antas ng pamumuhay, lahat ng antas ng pag-aaral (cf. Galacia 3:28; Colosas 3:11). Ang lahat ng mga ito na mga tao sa OT ay tumingin sa hinaharap sa bagong araw ng Diyos. Ito ay dumating kay Kristo sa Bethlehem at maisasakatuparan kay Kristo mula sa langit na magbubukas sa silanganang himpapawid! Ang Kanyang muling pagkabuhay ay ang pag-asa ng ang lahat ng mga mananampalataya, OT at NT, ay tumitingin pasulong ng pananampalataya (cf. I Juan 3:2).

▣ **"lalong mabuti"** Tignan buong puna sa 7:7.

▣ **"sakdal"** Tignan buong puna sa 10:1.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang Hebreo at Griyegong mga salita para sa pananampalataya.
2. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang *fiat at ex nihilo*?
3. Ang Diyos ba ay sinusubukan ang mga mananampalataya (cf. 11:17 laban sa Santiago 1:13-14)?
4. Mayroon bang espesyal na karangalan para sa persekusyon? Lahat ba ng Kristyano pinagmamalupitan?
5. Bakit ang may-akda of Hebreo isinulat ang sunod-sunod na pagbanggit ng pananampalataya?

# HEBREO 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS$^4$ | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagdidisiplina ng Panginoon | Ang Karera ng Pananampalataya | Ang Paghihimok at mga Babala | Ang Diyos ating Ama | Ang mga Halimbawa ni Hesukristo |
| 12:1-3 | 12:1-2 | 12:1-2 | 12:1-2 | 12:1-4 |
| | Ang Pagdidisiplina ng Diyos | | | |
| | 12:3-11 | 12:3-11 | 12:3-11 | |
| 12:4-11 | | | | Ang Makaamang Pagtatagubilin ng Diyos |
| | | | | 12:5-13 |
| 12:12-13 | 12:12-17 | 12:12-13 | 12:12-13 | |
| Babala Laban sa Pagtatakwil sa Biyaya ng Diyos | | | | Pinarurusahan ang Di-matapat |
| 12:14-17 | | 12:14-17 | 12:14-17 | |
| | Ang Maluwalhating mga Kasamahan | | | |
| 12:18-24 | 12:18-24 | 12:18-24 | 12:18-21 | 12:18-29 |
| | Pakinggan ang Makalangit na Tinig | | 12:22-24 | |
| 12:25-29 | 12:25-29 | 12:25-29 | 12:25-27 | |
| | | | 12:28-29 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-2**

**[1]Kaya't yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawa't pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, [2]Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Diyos.**

**12:1 "Kaya't yamang"** Ang talata 1 ay hindi karaniwang tatluhang tambalan (*toigaroun*) na matatagpuan lamang dito at sa I Tesalonica 4:8. Batay sa naunang mga halimbawa ng katapatan, ang mga mambabasa ay dapat mamuhay ng makadiyos na pamumuhay na tumutulong at nagpapalakas ng loob sa iba.

▣ **"makapal na bilang"** "Ulap" ay madalas na ginamit ng patalinghaga sa Griyegong literatura ng isang grupo ng tao (cf. Herodotus VIII.109).

▣ **"saksi"** Ang terminong ito ay maaring mangahulugan na

1. sang legal na saksi sa korte
2. isang tao na ibinabahagi ang kanyang nakita, nalaman, o naranasan
3. isang tao na pinatay (naging martir) para sa kanilang pananampalataya kay Kristo
4. metaporikal na ekspresyon ng mga halimbawa sa pananampalataya sa kabanata 11

Dahil sa konteksto ng kabanata 11 waring napakainam na tignan ang talata ito hindi bilang isang katuruan na "sila" ay nagmamasid sa atin, ngunit na titignan natin ang kanilang mga buhay ng katapatan bilang mga halimbawa na susundin (NASB Study Bible, p. 1798). Ang talatang ito ay madalas na ginamit, Naisip ko, hindi tama, na suportahan ang paniniwala na ang ating mga nananampalatayang mga namatay na mahal sa buhay ay nagmamatyag sa ating mga buhay sa mundo. A n g mga mananampalataya ay tiyak na makikilala ang bawat isa at maibibilang sa pakikisama sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ng ang Bibliya ay tahimik patungkol sa muling pagkikita sa kamatayan o sila ay may kakayanang makita ang buhay ng kanilang minamahal dito sa mundo.

*The Handbook on The Letters to the Hebrew* ni Ellingworth at Nida, mula sa United Bible Society, ay gumawa ng kasalungat na pakahulugan, "Ang kaisipin ay ang mga bayani ng Lumang Tipan ay nagmamatyag kung paano ang manunulat ng Hebreo at kanyang mga mambabasa tumatakbo sa karera ng kanilang buhay Kristyano, yamang ang kanilang kaligtasan ay nakakabit sa mga Kristyanong yaon (11.40)" (p. 287).

▣**"itabi"** Ito ay isinalin bilang PASAKALI, ngunit ang unang PANDIWA ay PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI. Ang PASAKALI ay hindi lumitaw hanggang sa "tayo ay tumakbo."

Pansinin kung ano dapat ang gagawin ng mga mananampalataya batay sa mga matapat ng OT mga saksi.

1. Isantabi ang bawat nakabibigat, v. 1
2. Isantabi ang bawat kasalanan na madaling nakakasalabid sa atin, v. 1
3. Takbuhin ang karera ng may pagbabata, v. 1
4. Ituon ang ating mga mata kay Hesus, v. 2

▣ **"itabi namang walang liwag"** Ito ay isang AORIST PANGGITNA PANDIWARI na ibig sabihin ay "isantabi ang kasuotan" (cf. Gawa 7:58). Ang gramatikal na anyo na ito ay nagpapahiwatig ng personal (i.e., PANGGITANG TINIG), desididong (i.e., AORIST PAMANAHON) desisyon. Gayunpaman, si Pablo ay ginamit ang termino ng may patalinghaga sa etikal na pakahulugan (cf. Roma 13:12; Efeso 4:22,25; Colosas 3:8-9 at "isuot" sa Efeso 4:24; Colosas 3:10,12,14). Ang mga Kristyano ay dapat na aktibong kasangkot sa

kanilang libreng kaligtasan (cf. Felipos 2:12- 13). Mayroong karera na dapat takbuhin, isang patotoo na dapat gawin, isang laban na dapat labanan (i.e., Felipos 3:12-14)!

▣
**NASB "ang bawa't pasan"**
**NKJV, NRSV "ang bawat bigat"**
**TEV "bawat bagay na nakaharang sa bawat daraanan"**
**NJB "bawat bagay na nagpapabigat sa atin pababa"**

Ang terminong ito sa literal ay "mataba" o "bigat." Yaong mga sumasali sa Griyegong paligsahan ng palakasan ay tumatakbo ng halos nakahubad. Ito ay ginamit

1. sa literal ng taba ng katawan
2. ng mga pabigat sa palakasang pagsasanay
3. patalinghaga sa Griyegong literatura bilang kayabangan
4. sa pilosopikal maging maingat sa "ang mabuti" bilang kaaway ng "pinakamabuti"

▣ **"ang pagkakasalang"** Ito ay alinman na tumutukoy sa (1) ang kalikasan ng kasalanan; (2) ang nanatiling kasalanan; (3)kawalan pananampalataya; o (4) ang natatanging kontekstong ito ay maaring magbigay ng karagdagang kahulugan sa "umurong pabalik" (cf. 10:38). Ang kasulatan/aklat/sermon ay ibinibigay sa mga Hudyong mananampalataya at sa mga Hudyo di-mananampalataya.

▣
**NASB "pumipigil sa atin"**
**NKJV "madaling sumisilo sa atin us"**
**NRSV, NJB "na kumakapit sa atin ng malapit"**
**TEV "na humahawak sa atin ng mahigpit"**

Ang sinaunang papyrus na manuskrito $P^{46}$ ay "madaling magambala." Ang reperensiya na ito ay sa anumang bagay na naghaharang sa mananampalataya sa karera ng buhay. Ito ay maaring pabalik-balik na kasalanan, ang wala sa balanseng pagnanasa o maging ang presensya ng maraming mabubuting bagay—anumang bagay na nagdudulot sa kanila na kaligtaan ang mga bagay na ipinagkaloob at pagkakatawag sa kanila ng Diyos.

▣ **"takbuhing"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI, na nagsasalita sa isang nagpapatuloy na aksyon ngunit may kasamang puna ng kawalang kasiguraduhan sa posibleng mangyari. Ito ay tiyak na tumutugma sa pangkalahatang pagbibigay diin sa apat na mga babala na idinirekta sa Hudyong mananampalataya na "umurong pabalik" mula kay Kristo at sa ebanghelyo.

▣ **"pagtitiis"** Ang kabanata ay maaring isang rabinikal na paglalaro sa salita "magtiis" (PANGALAN, cf. 10:32,36), na nangangahulugang "kusang loob, agresibo (AKTIBO), matiisin (BALINTIYAK) pagtitiis." Ang PANDIWA ay sa vv. 2,3, at 7 at ang PANGALAN ay sa v. 1. Ito ang tema ng aklat at lalo na ang mga huling ilang mga kabanata nito-kumapit ka diyan!

▣ **"ang takbuhing"** Ang Griyegong salita na ito *agōna* ay pangpalakasan na termino kung saan natin nakuha ang ating Englis na termino "matinding paghihirap." Ito ay madalas na ginamit bilang pangtakdang daraanan ng isang karera.

▣ **"inilagay sa harapan natin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK (deponent) PANDIWARI. Ang buhay Kristyano ay madalas na kinakikitaan bilang pangpalakasang paligsahan (cf. I Corinto 9:25; Felipos 1:30; II Timoteo 2:5; racing, I Corinto 9:24,26; Galacia 2:2; 5:7; Felipos 2:16; boksing I Corinto 9:26; I Timoteo 1:18; 6:12; II Timoteo 4:7; pakikipagbuno, Efeso 6:12).

**12:2 "masdan natin si Jesus"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI na ibig sabihin "tumingin ng puno ng atensyon." Pansinin na tayo ay nakamasid sa Kanya—hindi sa maraming tao, hindi sa sirkumstansya, hindi sa ating sarili. Ito ay maaring patalinghaga na palagiang nakapokus sa bagong tipan (ang ebanghelyo).

▣

**NASB "na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya"**
**NKJV "ang may-akda at tagatapos ng *ating* pananampalataya"**
**NRSV "ang tagapanguna at tagasakdal ng ating pananampalataya"**
**TEV "kung saan ang ating pananampalataya ay nakadepende mula sa simula hanggang sa wakas"**
**NJB "na siyang nangunguna sa ating pananampalataya at nagdadala nito sa kasakdalan"**

Ang unang terminong ito na (*archēgos*) ay ginamit sa 2:10 kay Hesus gaya ng may-akda sa kaligtasan; sa Gawa 3:15 kay Hesus bilang ang Prinsipe (may-akda) ng buhay; sa Gawa 5:31 kay Hesus bilang ang Prinsipe (pinuno) at Tagapagligtas. Tignan NATATANGING PAKSA sa 2:10.

Ang ikalawang salita (*teleiōtēs*) ay nangangahulugan "ang isa na nagkukumpleto at nagpapasakdal." Ito ay tumutukoy sa lubusang pagkukumpleto ni Hesus sa itinalagang nagtutubos na tungkulin ng Diyos. Sa pakahulugan ito ay gaya sa titulong Alpha at Omega (cf. Pahayag 1:8), ang Una at ang Huli (cf. Pahayag 1:17; 2:8). Ang may-akdang ito ay gumagamit ng konsepto ng "nagpapasakdal" ng maraming beses sa aklat (cf. 2:10; 5:9; 6:1; 7:11,19,28; 9:9; 10:1,14; 11:40; at dito). Tignan NATATANGING PAKSA sa 7:11.

▣ **"pananampalataya"** *Pistis* ay maaring tumukoy sa

1. personal na pananampalatayang relasyon kay Kristo
2. buhay ng matapat na pagiging wangis ni Kristo
3. Kristyanong doktrina (cf. Jude vv. 3,20)

Kristyanismo ay isang persona na tinatanggap, katoothanan patungkol sa persona na paniniwalaan (ang ebanghelyo), at buhay na gaya ng ipinamuhay ng persona (i.e., pagiging wangis ni Kristo)

▣ **"dahil sa kagalakang"** Ang PANG-UKOL *anti* ay normal na nangangahulugang "ayon sa tala ng" o "dahil sa," ngunit maari ring mangahulugang "sa halip na." Ang una ay maaring tumukoy kay Kristo na nilisan ang langit (cf. Felipos 2:5-11), ang ikalawa ay sa Kanyang kagalakan sa natapos na pagtutubos at asensyon (cf. Isaias 53:10-12).

▣ **"inilagay sa harapan Niya"** Ang salitang ito ay lumitaw sa v. 1 tumutukoy sa pakikipaglaban (karera) ng buhay Kristyano. Ngayon ang termino ay ginamit muli sa pakikipaglaban ni Hesus sa pag-aalay ng Kanyang buhay para sa atin. Ito ang paraan ng may-akda sa paghihimok sa mga Hudyong mananampalataya na magtiis. Si Hesus ay ginawa ang Kanyang bahagi; dapat din nilang gawin ang kanila. Nang natapos Siya ay nagkaroon ng dakilang kagalakan, gayundin sila, kung matatapos nila ang kanilang takbuhin.

▣ **"ng krus,"** Ang mga rabi sa panahon ni Hesus ay tinignan ito bilang isang sumpa ng Diyos dahil sa kanilang mga interpretasyon sa Deutronomio 21:23. Si Pablo ay nagsasabi na si Hesus ay dinala ang sumpa ng Kautusan para sa atin (cf. Galacia 3:13).

▣ **"niwalang bahala ang kahihiyan"** Ang krus ay obhektibong ebidensya ng pag-ibig ng Ama at ng Anak (cf. Juan 3:16 at Roma 5:8). Ito ay malakas na Griyegong salita. Si Hesus ay tumingin sa maluwalhating kalalabasan ng Kanyang pagkapahiya (cf. Isaias 53:10-12). Ang krus ay hindi madaling daan, ang kabayaran ng pagtutubos ay hindi mura!

▣ **"at umupo"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO na nagbibigay diin sa isang natapos na akto na may kasamang mga resulta. Ito ay nagpapatuloy na pahiwatig sa Awit 110:1 (cf. 1:3,13; 8:1; 10:12).

▣ **"sa kanan"** Ito ay hindi literal, ngunit isang biblikal na metapora para sa "ang lugar ng kapangyarihan," "awtoridad," o "pre- eminente" (cf. Gawa 2:33-36).

▣ **"ng luklukan ng Diyos"** Ang makasalanang mga tao ay maiisip lamang ang luwalhti at kamaharlikaan ng espiritwal na kaharian. Ito ay dapat na mailagay sa pisikal na mga imahe (mga lansangang ginto, tarangkahan na perlas, dagat na salamin). Ang Diyos ay espiritwal, eternal, laging nanahang umiiral, lubhang napakadakila para sa anumang trono (cf. I Hari 8:27). Tignan NATATANGING PAKSA: Antropomorpikong Salita upang Ilarawan ang Diyos sa 3:11.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:3-11**

**3Sapagka't dilidilihin ninyo Yaong nagtiis ng gayong pagsalangsang ng mga makasalanan laban sa Kaniyang sarili, upang kayo'y huwag magsihina, na manglupaypay sa inyong mga kaluluwa. 4Hindi pa kayo nakikipaglaban hanggang sa mabubo ang dugo, na nakikipagaway laban sa kasalanan; 5At inyong nilimot ang iniaral na ipinakikipagtalo sa inyong tulad sa mga anak,**

**" ANAK KO, HUWAG MONG WALING BAHALA ANG PARUSA NG PANGINOON,**
**O MANGLUPAYPAY MAN KUNG IKAW AY PINAGWIWIKAAN NIYA;**
**6SAPAGKA'T PINARURUSAHAN NG PANGINOON ANG KANIYANG INIIBIG,**
**HINAHAMPAS ANG BAWA'T TINATANGGAP NA ANAK."**

**7Na dahil sa ito'y parusa kayo'y nagtitiis; inaari kayo ng Diyos na tulad sa mga anak; sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? 8Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at hindi tunay na anak. 9Bukod dito, tayo'y nangagkaroon ng mga ama ng ating laman upang tayo'y parusahan, at sila'y ating iginagalang: hindi baga lalong tayo'y pasasakop sa Ama ng mga espiritu, at tayo'y mabubuhay? 10Sapagka't katotohanang tayo'y pinarusahan nilang ilang araw ayon sa kanilang minagaling; nguni't siya'y sa kapakinabangan natin, upang tayo'y makabahagi ng kaniyang kabanalan. 11Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito.**

**12:3 "Sapagka't dilidilihin"** Ito ay isang AORIST PANGGITNA (deponent) PAUTOS. Sa literal ito ay nangangahulugang "pagsamahin ito" at ginamit upang magbigay diin sa maingat pagsusuri ng isang bagay. Ang mga sinaunan ay nagdadagdag ng mga numero paitaas at nagguguhit ng linya sa ibabaw ng kabuuan.

▣ **"Yaong nagtiis"** Ito ay isang GANAP AKTIBO PANDIWARI. Habang si Hesus tiniis ang labis na kahihiyang pakikitungo para sa kaligtasan ng mga mananampalataya, kailangan nila na mamuhay para sa Kanya at sa ibang mga mananampalataya (cf. I Juan 3:16).

▣ **"laban sa Kaniyang sarili"** Ang PANG-ISAHAN PANGHALIP ay matatagpuan sa lahat ng modernong mga salin. Gayunpaman, karamihan sa sinaunang Griyegong mga manuskrito, mga bersyon, at Makaamang mga sipi ay sumusuporta sa PANGMARAMIHAN ([1] *eis eautous*, א*, D*; [2] *eis autous*, P13,46, א2; [3] *eis eauton*, A, P, Dc, K, L). Bagamat karaniwang tanggap na dogma ng tekstwal na kritisismo (i.e., tignan Apendise Ikalawa) na ang pinaka hindi karaniwan, pinakamahirap na teksto ay posibleng orihinal, ang PANGMARAMIHAN na ito ay hindi tugma sa konteksto sa pangkalahatan. Ang paksa ay halatang si

Hesus. Ito ay dapat na isang sinaunang eskribang kamalian mula sa una hanggang sa ikalawang daang mga taon bago ang karamihan sa mga papyri na mga teksto ay naisulat.

▣ **"upang kayo'y huwag magsihina, na manglupaypay sa inyong mga kaluluwa"** Ang mga I to ay pangpalakasang mga termino para sa mga mananakbo na nagsihina at nanglupaypay pagkatapos ng isang mahirap na karera. Ang ating may-akda ay pinalalakas ang loob ng mga Hudyong mananampalataya na magpatuloy bagamat ito man ay mahirap. Ang babalang ito ay nagpatuloy sa vv. 15, 25-29.

**12:4 "Hindi pa kayo nakikipaglaban hanggang sa mabubo ang dugo"** Ang orihinal na mga mambabasa ay nagdusa ng persekusyon, ngunit hindi sa punto ng kamatayan (cf. 10:32ff). Si Hesus ay nakaranas ng kamatayan para sa kanila, sila ay dapat na maging bukas ang loob na mabuhay o mamatay para sa Kanya.

▣ **"na nakikipagaway laban sa kasalanan"** Ito ay isa na namang pangpalakasang termino na ginamit din sa v. 1. Ito ay isinaling literal sa Englis bilang "paghihirap." Ang "kasalanan" sa konteksto ng buong aklat ay tumutukoy sa

1. Ang kasalanan ng kawalan pananampalataya na may kaugnayan sa grupo ng mga di-nananampalatayang mga Hudyo
2. An kasalanan ng apostasya ("umurong pabalik" 10:38) na nauugnay sa grupo ng nananampalatayang mga Hudyo

**12:5 "At inyong nilimot"** Ito ay isang GANAP PANGGITNA (deponent) INDIKATIBO. Ang terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT. Ito ay nagpapahiwatig ng

1. Kumpletong paglilimot (i.e., pagbibigay diin sa PAMANAHON)
2. Dahasang paglilimot (i.e., pagbibigay diin sa TINIG)

▣ **"HUWAG MONG WALING BAHALA. . . O MANGLUPAYPAY MAN KUNG IKAW AY PINAGWIWIKAAN NIYA"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Kawikaan 3:11-12. Ang parehong ito ay mga PANGKASALUKUYAN PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA, na madalas na mangahulugang itigil ang isang aksyon na nasa proseso na.

▣ **"ANG PARUSA NG PANGINOON"** Ang terminong ito ay tumutukoy sa "pagsasanay sa bata." Mayroong paglalaro sa terminong ito sa vv. 5-11. Ito ay isa na namang pampamilyang metapora. Yamang ang makalupang mga magulang ay nagdidisiplina sa kanilang mga anak, gayundin, ang Diyos nagdidisiplina sa Kanyang mga anak (cf. I Corinto 11:32; Pahayag 3:19).

**12:6 "SAPAGKA'T PINARURUSAHAN NG PANGINOON ANG KANIYANG INIIBIG"** Ito ang isang dahilang kung bakit ang mga mananampalataya ay kasangkot sa pagdurusa para sa pananampalataya (cf. Mateo 5:10-12; Gawa 8:1b,4; 14:22; II Tesalonica 1:4-10).

▣ **"AT HINAHAMPAS ANG BAWA'T TINATANGGAP NA ANAK"** Ito ay nagpapatuloy na sipi mula sa Septuagint ng Kawikaan 3:11-12. Napakahalaga nito! Si Hesus ay tinawag na "anak" na makailang beses, habang ang mga OT karakter ay tinawg na "mag tagapaglingkod." Ngayon sa NT ang mga mananampalataya ay tinawag na "mga anak" (cf. vv. 7-8). Ang Ama ay nagdidisiplina sa mga anak

1. Para sa layunin ng Ama
2. Para sa benpisyo ng anak
3. Para sa benipisyo ng buong pamilya

**12:7 "kayo'y nagtitiis"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO INDIKATIBO o PANGKASALUKUYAN AKTIBO PAUTOS (kaparehong Griyegong morpolohiya). Yamang ang v. 5 ay may dalawang

PANGKASALUKUYAN PAUTOS, ito rin marahil ay PAUTOS. Ang salita ay nangangahulugang "kusang-loob, na matimtimang pagbabata" (cf. vv. 1,2,3; 10:32,36). Ang pagsusulit na ito ay magreresulta sa mas malakas na pananampalataya!

▣ **"inaari kayo ng Diyos na tulad sa mga anak"** Ang temang ito ng Diyos bilang nagdidisiplinang magulang ayu maaring isang pahiwatig sa Deutronomio 8:5 gaya ng sa Hosea 11:1-4.

Ang PANDIWA ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK INDIKATIBO ng termino na nangangahulugang "dalhing ang isang bagay kay Hesus o sa Diyos", madalas sa pamamagitan ng isang sakripisyo; ngunit dito ang BALINTIYAK na tinig ay nagpapakita ng kusang loob ng Diyos na malapitan ng makasalang mga tao, sa implikasyong sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo.

**12:8 "kung"** Ito ay isang UNANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na nagpapalagay na totoo para sa layunin ng may-akda. Lahat ng mga anak ng Diyos ay nakaranas ng disiplina (GANAP AKTIBO INDIKATIBO).

**12:9 "Ama ng mga espiritu"** Ito ay walang kinalaman sa mga teorya ng pinagmulan ng "kaluluwa." Ito ay ginamit sa pakahulugan ng ang tunay na pinagmulan ng lahat ng buhay. Ang Diyos ay isinasalungat sa makalupang mga Ama (cf. vv. 9-10).

▣ **"at tayo'y mabubuhay"** Ang pagdidisiplina ng Ama ang nagdadala ng tunay na buhay, hindi kamatayan.

**12:10 "tayo'y *pinarusahan* nilang ilang araw ayon sa kanilang minagaling; nguni't Siya'y sa kapakinabangan natin, upang tayo'y makabahagi ng Kaniyang kabanalan"** Bawat mananampalataya ay pinagpaging banal sa kaligtasan (posisyonal) at tinawag na kabanalan (tignan NATATANGING PAKSA sa 2:11). Ito ang layunin ng Diyos para sa bawat mananampalataya (cf. Mateo 5:48; Roma 8:28-30; II Corinto 3:18; 7:1; Galacia 4:19; Efeso 4:13; I Tesalonica 3:13; 4:3,7; I Pedro 1:15). Ang mga mananampalataya ay mga itinakda sa kabanalan (cf. Efeso 1:4). Ito ay madalas na lumilitaw lamang sa pagdidisiplinang tagpuan (cf. Hebreo 5:8 and Roma 8:17).

**12:11 "namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran"** Ang buhay Kristyano ay mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, mula sa paninindigan (pagpapahayag ng pananampalataya) hanggang sa karakter (buhay ng pananampalataya, cf. Roma 5:3-5; Santiago 1:2-4). Para sa isang salitang pag-aaral sa "Katuwiran" tignan NATATANGING PAKSA sa 1:9.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:12-13**
**[12]Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig, [13]At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling.**

**12:12** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 35:3, na maaring ang kinaligiran ng buong talakayan sa kabanata 12. Ang hinog ay dapat magpalakas sa mga mahihina (yaong malapit nang umurong pabalik). "Palakasin" ay literal na "gawing tuwid," na isang salitang paglalaro sa kasunod na talata.

**12:13 "magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa"** Ito ay maaring pahiwatig sa Kawikaan 4:26 sa Septuagint (LXX) o sa isang kilalang kasabihan na gumagamit ng "tuwid na mga landas" bilang OT metapora para sa katuwiran.

▣ **"huwag maligaw ang pilay"** Ang pariralang ito ay maaring maunawaan

1. sa OT pakahulugan (cf. I Hari 18:21) ng isang metapora para sa pagpapalitan sa pagitan ng dalawang mga opinyon, gaya ng mga tao ng Israel nagpapalitan sa pagitan nina YHWH at Ba'al
2. sa Griyegong literatura ng pag-aayos ng mga daan upang ang mga pilay ay hindi bumagsak at masaktan ang kanilang mga sarili (cf. M. R. Vincent's *Word Studies in the New Testament*, p. 1168)

▣ **"kundi bagkus gumaling"** Ang pagpapalakasang loob ng bawat isa ay nagdadala sa pagpapanumbalik (cf. Galacia 6:1; Santiago 5:16).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:14-17**

**[14]Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon. [15]Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Diyos; baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami; [16]Baka *magkaroon* ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa *isang pinggang* pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay. [17] Sapagka't nalalaman ninyo na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana ng pagpapala, siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama, bagama't pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha.**

**12:14-17** ito ang huling babala (cf. 2:1-4; 3:7-4:11; 5:11-6:12; 10:19-39; 12:14-17)**.**

**12:14 "Sundin ninyo ang kapayapaan"** Ito ay PANGKASALUKUYAN AKTIBO PAUTOS. Sa konteksto ng
1. pagmamalupit mula sa labas
2. kawalang pananampalataya ng mga kaibigan (mga Hudyo di-mananampalataya na kung saan ang mga nananampalatayang mga Hudyo ay kasama parin sumasamba)
3. alilangan sa loob (ang panganib ng "umurong pabalik" (cf. 10:38) ang talakayang ito ng kapayapaan ay napakahalaga.

   Mayroong mga ilang magkakaugnay na mga sipi patungkol sa "kapayapaan."
   1. Awit 34:14, "hanapin ang kapayapaan, tugisin ito"
   2. Marcos 9:50, "maging mapayapa sa bawat isa"
   3. Roma 12:18, "Kung posible, na nakadepende sa inyo, maging mapayapa sa lahat ng tao"
   4. I Corinto 7:15, "Kung ang isang di-nananampalataya ay lumisan, hayaan ninyo siyang lumisan. . .ngunit ang Diyos ay tinawag tayo sa kapayapaan"
   5. II Timoteo 2:22, "tugisin ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan para doon sa tumawag sa Panginoon mula sa dalisay na puso"

▣ **"at ang pagpapakabanal"** Ang termino "pagpapaging banal" ay dapat maugnay sa v. 10 at konektado sa "disiplina." Ang Diyos ay nagdidisiplina sa mga mananampalataya para sa kabanalan. Ang tunguhin ng kaligtasan ay pagiging wangis ni Kristo.

Ito ay hind posisyonal (dagliang) pagpapaging banal, ngunit pangkaranasan(progresibo) pagpapaging banal. Ang ebanghelyo ay nagpapakita ng kaligtasan at ang buhay Kristyano sa dalawang puno ng tensyon na mga daan. Sa isang pakahulugan ito ay tapos na, libre, minsan para sa lahat na regalo mula sa Diyos (INDIKATIBO), ngunit ito rin ay buhay ng pananampalataya, pagtalima, paglilingkod, at pagsamba (PAUTOS). Marami sa mga mananampalataya ay binigyan diin ang isang aspeto sa puntong matanggal an g iba (Augustine laban kay Pelagius; Calvin laban kay Arminius). Ang relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos nagsisimula sa punto ng panahon, isang punto ng kumbiksyon, naisasakatuparan sa pagsisisi at pananampalataya,ngunit ito ay dapat na gumalaw sa paglipas ng panahon hanggang sa katuparan sa oras ng kamatayan o sa Ikalawang Pagbabalik; katapatan, katuwiran, pagtitiis ay mga mahalagang, krusyal na ebidensya ng isang tunay na kaligtasan.

Pagkumparahin ang sumusunod na mga teksto sa pagpapaging banal.

| **<u>Posisyonal</u>** (<u>INDIKATIBO</u>) | **<u>Progresibo</u>** (<u>PAUTOS</u>) |
|---|---|
| Gawa 20:32; 26:18 | Roma 6:19 |
| Roma 15:16 | II Corinto 7:1 |
| I Corinto 1:2-3; 6:11 | Efeso 1:4; 2:10 |
| II Tesalonica 2:13 | I Tesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | I Timoteo 2:15 |
| I Pedro 1:2 | II Timoteo 2:21 |
| | Hebreo 12:14 |
| | I Pedro 1:15-16 |

▣ **"na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon"** Ito ay isang kabalintunaan: (1) mga mananampalataya ay makikita ang Panginoon isang araw (cf. Job 19:25-27; Awit 17:15; Mateo 5:8; I Juan 3:2; Pahayag 22:4) at (2) ang mga mananampalataya ay hindi makikita ang Panginoo ngayon (cf. Exodo33:20; Juan 1:18; I Timoteo 6:16; I Juan 4:12).

Ito marahil ay tumukoy sa espiritwal na mga mata ng isang tao, sa pakahulugan sa pagtutugon sa ebanghelyo. Sa kontekstong ito. Ito ay maaring metaporikal ng "pag-uunawa."

**12:15 "Na pakaingatan"** Sa literal "pakiingatan" (*episkopountes*) ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI gunamit sa PAUTOS na pakahulugan. Ang terminong ito ay itinatag sa anyo ng isa sa mga termino para sa (sa literal obispo, *episkopos*, cf. Felipos 1:1; I Timoteo 3:2; Titus 1:7 at kay Hesus sa I Pedro 2:25). Ito ay maaring tumukoy sa mga pinuno ng iglesya o mga hinog na mga mananampalataya na kumakalinga sa iba. Ang Apostasya ay dapat na harapin ng pagkahinog. Ang grupong ito ng mga mananampalataya ay kinakailangang desperadong gumalaw sa ganap na paraan (cf. 5:11-14).

Walang Kristyano na isang pulo (cf. I Corinto 12:7). Ang Kristyanismo ay isang koponan isport! Ang terminong "banal" ay laging PANGMARAMIHAN (maliban sa isang beses sa Felipos 4:21, kung saan ito ay ginamit sa pangkalahatang pakahulugan). Tayo ay tagapag-ingat ng ating mga kapatid. Tayo ay hindi dapat magsayang ng malasakit sa pagpapalakas ng loob ng bawat isa. Tayo ay binigyan at pinagkalooban para sa ikalulusog ng kabuuan.

▣ **"na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI ginamit bilang PAUTOS na pakahulugan na ibig sabihin ay "hindi nakaabot sa biyaya ng Diyos." Ang salitang ito ay ginamit sa 4:1 sa pakahulugan ng "nabigong makamit," ngunit sa talatang ito ang PANG-UKOL "malayo" (*apo*) ay nagbubuo ng PANG-UKOL na parirala na nagpapahiwatig ng "ang pagbagsak palayo mula sa isang bagay na naunang naghahawak" (cf. 6:4-6; 10:23,38-39; 12:25). Ang Apostasya ay isang tunay na posible sa sitwasyong kultural na ito. Tignan NATATANGING PAKSA: Apostasya sa 3:12.

O, gaya ng aking pinanatili, mayroong dalawang mga grupo na pinagsasabihan: (1) nananampalatayang mga Hudyo na nasa panganib na "umurong pabalik" (v. 15) at (2) di-nananampalatayang mga Hudyo na malinaw na naunawaan ang ebanghelyo sa mga buhay at patotoo sa kanilang mga naniniwalang sinagogang kasamahan, nagtatakwil kay Hesus (v. 25). Anumang teorya ay tumpak, ang katotohanan ay nananatili na ang kaligtasan ay hindi isang produkto, kundi isang relasyon. Higit pa ito sa panimulang pagutgon. Ang mga babala ay seryos, nanghahamon, at tooto. Sa kontekstong isang pagtawag na tulungan ang mga mananampalataya na nasa panganib na "umurong pabalik" (cf. 10:38).

▣ **"anomang ugat ng kapaitan"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Deutronomio 29:18 sa Septuagint, na nagbababala sa mga tao ng Diyos patungkol sa mga panganib ng idolatrya, parehong indibidwal o pangkalahatan. Lahat ng Israel ay kailanman hindi tama sa Diyos, ngunit tanging mga nananampalatayang matapat na natitira. Ang pariralang "ang ugat ng kapaitan bitterness" sa Deuteronomy ay kahanay sa "na ang mga puso ay lumayo ngayon mula sa PANGINOON ating Diyos."

▣ **"at dahil dito'y mahawa ang marami"** Ang presensya ng may hinanakit na tao ay nakakaapekto sa pangkalahatang grupo. Ang ating mga paniniwala, aksyon, at saloobin ay nakakaimpluwensya sa iba. Isang nakamamanghang responsibilidad!

**12:16 "Esau"** Siya ay naging napakasamang tao sa rabinikal na tradisyon ng Judaismo (cf. *Jubilees* 25:1,8 at *Genesis Rabba* 70d,72a). Ang kontekstong ito, Gayunpaman, ay ginagamit siya sapagkat alam niya ang mga pangako ng Diyos hindi siya umakto ayon dito.

**12:17 "ng pagpapala"** Ang patriyarkal na pagpapala ay hindi na pwedeng bawiin. Ito ay nagsasangkot ng Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng nabanggit na salita (cf. Genesis 1 at Isaias 55:10-12).

▣ **"apagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi"** Sa OT kontekstong nito ito ay tumutukoy sa sa kanyang kalungkutan kay Isaac, ang kanyang ama, ay pinagpala ang kanyang nakababatang kapatid, si Jacob, at ang pagpapala ay hindi maaring bawiin. Ang may-akda ay ginagamit ito bilang babala sa mga tagatanggap ng sulat. Nais niya sila na gumawa ng desisyon para kay Kristo ngayon habang may panahon pa at pagkadaka ay magtiis sa panibagong relasyon kay Kristo sapagkat wala ng ikalawang pagkakataon (cf. 6:6; 10:26).

**NATATANGING PAKSA: PAGSISISI**

Ang pagsisisi (kasama ng pananampalataya) ay isang tipan pangangailangan ng parehong Luma Tipan (*Nacham*, BDB 636, e.g., Joel 2:13-14; *Shuv*, BDB 996, e.g., I Hari 8:47,48; Ezekiel 14:6; 18:30; Joel 2:12-14; Zech. 1:3-4) at ang Bagong Tipan.

1. Juan na Tagabautismo (Mateo 3:2; Marcos 1:4; Lucas 3:3,8)
2. Hesus (Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)
3. Pedro (Gawa 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pedro 3:9)
4. Pablo (Gawa 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Roma 2:4)

Ngunit ano ba ang pagsisisi? Ito ba ay pighati? Ito ba ay pagkawala ng kasalanan? Ang pinakamainam na kabanata sa NT para sa paguunawa ng ibat-ibang mga konotasyon ng konseptong ito ay sa II Corinto 7:8-11, kung saan tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang, , Griyegong mga termino ang ginamit.

1. "pighati" (*lupē*, cf. vv. 8 [dalawang beses], 9 [tatlong beses], 10 [dalawang beses], 11). Ito ay nangangahulugan dalamhati o pagkabalisa at may teolohikal na neutral na konotasyon.
2. "pagsisisi" (*metanoeō*, cf. vv. 9,10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "isipan," na nagpapahiwatig ng panibagong paraan ng kaisipan, panibagong saloobin patungkol sa buhay at sa Diyos. Ito ang tunay na pagsisisi.
3. "panghihinayang" (*metamelomai*, cf. vv. 8[dalawang beses], 10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "pag-aalala." Ito ay ginamit kay Hudas sa Mateo 27:3 at kay Esau sa Hebreo 12:16-17. Ito ay nagpapahiwatig ng pighati patungkol sa konsikwensya, hindi sa nagawa.

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan sa tipanang paggawa(cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). Mayroong ilang mga teksto na nagpapahiwatig na ang Diyos na nagbibigay ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Ngunit karamihan sa mga teksto ay tinitigna ito bilang kinakaliangang pantaong tipanang pagtugon sa alok ng libreng kaligtasan ng Diyos.

Ang mga paliwanag sa parehong Hebreo at Griyegong mga termino ay kailangan sa pag-arok ng buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay nanghihingi ng "isang pagbabago ng aksyon," habang ang Griyego ay nanghihingi ng "isang pagbabago ng isip." Ang naligtas na tao ay nakatatanggap ng panibagong kaisipan at puso. Siya ay nag-iisip ng iba at namumuhay ng iba. Sa halip na "Ano ito ngayon sa akin?" ang katanungan ngayon ay "Ano ang kalooban ng Diyos?" Ang pagsisisi ay hindi

emosyon na nawawala o lubusang kawalang sala, ngunit isang bagong pakikipagrelasyon sa Nagiisang Banal na nagbabago sa mananampalataya progresibo tungo sa isang banal.

▣ **"lumuluha"** Ito ay mula sa Genesis 27:34 at 38.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:18-24**

**[18]Sapagka't hindi kayo nagsilapit sa bundok na nahihipo, at nagliliyab sa apoy, at sa kapusikitan, at sa kadiliman, at sa unos, [19]At tunog ng pakakak, at *tinig ng mga salita*; na ang nakarinig ng tinig na ito ay nagsipamanhik na huwag nang sa kanila'y salitain pa ang anomang salita. [20]Sapagka't hindi matiis ang iniuutos, "KAHIT ANG ISANG HAYOP KUNG TUMUNGTONG SA BUNDOK AY BABATUHIN." [21]At totoong kakilakilabot ang napanood, ano pa't sinabi ni Moises, " AKO'Y TOTOONG NASISINDAK AT NANGINGINIG." [22]Datapuwa't nagsilapit kayo sa bundok ng Sion, at sa bayan ng Diyos na buhay, ang Jerusalem sa kalangitan, at sa mga di mabilang na hukbo ng mga anghel, [23]sa pangkalahatang pulong at iglesia ng mga panganay na nangatatala sa langit, at sa Diyos na Hukom ng lahat, at mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal, [24]At kay Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan, at dugong pangwisik na nagsasalita ng lalong mabuti kay sa *dugo* ni Abel.**

**12:18-21** Ang seksyon na ito ay isang paglalarawan sa pagbibigay ng Mosaik na Kautusan sa Bundok Sinai (cf. Exodo19:16-25; Deutronomio 4:11-14).

▣ **"sa kapusikitan, at sa kadiliman"** Ito ay isang posibleng pahiwatig sa Deutronomio 5:22.

**12:19 "tunog ng pakakak"** Ang tinig ng Diyos ay kasingtunog ng trumpeta (cf. Exodo19:16,19; 20:18)

▣ **"nagsipamanhik na huwag nang sa kanila'y salitain pa ang anomang salita"** Ang kamangha-manghang kapangyarihan ni YHWH sa Bundok Sinai ay nagpatakot sa mga tao (cf. Exodo20:19; Deutronomio 5:22-27; 18:16).

**12:20 "KAHIT ANG ISANG HAYOP KUNG TUMUNGTONG SA BUNDOK AY BABATUHIN"** Ito ay IKATLONG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Ito ay isa na namang pahiwatig sa kamangha-manghang kabanalan ng Diyos na bumababa sa Bundok Sinai (cf. Exodo19:12-13).

**12:21 "AKO'Y TOTOONG NASISINDAK AT NANGINGINIG"** Ito ay isang sipi mula sa Deutronomio 9:19 na tumutukoy sa ginintuang bisiro ni Aaron. Ang rabinikal na hermeneutiks ay ginamit ang pariralang ito para sa takot sa Diyos ni Moises sa Bundok Sinai.

**12:22 "Datapuwa't nagsilapit kayo"** Ito ay matibay na kaibahan. Ang mga nananamp[alatayang mga mga mambabasa ay hindi nagtitiwala sa Sinaitik na tipan, kundi sa bagong tipan, isang makalangit na Jerusalem, ang bagong Bundok Zion, isang bagong bayan. Sa Galacia 4:21-31 si Pablo ay gumagamit ng kaparehong tipo ng analohiya na ginagamit ang dalawang OT na mga bundok (Bundok Sinai laban sa Bundok Zion).

▣ **"Bundok Zion"** Ang may-akda ay nagkukumpara sa unang tipan sa Bundok Sinai sa bagong tipan na may kasamang makalangit na bayan (cf. 11:10,16; 13:14; Pahayag 3:12; 21:2,10).

▣ **"ng Diyos na buhay"** Ito ay isang paglalaro sa tipanang pangalan para sa Diyos, ang YHWH, na isang anyo ng Hebreong PANDIWA "maging." Si YHWH ay ang kailanmang-buhay, tanging nagiisang-buhay. Sa OT Siya ay nangako sa pamamagitan ng Kanyang sarili, "ang buhay na Diyos." Tignan

NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan sa Pagkadiyos 2:7.

**12:23 "iglesia ng mga panganay"** Sapagkat ang Exodo 4:22 ilang mga komentarista ay naunawaan ang mga reperensiya sa OT Israelita, ngunit ang konteksto ay nanghihingi na ito ay dapat na unawain bilang lahat ng tao ng pananampalataya (cf. 11:40). Ang "panganay" ay reperensiya kay Kristo, "ang panganay"

1. ng maraming mga kapatid (ang imahe ng Diyos, Roma 8:29)
2. ng lahat ng nilalang (ang imahe ng Diyos, Colosas 1:15)
3. ng mga patay (Colosas 1:18 at I Corinto 15:20,23 [unang mga bunga])

Tignan ang lahat ng paraan ang bagong new tipan ay itinalaga sa talataang ito.

1. Bundok Zion
2. ang bayan ng buhay na Diyos
3. ang makalangit na Jerusalem
4. ang napakaraming mga anghel

Para sa "iglesya" tignan NATATANGING PAKSA sa 2:12. Para sa "panganay" tignan NATATANGING PAKSA sa 1:6.

▣ **"nangatatal"** Ang Bibliya ay nagsasalita sa dalawang mga aklat ng Diyos (cf. Daniel 7:10 at Pahayag 20:12). Ang isa ay ang aklat ng buhay (cf. Exodo32:32; Awit 69:28; Daniel 12:1; Lucas10:20; Felipos 4:3; Pahayag 3:5; 17:8; 20:12,15; 21:27). Ang isa naman ay aklat ng pag-aalaala (cf. Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Mal. 3:16). Ang una ay para sa mga mananampalataya, ang ikalawa ay para sa pareho (cf. Pahayag 14:13). Ang mga ito ay mga metapora para sa memorya ng Diyos.

▣ **"sa Diyos na Hukom ng lahat"** Ang OT ay regular na ipinapakita ang Diyos bilang ang Hukom (cf. Genesis 18:25; Awit 50:6; 96:13; 98:9; Isaias 2:4; 51:5; Jeremias 11:20; Panaghoy 3:59; Ezekiel 7:3,27). Ang pagdating ng Mesyas ay ipinakita rin bilang ang Hukom (cf. Isaias 11:3-4; 16:5). Ang Ama ay inilagak ang lahat ng paghahatol sa kamay ng Anak (cf. Juan 5:22-23,27; 9:39; Gawa 10:42; 17:31; II Timoteo 4:1; I Pedro 4:5).

▣ **"mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng "ginawang sakdal ng Diyos at ang resulta ay nagpapatuloy."Sapagkat ang 11:40 ay maaring tumukoy sa OT mga banal ng kabanata 11 at lahat ng mga mananampalataya bago sa pagdating ni Kristo. Para sa "sakdal" tignan puna sa 10:1.

**12:24 "Jesus na tagapamagitan"** Si Hesus, ang Dakilang Saserdote at sakripisyo (1) ay tumatayo sa harap ng Ama para sa atin at (2) nagdadala ng mas lalong mainam na tipan (cf. 7:22; 8:,6,9-10; 9:15; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36).

▣ **"dugong pangwisik"** Ito ay ang paraan sa mga OT tipan na pinasinayaan (cf. 9:19; 10:22; I Pedro 1:2).

▣ **"lalong mabuti"** Tignan buong puna sa 7:7.

▣ **"*dugo* ni Abel."** Ang dugo ni Abel ay umiyak ng malakas para sa paghihiganti; ang dugo ni Hesus ay umiiyak para sa awa, kapatawaran, at pag-ibig.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:25-29**

**[25]Pagingatan ninyong kayo'y huwag tumanggi sa nagsasalita. Sapagka't kung hindi nakatanan ang mga nagsitanggi sa nagbalita sa *kanila* sa ibabaw ng lupa, ay lalo pa tayong hindi makatatanan na nagsisihiwalay Doon sa nagbabalitang buhat sa langit. [26]Na ang tinig na yaon ay nagpayanig noon ng lupa: datapuwa't ngayo'y nangako siya, na nagsasabi, "MINSAN PANG YAYANIGIN KO, HINDI LAMANG ANG LUPA, KUNDI PATI NG LANGIT." [27]At itong *salita*,**

**"Minsan pang, ay pinakakahuluganan ang pagaalis niyaong mga bagay na niyanig, gaya ng mga bagay na ginawa, upang mamalagi ang mga hindi niyanig. [28]Kaya't pagkatanggap ng isang kahariang hindi magagalaw, ay magkaroon tayo ng biyayang sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayong may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod sa Diyos: [29]Sapagka't ang Diyos natin ay isang apoy na mamumugnaw.**

**12:25 "Pagingatan ninyong"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PAUTOS. Ito ay magkaibang Griyego salita kaysa sa isang ginamit sa v. 15. Ang kaparehong babalang ito ay matatagpuan sa 3:12. Pagkatapos na maliwanagan ng pagkasuperiyor ng bagong tipan kay Kristo, napakakrusyal na ang isa ay dapat na tumugon ng nararapat. Mayroong panganib (para sa parehong mga di-mananampalataya at sa mananampalataya) sa pagkilala sa katotohanan at hindi umakto ayon dito.

▣ **"kayo'y huwag tumanggi sa nagsasalita"** Ito ay isa sa dalawang pangunahing mga babala. Ang isa ay pagiging, "hindi pag-urong pabalik." Ito ay isang AORIST PANGGITNA (deponent) PASAKALI. Tayo ay dapat na gumawa ng bolisyonal na desisyon. Ano ang gagawin mo kay Hesus, ang may-akda at tagatapos ng pananampalataya?

▣ **"kung"** Ito ay UNANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo mula sa puntong pananaw ng may-akda o para sa kanyang literaturang mga layunin. Muli, ang kahanga-hangang reponsibilidad sa pagtatakwil sa superiyor na tipan at persona ay ang pokus ng komento.

**12:26 "ang tinig na yaon ay nagpayanig noon ng lupa"** Ito ay isang reperensiya sa pagbibigay ng kautusan sa Bundok Sinai na binanggit ng nauna sa kabanata (cf. Exodo19:18-19),ngunit ito ay kahanay na teksto mula sa Septuagint ng Haggai 2:6. Ang propesiyang ito ay nagsasalita sa isang bagong pagyuyugyug ng mga langit at lupa na konektado sa bagong nakalipas na paglisan na templo (cf. Haggai 2:6-9). Ang panibagong templo ay makatatanggap ng kaluwalhatian. Ang bagong templo ay magiging mas mainam kaysa sa una. Ang bagong templo ay magdadala ng kapayapaan. Ang mga paglalarawang ito ay nagbibigay babala sa bagong tipan kay Hesus.

**12:27 "Minsan pang"** Ang mundong ito ay mawawala. Naisip ko na ang Diyos ay muli itong lilikhain (cf. II Pedro 3:10) higit na kagaya nito, ngunit walang sumpa ng Genesis 3:14,17; Zacarias 14:11; Pahayag 22:3. Ang Bibliya ay nagsisimula sa Diyos, tao, at mga hayop (cf. Isaias 11:6-9) sa harding tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ito rin ay magtatapos sa kaparehong paraan (cf. Pahayag 21-22).

**12:28 "kahariang hindi magagalaw"** Ito ay tumutukoy sa sa espritwal na kalikasan ng bagong tipan. Ito ay ang huli at permanenteng tipan sa pagitang ng Diyos at Kanyang tao.

▣ **"magkaroon tayo ng biyayang sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayong may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod sa Diyos"** Ito ay naglalarawan sa nararapat na pagtugon sa bagong tipan ng mga mananampalataya: isang buhay ng paglilingkod sapagkat sa utang na loob sa walang kapantay na biyaya ng Triune Diyos (cf. 13:15,21; Roma 12:1-2). Tayo ay iniligtas upang maglingkod, maglingkod sa pamilya ng pananampalataya (cf. I Corinto 12:7; Efeso 4:12).

**NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS**

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Sam. 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15;m44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay iprinoklama ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2;

Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, "ang kaharian ng Diyos." Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , used the common designation, isang paggamit ng pangalan ng diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito'y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabola ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang "walang hanggang buhay" ay ang susing metapora.

Ang tensyon sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay nagpokus lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalok—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pangHudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit baling araw ay maghahari sa buong sansinukob. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataa ay namumuhay sa "nangyari na" laban sa "ang hindi pa" sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart's *How to Read The Bibliya For All Its Worth*, pp. 131-134).

**12:29 "isang apoy na mamumugnaw"** Ito marahil ay isang reperensiya sa Bundok Sinai (cf. Deutronomio 4:24). Hindi dapat natin kalimutan kung Kanino tayo dapat tumutugon (cf. 10:31). Ang apoy ay makakalinis at makakadalisay o lubusang makakawasak. Siya ang ating magiging makalangit na Ama o Siya ang ating magiging Hukom mula sa langit. Ano ang ating ginagawa at patuloy na ginagawa kay Hesus ay ang makakadetermina. Manampalataya! At manatili ka diyan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilista ang mga katangian ng mga tao sa kabanata 11 at 12:18-29 na dapat nating gayahin.
2. Ang talata 1 ba ay nagtuturo na ang mga patay ay nakikita ang pamumuhay ng mga buhay?
3. Bakit ang may-akda gumamit ng napakaraming mga pangpalakasang mga metapora sa kabanatang ito?
4. Ano ang layunin ng kabanatang ito sa kaugnayan sa pangkalahatang aklat?
5. Ano ang sukdulang layunin ng Diyos para sa ating mga buhay? (vv. 10,28)

# HEBREO 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paglilingkod na Lubhang Nakalulugod sa Diyos | Mga Pagtatapos na Pag-aatas | Mga Pagtatapos na Pagpapaalala | Paano Mapalulugod ang Diyos | Pangwakas na Tagubilin |
| 13:1-6 | 13:1-6 | 13:1-6 | 13:1-3 | 13:1-6 |
| | | | 13:4 | |
| | Mga Pagtatapos na Pangrelihiyong Pag-aatas | | 13:5-6 | |
| 13:7-16 | 13:7-17 | 13:7-16 | 13:7-9 | 13:7-16 |
| | | | 13:10-16 | Pagsunod sa mga Relihiyosong mga Pinuno |
| 13:17 | 13:17 | 13:17 | 13:17-19 | 13:17 |
| | Ang Panalangin ay Ipinakiusap | Mga Personal na Mensahe | | |
| 13:18-19 | 13:18-19 | 13:18-19 | 13:18-19 | |
| Bendisyon at mga Huling Pagbati | Bendisyon, Pangwakas na Panghihimok, at Pamamaalam | Bendisyon | Pangwakas na Panalangin | Mga Balita, Mabubuting Pagnanais, at Pagbati |
| 13:20-21 | 13:20-25 | 13:20-21 | 13:20-21 | 13:20-21 |
| | | Pahabol | Mga Huling Pananalita | |
| 13:22-25 | | 13:22-25 | 13:22-23 | 13:22 |
| | | | | 13:23-25 |
| | | | 13:24 | |
| | | | 13:24 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi sa Panimulang mga Puna)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KONTEKSTWAL NA KAUNAWAAN**

A. Ang ilang mga bagay na ito ay hindi tumutugma sa "dapat" na makasaysayang tagpuan.
   1. Mga Kristyanong pinuno
   2. Waring pagpapaalala sa mga pagano, hindi sa mga Hudyo

B. Ang huling kabanatang ito ay mayroong ilang mga makaPablo katangian.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

> **TALATA SA NASB (BINAGO): 13:1-6**
> **[1]Mamalagi nawa ang pagibig sa mga kapatid. [2]Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel. [3]Alalahanin ninyo ang mga may tanikala, gaya ng kayo'y nangagagapos na kasama nila; ang mga tinatampalasan na gaya ng kayo naman ay tinatampalasan sa katawan. [4]Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Diyos. [5]*Mangilag* kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi,, "SA ANOMANG PARAAN AY HINDI KITA PAPAGKUKULANGIN, SA ANOMANG PARAAN NI HINDI KITA PABABAYAAN, [6]"Ano pa't ating masasabi ng buong tapang,**
> **"ANG PANGINOON ANG AKING KATULONG; HINDI AKO MATATAKOT.**
> **ANONG MAGAGAWA SA AKIN NG TAO?"**

**13:1**
**NASB "Mamalagi nawa ang pagibig sa mga kapatid"**
**NKJV "Hayaang ang pag-iibigang magkakapatid ay magpatuloy"**
**NRSV "Hayaang ang kapwa pag-ibig ay magpatuloy"**
**TEV "Patuloy na magmahalan sa isat-isa bilang Krisyano"**
**NJB "Magpatuloy na magmahalan sa isat-isa gaya ng magkakapatid"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS (hindi isang PASAKALI, na gaya ng salin sa NASB), ibig sabihin "manatili" o "magpatuloy." Ang bagay ng mga mambasasa na ipagpatuloy ay ang "pangkapatirang pag-ibig" (philadelphia, cf. Roma 12:10; I Tesalonica 4:9; I Pedro 3:8). Nagawa na nila ito sa nakalipas (cf. 6:10; 10:32-35) at inuudyukan na magpatuloy. Malinaw na palatandaan na ang isa ay kilala ang Diyos (cf. Juan 13:34-45; 15:12,17; I Juan 2:10; 3:11,14,17-24; 4:7-21; II Juan 5).

Mayroong ilang mga philoo na mga tambalan.
1. pag-ibig sa kapatiran, v. 1
2. pag-ibig sa taong hindi kilala, v. 2
3. pag-ibig sa salapi, v. 5

**13:2 "Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA (deponent) PAUTOS. Ito ay tambalan ng "*phileō*" at "dayuhan" i.e., "pag-ibig sa mga di-kilala." Walang mga motel sa panahon na iyon maliban sa mga imoral na panuluyan at sila ay mga napakamahal. Ang mga Kristyano ay tinawag na magbukas ng kanilang mga tahanan sa palibot-libut na mga manggagawa (cf. Mateo 25:35; Roma 12:13; I Timoteo 3:2; Titus 1:8; I Pedro 4:9; II Juan; Didache 11:4-6).

▣ **"walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel."** Ito ay isang pahiwatig sa Genesis 18, kung saan si Abraham ay nakatagpo ang tatlong mga anghel na hitsurang mga tao (cf. at saka sa *Tobit* kabanata 4-7). Ang mga anghel ay nagpakita rin kay Gideon (Hukom 6); Manoah (Hukom 13); Lot (Genesis 19); Hagar (Genesis 21). Hindi ito nangangahulugan na ang mga Kristyano ay bibisitahin ng mga anghel; gaya ng mga tao sa sinauna na tumulong sa mga di-kilala at nakatanggap ng pagpapala, gayundin , ang dapat gawin ng mga mananampalataya.

**13:3 "Alalahanin ninyo ang mga may tanikala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ang mga mambabasang ito ay sumunod sa mga salita ni Kristo ng Mateo 25:44-45, para sa Hebreo 10:32-36 tinulungan nila ang ibang mga mananampalataya. Ang kanilang pagkabilanggo ay hindi dahil sa mga masasamang gawa, kundi para sa kanilang pananampalataya kay Kristo (cf. I Pedro 4:14-15). Ang pagkabilanggo ay tunay na posible para sa mga sinaunang mga mananampalataya, na gaya na rin sa maraming mga mananampalataya sa panahong ngayon sa ating mundo.

▣ **"gaya ng kayo naman ay tinatampalasan sa katawan."** Ito ay maaring tumukoy sa (1) ang pisikal na katawan (cf. II Corinto 12:2, kaparehong Griyegong istruktura), madaling makatanggap ng pagkabilanggo at persekusyon o (2) ang katawan ni Kristo (bagamat ang teksto ay walang inaasahang Griyegong PANTUKOY), ang Iglesya, na puntirya ng pagpapahirap.

**13:4 "Maging marangal *nawa* sa lahat ang pagaasawa"** Walang PANDIWA. Kung ang isa ay magbibigay ng isang INDIKATIBO, na "ay," magkagayon ang pangungusap ay laban sa huwad na katuruan (cf. I Corinto 7:38, na gumagawa sa pag-aasawa na moral na mas mababa kaysa sa buhay walang asawa o I Timoteo 4:3). Kung ang isa ay magbibigay ng isang PAUTOS, "Hayaan na. . .maging. . .," ng gaya ng sa NASB ng v. 1, samakatuwid ito ay isang pagpapalakas ng loob laban sa imoral na pagkiling ng paganong kultura (ang v. 4 ay pumapabor sa opsyon na ito).

▣ **"huwag nawang magkadungis ang higaan"** Ang pag-aasawa ay regalo mula sa Diyos at ang normal para sa lahat (cf. Genesis 1:28; 9:1,7). Hindi ito makasalanan o nakakahiya. Ang Griyegong pilosopikal na konsepto ng asetismo, ang pananaw na ang katawan ay masama at ang pagtanggi ng mga nais at pangangailangan nito ay pagpapakita ng superiyor na espiritwalidad, na nakaapekto sa naunang iglesya! At maging hanggang ngayon! Ang terminong "walang bahid dungia" ay ginamit sa 7:26 upang ilarawan ang sekswal na pagkadalisay ni Hesus, ating Dakilang Saserdote. Ito ay ginamit sa Septuagint upang tumukoy sa pangangalunya.

Ang babalang ito ay laban sa kawalang delikadesang sekswal ay nakakabigla kung ang aklat na ito ay isinulat sa bayan ng Hudyo. Ang kulturang Hentil ng unang siglo ay kinakikitaan ng sekswal na pagsasamantala, ngunit hind sa komunidad ng mga Hudyo. Walang labis na makasaysayang tagpuan at tagatanggap ng Hebreo ang hindi tiyak.

▣ **"mapangalunya"** Ang termino sa OT ay nangangahulugang sekswal na relasyon sa pagitan ng dalawang hindi ikinasal na tao, ngunit sa NT ito ay may mas malawak na konotasyon ng sekswal imoralidad ng anumang uri. Nakuha natin ang salitang Englis na "pornograpiya" mula sa Griyegong terminong ito.

▣ **"mapakiapid"**Ito ay tumutukoy sa sekswal na relasyon sa pagitan ng tao na, isa o parehong kasal sa ibang tao. Ang sekswal na mga kasalanan ay pangunahing alalahanin ng naunang iglesya dahil sa garapalang imoralidad at kinaugaliang pagsamba ng paganong kultura (cf. Galacia 5:19-21).

▣ **"hahatulan ng Diyos"** Ang paghahatol ng Diyos sa di-tamang sekswalidad ng tao ay makikita sa Roma 1:24-32; Galacia 5:19- 21; Efeso 4:19; Colosas 3:5; Pahayag 21:8; 22:15. Gayunpaman, mayroong ibang mga sipi gaya ng I Corinto 5:5 at I Timoteo 1:9- 11, na naguugnay sa mga mananampalataya na nakagawa ng imoral na aksyon. Ang naunang iglesya ay kailangang harapin ang imoralidad sa kanilang mga buhay ng mga mananampalataya at subukang gumuwa ng mga ilang mga pamantayan.

1. kailangan nilang magsisi
2. ang ibang mga mananampalataya ay dapat tulungan sila (cf. Galacia 6:1; James 5:16,19-20)
3. ang mga mananampalataya ay hindi dapat maging "pinakamatalik" na kaibigan sa imoral na mga mananampalataya (cf. I Corinto 5:9-13).

Ang Kristyanong patotoo sa moralidad, matibay na pag-aasawa, mabuting pakikitungo, at kapatirang pag-ibig ay mga krusyal sa panahong ito na gaya ng sa unang siglo.

**13:5**
**NASB** **"*Mangilag* kayo sa pagibig sa salapi"**
**NKJV** **"Hayaan ninyong ang inyong ugali ay walang pag-iimbot"**
**NRSV, TEV** **"panatilihin ninyo ang inyong buhay na malaya sa pag-ibig sa salapi"**
**NJB** **"alisin ninyo ang katakawan sa pera"**

Walang PANDIWA, muli ang PAUTOS ay ipinahiwatig. Ang PANGGALAN ay isang tambalan ng

1. isang ALPHA PRIBATIBO
2. *phileō* ( ang ikatlong tambalan kasama ng *phileō* dahil sa v. 1), sa pag-ibig
3. isang pilak na barya

Ito ay nangangahulugang "hindi mangingibig ng salapi." Ang problema ay hindi ang salapi, kundi ang pag-ibig sa salapi (cf. Lucas 12:15; 16:14; I Timoteo 3:3; 6:10,17-19; II Timoteo 3:2).

▣ **"mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK PANDIWARI ginamit sa PAUTOS pakahulugan. Ito ang susing isyu para sa kaligayahan. Ito ay ang pananaw sa mundo na hindi nakapokus sa pisikal at pangmadalian. Ang kasiyahan ay regalo mula sa Diyos na dapat na tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya at isipamuhay sa araw-araw (cf. II Corinto 9:8; Felipos 4:11-12; I Timoteo 6:6-10).

▣ **"SA ANOMANG PARAAN AY HINDI KITA PAPAGKUKULANGIN, SA ANOMANG PARAAN NI HINDI KITA PABABAYAAN"** Ito ay maluwag na sipi na may dalawang mariing DALAWAHANG NEGATIBO, kinuha mula sa mga pangako ng Diyos sa Kanyang mga pinuno at tao. Ang Diyos ay kasama natin at para sa atin (cf. Deutronomio 31:6-7; Josue 1:5; I Cronico 28:20; Isaias 41:10,13,14,17). Ang mga mananampalataya ay hindi dapat matakot sa pangaraw-araw na mga probisyon (cf. Mateo 6:19-34).

**13:6 "ANG PANGINOON"** Ito ay sipi mula sa Septuagint ng Awit 118:6, ngunit ang kaparehong katotohanang ito ay matatagpuan rin sa Awit 56:4,11.

▣ **"ANG PANGINOON ANG AKING TAGATULONG"** Ang Awit 118 ay makapangyarihang salita ng kumpiyansa sa pag-ibig, pagpapatawad, presensya, at tulong ng Diyos.

Ang PANGGALAN "tagatulong" ay ginamit lamang dito sa NT (ngunit ang PANDIWA ay sa Hebreo 2:18), ngunit ginamit ng madalas sa LXX. Ito ay nangangahulugang "magbigay tulong," "dumating para sa pagliligtas ng isa."

▣ **"ANONG MAGAGAWA SA AKIN NG TAO"** Ang dakilang katotohanang ito (cf. Awit 56:4,11; 118:6) ay isinaad rin ng bahagyang magkaiba sa mga termino sa Roma 8:31b at saka inilarawan sa 8:32-39.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:7-16**

[7]**Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng pagpupuno sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Diyos; at sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay, ay inyong tularan ang kanilang pananampalataya.** [8]**Si Jesucristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man.** [9]**Huwag nga kayong padala sa mga turong sarisari at di kilala: sapagka't mabuti na ang puso ay patibayin sa pamamagitan ng biyaya; hindi sa pamamagitan ng mga pagkain, na di pinakikinabangan ng mga nagabala sa kanila.** [10]**Tayo ay may isang dambana, na hindi matuwid kainan ng mga nagsisipaglingkod sa tabernakulo. 11Sapagka't ang mga katawan ng mga hayop na ang mga dugo'y dinadala ng dakilang saserdote sa dakong banal *na handog* na patungkol sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng kampamento.** [12]**Kaya naman si Hesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan.** [13]**Atin nga siyang labasin sa labas ng kampamento na dalhin natin ang kaniyang pagkadusta.** [14]**Sapagka't dito'y wala tayong bayan na namamalagi, nguni't hinahanap natin *ang bayan* na darating.** [15]**Sa pamamagitan nga niya ay maghandog tayong palagi ng hain ng pagpupuri sa Diyos, sa makatuwid baga, ay ng bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kaniyang pangalan.** [16]**Datapuwa't ang paggawa ng mabuti at ang pagabuloy ay huwag ninyong kalimutan: sapagka't sa mga gayong hain ang Diyos ay totoong nalulugod.**

**13:7 "Alalahanin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS. Ang implikasyon ay ang manalangin para sa mga pinuno at ikarangal sila! Ito ang magkaiba, ngunit kahawig, na salita mula sa v. 3. Ang mga mananampalataya ay kinakailangang may kamalayan sa pangangailangan para sa pananalangin at pagpaparangal sa mapagmahal na paglilingkod ng kanilang mga pinuno sa katawan ni Kristo (cf. v. 3) at kanyang mga pinuno (cf. vv. 7,17,24; I Tesalonica 5:12-13).

▣ **"nangagkaroon ng pagpupuno sa inyo"** Ang mga talata 17 at 24 ay tumatalakay sa pangkasalukuyang mga pinuno, kaya ang v. 7 ay dapat na tumukoy sa mga pinuno na unang nangaral ng ebanghelyo, ngunit ngayon ay patay na.

▣ **"na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Diyos"** Ito ang tungkulin ng Kristyanong mga pinuno. Hindi nila itinuturo o ipinapangaral ang kanilang mga natuklasan o personal/kultural na pagtatangi, ngunit ang ebanghelyo ng Hesukristo. Dahil dito sila at ating pinararangalan, nirerespeto, at ipinapanalangin.

▣ **"sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay"** Ito ay PANGKASALUKUYAN AKTIBONG PANDIWARI ginamit bilang PAUTOS. Ang mga pinunong ito, gaya ng mga tinawag ng sunod-sunod na mga matapat sa kabanata 11, ay nanatiling matapat sa panahong ng kanilang buhay at hanggang sa kamatayan. Ang kanilang mga buhay ay nagpatotoo sa katotohanan ng kanilang mga mensahei.

▣ **"tularan ang kanilang pananampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA (deponent) PAUTOS. Ang ating may-akda ay tumatawag sa kanyang mga mambabasa na gayahin ang pananampalataya ng kanilang mga pinuno. Si Pablo ay madalsan na hinihimok ang mga mananampalataya na gayahin ang kanyang pananampalataya (cf. I Corinto 4:16; 11:1-2; Felipos 3:17; 4:9; I Tesalonica 1:6; II Tesalonica 3:7,9).

**13:8 "Hesus. . . siya ring"** Ang OT mga karakter ng kabanata 11 ay mga mabubuting halimbawa; ang nauna at kasalukuyang mga pinuno ay mabubuting mga halimbawa; si Kristo ay ating pinakamataas na halimbawa. Ang Kanyang karakter at katapatan ay hindi nagbabago (cf. Awit 102:26-27, sinipi sa Hebreo 1:12). Ang kaparehong teolohikal na pangungusap ay ginawa para kay YHWH sa Malakias 3:6. Ang karakter ng Diyos at awa ay palagian at, gayundin, si Hesukristo.

**13:9 "Huwag nga kayong padala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA na madalas na nangangahulugang itigil ang isang aksyon na nasa proseso na. Ilan sa mga tagapakinig ay nagmumuni-muning "umurong pabalik" (cf. 2:1; 10:38). Ang BALINTIYAK TINIG nagpapahiwatig ng aktibidad ni Satanas o ang malademonyo.

▣ **"sa mga turong sarisari at di kilala"** Kung ang ang eksaktong kasangkot nito ay hindi tiyak, ngunit ang kaparehong kombinasyon ng Hudyo at paganong kinagawian ay kinondena sa Colosas 2:16-23.

Halos para sa akin ang naghahati sa kabanata 13 ay makaPablo malapit sa idinagadag na sulatin sa sinagoga. Bahagi ng kabanatang ito (i.e., vv. 4-5) ay tumutugma sa pinaghalong-iglesyang tagpuan, hindi ang sinagoga.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sapagka't mabuti na ang puso ay patibayin sa pamamagitan ng biyaya"** |
| **NKJV** | **"sapagka't mabuti na ang puso ay maitatag sa pamamagitan ng biyaya"** |
| **NRSV** | **"sapagka't mabuto sa puso na mapatibay ng biyaya"** |
| **TEV** | **"mabuti na makatanggap ng panloob na kalakasan galing sa biyaya ng Diyos"** |
| **JB** | **"mas lalong mabuti na umasa sa biyaya para sa panloob na kalakasan"** |

Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK NA PAWATAS. Ang mga tagapakinig na ito ay kinakailangang maging matatag, hindi sa ritwal, mga hayop na sakripisyo o mga kautusan sa pagkain, kundi sa hindi tampat, hindi karapat dapat sa biyaya ng Diyos kay Hesukristo (i.e., ang ebanghelyo, cf. v. 7). Sila ay nagaalanganin sa pagitan kay Moses at Hesus. Si Hesus, ang di-nagbabagong Salita ng Ama, ay higit na mas mataas sa mga pamamaraan at mga salita ng unang tipan.

Sa pag-uunawa ng di-nagbabagong karakter at pag-ibig ng Diyos, ay malinaw na ipinahayag sa buhay, katuruan, at kamatayan ni Hesus (ang ebanghelyo), ang siyang nagbibigay sa mga mananampalataya ng lakas ng loob. Ang puso at isipan ng mga mananampalataya ay napapalakas sa pamamagitan ng kaalaman ng ebanghelyo at personal na relasyon sa Dakilang Pastol, hindi sa pamamagitan ng panlabas na mga ritwal at pamamaraan (ang lumang Mosaik tipan).

Ang may-akdang ito ay madalas na ipinapahayag ang espiritwal na isyu ng "puso" (tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8). Siya nagsipi ng ilang mga OT teksto.

1. 3:8,15; 4:7, "huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso" (Awit 95:8)
2. 3:10, "patuloy na nangaligaw ang kanilang mga puso" (Awit 95:10)
3. 8:10, "itatala ang aking kautusan sa kanilang puso" (Jeremias 31:33)

Pagkadakay kanyang ibinuod ang mga katotohanang ito sa 3:12; 4:12, at 10:22. Ang puso kumakatawan sa mental, emosyonal, at bolsiyonal na mga aspeto ng sangkatauhan. Ang Kristyanismo ay tumatalakay sa panloob na pangangailangan ng makasalanan sangkatauhan, samatalang ang Judaismo ay hindi kaya.

▣ **"puso"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 3:8.

▣ **"hindi sa pamamagitan ng mga pagkain, na di pinakikinabangan ng mga nagabala sa kanila"** Ito ay isang halatang reperensiya sa Levitico 11. Ang kautusan sa pagkain ay lumipas na kay Kristo (cf. Mateo 15:11; Marcos 7:18-23; Gawa 10; Colosas 2:16-23). Ang mga ito ay hindi na umiiral sa mga mananampalataya para sa kaligtasan(cf. Galatia 3; Gawa 15), ngunit sa iglesyang tagpuan, ang mga mananampalataya ay kailangan paring may kamalayan sa "mas mahihinang kapatiran" (cf. Gawa 15:19-20; Roma 14:1- 15:6; I Corinto 8; 10:23-33) at subuking hindi makatisod sa kanilang mahihinang mga konsensya.

**13:10 "Tayo ay may isang dambana"** Ang analohiya ay waring maging espiritwal na (makalangit) tabernakulo, hindi pisikal na altar at, samakatuwid, ito tumutukoy sa sakripisyal na gawa ni Hesus sa ngalan ng mga mananampalataya. Ito ay makapangyarihang metapora ng ating paglapit sa Diyos sa

pamamagitan ni Kristo.

▣ **"na hindi matuwid kainan"** Ito ay isang na namang pahiwatig sa Levitico 16.

**13:11 "*na handog* na patungkol sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng kampamento"** Ito ay isang pahiwatig sa mga pamamaraan ng Levitico 16:27 — ang Araw ng Pagbabayad puri.

**13:12 "Hesus. . . ay nagbata sa labas ng pintuan"** Ito ay isang rabiniko na salitang paglalato na gaya ng sa OT mga sakripisyo ay dinala sa labas ng kampo, si Hesus ay dinala sa labas ng bayan ng Jerusalem upang ipako sa krus.

**13:13 "Atin nga Siyang labasin"** Ito ay isang susi talata sa aklat. Ito ay PANGKASALUKUYAN PANGGITNA (deponent) PASAKALI, na nagsasalita sa nagpapatuloy na aksyon at nagdadagdag ng elemento ng kawalang katiyakan ng susunod na mangyayari (ito ang huling pagpapaalala at babala laman sa "tumalikod pabalik"). Ang mga mananampalataya ay kaliangang hayagang kilalanin kasama Niya at dalhin ang Kanyang kahihiyan sa kabila ng mga konsikuwensiya. Ito ang malinaw na pagkatawag para sa "komportableng" sinagogang mga mananampalataya na lumabas patungo sa buong liwanang ng Dakilang Komisyon ng Kristyanismo (cf. Mateo 28:19-20; Gawa 1:8).

**13:14 "*ang bayan*"** Ito ay isang metapora para sa langit na ginagamit ang kapitolyo ng Israelita ang Lupang Ipinangako (cf. 11:10,16; 12:22; Juan 14:2). Ang kaparehong tipo ng metaporang ito ay makikita sa 11:14, "isang bansa."

**13:15 "Sa pamamagitan nga Niya"** Ito ay tumutukoy kay Hesus, binanggit sa pangalan sa v. 12, na nagpabanal sa Kanyang mga tao sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kanyang sariling dugo sa labas ng pasukan ng Jerusalem. Lahat ng espiritwal na mga benepisyo ay nagmumula sa Kanya!

▣ **"maghandog tayong palagi ng hain ng pagpupuri sa Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI. Ang sakripisyal na sistema, ay ibinigay sa Israel upang mapalaganap ang pakikisama sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasaayos sa problema ng kasalanan, ito ay nagsasangkot ng limang mga tipo ng mga sakripisyo.

- A. Dalawa ay sapilitan
    1. ang "handog pangkasalanan"
    2. ang "paglabag sa batas o pagkakasala" paghahandog
- B. Tatlo ay kusang-loob
    1. lahatang sinunog na paghahandog burnt offering
    2. butil/pagkaing paghahandog
    3. pakikisama, o kapayapaan, paghahandog

Ito ay konektado sa huling tatlong ito na ang konsepto ng pagpapasalamat at pagpupuri ay binanggit (cf. Levitico 7:12). Ang mga sakripisyong ito ay inilarawan ng detalye sa Levitico 1-7. Ang mga Awit ay binanggit ang aspetong ito ng adorasyon ng madalas(cf. Awit 27:6;50:14; 69:30; 107:22; 116:17). Ang pariralang "sakripisyo ng pagpupuri" ay nagmumula sa Septuagint (cf. Levitico 7:2,3,5; II Cronico 29:31; 33:16; Awit 49:14,23; 106:22).

▣ **"bunga ng mga labi"** Ang pariralang ito ay nagpapakita ng Isaias 57:19 at Hosea 14:3 mula sa Septuagint. Ang mga siping gaya nito ay ginamit ng Israelita sa pagpapatapon upang palitan ang pasalitang pagpupuri sa lugar ng hayop na mga sakripisyo sapagkat ang Templo ay tuluyang nawasak noong 586 B.C. ni Nebuchadnezzar II, ang neo-Babylonian hari. Ito ay muling winasak ng Roma noong A.D. 70. Ang petsa ng pagsusulat ng aklat na ito ay di-tiyak.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na nagpapahayag ng kaniyang pangalan."** |
| **NKJV** | **"nagbibigay pasasalamat sa Kanyang pangalan"** |
| **NRSV** | **"na nagpapahayag ng kanyang pangalan"** |
| **TEV** | **"na ipinapahayag siya bilang Panginoon"** |
| **NJB** | **"yaong mga kumikilala sa kanyang pangalan"** |

Para sa mga mananampalataya ang ating pagpupuri sa Diyos ay ang ating pagpapahayag (*homologēo*) kay Hesus (ginagamit ang Kanyang pangalan ng gaya ng sa Mateo 28:19-20 o Roma 10:9-13) bilang Panginoon (cf. TEV, na nagpapakita ng Felipos 2:6-11).

**13:16 "ang paggawa ng mabuti ay huwag ninyong kalimutan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA, na madalas na nangangahulugang itigil ang isang akto na nasa progreso. Ang Diyos ay nalugod kapag ang Kanyang mga anak ay nagmamahal at tumutulong sa bawat isa (cf. Felipos 4:18).

Sa Hudyong konteksto ang "mabubuting bagay" na ito (*koinōnia*) posibleng tumutukoy sa sa pag-aabuloy (cf. Mateo 6:1), isang lingguhang regalo ng pera ng mga miyembro ng sinagoga upang ibili ng mga pagkain sa mga nangangailangan. Ang mga Hudyo ipinapalagay itong isang aksyon ng kabutihan.

▣ **"pag-aabuloy"**

**NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA***

Ang salitang "malapit na ugnayan" (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. malapit na pakikisama sa isang persona
   a. kasama ng Anak (cf. I Juan 1:6; I Corinto 1:9)
   b. kasama ng Espiritu (cf. II Corinto 13:14; Filipos 2:1)
   c. kasama ng Ama at ng Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. kasama ng ibang tipanang kapatid (cf. I Juan 1:7; Mga Gawa 2:42; Galacia 2:9; Filemon 17)
2. malapit na pakikisama sa mga bagay o mga grupo
   a. sa ebanghelyo (cf. Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II Corinto 6:14)
   d. sa pagdurusa (cf. Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. ang regalo o tulong sa mapagbigay na kaugalian (cf. Roma 12:13; 15:26; II Corinto 8:4; 9:13; Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. Ang regalo ng Diyos ng biyaya sa pamamagitan ni Kristo, na siyang nagpanumbalik sa sangakatuhan sa malapit na ugnayan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid.

Ito ay nagsasaysay ng pahalang na ugnayan (tao sa tao) na dinala sa pamamagitan ng pataas na ugnayan (tao sa Manlilikha). Ito rin ay nagbibigay diin sa pangangailangan para sa kagalakan ng Kristyanong komunidad. Ang PANDIWA PANAHUNAN ay nagbibigay diin sa simula at pagpapatuloy ng karanasang ito sa komunidad (cf. 1:3 [dalawang beses], 6, 7). Ang Kristyanismo ay pang samahan!

▣ **"sapagka't sa mga gayong hain ang Diyos ay totoong nalulugod"** Pansinin sa v. 15 ang katanggap-tanggap na sakripisyo ay ipinahayag na pananampalataya kay Kristo; ngayon ito ay ang pagiging wangis ni Kristong pamumuhay. Ang ebanghelyo ay siguradong pareho!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:17**

**[17]Magsitalima kayo sa namiminuno sa inyo, at kayo'y pasakop sa kanila: sapagka't pawang nangagpupuyat dahil sa inyong mga kaluluwa, na parang sila ang mangagsusulit; upang ito'y gawin nilang may kagalakan, at huwag may hapis: sapagka't sa ganito'y di ninyo mapapakinabangan.**

**13:17 "Magsitalima. . . pasakop"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK (A. T. Robertson inilista ito bilang ang PANGGITNA TINIG) PAUTOS at PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS. Bagamat ang mga indibidwal ay malaya kay Kristo tayo ay dapat na isuko ang ating mga sarili sa espiritwal na awtoridad para sa paglago at paglilingkod (cf. v. 7; I Corinto 16:16; I Tesalonica 5:12-13).

Ang salitang ito ng pagpapalakas loob na magpasakop sa mga Kristyanong pinuno ay higit na kailangan sa ating panahon ng kawalang respeto para sa awtoridad ng anumang bagay, at labis na pagbibigay diin sa mga karapatan at kapangyarihan ng indibidwal. Ang Diyos ay itinalaga ang ilan na mga pinuno ng Kanyang mga tao (pansinin Bilang 16:3-5). Pinanarangalan natin sila dahil sa kanilang pagkatawag, pangako, at paglilingkod. Gayunpaman, mayroong kasalungat "kanal." Ang pagtawag ng Diyos ay inabuso ng iilang mapanupil na personalidad. Mayroon dapat pagbabalanse, palitang respeto, nagdadamayang espiritu sa pagitan ng mga tao ng Diyos at sa mga pinuno ng Diyos. Lahat ng mga mananampalataya ay tinawag na magpasakop sa isat isa ayon sa respeto kay Kristo (cf. Efeso 5:21).

▣ **"pawang nangagpupuyat"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "maging gising," "maging mapagbantay" (cf. Marcos 13:33; Lucas 21:36; Efeso 6:18), na isang metapora para sa masipag na pagmamatyag at paglilingkod (cf. Isaias 62:6; Ezekiel 3:17; 33:7-9).

▣ **"na parang sila ang mangagsusulit"** Ang mga pinuno ay responsible sa kanilang ministeryo at magbibigay ng pagsusulit sa harap ng Diyos (cf. I Corinto 3:10-15). Sila ay mga tagapangasiwa!

▣ **"upang ito'y gawin nilang may kagalakan, at huwag may hapis"** Ang saloobin ng kongregasyon ay hindi nakakapasya sa ministeryo, ngunit ito ay makakagawa sa proseso na mas kaaya-aya o masakit.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:18-19**

**[18]Idalangin ninyo kami: sapagka't kami'y naniniwalang lubos na kami ay may mabuting budhi, na nagnanasang mabuhay na marangal sa lahat ng mga bagay. [19]At iniaaral ko sa inyong malabis na inyong gawin ito, upang ako'y masauli na lalong madali sa inyo.**

**13:18 "Idalangin ninyo kami"** Ang panalangin ng pamunuan at para sa pamunuana ay krusyal (cf. Efeso 6:18-19; Felipos 4:6; I Tesalonica 5:25; I Timoteo 2:1-2,8). Ang PANGMARAMIHAN ay maaring tumukoy sa ministeryong grupo na nagsasama kay Timoteo (cf. v. 23).

▣ **"sapagka't kami'y naniniwalang lubos na kami ay may mabuting budhi, na nagnanasang mabuhay na marangal sa lahat ng mga bagay"** Ang saloobin at pamumuhay ay nagtatakda ng pundasyon para sa pamunuan. Ang may-akda ng Hebreo ay binanggit ang "konsensya" ng makailang beses (cf. 9:9,14; 10:2,22; 13:18). Ang kapangyarihan ng pagtutubos ni Hesus at ang pananahan ng Espiritu ay nagtanggal sa pagkatakot sa Diyos at sa kahihiyan ng nakalipas na mga kasalanan at pinalitan ng kagalakan, kapayapaan, kompiyansa, hindi sa pantaong pagsasagawa, kundi sa ebanghelyo! Ang kaalamang ito sa ebanghelyo ay ang helmet ng kaligtasan (cf. Efeso 6:17; I Tesalonica 5:8).

Ang ilang mga komentarista ay nakita ang talatang ito bilang kaugnay sa ilang tipo ng mga akusasyon na iniaatang sa may-akda (kapareho sa sitwasyon ni Pablo I Corinto at Galatia).

**13:19** Ito ay isang maypagka misteryosong talata. Sa anupaman ang pagdating ng may-akdaay may kinalaman sa kanilang mga panalangin. Ito ay katunog ng labis ni Pablo (cf. Philemon 22). Ang panalangin ay naglalabas ng epektibong kapangyarihan ng Diyos para sa ministeryo. Ang mga pananalangin ng mga mananampalataya ay nakakaapekto sa Diyos at sa iba.

Ilang mga komentarista (e.g., H. E. Dana's *Jewish Christianity*, p. 268) ay nagpalagay na ito ay tumutukoy sa sa karamdaman ng may-akda, o maging sa pagkabilanggo (ang terminong "sa madaling panahon" ay ginamit rin ni Timoteo sa v. 23).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:20-21**

**[20]Ngayon ang Diyos ng kapayapaan na muling nagdala mula sa mga patay sa dakilang pastor ng mga tupa sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, sa makatuwid baga'y ang Panginoon nating si Hesus, [21] ay pakasakdalin nawa niya kayo sa bawa't mabuting gawa upang gawin ang kanyang kalooban, na gawin sa atin ang nakalulugod sa paningin niya, sa pamamagitan ni Hesukristo; na mapasa kaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa.**

**13:20 "Ngayon ang Diyos ng kapayapaan"** Ang titulong ito para sa Diyos Ama ay ginamit lamang dito sa mga mga kasulatan ni Pablo (cf. Roma 15:33; 16:20; I Corinto 14:33; II Corinto 13:11; Felipos 4:9; I Tesalonica 5:23; "Panginoon ng Kapayapaan" II Tesalonica 3:16).

▣ **"muling nagdala mula sa mga patay"** Ang NT ay normal na naglalarawan sa Diyos Ama bilang nagbuhay kay Hesus mula sa mga patay (cf. Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1; Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Tesalonica 1:10). Ito ay pagpapakita ng pagtanggap ng Ama sa buhay, katuruan, at sakripisyo ni Hesus. Gayunpaman, mayroong iba pang mga teksto na nagsasaysay na ang ahensya ng muling pagkabuhay ay ang Espiritu (cf. Roma 8:11) o maging ang Anak Mismo (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18). Sa teolohikal na pananalita, lahat ng tatlong mga persona ng Trinidad ay aktibo sa lahat ng pagtutubos na gawain.

▣ **"dakilang Pastor"** Ang terminong "pastol" ay ang OT metapora para sa

1. YHWH (cf. Genesis 49:24; Awit 23:1; 78:52; 80:1; Mangangaral 12:11; Isaias 40:11; 63:11; Jeremias 31:10; Ezekiel 34)
2. Ang pamunuan ng Kanyang bayan (cf. Jeremias 10:21; 50:6-7; Ezekiel 34:2-3; Zacarias 11:3,5,15,17)
3. Ang pagdating ng Mesyas, anak ni David (cf. Awit 78:70-72; Ezekiel 34:23-24; 37:24; Micah 5:4; 7:14; Zacarias 13:7; Juan 10:2,11,14; I Pedro 2:25; 5:4)

Ilang beses sa OT (cf. Bilang 27:17; I Hari 22:17; II Cronico 18:16; Ezekiel 34:5; Zacarias 10:2) Ang tao ng Diyos ay inilarawan na nagkawatak-watak at walang pastol, ngunit ngayon ang Dakilang Pastol ay dumating. Pinalaya Niya tayo at kasama natin Siya!

▣ **"sa pamamagitan ng dugo"** Ito ay tumutukoy sa Kanyang buhay na ibinigay na nagpasinaya sa bagong tipan (cf. Zacarias 9:11; Marcos 14:24; I Corinto 11:25).

▣ **"ng walang hanggang tipan"** Napakahirap na pagbukuron ang ibat-ibang mga "walang hanggang" tipan sapagkat, gaya ng ipinapakita ng Hebreo, ang Mosaik tipan ay kondisyonal at dahil sa kahinaan ng tao, hindi eternal. Ang OT ay nagtatala ng kondisyonal at walang kondisyon na mga tipan (i.e., ang Exodo, Genesis 15:17-21). Ang tipan kay Abraham, kung saan lahat ng mga bansa ay pagpapalain, ay walang kondisyon (i.e., walang hanggang tipan), at samakatuwid ay, eternal (cf. Genesis 17:7,13,19; Awit 105:9-10). Ang tipan kay David, unang inihayag kay II Samuel 7, ay pagbibigay babala sa pagdating ng Mesyas, anak ni David, na walang kondisyon, at samakatuwid, ay eternal (cf. Awit 89:3-4). Ang bagong tipan ay binagggit bilang isang pangako ng bagong araw ng katuwiran (bagong panahon ng

Espiritu) para sa tao ng Diyos (cf. Isaias 55:3; 59:21; 61:8; Jeremias 31:33; 32:40; 50:5; Ezekiel 16:60; 37:26). Makikita ng isa kung paano ang mga Hudyo sa panahon ni Hesus ay namangha sa Kanyang mensahe. Siya ay laging kasama na sa plano ng Diyos sa pagtutubos, ngunit ang kabiguan ng Israel na tupdin ang kautusan ng Diyos na ibinigay kay Moses ay nagpakita ng pangangailangan ng ibva pang daan ng kaligtasan maliban sa pantaong pagsasagawa (cf. Galatia 3). Tignan NATATANGING PAKSA: Eternal sa 6:2.

**NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN (*'OLAM)***

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang *'olam*, { (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, vol. 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
   a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
   b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
   c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16
   d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Awit 24:7,9; Isaias 46:9
   e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11
2. panghinarap na panahon
   a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
   b. *hyperbole* para sa hari, I Hari 1:31; Awit 61:7; Nehemia 2:3
   c. nagpapatuloy na pag-iiral
      (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Mangangaral 1:4
      (2) kalangitan, Awit 148:6
   d. Ang pag-iiral ng Diyos
      (1) Genesis 21:33
      (2) Exodo 15:18
      (3) Deuteronomio 32:40
      (4) Awit 93:2
      (5) Isaias 40:28
      (6) Jeremias 10:10
      (7) Daniel 12:7
   e. ang kasunduan
      (1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
      (2) Exodo 31:16
      (3) Levitico 24:8
      (4) Bilang 18:19
      (5) II Samuel 23:5
      (6) Awit 105:10
      (7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
      (8) Jeremias 32:40; 50:5
   f. natatanging kasunduan kay David
      (1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
      (2) I Hari 2:33,45; 9:5
      (3) II Cronika 13:5

(4) Awit 18:50; 89:4,28,36,37

(5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3

g. Ang Mesias ng Diyos

(1) Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4

(2) Isaias 9:6

h. Ang mga batas ng Diyos

(1) Exodo 29:28; 30:21

(2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9

(3) Bilang 18:8,11,19

(4) Awit 119:89,160

(5) Isaias 59:21

i. Ang mga pangako ng Diyos

(1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51

(2) I Hari 9:5

(3) Awit 18:50

(4) Isaias 40:8

j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako

(1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4

(2) Exodo 32:13

(3) I Cronika 16:17

k. Tipanang kapistahan

(1) Exodo 12:14,17,24

(2) Levitico 23:14,21,41

(3) Bilang 10:8

l. walang hanggan magpakailanman

(1) I Hari 8:13

(2) Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13

(3) Isaias 26:4; 45:17

(4) Daniel 9:24

m. anuman ang sinabi ng Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman

(1) magbigay pasasalamat, Awit 30:12; 79:13

(2) Manahan sa Kanyang presensya, Awit 41:12; 61:4,7

(3) magtiwala sa Kanyang awa, Awit 52:8

(4) purihin ang Panginoon, Awit 52:9

(5) umawit ng mga papuri, Awit 61:8; 89:1

(6) idiklara ang Kanyang katarungan, Awit 75:9

(7) dakilain ang Kanyang pangalan, Awit 86:12; 145:2

(8) pagpalain ang Kanyang pangalan, Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon (“mula sa magpakailanman hanggan sa (“magpakailanman”)

a. Awit 41:13 (papuri sa Diyos)

b. Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)

c. Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremiah 7). Maging maingat sa

pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

**13:21**
**NASB "pakasakdalin nawa niya kayo sa bawa't mabuting gawa"**
**NKJV "na gumagawa sa inyo ng sakdal sa lahat ng mabuting bagay"**
**NRSV "na nagpapasakdal sa inyo sa lahat ng mabuti"**
**TEV "na nagbibigay sa inyo ng lahat ng mabuting bagay"**
**NJB "naghahanda sa inyo. . .na lahat ng uri ng mabuting gawa"**

Ang PANDIWA (*katartizō*, ay bihira AORIST AKTIBO OPTATIBO, na isang ipinahayag na pagnanais o pagnanasa) na nangahulugang na gawin ang tao o isang bagay na lubusang sapat, kainaman, o lubusang kwalipikado (cf. Lucas 6:40; I Corinto 1:10; II Corinto 13:11; I Tesalonica 3:10; I Pedro 5:10). Sa teolohikal ito ay kahanay sa Efeso 2:10. Ang kalooban ng Diyos ay ang mga mananampalataya na matulad sa imahe ni Hesus (cf. Roma 8:29), na nagreresulta sa makadiyos na pamumuhay na nang-aakit sa mga naligaw patungo kay Kristo.

▣ **"upang gawin ang Kanyang kalooban"** Si Hesus ay ginawa ang kalooban ng Ama sa pagadating bilang ang Nagdurusang Tagapaglingkod (cf. 10:7). Ngayon ang Kanyang mga tagasunod at tinawag din upang gawin ang Kanyang kalooban (cf. 10:36).

**NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN NG (*thelēma*) NG DIYOS**

**ANG EBANGHELYO NI JUAN**

- Si Hesus ay dumating upang gawin ang kalooban ng Ama (cf. 4:34; 5:30; 6:38)
- upang buhayin sa huling panahon yaong lahat ng binigay ng Ama sa Anak (cf. 6:39)
- na lahat ay manampalataya sa Anak (cf. 6:29,40)
- mga sinagot na mga panalangin na ayon sa pagsagawa ng kalooban ng Diyos (cf. 9:31 and I Juan 5:14)

**ANG SINOPTIKONG EBANGHELYO**

- ang pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ay krusyal (cf. Mateo 7:21)
- ang pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ay naggagawa sa isa na maging kapatid kay Hesus (cf. Mateo 12:50; Marcos 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na ang sinoman ay mapahamak (cf. Mateo 18:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9)
- Ang Kalbasyo ay ang kalooban ng Ama para kay Hesus (cf. Mateo 26:42; Lucas 22:42)

**ANG MGA SULAT NI PABLO**

- ang pagiging ganap at paglilingkod ng lahat ng mananampalataya (cf. Roma 12:1-2)
- ang mga mananampalataya ay mailigtas sa masamang panahong ito (cf. Galacia 1:4)
- ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pagtutubos (cf. Efeso 1:5,9,11)
- ang mga mananampalataya ay dumaranas at nabubuhay ng puspos ng Espiritu (cf. Efeso 5:17-18)
- ang mga mananampalataya ay puspos ng karunungan ng Diyos (cf. Colosas 1:9)
- ang mananampalataya ay inuring ganap at kompleto (cf. Colosas 4:12)
- ang mga manamanpalataya ay pinagpapaging banal (cf. I Thesalonica 4:3)
- ang mga mananampalataya ay laging nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I Thesalonica 5:18)

**ANG MGA SULAT NI PEDRO**

- ang mga mananampalataya ay gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa mga awtoridad sibil) at manapay napapatahimik ang mga hangal na tao, nagbibigay daan sa pageebanghelyo (cf. I Pedro 2:15)
- ang pahihirap ng mga mananampalataya (cf. I Pedro 3:17; 4:19)
- ang mananampalataya ay hindi namumuhay ng makasariling pamumuhay (cf. I Pedro 4:2)

**ANG MGA SULAT NI JUAN**

- ang mga mananampalataya ay nanatili magpakailanman (cf. I Juan 2:17)
- ang mga mananampalataya ang susi sa panalanging tinugon (cf. I Juan 5:14)

▣ **"na mapasa kaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Amen"** Ang pariralang ito, na napakakaraniwan sa mga kasulatan nina Pablo at Pedro, ay may kalabuan. Minsan ito tumutukoy sa Diyos Ama (cf. Roma 11:36; Efeso 3:21; I Pedro 4:11; 5:11; Jude 25; Pahayag 1:6; 7:12), minsa sa Hesus Anak (cf. II Timoteo 4:18; II Pedro 3:18) at minsa sa Kanilang pareho (cf. Roma 16:27; I Timoteo 1:17; Pahayag 5:13 at dito). Madalas ang NT mga may-akda ay ginamit ang parehong mga titulo, at mga parirala upang ilarawan ang parehong Ama at ang Anak bilang paraan ng pagsasaysay ng pagkakapantay at pagkadiyos ni Hesus ng Nazareth.

▣ **"Amen"** Ang orihinal na Hebreong termino ay nangahulugang "maging matatag." Ito ay nahubog patungo sa metaporikal na pakahulugan ng katapatan, masasandigan, at mapagkakatiwalaan (cf. Habakkuk 2:4). Ito ay ginamit sa pakahulugan ng "Aking pinaninindigan" o "Ako ay sumasang-ayon saa" sa isang partikular ba pangungusap.

**NATATANGING PAKSA: AMEN**

I. OT
   A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
      2. "puno ng katotohanan" (*emun, emunah*, BDB 53)
      3. "pananampalataya" o "puno ng pananampalataya"
      4. "tiwala" (dmn, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
   C. Mga natatanging paggamit
      1. isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
      2. katiyakan, Exodo 17:12
      3. maaasahan, Exodo 17:12
      4. katatagan, Isaias 33:6
      5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
      6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
      7. maaasahan (Torah), Awit 119:43,142,151,160
   D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
      1. *bathach* (BDB 105), tiwala
      2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)
   E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturhikal* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).

F. Ang susing teolohikal sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. NT

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I Corinto 14:16; II Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; 6:18; Efeso3:21; Filipos 4:20; II Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na pares sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:22-24**

**22Datapuwa't ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, na inyong pagtiisan ang salitang iniaral: sapagka't kayo'y sinulatan ko ng ilang salita. 23Inyong talastasin na ang ating kapatid na si Timoteo ay pinawalan na; na kung siya'y dumating na madali, kayo'y makikita kong kasama niya. 24Batiin ninyo ang lahat ng mga namiminuno sa inyo, at ang lahat ng mga banal. Kayo'y binabati ng nangasa Italia**.

**13:22-24** Ang nagtatapos na mga talata, 22-24, ay kagaya sa paraan ng pagtatapos ni Pablo sa kanyang mga sulat na isinulat ng isang eskriba, kung saan kinuha niya ang panulat at nagdadagdag ng maliit na personal na puna at pagpapala.

**13:22 "ipinamamanhik ko"** Ang may-akda tinatawag ang kanyan aklat "isang pananalita ng paghihimok." Inuudyukan niya ang kanyang mga mambabasa ng madalas (cf. 3:13; 10:25; 12:15; 13:15,22). Sila ay magkakapatid kay Kristo, ngunit sila ay dapat na kumapit sa Kanya, sumunod sa Kanya,maglingkod sa Kanya!

▣ **"pagtiisan ang salitang iniaral"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNA PAUTOS, na nagbibigay diin sa pagsangkot ng paksa at mga kautusang patuloy na pakikinig. Ang pariralang "pananalita ng paghihimok" ay ginamit sa Gawa 13:15 para sa sinagogang sermon. Marami ang naniwala na ito ang orihinal na nasa Hebreo, ngunit binago upang maging kasulatan.

**13:23 "kapatid na si Timoteo"** Kapag si Pablo ay gumagamit ng "kapatid," ang pangalan ng tao ay lagi munang nauuna (cf. Roma 16:23; I Corinto 1:1; 16:12; II Corinto 1:1; 2:13; Felipos 2:25). Ito ay susing ebidensya laban sa pagkamay-akda ni Pablo. Ang pagbabanggit kay Timoteo nagpapahayag ng panahong banghay para sa pagkagawa ng aklat, sa panahon ng buong buhay ni Pablo o madaliang pagkatapos ng

kanyang kamatayan (A.D. 68), bago ang kamatayan ni Timoteo.

▣ **"ay pinawalan na"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK PANDIWARI. Wala tayong alam mula sa Kasulatan o saan man kay Timoteo na nabilanggo. Sa kanyang *Word Pictures in the New Testament*, p. 451, si A. T. Robertson ay nagsasaysay na si Timoteo ay nabilanggo nang siya ay dumating upang bisitahin si Pablo, binanggit sa II Timoteo 4:11,21. Ang salitang "pinawalan" (GANAP BALINTIYAK PANDIWARI) ay ginamit sa (1) Mateo 27:15; Juan 19:10; Gawa 3:13; 4:21,23; 5:40 para pakawalan mula sa kulungan at (2) Gawa 13:3, sa metaporikal para makawala sa itinalagang ministeryo, at ito ay maaring ang kahulugan dito.

▣ **"kung siya'y dumating na madali, kayo'y makikita kong kasama niya"** Ito ay maaring magpahiwatig na ang may-akda ng Hebreo ay nagtrabaho at naglakbay kasama si Timoteo.

**13:24 "mga banal"** Tignan NATATANGING PAKSA sa 6:10.

▣ **"Kayo'y binabati ng nangasa Italia"** Ang parirala ay maaring mangahulugan ng

1. ang may-akda ay nasa Italia
2. ang may-akda ay mula sa Italia
3. bahagi ng misyonaryong koponan ng may-akda ay mula sa Italia
4. ang may-akda ay sumusulat sa Italia

Sa *Jewish Christianity*, si H. A. Dana ay nagsasabi na ang talatang ito ay nagpapahiwatig na ang sulat ay isinular sa Hudyon paksyon ng iglesya sa Roma. Ang una ay nagbanggit sa aklat ng Hebreo ay sa pamamagitan ni Roma bandang 97 (p. 270). Gayunpaman, Naisip ko na ito ay ipinadala sa makaHudyong sinagoga (posible sa Roma) na may mga mananampalataya bilang mga miyembro. Ang mga babala ay idinirekta sa dalawang mga grupo, ang nananampalatayang Hudyong grupo (ang "kayo" ng kabanata 6), para sa kanila na huwag "umurong pabalik" (cf. 10:38) at sa hindi nananampalatayang grupo (ang "yaong" ng kabanata 6) na magpahayag/ipahayag si Hesus bilang ang Mesyas at para sa parehong grupo na lubusang yakapin ang Kristyanismo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:25**
**25 Ang biyaya'y sumainyo nawang lahat.**

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kung ang Hebreo ay isang sulat, na lumilitaw na totoo mula sa kabanata 13, bakit wala ito pambungad na pagbati?
2. Ang kabanata 13 ba ay nagpapakita ng mga Hudyong di-mananampalataya o mga huwad na guro?

3. Bakit ang kabanatang ito ay nagsasalita patungkol sa Kristyanong “mga pinuno”?
4. Paanong ang talata 23 ang nagbibigay ng petsa sa aklat ng Hebreo?

# DAGDAG NA DAHON ISA
## MGA MAIIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG SALATANG PANG-BALARILA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
1. Naganap na = AORIST
2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
3. PANGKASALUKUYAN – "inililigtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang mga. . . nila ang. . ."

## II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:

1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:

1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 "binitay ang sarili."
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 "si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan."
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 "At sila'y sangagsanggunian."

## III. PANAGANO (O "MODA")

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay

nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament.* Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

## V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
   1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA “upang maging” o “maging.”
   2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL “ng.”
   3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL “mula.”
   4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na “upang.”
   5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL “sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng .”
   6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, “sa pamamagitan ng o “kasama ng.”
   7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, “Gaano kalayo?” o “Hanggang saan ang?”
   8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey’s *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

1. Panahunang PANG-UGNAY
   a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – “kailan”
   b. *heōs* – “habang”
   c. *hotan, epan* (PAS.) – “kapag”
   d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – “hanggang”
   e. *priv* (PAW.) – “bago”
   f. *hōs* – “mula pa,” “kapag,” “habang”
2. Lohikal na PANG-UGNAY
   a. Layunin
      (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – “upang ang,” “na ang”
      (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – “na ang”
      (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – “na ang”
   b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– “upang ang,” “kaya”
      (2) *hiva* (PAS.) – “nang sa gayon
      (3) *ara* – “kaya”
   c. Pansanhi o dahilan
      (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – “para,” “sapagkat”
      (2) *dioti, hotiy* – “sapagkat”
      (3) *epei, epeid*s, *hōs* – “dahil sa”
      (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – “sapagkat”
   d. Imperensiyal
      (1) *ara, poinun, hōste* – “samakatuwid”
      (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – “sa kung aling salaysay,” “sa gayon,” “samakatuwid”
      (3) *oun* – “samakatuwid,” “kaya,” “kung gayon,” “dahil dito”
      (4) *toinoun* – “nang naaalinsunod”
   e. Kasalungat o pagkakaiba
      (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – “ngunit,” “maliban”
      (2) *de* – “ngunit,” “gayunman,” “muna,” “sa kabilang dako”
      (3) *kai* – “ngunit”
      (4) *mentoi, oun* – “gaynman”
      (5) *plēn* – “higit kailanman” (karamihan sa Lucas)
      (6) *oun* – “gayunman”
   f. Paghahambing
      (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
      (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
      (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
      (4) *ē* – “kaysa”
   g. Nagpapatuloy or serye
      (1) *de* – “at,” “ngayon”"
      (2) *kai* – “at”
      (3) *tei – “at”*
      (4) *hina, oun* – “ns”
      (5) *oun* – “kung gayon” (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
   a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
   b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
   c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
   d. *de* – “talaga”
   e. *ean* – “kahit na”
   f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
   g. *mentoi* – “talaga”
   h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan ”

## VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)
3. "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa "kung" na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

## VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng

kalikuan. . .” (Roma 6:13); “huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . .” (Efeso 4:30); at “huwag kayong magsipaglasing ng alak. . .” (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa “huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos.” Ilang mga halimbawa: “Huwag ninyong isiping. . .” (Mateo 5:17); “Kaya huwag kayong mangabalisa. . .” (Mateo 6:31); “Huwag mo ngang ikahiya. . .” (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. “Hindi kailanman, kailanma’y hindi” o “hindi sa ilalim ng anomang kalagayan.” Ilang mga halimbawa: “hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan” (Juan 8:51); “kailan man ay hindi. . .” (I Corinto 8:13).

## IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY “ang” ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa “isang panturo” isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
   1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
   2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
   3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: “Ang Diyos ay Espiritu” (Juan 4:24); “Diyos ay ilaw” (I Juan 1:5); “Ang Diyos ay pag-ibig” (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles “a” o “isang.” Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
   1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
   2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

## X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa

b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay

2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:
   a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
      (1) PANDIWA
      (2) SIMUNO
      (3) KAPUPUNAN
   b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
      (1) PANDIWA
      (2) SIMUNO
      (3) LAYON
      (4) INDIREKTANG LAYON
      (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
   c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
      (1) PANGNGALAN
      (2) PANURING
      (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
   a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
   b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
   c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
   a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
   b. Juan 14:1 (bagong paksa)
   c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
   d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
   a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
   b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).

c. Mga Talinghaga
   (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
   (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
   (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)
   (4) ironya (Galacia 5:12)
   (5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
   (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
      (a) "iglesya"
         (i) "iglesya" (Efeso 3:21)
         (ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
         (iii)"tinawag" (Efeso 4:1,4)
      (b) "malaya"
         (i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
         (ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
         (iii)"malaya" (Galacia 5:1)

d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
   (1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
   (2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
   (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
   (4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.

5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
   e. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
   f. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
   1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
   2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
   3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
   4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
      a. *The American Standard Version* of 1901
      b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang

mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

# TEKSTWAL NA PAGSUSURI

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan
II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."

c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
   (1) LXX & DSS, “pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siy’y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan”
   (2) MT, “Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan”

B. Bagong Tipan
1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang “ang Alexandrian Teksto”na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang “A” o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang “B” o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa “ang Alexandrian Teksto” na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang “C” o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang “D” o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na “Ang Kanluraning Teksto.” Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa

(1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
(2) sipi mula kay Irenaeus
(3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
(4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.

c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
(1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
(2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
(3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
(4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT

d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
(1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
(2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."

A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa

a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
(1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
(2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)

b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita

c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.

2. intensyonal

a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata

b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)

c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)

d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal

3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa
5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
    a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism,* p. 68:
    "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
    b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."
    Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual,* ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## Rabinikal na Hermenyutiko ng Apostolikong Panahon at ang Epekto Nito sa Sinaunang Iglesya

I. Ang Kasulatan ay dapat na maunawaan sa kanyang sariling makasaysayan at literaturang konteksto at saka gamitin ito sa bawat bagong sitwasyon.

A. Isang halimbawa ng pangangailangan na mabigyan kahulugan ang mensahe ang mga Kasulatan tungo sa bagong sitwasyon ay matatagpuan sa bahagyang binago na Sampung Utos.
1. Exodo 20 ay isinulat ni Moises para sa naglalakbay na komunidad
2. Deutronomio 5 ay paglalapat ni Moises ng kaparehong nagpapahayag na mga katotohanan, ngunit sa isang palagiang komunidad.

B. Sa II Hari 22 ay nakatala ang kasaysayan ng muling binago at isinaayos na Templo sa ilalim ng pamumuno ni Josiah. S i Hilkiah ay natagpuan ang kopya ng Kautusan at si Shaphan ay binasa ito kay Haring Josiah. Tila walang interpretasyon ang kailangan para sa pag-uunawa ni Josiah.

C. Isa pang halimbawa sa pagtatangka na maiugnay ang nauang kapahayagan sa panibagong panahon at sitwasyon ay matatagpuan sa Jeremias. Ang mga huwad na propeta ng kanyang panahon ay nagtetekstong-pruweba sa mga pangako ng Diyos kay Isaias (Isaias 36) at ginagamit nila ng literal sa kanilang panahon ng walang pagpuna sa magkaibang mga tagpuan, cf. Jeremias 23-28.

D. Ang pinakanakakapunang biblikal na halimbawa ng pangangailang para sa hermenyutiko ay makikita sa pagsasalin ni Ezra sa Kasulatan mula sa Hebreo patungo sa Aramaic at pagbibigay kahulugan nila mensahe batay sa kanyang nararamdamang pangangailangan, cf. Nehemias 8:8.

E. Mula sa kaparehong natapos na pagpapatapon na panahon dumating ang pagyayabong ng opisina ng eskriba, na waring pumapalit sa sentral na lugar ng mg asaserdote sa pamayanan ng Hudyo. Ang katuruan sa sinagoga, hindi ang kulto, ay naging sentro ng Hudyong pamumuhay. Ang eskriba ay kinakailangan sa interpretasyon ng sinaunang mga kautusan ng bagong Persianong sitwasyon. Ang tradisyon ay nagsasaysay na si Ezra ay nagsimula ng opisyal na grupo ng mga eskriba, kilala bilang ang Dakilang Sinagoga, para sa pinakalayuning ito (hindi nalathalang mga puna ni Osborne, p. 4).

II. Ang Pangunahing Pangangailangan para sa Nagpapakahulugang mga Prinsipyo

A. Ang naisulat na wika ng tao, sa pinakamainam nito, ay may kalabuan. Ang komunikasyon ng tao, marinig man ito ng malinaw, ay madalas na napakahirap na maunawaan. Binigay ang bagong makasaysayang tagpuan, ang tungkulin ng pagbibigay kahulugan sa Kasulatan sa panibagong panahon ay nagiging krusyal.

B. Ang hermenyutiko ay isang pagtatangka na magamit ang lohiko ng tao at mga alituntunin sa gramatika sa isinulat na teksto, upang maunawaan ang orihinal na kahulugan ng may-akda at ang nararapat na aplikasyon nito.

C. Sa loob ng Judaismo ilang mga natatanging metodolohiya ay nahubog na nagpalakas sa

Apostolikong panahon.

1. *Peshat* – ang payak, halatang kahulugan ng mga salita sa teksto
2. *Remez* – isang alegorikal na pakahulugan batay sa ilang aspeto ng teksto (pahiwatig)
3. *Derash* – isang metaporikal na pakahulugan na gumagamit ng pagkukumpara o mga ilustrasyon (nangangaral)
4. *Sod* – nakatagong mga kahulugan batay sa sekretong kaalaman (Kabbalah)

III. Ang Pagunladng Rabinikal na Hermenyutikon

A. Ang Babylonia at Palestinong Hudyo ay nakipaglaban sa nagkakaisang sistema ng mga pamantayan upang bigyan kahulugan ang sinaunang Kasulatan, partikular na ang Torah, sa kanilang panahon. Ito ay ginawa ng panimula sa dalawang mga paraan.

1. Ang Torah ay binigyan kahulugan sa dalawang paraan.
   a. Isang literal na kaparaanan tinawag na *peshat*
   b. Isang pagtatangka na palawakin ang aplikasyon ng sinaunang mga teksto sa pamamagitan ng ilang mga kaparaanan ng interpretasyon tinawag na *midrash*
2. Sa paligid ng Torah nahubog ang konsepto ng "isang pimpin" kilala bilang Pasalitang Tradisyon. Ito ay pinaniniwalaang na ibinigay kay Moises ng pasalita sa Bundok Sinai (Mishua Abot 1.1). Sa kalaunan ito ay naisulat sa Babylonia at Palestina (kailanman ay hindi natapos) ang Talmuds. Ang literaturang ito ay pagtatangka na gamitin ang Torah sa pangaraw-araw na buhay. Ito ay madalas na ginawa sa pamamagitan ng pag-apila sa awtoridad, ang pagbabanggit ng mapanghahawakang mga rabi sa magkakaibang mga katanungan ng interpretasyon at aplikasyon.

B. Ang mga Pares

1. Doon nahubog ang mga pulutong na mga guro na kumuha ng naiibang opinyon sa interpretasyon (i.e., Shammai, ang konserbatibo, at si Hillel, ang liberal na pangkat). Ang mga pares na ito ay tinugis ang diyalogong paraan ng pakikipagdebate bilang paraan sa pagdating sa kahulugan ng Torah (Gilbert, p. 7). Ang mga pares na ito ay nilalapitan ang teksto mula sa kasalungat na mga direksyon. Madalas ang isa ay hinahanap ang payak na pakahulugan at ibang posibleng pangsermon na implikasyon (paghahambing at ilustrasyon).
2. Ang mga pares na ito ay naghubog ng pagpapakahulugang mga prinsipyo sa midrashic na paglapit sa Torah (halachic na mga teksto). Ang mga taong ito ay nagtangka na tratuhin ang Kasulatan sa sarili nito mismo, ngunit madalas ay napupunta sa paghanap ng nakatagong kahulugan ng baway teksto (*Sod*). Ito ay nagpapahintulot sa kanila na gamitin ang sinaunang mga teksto sa kanilang panahon at sagutin ang mga tanong na maging ang Bibliya mismo ay kailanman hindi tinalakay.
3. Mayroong tatlong pangunahing panggabay na kadahilanan para sa rabinikal na hermenyutiko.
   a. gabay para sa paggagamit ng Torah sa pangaraw-araw na buhay
   b. gabay para isanggalang ang isa mula sa matinding poot ng Diyos (Deutronomio 27-28)
   c. gabay sa pagdadala sa Panibagong Panahon

C. Ilang mga Sinaunang mga Metodolohiya

1. Ang Aramaic na mga salin mula sa Hebreo, na tinawag na Targums (Gilbert, pp. 16-17; Osborne, p. 5; Patte, pp. 55-58):
   a. ang tila mga pamantayan para sa pagsasalin ay mga
      (1) upang bigyan linaw ang mga mahihirap unawain
      (2) upang pagtugmain ang mga magkakasalungat
      (3) upang kilalanin ang mga prediksyon
      (4) upang alisin ang antromorpismo

b. ang tila mga prinsipyo para sa pagsasalin (Patte, pp. 65-81) ay mga
   (1) lahat ng nasa teksto ay may kahalagahan para sa interpretasyon (numerolohiya, nagkakakaibang mga pagbabaybay, atbp.)
   (2) isang walang kaugnayang Kasulatan ay ginamit upang ang isa pang Kasulatan
   (3) ang kasaysayan ay tinatrato sa kronolohikal na pakahulugan, ngunit tineleskopyo tungo sa tiyak na mga pangunahing mga pangyayari (ang pagkatawag kay Abraham, Exodo, Tabernakulo/Templo, Pagpapatapon, Bagong Panahon). Ito ay nagtanggal sa makasaysayang elemento mula sa teksto na bibigyan kahulugan.
   (4) ang pagbibigay diin ay hindi sa teolohikal na katotohanan, ngunit sa praktikal, eksistensyal na aplikasyon sa bawat bagay ng teksto.

2. Ang mga Sadducees na bumubuo sa mga mayayaman, malasaserdoteng antas sa panahon ni Hesus ay itinakwil ang Pasalitang Tradisyon na labis na napakahalag sa mga Fareseo. Itinakwil rin nila ang espritwal na kaharian at mga pananaw patungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang grupo ay nawasak sa pagrerebelde ng mga Hudyo na naisakatuparan sa pagbagsak ng Jerusalem noong A.D. 70. Ang kanilang pangunahing mga prinsipyo ay mga (Patte, pp. 125-128):
   a. Ang Kasulatan ay dapat unawain ayon sa tipanang mga pangako at pagpapala (Deutronomio 27-28).
   b. Ang kinasihang Kasulatan ay sarado na hanggang sa Torah (Genesis - Deutronomio).
   c. Ang Kasulatan interpretasyon para sa kanila ay napakapraktikal. Nais nilang malaman kung paano mapagpala ng Diyos at maiwasan ang anumang banal na mga pagpaparusa.
   d. Waring hinati nila ang kanilang mga buhay sa sekular at sagrado. Ang kanilang hermenyutiko ay nakakaapekto lamang sa kanilang pamumuhay relihiyon.
   e. Nakakawili na ang pagbibigay diin na ito sa tipan ay nahubog ng hiwalay sa relihiyosong humihiwalay sa samahang tinawag na Essenes sa pamamagitan ng kanilangr “Guro ng Katuwiran.”

3. Ang Essenes o Qumran paraan ng hermenyutiko
   a. Ito ay nagsasangkot ng pagpapanahon ng lahat ng propesiya patungo sa kanilang eksistensyal na tagpuan (Pesher). Sila ay kumakalaban sa pangkaraniwang Hudyong mga institusyon sa kanilang panahon. Nakita nila ang kanilang mga sariliy bilang ang mga huling-panahong tinawag na komunidad na paghahanda sa Bagong Panahon.
   b. Ang kanilang hermenyutikal na mga prinsipyo ay mga (Brownlee, pp. 60-62):
      (1) lahat ng bagay na ang sinaunang mga propeta na isinulat ay may eskatolohikal na reperensiya sa kanilang komunidad
      (2) yamang ang sinaunang mga propeta ay nagsulat ng misteryoso, ang kanilang mga kahulugan ay malalaman lamang sa pamamagita ng espesyal na guro
      (3) ang kahulgan ng sinaunang propeta ay matatagpuan sa ibat-ibang mga kopya ng kanyang teksto (tekstwal o ortograpikong liku-liku)
      (4) ang tekstwal na pagkakaiba ay siya ring palatandaan sa interpretasyon
      (5) aplikasyon ay maaring magawa batay sa magkaparehong kalagayan sa isa pang talata
      (6) aplikasyon ay maaring magawa batay sa alegorya
      (7) ang kahulugan ng sinaunang propeta ay maaring mahihinuha sa pamamagitan ng maraming depinisyon o etimolohiya ng mga termino
      (8) minsan ang tunay na kahulugan ay lubhang nakatago na tanging ang kahulugan nakuha mula sa kasingkahulugan ang ginamit
      (9) minsan ang tunay na kahulugan ay matatagpuan sa pagsasaayos ng mga katinig sa Hebreong salita
      (10) minsan ang tunay na kahulugan ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagpapalit ng kaparehong mga titik sa Hebreong salita
      (11) minsan ang tunay na kahulugan ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng

mga salita sa parte at bibigyan kahulugan ang mga parte

(12) minsan the tunay na kahulugan ay itinago sa pamamagitan ng paggamit ng mga propeta ng pagdadaglat at tanging ibang mga pagdadaglat ang makakahayag sa kahulugan

(13) madalas ang ibang mga sipi ng Kasulatan ay ginamit upang magbigay liwanag sa sipi na tinatanong

4. Ang unang tagalikom ng partikular na hermenyutikal na mga pamantayan ay si Hillel, ang nakatatanda sa Babylonia (30 B.C. A.D. 9). Si Hillel ay ang mas higit na liberal interpreter na kanyang rabinikal na kapares. Si Shammai ay iba (Longenecker, p. 6). Ang tanyag na prinsipyo ni Hillel ay ang(Strack, p. 94) pangunahing paggamit ng Kasulatan upang bigyan kahulugan ang Kasulatan.
   a. Sila ay matatagpuan sa Aboth, de Rab. Nathan XXXVII at Tosefta Sanhedrin c 7 (Talmud):
      (1) "Magaan at mabigat" – ito ay pangunahing paggagamit ng mas mababang katotohanan upang magbigay ng pangkalahatang prinsipyo
      (2) Impluwensyahan ng analohiya – ito ay ang pagsamo na kapareho ng pagpaparirala o bokabularyo upang idygtong ang interpretasyon ng dalawang mga sipi ng magkasama
      (3) Pagtatayo ng interpretasyon ng maraming mga teksto mula sa isang susing teksto
      (4) Pagtatayo ng interpretasyon ng maraming mga teksto sa dalawang susing mga teksto
      (5) Pagalaw mula sa pangkalahatang prinsipyo patungo sa partikular na halimbawa o kabaligtaran
      (6) Paggamit ng ikatlong sipi upang gabayan ang interpretasyon ng dalawang tila magkasalungat o may kalabuang mga teksto
      (7) Paggagamit ng pangkalahatng konteksto upang bigyang kahulugan ang nag-iisang talata
   b. Ang automatikong tekstwal na paglapit na ito ay pinalawak ni Ishmael at Rashi (Farrar, p. 67).
5. Si Philo ang pinakatanyag na Hudyong alegorista (i.e., neo-platonista, 20 B.C. - A.D. 54?)
   a. Si Philo ay isang Hudyo pilosopo mula sa Alexandria, Ehipto. Siya ay lubhang naimpluwensyahan ng naunang alegorsita na pinangalanang Aristobulus. Tinangka niyang gawin ang Mosaic Kasulatan na napapanahon sa kanyang pilosopikal na tagpuan sa pamamagitan ng paggamit ng alegorikal, di-makasaysayang interpretasyon batay sa Neo-platonismo at Stocismo (Grant, p. 52; Farrar, p. 22).
   b. Si Philo had a hermenyutikal na pangunguna sa loob ng Judaismo sa teknik na tinawag na *sod* o sekretong kahulugan ng teksto na makikita rin sa mga Essene na komunidad. Ito ay nagsasangkot ng
      (1) Paglalaro ng salita
      (2) gematriya (numerolohiya)
      (3) analohiya
   c. Ang kanyang mga prinsipyo ay mahihinuha mula sa kanyang "Quod Deus Immutabilis, II at De Somniis, 1:40: (Farrar, pp. 22-23, 149-151; Mickelsen, p. 29):
      (1) pina-alegorya kapag ang isang pangungusap ay hindi nararapat sa Diyos
      (2) pina-alegorya kapag mayroong posibilidad ang kontradiksyon
      (3) pina-alegorya kapag ang alegorya ay halata
      (4) pina-alegorya kapag ang ekspresyon o salita dinoble
      (5) pina-alegorya kapag mayroong kalabisan ng termino sa pangungusap
      (6) pina-alegorya kapag mayroong paguulit-ulit sa nalamang mga katotohanan
      (7) pina-alegorya kapag ay ekspresyon ay sari-sari
      (8) pina-alegorya kapag ang kasingkahulugan ang ginamit
      (9) pina-alegorya kapag mayroong posibleng paglalaro ng salita
      (10) pina-alegorya kapag ang baybay ng isang salita ay bahagyang binago

(11) pina-alegorya kapag mayroong anumang bagay na hindi normal sa kasarian, bilang, o pamanahon ng gramatikal na mga katangian

6. Si Rabbi Ishmael (A.D. 60-121) sa labin-tatlong sikat na mga prinsipyo kinuha mula kay Sifra, Pambungad:
   a. Sila ay mga pagpapalawak ng pitong mga prinsipyo ni Hillel. Si Ishmael ay pinuna para sa kanyang pahayag na, "Ang Kasulatan ay gumagamit ng ordinaryong pantaong wika," Berakat, 31b
   b. Ang kanyang mga prinsipyo ay:
      (1) Ang imperensiya ay maaring makuha mula sa mas maliit na saligan tungo sa mas malaking saligan at kabaligtaran
      (2) imperensiya ay maaring makuha mula sa pagkakapareho ng mga salita o mga parirala na matatagpuan sa kahiwalay na mga sipi
      (3) ang pangkalahatang katotohanan na matatagpuan sa isang teksto ay magagamit sa lahat ng kaugnay na mga teksto
      (4) kapag ang heneralisasyon ay sinundan ng espesipikasyon, tanging anumang espesipiko ang magagamit
      (5) kapag ang espesipikasyon ay sinundan ng heneralisasyon, lahat ng ipinahiwatig sa heneralisasyon ay magagamit
      (6) kung ang una ay heneralisasyon, samakatuwidang espesipikasyon sinundan ng isa pa ng heneralisasyon, ang isa ay dapat na gabayan kung ano ang ipinapahiwatig ng espesipikasyon
      (7) kapag para sa kapakanan ng kalinawan, ang heneralisasyon ay naghahanap ng espesipikasyon o kabaligtaran, samakatuwid ang alituntunin 4 at 5 ay hindi magagamity
      (8) anumang bagay ang unang ipinahiwatig sa heneralisasyon at pagkatapos ay partikular na nagturo sa ating ng isang bagay na bago, ay hayagang inilahad hindi lamang para sa kanyang kapakanan, ngunit upang magturo ng isang karagdagang bagay patungkol sa lahat ng pagkakataon na ipinahiwatig sa heneralisasyon
      (9) anumang unang ipinahiwatig sa pangkalahatang kautusan at pagkatapos tiniyak na nagdagdag ng isa pang probisyon na kapareho sa pangkalahatang kautusan, ay tiniyak upang maitaas, at hindi madagdagan, ang kahigpitan ng probisyon
      (10) anuman ang unang ipinahiwatig sa pangkalahatang kautusan at pagkatapos ay tiniyak upang magdagdag ng isa pang probisyon na <u>hindi</u> kagaya sa pangkalahatang kautusan,ay tiniyak upang maiangat sa ilang kadahilanan, at sa iba ay maparami ang kabagsikan ng partikular na probisyon
      (11) anuman ang unang ipinahiwatig sa pangkalahatang kautusan at pagkatapos ay tiniyak upang mapagpasiyahan ang panibagong bagay, ang mga termino ng pangkalahatang kautusan ay hindi na maaring magagamit dito,maliban na ang Kasulatan malinaw na idiniklara na sila nga ay magagamit
      (12) ang kahina-hinalang salita o sipi ay ipinaliwanag mula sa konteksto nito o mula sa sumusunod na ekspresyon
      (13) kung dalawang biblikal na mga sipi ay kumukontra sa bawat isa, sila ay pagaayusin lamang ng ikatlong sipi (Jacobs, pp. 367-369)
7. Si Rabbi Eliezer ben Yose Ha-gelili (AD. 130-160)
8. Gaya ng mga prinsipyo ni Rabbi Ishmael ay ginamit para sa Torah, si Rabbi Eliezeray ginamit ito sa ibang bahagi ng Lumang Tipan (haggadic na mga teksto)
9. Ang mga prinsipyong ito ay higit na kahanay ng mga homilya, mga kwento, at alamat. Sila ay unang binanggit ni Abulwalid ibn Gorrah. Sa kalaunan ito ay isinama sa Sepher Kerithuth ni Samson ng Chinon
10. Ang tatlumput-dalawang mga prinsipyo ay (Starck, pp, 96-98):

(1) ang kataga ‘af, gam, eth ay nagpapahiwatig ng paglalakip
(2) ang kataga “ak, rak, min ay tumuturo sa limitasyon, pag-aalis, o pag-uunti
(3) kapag dalawa sa itaas na mga kataga pinangalan ay pinagsama, mayroong pagdadagdag
(4) kapag dalawang naglilimita o nagaalis na katagaay pinagsama mayroong pagpapalakas
(5) hayagang imperensiya sa minori ad mauis at kabaligtaran (Hillel’s #11)
(6) kapag tiyak na imperensiya ay waring iminungkahi
(7) kapareho ng sa Hillel’s #2
(8) kapareho ng sa Hillel’s #3
(9) pinadaglat o eliptikal na pagpaparirala ay naghahangad ng karagdagang ng natirang mga termino
(10) ang paguulit-ulit ay ginamit upang dalhin ang isang punto
(11) ang konteksto na nakakasira, gaya ng Soph pasuk o anumang tumatanggal na tuldik ay maaring isama sa isa pang sipi
(12) isang bagay ay isinalangkalan para sa pagkukumpara, ngunit sa prosesong ito sariwang liwanag ang ibinigay sa sarili mismo (kapareho ng sa Hillel’s #7)
(13) kapag ang Pangkalahatang pahayag ay sinundan ng isang aksyon, samakatuwid iyan ang Partikular ng nauna former (kapareho ng sa Hillel’s #5)
(14) isang bagay na mahalaga ay ikinumpara sa isang bagay na walang halaga na ang mas malinaw na paguunawa ay maaring mapagaan (hindi magagamit sa Halakha)
(15) kapareho ng sa Ishmael’s #13
(16) mahalagang paggamit ng ekspresyon
(17) isang kalagayan na hindi malinaw na ipinahayag sa prinsipal na sipi ay tinukoy sa iba na namang sipi, lalo na sa pananaw sa pag-uunawa sa sipi ng Torah mula sa di-Torah na sipi (cf. Genesis 2:8 sinusugan ni Ezekiel 28:13)
(18) isang partikular na kaso ng tipo ng pangyayari ay binanggit, bagamat ang kabuuang tipo ang ang ibig sabihin
(19) isang pahayag ang ginawa na may reperensiya sa isang paksa, ngunit ito ang totoo para rin sa isa pa
(20) isang pahayag ay hind maayos na umaayon sa isa pang sipi kung saan ito ay lumilitaw, ngunit ito ay tumutugma sa isa pang sipi at maaring magamit sa sipi na yaon
(21) isang bagay ay ikinumpara sa dalawang mga bagay at tanging ang mabubuting mga katangian ng pareho ang ipinaratang dito
(22) isang proposisyon na nagnanais na masusugan mula sa kahanay na proposisyon ang proposisyon ay nagsisilbing pangdagdag sa kahanay na proposisyon
(23) ang talakayang ito ng mga proposisyon ay magagamit lamang sa haggadic na interpretasyon
(24) binago mula sa Ishmael’s #8
(25) paggamit ng parabula
(26) magkatugmang mahalagang numero
(27) paronomasia na isang paglalaro sa mga salita kung saan ang kaparehong salita ay ginamit sa magkaibang mga pakahulugan o mga salita na kahawig ay itinakda na kalaban upang magbigay ng antitetikal na puwersa
(28) gematria
  (a) Pagkukuwenta ng mga numerong halaga ng mga titik
  (b) Sekretong alpabeto o pagpapalit ng mga titik para sa ibang mga titik
(29) notarikon na isang pagbibiyak sa salita tungo sa dalawa o higit pang mas maliit na mga salita, paglalahad ng mga solong mga titik upang tumayo para sa gaano mang maraming mga salita na makukuha sa mga ito –kahawig ng akrostiko
(30) isang bagay na nauuna na inilagay sa ikalawa
(31) Marami sa biblikal seksyon na tumutukoy sa nahuling panahon kaysa sa isa na nauna at

kabaligtaran

IV. Paghuhusga sa Rabinikal na mga Metodolohiya

A. Mga Kalasan
1. Sila ay nagpakita ng pagtatangka na magbigay ng pamantayan sa interpretasyon
2. Sila ay nagtatangka na maging pokus sa teksto
3. Sila ay nagtangka na pahintulutan ang Kasulatan na bigyan kahulugan ang Kasulatan
4. Sila ay nagpakita ng limitadong paggamit ng konteksto bilang kasangkapan sa interpretasyon

B. Mga Kahinaan
1. Sila ay may ilang mga lohikal at malinaw na mga prinsipyo, sila ay may paghilig na dalihin ang mga ito sa kalabisan
2. Sila ay pokus sa teksto, ngunit hindi sa payak na kahulugan ng orihinal na may-akda
3. Sila ay lubusang nagwalang bahala sa makasaysayang tagpuan ng sipi (Gilbert, p. 14)
4. Madalas nilang hindi makita ang pangunahing katotohanan ng sipi at pinapalaki ng labis ang mga menor na mga punto
5. Pinalaki nila ang mga kasulatan ni Moises,ngunit pinababa ang natitirang mga Kasulatan sa pangalang lugar lang at binigyan kahulugan rin nila sa mas magaan na kaparaanan (Gilbert, p. 20)
6. Inilagay nila ang Pasalitang Tradisyon na kapantay ng Kasulatan
7. Sila ay gumamit ng alegorikal at mistikal na mga paglapit (i.e., Kabbalah) sa teksto
   a. notarikon (naghuhubog ng mga acronym o panimula sa huling titik ng Hebreong salita)
   b. gematria (bawat Hebreong titik na binigyan ng numerong halaga at pagkatapos ang mga salita ay pinagsasama hanggang ang kaparehong bilang ay maaring mailipat sa mga teksto)
   c. paronomasia (gumagamit ng malinaw na paglalaro upang palitan ang magkaibang mga salita sa teksto)
   d. temurah (isinaayos ang mga salita sa teksto upang humubog ng panibagong kahulugan)

V. Ang Kanilang Epekto sa Hermenyutiko ng Naunang Iglesya

A. Alexandria, Ehipto (Farraf, pp. 11,12)
1. Ang alegorikal na Kristyanong paglapit ni Clement at Origen ay halatang nakaapekto kay Philo at sa klima ng Alexandrian intelektwalismo.

B. Ang paghahanap ng nakatagong kahulugang ito sa Kasulatan ay nagresulta sa apat-na tuping paraan ng hermenyutiko, na nakaapekto sa Iglesya hanggang sa Gitnang Panahon tungo sa Repormasyon. Sa reaksyon sa alegoryasyon ng Alexandria, ang mas tekstwal na pag-aangkop ang nahubog sa ikatlong siglo sa Antioch, Syria. Kung ang tekstwal na paglapit ay naimpluwensiyahan ng mga prinsipyo ng rabinikal na Judaismo o simpleng isang reaksyon sa Alexandria ay mahirap na malaman. Hindi nila kailanman lubusang ginamit ang mga prinsipyo ni Hillel, ngunit tiyak na mga aspeto ng kanyang pinasistemang mga prinsipyo ay mga lohikal na deduksyon sa paguunawa sa sinaunang teksto. Ang Halimbawa ay maaring:
1. Ang konteksto ay gumagabay sa kahulugan
2. Ang Kasulatan ay nag-iinterpret Kasulatan
3. Ang paggamit ng mga kahanay na mga sipi
4. Ang pagtatangka na makita ang mga sipi na malinaw na nagpapaliwanag sa mga termino

C. Ito ay lagpas sa sakop ng pag-aaral na ito , ngunit dapat na maikling ipahayag na ang Hudyong pag-iintindi sa teksto sa Europe noong Gitnang mga Panahon, gaya nina Kimchi at Rashi, ay

walang positibong impluwensya sa mga Repormers, ng gaya ni Nicholis ng Lyra.

## BIBLYOGRAPYA


Berkhof, L. *Principles of Biblical Interpretation*. Grand Rapids: Baker, 1950.

Brownlee, W. H. "Biblical Interpretation Among the Sectaries of the Dead Sea Scrolls." *Biblical Archaeology* 14 (1951): 60-62.

Crim, Keith, ed. *The Interpreter's Dictionary of the Bible*. Nashville: Abingdon. S. V. "Hermeneutics." ni J. A. Sanders.

Farrar, Frederic W. *History of Interpretation* Macmillan, 1886.

Grant, Robert M., at David Tracy. *A Short History of the Interpretation of the Bible*. Philadelphia: Fortress Press, 1984.

Gilbert, George Holley. *Interpretation of the Bible a Short History*. Macmillan, 1908.

Kaiser, Walter C. Jr. *Toward An Exegetical Theology*. Grand Rapids: Baker 1981.

Knight, Douglas A., at Tucker, Gene M. *The Hebrew Bible and Its Modern Interpreters*. Chico. 1985.

Knight, Robert A., at Nikelsburg, George W. E. *Early Judaism and Its Modern Interpreters*. Atlanta, 1986.

Longenecker, Richard N. "Can We Reproduce the Exegesis of the New Testament?" *Tyndale Bulletin* 28 (1969).

Mickelsen, A. Berkeley. *Interpreting the Bible*. Grand Rapids, Eerdmans, 1963.

Moore, George Foot. *Judaism in the First Century of the Christian Era*. New York: Schocken Press, 1971.

Osborne, Grant. "Hermeneutics." Deerfield, Illinois: Trinity Evangelical Divinity School. Photocopied.

Patte, Daniel. *Early Jewish Hermeneutics in Palestine.* Society of Biblical Literature at Scholars Press, 1975.

Price, James L. *Interpreting the New Testament*. Holt, Rhinehart and Winston, Inc., 1961.

Ramm, Bernard. *Protestant Biblical Hermeneutics*. Grand Rapids: Baker, 1970.

Roth, Cecil, ed. *Encyclopaedia Judaica*. Jerusalem: Keter. S. V. "Hermeneutics," ni Louis Jacobs.

Strack, Hermann L. *Introduction to the Talmud and Midrash*. Philadelphia: Jewish Publication Society of America, 1931.

Terry, Milton. *Biblical Hermeneutics*. Grand Rapids: Zondervan., 1974.

Weingreen, J. *From the Bible to the Mishnah*. Manchester University Press, 1976.

# DAGDAG NA DAHON APAT
# PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay presente sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus

na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

> "Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."